
# Be Mine Again


**By: Nikkidoo**

*[MY DRUMMER BOY BOOK TWO]*




# "Can love still be the same like before?"

**READ IT ONLINE!** [http://www.wattpad.com/story/1407004-mdb-book-2-be-mine-again]




## CHARACTERS:


**+Luna Reyes**
**+Steff Lazaro**
**+Jessie Wright**
**+Kevin Perillo**
**+Justin Cuevo**
**+Rio Lee**
**+Mrs. Leni Reyes**
**+Mr. Charlie and Amanda Wright**
**+Casey Montez**
**+Katrina Yuzon**
**+ Larry Yuzon**

## *MISS AUTHOR'S NOTE:*

I'm entrusting you this SOFTCOPY so please take care of this. Please DO NOT repost this to any site without my permission. Thank you! ~Nikkidoo

## *REMINDER:*

This SOFTCOPY is NOT edited so you may encounter some grammar or typographical errors as you read the story. The spacing is not consistent. It may change in various ways as the story goes on. Please be reminded about this. Thank you.





# BE MINE AGAIN

Copyright © June 2012 – January 3, 2013. Nikkidoo.

ALL RIGHTS RESERVED. Uploaded on http://www.wattpad.com

No part of this book may be used or reproduced in any manner whatsoever without written permission except in the case of brief quotations embodied in critical articles and reviews.

# **P R O L O G U E**




Three years have passed when I gathered the courage to leave you...

I had never been so lonely like this before...

I always went to bed like a kid...

Hugging the stuff toy that you gave me...

Imagining that it was you inside my arms...

Repeating the same image of your face inside my head...

Longing for your hands in the darkness...

Whenever I opened my eyes, I wished to see the gentleness of your stare...

The soothing smile that curved your lips...


The same words that made my heart sway and shiver ever so slightly...

I found the strength to live my life away from you...

Hoping that someday I'll be able to go back and live happily with you...

But in a twist of fate, everything turned out to be hopeless...

During the times when I almost died as I longed for you...




Not even a single memory of me slipped into your mind...

You looked at me as if I never existed in your life...

You treated me like a complete stranger that you have never met before...

You gave me your cold stare as if I was a stupid girl crying in front of you...

I watched you as you walked away with another girl...

Holding her just like how you held me before...

Saying the silly nickname that I used to call with you...

My mind kept wishing that I was the girl walking beside you...

My heart pounded painfully as the door closed and you never turned back to look at me...

You left me without a word...

Without a considerate gesture...


Without turning back to say good bye...

Without a trace of path that you’re going to take...

Just like how exactly I left you before...

**Chapter 1**

**Luna**




Bumaba ako sa hagdan. Two weeks na kong nasa apartment pero hindi pa din ako pumapasok sa university na pinapasukan nina Steff.

Siguro sa buong dalawang linggo na yon, parang wala ako sa sarili ko. Lagi akong tulala at hindi makapagsalita. Karaniwan nagkukulong lang ako sa kwarto ko. Ang sakit kasi eh. Hindi ko pa din masyadong tanggap yung mga nagyari..

Para kasing ang imposible.. Biglaan akong mawawala sa buhay ng isang tao? Yung mga oras at panahon na inalagi mo sa tabi niya at relasyon na pinaghirapang buuin, sa isang iglap, bigla nalang maglalaho?

Pagkababa ko sa hagdan, tumuloy na ko sa kitchen. Nakita ko yung isang lalaki na nakatalikod sakin, nagluluto dun sa stove. Nakasuot siya ng Spongebob na apron. Nangiti ako ng sandali kasi natatawa ko sa nakikita ko..

Para siyang househusband. Haha. ^_^


Nung lumingon siya sakin, ngumiti siya.

Bigla namang nawala yung ngiti ko. Bumilis ng todo yung tibok ng puso ko.

Bakit nandito si Jessie? Anong ginagawa niya dito?

“Good morning Baby Lulu.”

Feeling ko biglang nabasag yung paligid ko at natauhan akong bigla. “H-Ha?”




Pinatay ni Casey yung stove at nilagay sa plato yung pancakes. “Lutang ka na naman. Tsk..”

Umupo ako dun sa upuan. Itinaas ko yung isang paa ko sa upuan at ipinatong yung baba ko sa tuhod ko. Sumibangot ako. Nakakainis naman! Dinedepress kong lalo yung sarili ko! Lagi nalang akong naghahallucinate! Puro mukha ni Jessie yung nakikita ko! Takte mababaliw na ata ako! >__<

Inilagay ni Casey yung plato ko sa harapan ko na may lamang dalawang pirasong pancakes. Inalis niya yung Spongebob apron niya at umupo sa chair across from me.

Ibinaba ko na yung paa ko at nagsimulang kumain..

Awkward silence in progress.........................

Pero hindi ko masyadong napapansin kung gano katahimik kasi sanay na ko. I mean, sa haba ba naman ng panahon na inilagi ko sa America, hindi pa ba ko masasanay sa pagmumukmok? Oo inaamin ko.. Nung dumating kami sa America, halos ilang months din ako nagmukmok sa apartment.

Sumigla lang ulit ako noong ilabas ako ni Casey at ilibot sa iba’t ibang lugar don. Simula non.. Bumalik na ulit yung ngiti sa mga labi ko..

“Baby Lulu?”

Halos mamatay ako sa inip noon. Atat na atat na kong bumalik sa Pilipinas. Gustung gusto ko nang makasama ulit si Jessie..

"Baby Lulu."

Napataas yung ulo ko. "H-Ha?"

Tumagilid yung ulo ni Casey ng kaunti. Tinitigan niya ko sa mata. "Let's go out."

Natigilan ako sa pagkain ko. "Ano?"

"I said let's go out. Hindi naman pwedeng habang buhay ka nalang magmukmok dito sa aparment noh. You need to have some fresh air!"

Yumuko ulit ako. "Ayoko. Ikaw nalang. Wala ako sa mood lumabas ng apartment.."

Nagbuntung-hininga siya. "You're killing me Baby Lulu.."

Sumubo ako ng isang beses. Nakatitig pa din ako sa plato ko habang sinasabing, "Sorry."

Nagbuntung-hininga na naman siya.

Awkward silence in progress again..............................


Haist ano ba naman toh! Nag-aalala lang naman sakin si Casey pero bakit patuloy ko pa din siyang tinataboy palayo? Napaka-bad ko talaga. Hmp! >__<

"Wag mo na siyang isipin.."

Napatingin ako sa kanya. "Ha?"

“I said don’t think about him again.” Patuloy lang siya sa pagkain habang sinasabi yon.

Humigpit ng bahagya yung hawak ko sa kutsara. “Hindi ganun kadali yon..”




“I know.”

Bigla tuloy akong napatingin ulit sa kanya. “What?”

Natigilan siya sa pagkain. Kinuha niya yung baso niya at uminom. Pagkatapos nun ay tumayo siya. “I’m done.” Inilagay niya yung plato niya sa lababo at umalis sa kitchen.

Naiwan ako dun na nakatitig pa din sa kanya. Ano problema nun? Bakit biglang naiba aura non? May nasabi ba ko?

Nung matapos ko nang kainin yung pancakes ko, inilagay ko sa lababo yung plato ko at pumunta sa sala.

Nakita kong nakaupo si Casey dun sa sofa. Nakabukas yung TV at nakatitig siya don. Pero bakit feeling ko ang layu-layo ng tingin niya? Ano ba nangyayari?

Tumabi ako sa kanya. Nakatingin lang siya ng diretso dun sa TV. Hindi ko alam kung alam ba niya na tinititigan ko siya o sadyang hindi niya lang talaga ako napapansin...


“Casey?”

Dun lang siya napatingin sakin. “Oh?”

“Galit ka ba sakin?”

Umiwas siya ng tingin. Inilagay lang niya yung titig niya dun sa TV.

Parang nakaramdam tuloy ako ng guilt. Mukhang galit nga siya sakin. TT__TT




"Huy." Sumiksik ako dun sa tabi at kinurot yung pisngi niya. "Sorry na.."

Napatingin siya sakin. "Bakit nagsosorry ka?"

"Eh hindi ba galit ka sakin?"

"Hindi ah. Ba't naman ako magagalit sayo?"

"Eh kasi... Dahil nagmumukmok pa din ako hanggang ngayon?"

Nangiti siya. Lumabas tuloy yung dalawang dimples niya sa magkabilang pisngi. Waaahh! Gusto ko din ng ganun... TT^TT

"Hindi ako galit sayo Baby Lulu.." Inakbayan niya ko habang pareho kaming nakaupo sa sofa. Kung may biglang mapapadaan sa harapan namin ngayon baka akalain nila na magboyfriend kami ni Casey. Pero para sakin, parang brother and sister affection lang yung tinginan namin...


"Eh bakit ganun yung itsura mo kanina? Parang badtrip ka.." >o<

Kinurot niya ko sa pisngi at ngumiti. "Wala.. Wag mo nalang pansinin yon. May naalala lang ako.."

"Ano?" pilit kong tanong sa kanya.

Bigla siyang natawa. “Haha nako wag na! Chismosa ka naman masyado eh!”

“Hmp sige na kasi! Inopen mo curiosity ko eh!” >3<




Napakamot siya sa ulo. “Ang kulit naman ni Baby Lulu..”

“Eeeehhhhhh---!”

“Anong eeeehhhhhhh-----?” Ginaya niya yung pagkakasabi ko.

Hmp! Gaya-gaya.. >3<

Umasog ako palayo sa kanya. Sumandal ako sa sofa at humalukipkip habang nakanguso.

“Oh what’s up with that?” matawa tawa niyang sabi.

“Che! Don’t talk to me..” >3<

“Nagtatampo ka ba Baby Lulu?” ^o^

Tiningnan ko siya. Hmp! Nakatawa pa ang loko! >_< Ayoko na galit na talaga ko sa kanya...


Umasog siya papunta sakin pero umasog din ako palayo sa kanya.

Asog.

Asog din.

Asog.

Asog din.




Hmp! Corner na ko! Ang daya.. TToTT

Napangiti siya habang tinitigan ako. “Tampo nga si Baby Lulu haha..”

“I hate you..” >3<

“Labas nalang kasi tayo?”

“Ayoko. Wala na ko sa mood.” >__<

“Tsk! Deh wag..” -__-

Tumayo na si Casey at umakyat sa kwarto niya. Holo, galit na naman ba yun?

Napakamot ako sa ulo ko. Kanina lang ako galit sa kanya tapos ngayon parang nabaligtad na? Hay ang gulo...

Sinundan ko si Casey sa taas. Kinatok ko yung pinto ng kwarto niya.


*tok tok tok*

“Casey?”

*no response*

“Galit ka pa rin ba?”

*no response*




"Bati na tayo oh?" TT__TT

*no response*

"Hmp bahala ka! Hindi na ko lalabas ulit ng kasama ka!" >O<

Biglang bumukas yung pinto. Sumilip si Casey at tiningnan ako. Nginitian ko siya. ^=====^

"Deh wag.." -__-

*Blag!*

Ay pagsaraduhan daw ba ko? >__<

Pumunta nalang ako sa kwarto ko. Ba't gumaganon yon? Lumalaking pabata? =__=?

Nagshower ako sa sandali pagkatapos ay nagbihis na. Sinuot ko yung bracelet na...

Hay..

Hanggang ngayon ba umaasa pa din ako?

Pinapahirapan ko nalang yung sarili ko eh...

Pero bakit ganun?

Kahit na nasasaktan ako, bakit ayaw pa ding tumigil ng puso ko?

San ba toh humuhugot ng lakas ng loob?

Bakit patuloy yung pagtibok niya para kay Jessie?

Kinuha ko yung sling bag ko at binuksan yung pinto...

*Plak*

“AY KABAYO!”

Nagulat ako nang biglang iharang ni Casey yung braso niya sa pintuan.

Tiningnan niya ko mula ulo hanggang paa, at pagkatapos ay nagtaas ng kilay.

“Bakit naka skirt ka?” tanong niya sakin.


Tiningnan ko yung palda ko. “Bakit? Nagsusuot naman talaga ko nito ah?”

“Sa America. Pero nasa Pilipinas na ulit tayo Baby Lulu. Madaming masamang elemento dito at alam mo yun..”

Tss. Matinik pa kay Kuya Waren kung magpaka-conservative. =__= Baka siya talaga yung kuya ko? Joke. ^__^

“Dati hinaharot mo kong tomboy kasi lagi akong naka pants, tapos ngayon namang nagpapakababae na ko umaangal ka..” -__-

Isininandal niya yung balikat niya sa door frame at humalukipkip. Nakangiti siya habang nakatingin sa mukha ko...




"Bakit? May dumi ba ko sa mukha?" Bigla tuloy akong naconscious.

"Nope. Ngayon lang kasi kita nakitang naglip gloss."

"Ah.."

That's right. Kahit nung nasa America kasi hindi ako sanay mag-ayos sa sarili ko. Pero nung dumating ako dito, at dahil na din sa nangyari, parang gusto ko nalang ialay yung oras ko sa pag-aayos. Para na din hindi ako mukhang haggard at losyang sa paningin ng iba.

Siguro ganun nga kapag gusto nang magmove on ng isang taong broken hearted. Nagpapaganda o nagpapapogi para hindi makitang depressed sila..

"I'll go with you," sabi ni Casey.

"Tss. Eh kanina nga pinagtatabuyan mo ko eh." =__=

"HAHAHA!" Tumawa siya tapos hinimas yung ulo ko.


Hanggang ngayon parang bata pa din tingin niya sakin. -___-

"Joke lang naman yun Baby Lulu. Syempre sasamahan kita sa enrollment mo noh." ^__^

Ngumiti ako sa kanya. "Then after that?"

Ngumiti din siya. "After that we're going out."

Sabi na eh.... ^__<




**Chapter 2**

**Luna**

"Wow." *o*

Napatingin sakin si Casey. "Bakit?"

"Ang... Laki.." *__*

"Haha parang hindi ka na nasanay ah? May mas malalaki pang schools kaysa dyan sa America."

"Tss.. Eh kahit na! Ang laki pa din!" >__<

Pumasok kami sa big golden gate ng Westmore Academy.

Ang alam ko optional lang yung College dito kasi yung high school nila is six years.Tss. Ang akala ko pa naman university talaga yung pinasukan nina Steff. -__- Pero ayos lang kasi maganda naman yung school! Hohoho! ^o^ v




"KYAAAAAAHHHHH!!!"

Whhooooosssshhhhh ------------->

>__>?

>__>?


"Ano yun?" tanong ko habang tinitingnan yung nagtatakbuhang mg babae papunta ng gate.

Nag-shrug lang si Casey.

"KYAAAHHHH! WE LOVE YOU PEPPERONI CHEESE!"

"ANG GUGUWAPO NIYO!!!"

“KISS ME! KISS ME! KISS ME!”




Ahhhh. Kaya naman pala eh.. -___-

Parang ganito din sila sa school namin dati eh. Ang problema nga lang mas malala na ngayon kasi sumikat sila. Imagine that? SU-MI-KAT sila! My.. My.. My.. >o<

“Kevin!” sigaw nung isang fan girl. “Para sayo!” ^o^

Kinuha ni Kevin yung regalo na binigay nung fan niya. “Thanks sweetie.” Tapos kinindatan niya yon.

“KYAAAAHHHH!” Umarte pang parang mahihimatay yung babae.


Hay nako Kebs.. Ngayon palang naaawa na ko sayo..

Why?

You’ll see.. -__-

“KEVIN PERILLO!”

Napatigil lahat ng fan girls sa hiyawan. Pati yung PC napatingin din dun sa babaeng nakatayo ngayon sa entrance ng school building.




Dala-dala niya yung megaphone habang pagalit na lumalakad palapit kay Kevin.

Piningot niya si Kevin.


“Aray! Aray! Ow! Babe naman!” sabi ni Kevin habang hawak-hawak ni Steff yung tenga niya.

“Shut up Kevin Perillo! Nakuha mo pang makipaglandian sa harapan ko?!?! How dare you!” Parang batang sumisigaw si Steff dun.

Haist, sabi na eh. Nako lagot ka Kebs. Holo.. (-O-)b

“Babe naman. Alam mo naman na ikaw lang love ko di ba?” Nginitian ni Kevin si Steff ng malagkit.

"Kyaaahh! Papa Kevin love talaga kita!" ^0^




"Ako man ngitian mo please?!?!?!" >///<

"Sana ako nalang girlfriend mo Papa Kevin!" ^0^


Nakita kong sumibangot si Steff sa mga babae. Naku for sure kinukulam na niya sa utak niya yung mga babae na toh.

"Thanks sweeties..." Kumindat na naman si Kevin sa fan girls niya.

"KYYAAAAAHHHH!!!!" \(>0<)/  \(*0*)/  \(>///<)/

Haruuuuu jusko. Ano ba naman toh.. (_ _")

“Che! Bahala ka na nga dyan! Babaero!” (>0<) Tinry umalis ni Steff pero hinawakan siya ni Kevin sa braso, hinila pabalik at... At...




Hinalikan niya si Steff.

(0///0) <----- Ako

(O_O) <------ Casey

(^__^) <----- PC


#(>0<)# <------ Fan girls

*Heavy silence*

Nung humiwalay na si Kevin, kitang kita ko yung pamumula ni Steff. Hindi siya makapagsalita at nakatingin lang sa mukha ni Kevin.

“Sorry sweeties.. Pero si Babe pa din yung one and only ko.” ^__^ v

"KYYAAAHHH!!! NAKAKAINGGIT!" (>0<)




"GUSTO KO DIN NG KISS PAPA KEVIN!" (*0*)

Napatakip sa bibig si Steff. (0///0)

Si Kevin naman nakangiti lang sa kanya. (^__^)

"K-KEVIN PERILLO!" Binatukan ni Steff si Kevin. (>///<)

"Aray! Babe naman! Para san yon?" (>0<)


"How dare you! First kiss ko yung ninakaw mo!" *(>///<)*

"Hahaha mali ka babe.. Second kiss na natin yon." ^__^ v

"Huh?" (0_0)?

"Kyaaahhhhh!!! I want a kiss Papa Kevin!" (>0<)

"I H-HATE YOU KEVIN PERILLO!" (>0<) Nagwalk out si Steff.




"Babe!" tawag ni Kevin. Napakamot nalang siya sa ulo niya habang tinitingnan lumakad paalis si sis.

"Loko ka pare! Halikan mo ba naman sa harap ng madaming tao? Eh magagalit talaga yon!" sabi ni Rio.

"Eh gusto ko lang naman ipakita sa kanya na siya lang talaga yung love ko eh." (_ _")

"Haha ayos sana reason mo pare eh. Kaso panis style mo." (^_^) Justin


"Oo nga Kebs. Habulin mo na si Steff.." sabi ni Jessie.

*Jessie.*

Biglang bumilis yung tibok nung puso ko nung makita ko siya.

Parang feeling ko ang laki na nang pinagbago niya.

Feeling ko din parang ang layu-layo na niya sakin kahit ilang hakbang lang ay magkaharap na kami.




Biglang kumirot yung puso ko..

*lub.dub.lub.dub.*

Kumunot yung noo ko.

WTF Jessie! Kailan mo pa ko tatantanan?! >__<


“Halika na..” Naramdaman ko yung kamay ni Casey sa balikat ko at ginabayan ako paalis.

Habang papalakad kami, hindi ko maiwasang mapalingon sa nagkakagulo dun sa may gate.

Iba na talaga yung takbo ng mundo ngayon. Siguro nga ganun na kalaki at kadami yung nagbago nung nawala ako ng tatlong taon.

Siguro.. Dapat na kong magmove on... Parang ako nalang kasi yung umaasa eh... Ako nalang yung nagpapakatanga..

*Wala na kayo Luna. Hindi ka na niya mahal. Hindi ka nga niya naaalala eh. Tanggapin mo nalang yung katotohanan...*




Pero pano kung...

Kung may kaunti pa palang natitirang pag-asa? Baka naman mayron pa at hindi ko lang nakikita? Pano kung hindi ako tuluyang nakalimutan ni Jessie? Pano kung nagugunita pala niya ko sa panaginip niya?

Pano kung ganon nga?


Pano kung may katiting pa palang nararamdaman sakin si Jessie?

Pano kung may pag-asa pa palang maging kami ulit?

Pano kung pwede pa pala naming ibalik yung dati naming pagtitinginan but in a different time and reason?

Shall I take the risk to re-open his feelings for me?

Or..




Shall I just let him go?

=___=

Shucks!

Ang sakit sa bangs ano ba.. (_ _")

**Chapter 3**


**Luna**

Tiningnan ko yung schedule ko.

"Casey! Ang galing mo talaga!" ^0^ Tapos inakap ko siya dahil sa sobrang tuwa.

"Oh bakit ba nagtatatalon ka dyan?" sabi niya sakin habang nakangiti.

“Kasi ang ganda ng schedule ko. 9 AM yung start at 6 PM naman yung tapos. And that’s all thanks to you!” sabi ko habang may malapad na ngiti sa bibig ko.




“Ako? Bakit ako?”

“Kasi naakit sa charm mo yung babae na nagbibigay ng schedule. HAHA! Nung ako yung pumipilit na kunin yung schedule na toh, kailangan pang dumanak ng sangkatutak na dugo. Pero nung pumunta ka lang sa tabi ko, POOF! Tan-ta-na-nan!” Ipinakita ko sa kanya yung schedule.

“Naks. Gwapo po ko eh.” (~~,)+

Hinampas ko siya sa braso. “Umiral na naman yang kayabangan mo!”

“Eh sabi mo kasi naakit yung babae sa charm ko eh.” (~~,)+

“Hindi, joke lang pala yun.” =__=

Inakbayan niya ko at kinurot sa pisngi. Kahit kelan talaga para kong bata pag kasama ko siya. -__-

“Halika na Baby Lulu, dun tayo sa park. Itutulak kita sa swing.” ^___^

Humalukipkip ako. “Ano ka ba Casey! Pambata yun eh..” -___-

“Haha hindi kaya! Halika na kasi.” Hinawakan niya ko sa kamay at hinila papunta dun sa pinakamalapit na park.

Pagdating namin dun, nakita ko na puro pamilya yung andun. Mga batang naghahabulan at magkakamag-anak na nagpipicnic.


Hinila ko ni Casey papunta dun sa swing. “Teka Casey puno yung swing oh!” sigaw ko sa kanya.

“Bata, pahiram muna kami ng swing ah?” sabi ni Casey dun sa batang babaeng nakaupo sa swing.

Sumibangot yung bata. “Ayoko.”

“Sige na naman bata. Pahiram na muna kami sandali.”

"Don't call me bata. May pangalan ako."




Hindi ko mapigilang mapangiti. Nakakatawa naman tong batang toh. Hahaha. Mukhang six years old palang pero matinik na yung utak. Si Casey naman mukhang ewan na nagpupumilit mapahiram ng swing. Ang cute talaga. ^___^

"Ano ba pangalan mo?" tanong ni Casey.

"Ayokong sabihin. Mommy said don't say my name to strangers."

HAHAHAHAHAHAHAHA!!! Mukhang walang pag-asa tong si Casey ah. ^0^

Kumuha si Casey ng one hundred pesos at ibinigay sa bata. "Oh ayan kiddo, pambili ng ice cream mo."

Tiningnan nung bata yung pera at ngumiti. Kinuha niya yon at tumayo sa swing.

Aba't nasuhulan?!?! 0___0

"Kuya," sabi nung bata.

Yumuko si Casey at itinukod yung dalawang kamay sa tuhod para magka-level na sila nung bata.




"Why?" nakangiting sabi ni Casey.

"Pwedeng pa-kiss?"

O________O!!! Ano daw?!


Biglang natawa si Casey. "Okay." Ihinarap ni Casey yung pisngi niya.

"Gusto ko sa lips."

O__O <----- Casey

(0o0)!! <------- Ako

Takteng bata toh! Kay liit liit pa alam na agad yon?! Walanjutay! Sino ba yung mga magulang nito?? >0<




Nakabawi mula sa pagkagulat si Casey. Ngumiti siya at inilagay yung kamay sa ulo nung bata. “Sa cheeks nalang ganda. Tandaan mo, hinahalikan mo lang sa lips yung taong mahal mo. Masyado ka pang bata. Mahahanap mo din yung mamahalin mo balang araw.”

Hinampas ko si Casey sa braso. “Hoy! Kung anu-ano sinasabi mo sa bata! Matagal pa yun kaya wag mo munang sabihin sa kanya yang mga ganyang bagay!”

“Ang sakit mo namang humampas Baby Lulu!” sabi ni Casey.

“Sige sa cheeks nalang kuya.” Hinalikan nung bata si Casey sa pisngi. Pagkatapos nun, napakalapad ng ngiti niya.


“Kuya?”

“Hmm..?”

“Hintayin mo ko ah? Pag malaki na ko, mamahalin na kita. Tapos may kiss na ko sa lips, okay?

ANAK NG TOKWA! <(>0<)>

Tumawa si Casey at hinawakan ulit sa ulo yung bata. "Sige, magpalaki ka ah? Kailangan yung maaabutan mo na yung height ko."




Tumango ng masigla yung bata. "Yes kuya!" Tapos tumakbo na siya paalis.

0____0

"Oh ba't ganyan mukha mo?"

Tumingin ako kay Casey. "Hindi maprocess ng utak ko yung bata na yon." =____=


Tumawa siya at hinawakan din ako sa ulo. "Hayaan mo, ikaw pa din yung nag-iisang Baby Lulu ko." ^____^

Inalis ko yung kamay niya sa ulo ko. "Nako, parang bata na naman trato mo sakin." =____=

"Hindi ah. Sweet lang talaga ko sayo." ^___^

Pinaupo ako ni Casey dun sa swing. Siya naman pumunta sa likod ko para itulak ako. "Hoy wag masyadong malakas ah!" sabi ko sa kanya.

"Yes boss!" Tapos tinulak na niya ko..




Nang malakas.

"WAAAAAAAAAAAHHHHH!!!" Napakapit ako ng mahigpit sa magkabilang chain ng swing.

"HAHAHAHAHAHAHAHA!!!" Tawa niya habang patuloy sa pagtulak sakin.

After 3 minutes hininto na niya yung pagtulak sakin. Mahigpit pa din yung kapit ko dun sa swing, feeling ko bibigay na yung tuhod ko. (>0<)


BUWISET! Lagot ka sakin Casey Montez.. -____-++

Tumayo ako sa swing at binatukan si Casey.

"ARAY! Baby Lulu naman!" Hinimas niya yung ulo niya.

"Bwiset ka! Sabi ko sayo wag mong lalakasan eh!" (>3<)

“Nakakatuwa kang panuorin eh. Para kang batang sigaw ng sigaw kanina.” ^___^




“Ah ganon..” +___+

“Naku si Baby Lulu naman! Ang serious mo hahaha.” Inakbayan niya ko.

“Uy may ice cream oh!” Tinuro niya yung isang ice cream stand kung saan may nakapilang mga bata.

“Gusto ko ng ice cream..” *___* sabi ko.


“Kahit kailan talaga ice cream addict ka,” matawa tawang sabi ni Casey. ^__^

“Eh sa gusto ko ng ice cream eh! Hmf!” >3<

“Okay sige ililibre kita.” +^___^+v

“WAAAAHHH!” Inakap ko siya. “Ang gwapo gwapo mo talaga!” *\(^0^)/*

"Naku. Kapag may pakinabang lang ako sayo noon mo lang sinasabi na gwapo ako haha."




"Tss dali na kasi! Baka magbago pa isip ko sige ka.." >3<

Kinurot niya yung pisngi ko at ngumiti. "Opo opo, bibili na po.."

Nag-jog siya papunta dun sa ice cream stand. Umupo ako sa may bench at hinintay siyang bumalik. After a few minutes, may dala na siyang dalawang ice cream.

Ibinigay niya sakin yung cookies 'n cream samantalang sa kanya naman yung vanilla. Kinain ko yung ice cream ko.

Ang sarap. Heaven. \(*0*)/ *naaaaaaaaaaaaahhh~*

"Kailangan mo na nga palang humanap ng dorm. Malayo yung apartment mo sa school eh," sabi ni Casey habang kinakain yung ice cream niya.

"Wag mo nang problemahin yon. Dun nalang ako sa apartment ni Steff makikituloy."

"May apartment na si Steff?"

Tumango ako. “Yup. Ibinili siya ni Kevin, yung boyfriend niya. Grabe, big-time na talaga yung members ng PC ngayon. Sikat na, lalo pang yumaman.”




“Naku eh ganyan din kami ng Black Scythe sa America eh!”

“Weh? Di nga? Ni hindi ka nga pinagkakaguluhan dito sa Pinas eh. Ibig sabihin hindi kayo kilala.” Tapos dinilaan ko siya.

“Hoy kilala kami ah! Sa buong mundo pa..” Tapos ngumiti siya sakin. >___^

“Sus, you wish! Baka sa America lang. Pero dito sa Pinas---”


“KYAAAAAAAAAAAAAAH!”

0__0

Huh? Sinong sumigaw?

“Hindi ba’t si Casey Montez yon?!” *0*

"OMG! He's smokin' hot! I love Black Scythe!" >0<




"Look at the abs! Bakat sa T-shirt!" *Q*

"Ang gwapo! Shucks!" *___*

Ganun? Echa pwera ko? Okay. -____-

"Wait, who's the girl?"


"Oo nga. How dare she sit beside Casey!"

"Yuck! Ang pangit niya hindi sila bagay!"

=____= Hindi pala ko echa pwera.

Lumapit yung mga babae samin. May mga sampu ata sila. "C-Casey Montez. Pwede bang magpa picture?" *__* sabi nung isang matabang babae.

Nagulat ako ng bigla akong akbayan ni Casey. “I’m sorry pero may pupuntahan pa kami eh.”




Tapos hinila niya ko patayo.

“WAAAHH! WAIT LANG PAPA CASEY!” TT^TT

“PA-AUTOGRAPH NAMAN OH!” TT___TT

“SIGE NA CASEY! KAHIT ISANG PICTURE LANG!” TT0TT


Napabitaw si Casey sakin kasi pinalibutan na siya nung mga babae. At hindi lang yon, may mga dumadating pang iba!

Binabawi ko na pala yung sinabi ko kanina. Sikat pala siya dito. Grabe. -___-

“Baby Lulu!”

Nakita ko si Casey na tumatakbo papunta sakin. Hinawakan niya yung kamay ko at pareho kaming tumakbo paalis.

"PAPA CASEY! WAIT LANG!" TT0TT




"WAG MO KAMING IWAN! HUHUHUHUHU!!!" TT3TT

WAAAAAAHHH! Hinahabol nila kami! <(>0<)>

*pluk*

0___0


Nahulog yung ice cream ko! WAAAHH! Yung ice cream! Yung cookies and cream ko!

N-Nahulog... TT0TT

Iniligaw namin yung mga bruhilda na humahabol samin. Pumasok kami sa isang restaurant at umupo dun sa pinakadulo para tago.

Humihingal ako na umupo dun sa upuan. Si Casey naman natatawa-tawa. "Sabi sayo sikat ako eh." ^__^v

“Bwiset ka *hingal* Hindi ka man lang nagsuot ng shades o kaya nag-disguise!” >0<




“Haha nakalimutan ko eh. Sa susunod nalang.” ^___^

“Wala na! Alam na nila na nandito ka na sa Pilipinas!” >__<

“Okay lang yan. Eh di tatakbo tayo kapag pinagkaguluhan ulit ako.” ^___^

“Ayoko nakakapagod.” >__<

“Bahala ka, baka kuyugin ka lang nung fan girls ko hahaha.”


“Sus, ba’t ba kasi patay na patay sila sayo?” =___=

“Coz I’m freakin’ charismatic.” >__^

-___- Yeah yeah, whatever.

“Gusto mo bang kumain dito?” tanong niya.

Umiling ako. “Ayoko, mukhang hindi masarap yung pagkain dito eh.”




Kinuha niya yung kamay ko at parehas na kaming lumabas sa restaurant. “Teka lang ah,” paalam ko. Lumakad ako papunta dun sa isang tindera na nagtitinda ng shades sa bangketa.

“Ale magkano po yung shades?” tanong ko.

“Ah, singkwenta lang hija.”

“Pabili po ng isa.”


Bumalik na ko kay Casey. Nakatayo siya dun sa labas ng restaurant at...

May babaeng nagpapapicture sa kanya. =___=

Takte, bakit three years ago hindi naman siya ganyan kasikat ah? Siguro dahil dun sa new album na inirelease nung Black Scythe kaya dumami yung fans niya. -___-

Maya-maya, ngumiti yung babae at umalis na.

Tumabi ako kay Casey. “Sikat na talaga ang loko.” -___-




Kinurot niya yung pisngi ko. “Aw, wag ka na magtampo. I’m still your number one fan.” ^__^

“Sino nagsabing nagtatampo ko? Tss.” Ibinigay ko sa kanya yung shades. “Oh ayan, suot mo. 50 pesos lang yan pero malaking tulong na yan sa disguise mo.”

Isinuot niya yung shades. Sheez deh siya na talaga yung pogi. >0<

Ngumiti siya sakin. “Tara na sa mall.”

“Ano gagawin natin dun?”


“Kakain tayo sa restaurant.” ^___^

“Anong restaurant?”

Inakbayan niya ko at sabay na kaming lumakad. Pinagtitinginan kami nung mga tao sa paligid. Well, hindi pala ‘kami’. Siya lang.. Okay, echa pwera ulit ako. =___=


“Huy Casey. San bang restaurant tayo kakain?” tanong ko ulit sa kanya.

Tumingin siya sakin. Maya-maya, ngumiti siya. “Sa Dela Courte Restaurant. Kakilala ko yung may ari non.”



## Chapter 4

**Luna**




Pumasok kami ng mall ni Casey. Pinuntahan namin yung Dela Courte Restaurant na sinasabi niya.

"Sorry sir, ma'am, pero nakareserve po yung restaurant ngayong araw. Wag daw po kami magpapapasok ng kahit sino sabi ni Sir Den," sabi nung waiter na sumalubong samin sa may pintuan.

"But I know him. Magkakilala kami," dahilan naman ni Casey.

"I'm sorry po talaga sir, pero sumusunod lang po ako. May important appointment po siya ngayon kasama nung mga kaibigan niya. Pasensya na po talaga."

"Hayaan mo na Casey." Hinawakan ko siya sa braso. "Maghanap nalang ng tayo ng ibang makakainan."

Napakamot nalang si Casey sa ulo habang lumalakad kaming palayo. "Tsk, akala ko pa naman makakausap ko ulit siya."

"Bakit? Sino ba yung Den na yon?" tanong ko.

Ngumiti siya. “Friend ko siya. Nakilala ko siya sa America nung nagmodel siya ng isang clothing line dun.”

“Wow! Model siya? Hmm..” >___>

Pinitik ni Casey yung noo ko. “Hoy, yang isip mo ah. Mukhang hinuhubaran mo na si Den dyan sa utak mo eh.”

“Aray naman.” TT__TT Hinimas ko yung noo ko. Ang sakit mamitik! Amfufu. >3<


Napalingon ako sa likod. “Uy Casey tingnan mo oh.”

“Hmm?” Lumingon din siya at itnuro ko yung isang babae na pumapasok sa Dela Courte Restaurant.

“Bakit siya pinapasok?” Ngumuso ako. Ang daya naman. >3<

“Baka may appointment siya kay Den? Hayaan mo nalang sila.”

Nag-shrug nalang ako at naglakad na ulit kami.




Dinala ko ni Casey dun sa Jollibee. Umupo kami dun sa available seat malapit sa glass wall. “Order lang ako ah. Ano ba gusto mo?” tanong ni Casey.

“Spaghetti nalang.”

“Okay.” Tapos pumunta na siya sa counter para umorder.

Out of nowhere, biglang may alaala na pumasok sa isip ko..


~~~~**flashback**~~~~

Nang makarating kami ni Jessie sa mall, agad nalang siyang pumasok sa Jollibee ng hindi man lang nagtatanong kung gusto ko ba dito. Kumunot tuloy yung noo ko kasi naiinis na din ako sa kanya.

Umupo siya dun sa may upuan at sumandal. “Dun na lang tayo sa McDo?” sabi ko.

“Ayoko. Gusto ko dito eh.”
~~~~

Tss, naiinis na naman ako! "Eh gusto ko nung burger dun eh..."




"Meron din namang burger dito ah..."

"Eh ayoko nga po nung burger dito..." Ngumiti nalang ako ng makahulugan sa kanya.

Pero hindi niya pinansin yung naaasar kong ngiti. "Dali umorder ka na!" sabi niya sakin.

AHAY NAKAKAASAR NAMAN!!! Sabi kasi nitong buset na toh eh wag na kong magdala ng pera at treat daw niya! Eh hindi ko naman inaasahan na susumpungin ng pagka-abno toh eh!


Kinuha ko yung pera. "Ano po ba gusto niyo SENYORITO?"

"Burger and fries..." Tapos tinago na niya yung wallet niya.

Inirapan ko siya at pumunta na dun sa counter. Nung turn ko na, umorder na ko. "Dalawang order nga ng burger and fries miss."

"Ano pong drinks nila ma'am?" tanong nung babae dun sa cash register.

Tumingin ako kay Jessie at sumigaw. “HOY! Ano daw po ba yung gusto niyong drinks?!” Natingin siya sa paligid kasi nagtinginan yung mga tao saming dalawa. Sige! Manliit ka sa kahihiyan!!!




“Ang ingay mo! Coke lang..”

“Coke yung isa miss. Yung isa Sprite.”

“Okay, wait for a moment please.” Aalis na sana yung babae ng tawagin ko siya.


“Damihan mo yung asin nung isang fries ah? Mahilig kasi sa SOBRANG alat yung boyfriend ko eh,” bulong ko sa kanya.

“Ah o-okay ma’am.” Ngumiti siya tapos kinuha na yung order namin. Huh!!! Tikman mo ang alat ng galit ko Jessie Wright!

After a few moments... “Thank you for coming ma’am please come again!”

Kinuha ko yung tray at pumunta na dun sa table namin. Nung umupo ako, ganun pa din yung aura niya. Tss! Nagsusungit na naman po ang senyorito...

Kinuha niya yung fries. Nakatingin ako sa kanya habang sumusubo ng burger. Nung isubo niya yung isang fries, kumunot yung noo niya. Kumuha pa ulit siya ng isa pero niluwa niya agad yon. HUH!!! Buti nga sayo!!!




"Pwe! Ang alat naman!" Uminom agad siya nung Coke niya.

Ako naman prenteng-prente lang sa pagkain. "Hoy!" tawag niya sakin.

"Hmm?"

"Ba't ang alat nitong fries ha?"


I shrugged. "Aba malay ko! Ako talaga tanungin?"

"Tss. Palit tayo." Tapos pinagpalit niya nga yung fries namin.

"Hoy!" angal ko.

Kumuha agad siya nung fries ko. "Akin na nga yan!" Sinubukan kong agawin yung fries pero itinaas niya yun.

"Madaya ka eh! May pinagawa ka dyan sa fries ko alam ko yun!"




"Tsk!" Tinry ko ulit kunin yun pero hindi ko talaga maabot. Nakakahiya naman kasing maging magaslaw dito kasi nasa public ako. Pero kung walang ibang tao, nako kanina ko pa toh nabatukan!

"Ayaw mong ibigay?" banta ko.

"Ayoko..."


"Okay." Kinuha ko yung burger at drinks ko tapos tumayo ako para umalis. Lumakad ako papaalis dun sa Jollibee.

~~~~**end of flashback**~~~~

Bigla akong nangiti sa naalala ko. Pero at the same time, biglang sumikip yung dibdib ko.

Nakakamiss.
~~~~

Sa tingin ko, kaya kong itaya ang lahat maulit lang yung pagkakataon na yon. Handa akong maghintay. Handa akong mangarap.




Pero bakit ganito?

Nasasaktan ako.

Ang sakit isipin na wala siyang maalala ni isang masayang pagkakataon o panahon na pinagsamahan naming dalawa. Kahit yung simpleng ngiti ko hindi niya magunita. Kahit ano na tungkol sakin.

Wala siyang maalala.


Napahawak ako sa dibdib ko.

Ang sakit ng tibok ng puso ko. Hanggang ngayon parang may butas pa din na hindi matakpan-takpan doon. Laging may kulang. Laging may puwang..

Hindi ko napansin na nakaupo na pala si Casey sa harapan ko. “Baby Lulu?”

Napataas yung tingin ko sa kanya. “H-Ha? May sinasabi ka ba?”

Kumunot yung noo niya. "Tulala ka na naman.. Iniisip mo pa rin ba siya?"




Tumango lang ako habang kinukuha ko yung spaghetti na inorder niya. Narinig ko yung paghinga niya ng malalim. "Kalimutan mo muna siya Baby Lulu. Kahit ngayong araw lang. Kailangan mong enjoyin yung sarili mo. Hindi pwedeng lagi kang malungkot."

Ngumiti ako sa kanya. "I know. Thanks Casey.."

Nagbuntung-hininga siya at napailing nalang.

Natapos kaming kumain ng tahimik kaming dalawa. Sinusubukan niya kong kausapin, sumasagot din naman ako pero mahahalata pa din yung lungkot sa tono ng boses ko. Ilang beses din siyang nagbuntung-hininga.

Lumabas na kami ng mall at pumunta dun sa may parking lot. Mag-aabang kami ng taxi dun sa may kanto para makauwi na kami.

"That jerk.. I hate him! I so damn hate him! Stupid! Stupid! STUPID!"

Napalingon kami ni Casey dun sa babaeng mukhang nagtatantrums sa may parking lot.

“Teka, siya yung babaeng pumasok sa Dela Courte ah?” sabi ko kay Casey.

“Oo nga noh. Ba’t galit na galit siya?”

“Aba ewan..”

Tinadyakan nung babae yung semento at naglakad na paalis.


Baliw na ata yun. =___=

Paalis na kami ng parking lot ni Casey nang biglang may pumasok na kotse at nagparada sa vacant slot. May lumabas na isang lalaking nakasalamin at pumunta dun sa kabilang side. Nung buksan niya yung pinto, may lumabas na isang magandang babae sa kotse.

Ngumiti sila sa isa’t isa. Umakbay yung lalaki dun sa babae.

At bigla naman akong napako sa kinatatayuan ko.

Feeling ko biglang nanigas yung katawan ko habang tinitingnan ko silang lumakad ng masaya papasok ng mall.




Hindi ko maiwasang pangilidan ng luha dahil sa torture na nasasaksihan ko ngayon.

*Dapat ako yun eh. Dapat masaya din ako ngayon. Dapat ako yung kasama niya. Dapat nararamdaman ko din yung yakap niya ngayon...*

"Baby Lulu?"


Umiwas nalang ako ng tingin. "Halika na." Tapos nagsimula na kong maglakad.

Takte ang hirap naman ng ganito. >__< Parang lahat ng bigat sa buong mundo nakadagan na ngayon sa puso ko.

"May problema ba?" tanong ni Casey nung makapunta na siya sa tabi ko. Hindi siguro niya nakita yung nakita ko.

Umiling ako. "Wala. Gusto ko nang umuwi."

Nag-abang kami ng taxi sa may kanto. Nung nakasakay na kami, hindi pa din mawala sa isipan ko yung nakita ko kanina.




Parang hinihiwa yung puso ko habang tinitingnan ko silang masaya sa piling ng isa't isa. At ang nakakainis pa ay ipinaubaya ko sa kanya yung taong pinakaiingatan at mahal na mahal ko. Ako din yung may kasalanan kung bakit ako nasasaktan ng ganito eh.

It's my fault..

Because I let Kat love Jessie...

But I never expected that it will hurt like hell to see him love her back like this..


**Chapter 5**

**Luna**

"Sis?" tawag sakin ni Steff.

Kumunot yung noo ko at dumukot ng isang chocolate chip. Isinubo ko yun at sabay nguya.

“Penge nga!” Sinubukan niyang dumukot ng isang chocolate chip pero inilayo ko yun.




“Ayoko! Sakin lang toh..” >___< Tapos sumubo pa ulit ako ng isa.

“Nako! Ang hirap nga naman pag broken hearted! Nangangawawa yung supply ng pagkain.”

“Tss. Tigilan mo na nga ako.. Saka ba’t ba nandito ka? Bumalik ka na nga sa room mo!” >__<

Mas lalo siyang tumabi sakin. “Ayaw mo pa kasi ipasabi kay Papa Jessie na ikaw yung mahal niya dati eh. Saka oy, may five minutes pa ko noh. Kaya dito muna ko sa tabi ng sis ko. Namiss kita. Ayiiieeee!” ^0^

Hindi nga pala kami magkaklase ni Steff kasi magkaiba kami ng course na kinuha. Tourism siya while ako Creative Writing. Well, hilig ko din kasing magsulat kaya ito nalang yung kinuha ko. Yung PC naman, syempre Music kasi dun yung field of expertise nila eh.

Pero hanggang ngayon talaga hindi pa din ako makapaniwala na sumikat sila. =___= Makulit na kung makulit. Basta yon yung tingin ko. Hmmfff.. >3<

Nilukot ko yung plastic ng chocolate chip nung maubos ko na yon. Nilagay ko sa bag yung kalat ko.

"Masaya na sila ni Kat ngayon sis. Hayaan na natin sila." Alam ko, hindi bukal sa kalooban ko yung sinabi ko. Parang lason na unti-unting pumapatay sakin yung bawat salita na lumalabas sa bibig ko. "Ayoko nang manggulo pa."

Ibinagsak ni Steff yung parehong kamay niya sa table at humarap sakin. Napatingin tuloy yung mga classmates ko saming dalawa. "Hindi pwede sis! Hindi ako makakapayag! Kailangan maging masaya ka ulit! Kailangan maging kayo ulit ni Papa Jessie!" (*/*)/

Napakamot ako sa ulo ko. "Ano ka ba sis ang ingay mo!" bulong ko sa kanya.


"Wapakels! Bakit sila lang ba nagbabayad ng tuition dito?!"

"Sabi ko nga eh.." =___=

"Basta sis! Hindi pwedeng hindi magiging kayo ulit ni Jessie!" (*/*)

"Tss. Kita mo ngang hindi na niya ko naaalala eh."

*BOOM*




Parang may sumabog na bomba sa puso ko. Takte naalala ko na naman yon amf! >__<

Humampas na naman sa table si Steff. Nakita kong nagulat pa yung iba kong mga classmate. Grabe, nakakahiya namang kasama toh. Mukhang sa tatlong taong lumipas mas naging bayolente yung babae na to eh. =___=

"Problema ba yon?! Eh di paibigin mo ulit siya!" ^0^ simpleng sabi ni Steff.

"Tss ano ka ba naman sis! H-hindi ganun kadali yon noh! Lalo na't.." Huminga ko ng malalim. "Lalo na't engage na sila."


*At yung couple ring pa namin ni Jessie yung engagement ring nila.*

*PAK*

"ARAY!" Hinimas ko yung likod ng ulo ko. "Ba't mo ba ko binatukan?!"

"Eh tange ka sis eh! San mo ba nalaman yan ha? Hindi sila engage ano ba!" >3<

Para namang nagliwanag yung kalooban ko dahil dun sa sinabi niya. Hindi ko mapigilang mabuhayan ng pag-asa.




H-Hindi sila enganged? Eh di ang ibig sabihin... I still have a chance?

“Nasisilaw naman ako sa ngiti niyo Ms. Reyes.”

“H-Ha?” Pagtingin ko kay Steff, nakita ko siyang nakangisi sa tabi ko.


“Grabe, ten thousand watts! Ang liwanag!” Tapos tumawa siya ng malakas.

Hinampas ko siya sa braso. “Hoy! A-Ano ba yang sinasabi mo?”

Hinawakan niya yung tiyan niya at napahampas pa sa table.

Okay. Anong meron? =___=

Pinunasan niya yung luha sa mata niya. Tears of joy! Amf! >3< “Ano ka ba sis! Hindi mo ba naramdaman na napangiti ka kanina nung sinabi ko yon? Grabe para kang sira-ulo hahahaha.” Tapos tumawa na naman siya ng malakas.




Napahawak ako sa mukha ko. Naramdaman ko na din yung matamis na ngiti sa labi ko. Grabe, ganun ba talaga ako kasaya nung narinig ko yon? Feeling ko nagising akong bigla sa isang matinding bangungot.

Tumingin ako kay Steff.

Tumatawa pa din ang berat. =___= Batukan ko nga..

“ARAY!” Napahawak siya sa ulo niya.


“OA na sis. Tama na.” =___=

Pero nakangiti pa din siya sakin. “So sis. Ano, game ka ba?”

“Game? Saan?”

Tumayo siya at lumakad pababa sa hagdan. Para kasing sinehan yung ayos ng loob ng classroom, pero hindi naman siya totally ganun. Naiimagine niyo ba? Basta yun na yon.. =___=

Sa gulat ko lang, biglang pumunta si Steff dun sa platform kung saan tumatayo yung mga professor namin at nagsulat sa white board. Hindi na din mapigilan nung mga kaklase ko na mapatingin kay Steff habang sinusulat niya yung mga salitang pwedeng makapagpabalik ng nakaraan..




Kung sakaling magtagumpay nga kami..

Humarap sa akin si Steff at ngumiti nang napakalapad. “So sis... Are you ready for ‘Operation Be Mine Again’?”

~~~~~~~~~~~~ **After school**....


“Sis!”

Lumingon ako at nakitang tumatakbo papunta sakin si Steff. “Oh bakit?”

Hinampas niya ko ng malakas sa braso.

Ouch.. TT___TT
~~~~~~~~~~~~

Magsasalita na nga lang manghahampas pa. Kamusta naman yon di ba? Aww ang sakit tuloy ng braso ko.. TT^TT




"Ano ka ba! Ang eng engs mo talaga sa lab layp sis! Di ba ngayon na yung start ng Operation Be Mine Again?" sabi ni Steff.

"Tsk, san mo ba kasi nakuha yang idea na yan sis? Pati yung pangalan parang pinaghandaan mo din eh."

"Oy hindi ah, on the act toh. Magaling lang kasi talaga ko." v*(^0^)*v

Nagsimula na kaming maglakad. "So ganito yung first step sis.."


Tumingin ako sa kanya. "Talagang kailangan may plano pa?"

Hinampas na naman niya ko ng malakas sa braso.

Ouch ulit.. TT__TT

"Ano ba sis! Tigilan mo na nga yang kakahampas sa braso ko! Baka mahugot pa toh sa balikat ko eh."

"Haha ang OA mo sis ah! Eh ikaw naman kasi ang bobita mo.. Syempre behind every success is a great plan." ^___^




"Wow sis nosebleed." =__,=

"HAHAHAHAHA!!!

*PAK*


Aruy ku pu.. TT^TT

Hinihimas ko yung braso ko habang naglalakad kami ni Steff. My poor arm. Masyado ka nang inaabuse nitong baliw na kasama ko. TToTT

"So as I was saying," simula ni Steff. "Kailangan, mapansin ka ulit ni Jessie. Kailangan mahulog ulit siya sa alindog mo."

"Berat! Alindog ka dyan.." >___<

"Haha bagay nga yung term eh. Alindog. Pfffttt.. HAHAHAHAHAHA!!!" At tumawa siya ng wagas.




Okay. Siya na masaya. =___=

"KYAAAAAAAAAAAAAAHHHH!!!"

"Ooooohh, mukhang alam ko na kung sino ang parating." Humalukipkip si Steff at biglang ngumisi.

"Sino?" tanong ko.


"Sino pa ba?"

At tama nga siya. Walang ibang makapagpapatili sa mga babae ng ganito sa school namin...

Kundi ang PC lang...

Grabe, para silang walking-temptations. Isang tingin lang nila matutukso na agad ang mga kababaihan. Pero hindi ako affected masyado. Bakit kaya? Siguro tibo ako. =___= Joke.

"Babe!" Yumakap si Kevin kay Steff. "I miss you." ^3^




"Hephep!" Itinulak ni Steff yung mukha ni Kevin na ready na sana for a kiss. "Hindi pa tayo bati." -___-++

"Ha? Bakit naman?" TT__TT

"Hindi pa kita napapatawad sa paghalik mo sakin nung isang araw! Amp kiss stealer.." (>3<)

"Naku alam ko naman na nag-enjoy ka babe eh." ^__^ Inakap ulit ni Kevin si Steff pero pilit siyang tinutulak ni Steff palayo.


"Bitawan mo nga ako!" Pero kita ko naman yung pamumula ng mukha niya. =___=

"Sis," tawag ko.

"Bakit sis?"

Ngumisi ako sa kanya. "Spell PAKIPOT?"

Mas pumula yung mukha ni Steff. Hahaha! Pakipot pa kasi eh! (^o^)




"Oo nga, PDA na yan eh," tukso ni Rio.

"Sus, inggit ka lang kasi hindi mo magawa yun kay Sarah," sabi naman ni Kevin.

"Hoy hindi ah! N-Naakap ko na kaya siya.." Biglang namula si Rio at umiwas ng tingin.

"Oh? Talaga? Kailan?" tanong ni Justin.


"Nung nanalo siya sa Writing Contest. Tuwang-tuwa siya non kaya di sinasadya, naakap niya ko non." Ngumiti si Rio.

"Naku pare naka-score ka dun ah," sabi ni Jessie at inakbayan si Rio.

*Jessie.*

Biglang sumikip yung dibdib ko at napaiwas ako ng tingin. Ngayon lang ulit ako naging ganitong kalapit sa kanya simula nung iwanan niya ko sa airport non. Parang naiilang pa din ako

na nasasaktan. Gusto ko siyang yakapin at sabihin kung gano ko pa din siya kamahal kaso may pumipigil sakin.




Ang gulo ba? Hindi ko na din alam sa sarili ko kung ano pa yung dapat gawin eh..

“Parang nakita na kita non?”

Nung tumingin ako sa harapan, nakita ko kung gano kalapit si Jessie sakin. Nasa harapan ko siya at nakatingin siya sakin. Biglang bumilis yung tibok ng puso ko. Feeling ko biglang napipi ako habang nakatitig siya sakin.


“Ikaw yung... Babae sa airport di ba?”

*BOOM*

Kumirot bigla yung puso ko. Ang sakit naman marinig na ‘babae’ nalang ako para sa kanya.

Pinilit kong ngumiti. Tumango ako. “Oo. A-Ako nga..”

Ngumiti siya sakin. “Hindi ko matandaan kung sino ka. Pero feeling ko matagal na kitang kilala bago pa man ako nawalan ng alaala. But I think we should start again.. I’m Jessie..” Tapos iniabot niya sakin yung kamay niya.




Nakatingin lang ako don. Gusto kong hawakan yung kamay niya pero hindi ko magawa. Parang unti-unting dinudurog yung puso ko sa twing maiisip ko na magsisimula na naman kami sa wala.

Biglang nangilid yung luha ko pero pinilit kong maging matatag. *I can’t cry in front of him. I just... Can’t..*


Kaya pinilit kong ngumiti at inabot ko yung kamay niya. “I’m Luna.”

Nakatingin saming dalawa sina Steff. Pero hindi ko na sila napapansin kasi ang bukod tangi lang na iniikutan ng mundo ko sa ngayon ay yung magkakapit na kamay namin ni Jessie.

Nakaramdam ako ng matinding pangungulila. I missed his touch so bad. Hindi ko akalain na sa simpleng haplos lang ng kamay niya ay matutunaw na agad yung puso ko. Na biglaan nalang bibigay yung pader na pinilit kong itayo nung mga oras na napagdesisyunan ko na kakalimutan ko na siya.

“Luna?”

"Ha?"




Tumingin si Jessie sa kamay naming dalawa. Bigla akong napabitaw. "S-Sorry," sabi ko.

Ngumiti siya. "It's okay."

"Uhm, sis, tara na." Hinawakan ako ni Steff sa braso at hinila paalis. "Kita kits nalang bukas!"

"Okay babe! Love you! Ingat kayo ni Luna sa pag-uwi ah!" Kumaway samin si Kevin.


Nakayuko ako habang naglalakad. Hindi pa din mawala yung pressure ng kamay ni Jessie sa palad ko. Feeling ko kanina parang binitawan ko na din yung buhay ko nung bitawan ko yung kamay niya.

Ayokong muling malayo sa kanya. Ang lapit-lapit na namin sa isa't isa, pero at the same time, parang ang layu-layo pa rin namin...

"Sis."

Tumingin ako kay Steff. "Hmm?"

"Sorry ah." Naramdaman ko yung sincerity sa boses niya.




Inakbayan ko si Steff. "Ano ka ba sis. Hindi mo kasalanan yon. Namiss ko lang talaga si Jessie kanina kaya hindi ko agad nabitawan yung kamay niya."

"Sis, nasasaktan ako para sayo. Napakahirap ng sitwasyon mo."

Napayuko nalang ako. Napakahirap talaga. Yung bang parang nasa punto ka na hindi mo na alam yung gagawin mo? Yung parang sa sobrang pangungulila at sakit na nararamdaman mo eh hindi mo na alam kung saan mo pa sila ilalagay sa puso mo?


"Hayaan mo sis.. Tutulungan talaga kita," sabi sakin ni Steff sabay yakap.

"Salamat sis ah? Labs na labs talaga kita.. Pero bahala na kung ano man mangyari samin. Kung kami talaga para sa isa't isa, kami talaga. Walang makakapaghiwalay samin.."

"Pero sis, ang hirap talaga ng sitwasyon niyo eh.. Siguro tama nga si Jessie, you should start again. Malay mo maulit yung dati di ba?"

Huminga nalang ako ng malalim..

*Hindi ko alam Steff.. Hindi ko alam...*




**Chapter 6**

**Jessie**

*kriiiiing*

Biglang tumayo si Kevin sa upuan niya. “Yes! Uwian na! Woo-hoo!” Sumuntuk-suntok pa siya sa hangin.

“Mukha kang ewan Ebs!” sigaw ni Rio.

“Hoy! Wag mo kong tatawaging Ebs Rio Lee!”

“Ebak.” :b

Hinabol ni Kevin si Rio hanggang makalabas sila ng room. Narinig ko yung tawa ni Justin. Ako naman nangiti at napailing nalang. Adik talaga yung dalawa na yon. Hahaha.

"Pare.."

Lumingon ako kay Justin. "Oh?"

Sabay kaming lumabas ng room at lumakad sa hallway. "Ano tingin mo kay Luna?"


Napatingin ako sa kanya. "Luna?" Medyo nagulat ako sa tanong niya. Ito kasi yung ikalawang pagkakataon na nagtanong siya sakin nang tungkol sa Luna na yon. Yung unang beses ay noong nasa ospital ako pagkatapos kong maaksidente.

Noon ako nawalan ng alaala. Si Steff naman laging nababanggit yung pangalan niya, pero twing tatanungin ko kung kilala ko ba si Luna, iibahin niya yung usapan.

Ngumiti sakin si Justin. "Ah, wala.. Kalimutan mo na pala yon.."

See? Bakit ba ayaw nilang sabihin sakin kung sino ba talaga si Luna? Kakilala ko na ba siya dati pa? Ano ba siya sa buhay ko non?

Inabutan namin sina Rio at Kevin na nagtatawanan. Sumabay na kami ni Justin sa kanila para pumunta sa photoshoot namin ngayon.




Nakakatuwa nga eh. Kahit nagka-amnesia ako, hindi nawala yung skill ko sa pagddrums. Inaamin ko, nung magising ako sa ospital, hindi ko kilala sina Justin non. Siguro dahil sa paglipas na din ng panahon eh natutunan ko na ulit silang maging kaclose.

Hindi ko maalala kung ano bang buhay yung meron ako bago ako maaksidente. Lagi nalang yung pamilya at mga kaibigan ko yung nagsasabi ng tungkol sa past ko. Tapos minsan, parang kusang gumagana yung insticts ko.

Yun bang parang mararamdaman mo na, kilala mo yung tao na toh, o kaya mahilig ka sa bagay na toh dati. Yun bang ganon? Pero mahirap eh. Nahihirapan na din ako. Para akong bagong panganak sa mundo na walang kamalay-malay..


“KYAAAAAAAAAAHHHH!!!”

Narinig kong magtilian yung mga babae. Minsan nakakasawa na din eh. Kailangan ko pa minsang mag-disguise makapunta lang sa mall. Pero ito yung ginusto ko, ang sumikat, kaya wala akong magagawa..

Tsk. Ang sakit sa ulo.. -___-

Nginitian ko nalang yung mga fans ko. Pagtingin ko sa harap, nakita ko si Steff...

Na may kasamang isang babae.




Feeling ko kilala ko siya o kaya nakita ko na siya dati. Pero hindi ko lang alam kung saan at kailan.

“Babe!” Yumakap si Kevin kay Steff. “I miss you.” ^3^

“Hephep!” Itinulak ni Steff yung mukha ni Kevin na handa na sana sa kiss. “Hindi pa tayo bati.” -___-++


“Ha? Bakit naman?” TT__TT

“Hindi pa kita napapatawad sa paghalik mo sakin nung isang araw! Amp kiss stealer..” (>3<)

“Naku alam ko naman na nag-enjoy ka babe eh.” ^__^ Inakap ulit ni Kevin si Steff pero pilit siyang tinutulak ni Steff palayo.

“Bitawan mo nga ako!” angal ni Steff.

"Sis."




Napatingin ako sa katabing babae ni Steff. Medyo curly yung mahabang buhok niya. At inaamin ko... Maganda siya.

"Bakit sis?" sagot ni Steff.

Ngumisi sa kanya yung babae. "Spell PAKIPOT?"

Nakita kong namula yung mukha ni Steff.


"Oo nga, PDA na yan eh," sabi ni Rio.

"Sus, inggit ka lang kasi hindi mo magawa yun kay Sarah," sabi naman ni Kevin.

"Hoy hindi ah! N-Naakap ko na kaya siya.." Biglang namula si Rio at umiwas ng tingin.

"Oh? Talaga? Kailan?" tanong ni Justin.

"Nung nanalo siya sa Writing Contest. Tuwang-tuwa siya non kaya di sinasadya, naakap niya ko non." Ngumiti si Rio.




"Naku pare naka-score ka dun ah," sabi ko at inakbayan si Rio.

Tumingin ako dun sa babae. Nakatingin siya sa gilid niya. Ang lakas talaga nang pakiramdam ko na magkakilala na kami dati.


Hindi ko na din mapigilan pang itanong kaya lumapit ako sa kanya. "Parang nakita na kita non?"

Nung tumingin siya sakin, hindi ko mabasa yung expression niya. Nakatitig lang siya sakin pero may kakaiba sa itsura ng mga mata niya. Kung titigan niya ko parang ilang beses na niya kong tinitigan ng ganitong kalapit.

"Ikaw yung... Babae sa airport di ba?" tanong ko ulit.

Maya-maya, ngumiti siya at tumango. "Oo. A-Ako nga.."

Kung ganon, siya nga yung babaeng biglang pumasok sa kwarto namin non nung galing kaming London. Bigla nalang siyang umiyak sa harapan ko nun. Nainis ako kaya napagsalitaan ko siya.




Pano, hindi ko naman kasi siya kilala tapos kung umiyak siya sa harapan ko parang may nagawa akong hindi maganda sa kanya. Pero hindi pa naman huli ang lahat di ba? Baka naman pwede pa kaming maging... Friends?

Ngumiti ako sa kanya. “Hindi ko matandaan kung sino ka. Pero feeling ko matagal na kitang kilala bago pa man ako nawalan ng alaala. But I think we should start again.. I’m Jessie..” Tapos iniabot ko yung kamay ko sa kanya.

Nakatingin lang siya don. Hindi ko maintindihan kung ano ba yung reaction niya sa pag-abot ko nung kamay ko. Para siyang natulala na ewan. Ang weird naman.


Nung una akala ko hindi na niya aabutin pa yung kamay ko. Pero ngumiti siya sakin at inabot na din yon. Wait, naiiyak ba siya? Para kasing may namumuong luha sa mga mata niya.

“I’m Luna,” sabi niya.

Nakaramdam ako ng kakaiba sa dibdib ko. Parang biglang... Nag-init yung katawan ko. Parang tumalon ng bahagya yung puso ko dahil dun sa sinabi niya.

Siya si Luna? Yung Luna na lagi kong naririnig kina Justin at Steff? Sino ba talaga siya? Bakit biglang ganito yung naramdaman ko nung hawakan niya yung kamay ko?

Parang...




Parang ayoko na siyang bitawan pa...

*Ugh! Ano ba yan Jessie! Tumino ka nga! Wag mo sabihing naaakit ka sa kanya? Hindi yan pwede kasi si Kat yung mahal mo!* >___<

Naramdaman ko yung bigat ng tingin nina Kevin saming dalawa ni Luna. Bakit? Ano bang meron? Bakit parang may hinihintay silang mangyari?

Naramdaman kong medyo nagtatagal na yung pagkakahawak namin ng kamay ni Luna kaya kumibo na ko.

“Luna?” tawag ko sa kanya.

“Ha?” gulat na tanong niya.

Tumingin ako sa kamay namin. Bigla naman siyang napabitaw. “S-Sorry,” sabi niya.

Ngumiti nalang ako. “It’s okay.”

“Uhm, sis, tara na.” Hinawakan ni Steff yung braso ni Luna at hinila paalis. “Kita kits nalang bukas!”

“Okay babe! Love you! Ingat kayo ni Luna sa pag-uwi ah!” Kumaway sa kanila si Kevin.

Lumakad na din kaming apat at baka kasi naghihintay na sina Kat dun sa van. Sasamahan kasi niya ko ngayon sa photoshoot. Pero habang tinatahak ko yung daan palabas ng school, hindi ko maiwasang lumingon at tanawin sina Steff at Luna.


“Hi honey.” Ngumiti sakin si Kat at hinalikan ako sa pisngi.

Nginitian ko nalang din siya.

Nung nasa van na kami, tahimik lang akong nakaupo don. Ewan ko ba. Pero nakatitig lang ako sa kanang kamay ko. May kakaiba akong nararamdaman. Ngayon ko lang naramdaman yung ganito.

Parang... Nakatugon sa puso ko yung kamay kong ito nung hinawakan to ni Luna kanina.

Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko. Naguguluhan na ko.




"Honey?"

Tumingin ako kay Kat. "Hmm?"

"May problema ba? Bakit parang wala ka sa sarili mo?"

"Ah. M-May iniisip lang kasi ako," sagot ko.


"Ano yon honey? Malay mo matulungan kita." Ngumiti siya sakin at sumandal sa balikat ko.

Huminga ko ng malalim. "Ano ba si Luna dati sa buhay ko?"

Biglang napaangat yung ulo ni Kat. Sina Kevin, Rio at Justin naman napatingin sakin.

"Kilala ko ba siya dati? Ano ko ba siya?" Hindi ko na mapigilan pang itanong. Naguguluhan na kasi ako eh. At alam kong sila lang yung makakasagot sa mga katanungan ko.

"Bakit mo naman natanong?" sabi ni Justin.




"Wala naman.. Feeling ko kasi kilala ko siya eh.. Ewan.. Hindi ko alam.. Ang gulo." Napahawak nalang ako sa noo ko.

Nagtinginan sina Kevin, Rio at Justin. Mukhang mayron silang hindi sinasabi sakin. "Please, sabihin niyo na.. Naguguluhan na ko," sabi ko sa kanila.

Huminga ng malalim si Justin. "Look Jessie.."


"She became a part of your life."

Napatingin kaming lahat kay Kat. Nakatitig lang siya sakin. "She was once a very important person in your life Jessie.."

Bigla namang nakuha ni Kat yung atensyon ko. Kung ganon, hindi nga nagkakamali yung pakiramdam ko? Kilala ko nga talaga si Luna. At nagkaroon siya ng malaking parte sa buhay ko noon..

Hinawakan ko sa kamay si Kat. "Hon, tell me. Please. Ano ko ba si Luna dati?"

Huminga siya ng malalim. For a second, I saw a flicker of sadness in her eyes. Pero nawala na agad yon bago ko pa man malaman kung tama ba yung nakita ko.




At mula kay Kat, nalaman ko na yung papel na ginampanan ni Luna dati sa buhay ko... Nawalang bigla yung mga tanong sa isip ko.. It explains kung bakit parang mahalaga si Luna sa buhay ko. It explains kung bakit parang pamilyar sakin yung touch at mga tingin niya...

Dahil bago pa man pala ko mawalan ng alaala...

She was once my dear best friend..

**Chapter 7**


**Luna**

“TGIF!” sigaw ni Steff at biglang dumamba sa likod ko.

“AY KABAYO!” napasigaw ako dahil sa gulat.

Aba eh sino ba naman ang hindi magugulat? Naglalakad ka ng tahimik sa hallway tapos bigla nalang may babaeng dadamba sayo sa likuran. =____=

"Hoy hindi ako kabayo ah! Pegasus ako, yung pink hihi." ^0^ v sabi ni Steff.




"Ba't ba kasi bigla ka nalang mang-aakap mula sa likod? Nakakagulat ka sis." >____<

"Eh ganon talaga. TGIF eh." ^0^

"Anong TGIF?" -_____-

"Thank God it's Friday buwahahahaha!" v (^0^) v

Tss. Sira. =____=


"Tara sis, gala tayo sa mall?" alok sakin ni Steff habang nakapalupot siya sa braso ko.

"Di pwede sis, may lakad kami ni Casey."

Bigla naman siyang napatigil kaya nahatak ako pabalik. "Ano ba sis! Bakit ba bigla–"

"Tell me sis... Kayo na ba ni Lollipop?" seryoso yung tono niya.

Napataas yung kilay ko. "Ano?"




"I'm asking if kayo na ba ni Lollipop?" she repeated.

Hinila ko yung braso ko mula sa kanya at natawa nalang. "Ano ba namang klaseng tanong yan sis! Porke't mas naging close kami ni Casey kami na agad?"

Bigla naman siyang napahinga ng maluwag. Bakit kaya?

"Ba't parang ayaw mong maging kami?" tanong ko sa kanya.


"Wala. Mas bagay kayo ni Papa Jessie eh! Hahahaha!" (^0^) v

Tss. Napailing nalang ako at naglakad na ulit.

"Pero sis, kung sakaling nag-fail yung Operation Be Mine Again natin, don't worry... May Plan B pa naman ako eh." Nag-wink sakin si Steff.

"Naku, ano na naman yan?" =____=

"Shikwet! Malalaman mo din yon pag nabigo tayong mapa-inlove sa beauty mo si Papa Jessie. Hohohoho!" (^0^) v




Aray naman. Nakakainis namang isipin na iniaasa ko nalang yung kapalaran namin ni Jessie sa mga plano ni Steff.

Alam niyo yon? Yun bang tipong walang kasiguraduhan yung kinabukasan niyo? Yung madaming pwedeng mangyari at magbago? Nakaka-frustrate sa totoo lang. Pero wala akong magagawa eh..


I want to bring back his love for me.

In a way na wala akong masasaktan..

Yung hindi siya napipilitan lang...

For short..

I want him to BE MINE AGAIN..




**********After two hours...

*tugs tugs tugs tugs tugs*

=________=


“WOOOO!!! YEAAAAAAAHHH!!!” sigaw ni Steff habang sumasayaw sayaw sa loob ng bar.

Takte lang. Ang akala ko sa restaurant kami pupunta ni Steff. Nagmakaawa kasi siya kay Casey na ittreat niya daw ako ng dinner. Girls’ bonding din daw kasi yun kaya hindi pwedeng sumama si Casey.

Pumayag nalang din ako kasi sa bukod sa saksakan ng kulit si Steff, gusto ko din siyang makasama. Pero hindi ko naman ineexpect na mapapadpad kami dito sa bar. Hayyy =_____=

“YEAAAHHH! YEAAAAAHH BABY!”

"Steff tumigil ka nga! Nakakahiya ka alam mo ba yon? Wag ka dito sumiyaw sa may pintuan!" Bigla kasi siyang nagsayaw pagkapasok na pagkapasok palang. Potek nakakahiya siya. =_____=




"HAHAHA ANO KA BA SIS! THIS IS LIFE! MAGPARTY PARTY KA NALANG KASI! HINDI YUNG PURO WORDS AND NUMBERS YANG NASA KUKOTE MO!"

Spell BAD INFLUENCE?

S-T-E-F-F

=________=


"Ayoko na sis, uuwi na ko." Hinigit niya yung braso ko.

"Teka lang sis! Halika inom tayo ng cocktail." ^0^ Tapos bigla niya kong hinila papunta sa bar counter at pinaupo sa high bar stool.

"Pogi, dalawang cocktail nga," sabi ni Steff dun sa bartender.

Ngumiti yung bartender. "Two special cocktails for two beautiful girls."

Nag-wink sa kanya si Steff. "Thanks pogi." Tapos umalis na yung bartender.




=______________=

"Lagot ka kay Kebs," sabi ko sa kanya.

"Hahaha! Ano ka ba sis! Wala naman siya eh!" ^0^

"Berat ka! Lumalanjo ka habang nakatalikod si Kevin?!"


Idinuro niya sakin yung hintuturo niya. "Hoy sis hindi ako lumalanjo ah! Si Papa Kebs lang ang papa ko! Yung ginawa ko kanina, that's what you call, 'pa-cute' Kita mo mamaya may discount tayo sa drinks." (>0^)v

"Tss. At kelan ka pa natutong mag-bar?" tanong ko. =____=

"Simula nung sumikat yung PC haha. Dinadala ako ni Kebs sa mga sikat na bar sa iba't ibang bansa twing may concert tour sila." *^0^*

Aish. Sikat na nga pala yung PC. -___-

Ganun ba yon? Kapag sikat ang isang tao, natututo na agad mag-bar? Grabe lang ah.. Ano yon, latest undying trend sa mga taong sikat? Psh.




"Two high-end party cocktails for two beautiful ladies." Ibinaba nung bartender yung dalawang blue na cocktail sa harapan namin. Infairness ah. Ang cute tingnan non.. ^___^

"Thanks pogi." Nag-wink ulit si Steff.

"20% discount. Since pareho naman kayong maganda," sabi nung bartender.


"Wow thanks talaga sweetie." Aba at nag-flying kiss pa si Steff! Anak ng! >______<

Napakalapad naman ng ngiti nung bartender. Hindi naman siya ganun kagwapuhan, pero may itsura naman siya. Syempre, ilalagay ba ng manager ng bar yung mukhang paa sa may bar counter? =____=

Umalis na yung bartender.

Ininom na naming dalawa yung cocktail...

*slurp*




WAAAAHH! Ang sharap! Shetness! *(^0^)*

“Akalain mo yun sis? Ang galing palang sumayaw nung Papa Jessie mo? HAHAHAHA!” Tapos biglang tumawa ng malakas si Steff.

Kumunot yung noo ko. “Anong magaling sumayaw?”

“Kasama kasi namin siya palagi ni Kevin twing nagbabar kami. Actually yung buong PC pa nga eh.” ^____^

Ewan ko ba kung bakit, pero parang bigla akong nakaramdam ng matinding inis.

Kasama si Jessie twing nagbabar sina Kevin at Steff?

Eh pano kung ano na palang milagro yung ginagawa niya don?

Mga above boiling point pa naman yung kulo ng mga babae sa ibang bansa lalo na sa western..

Pano kung madami na pala siyang hinalikan?




Pano kung sobrang daming babaeng nakapaligid sa kanya?

Pano kung...

Kung...

Kung nagawa na niya sa ibang babae yung ano?


Yung...

Ano....

WAAAAAAAHHHHHHHH!!!

Maisip ko palang nakakainis na! (>_____<)

For sure hinuhubaran nung mga babaeng anak ng kire na yon si Jessie sa madaduming utak nila. <(>0<)>




"Hoy sis hindi bino-bottoms up yan aba! Hahahaha!"

Ay oo nga. Bigla ko nalang pala kasing nainom ng diretso yung cocktail dahil sa sobrang inis.

Gumuhit tuloy sa lalamunan ko yung alcohol. Huhuhuhu... (>/\<)

Umorder na kami ng beer ngayon ni Steff. Takte, natututo akong uminom sa babaeng to ah. BI talaga. Hmp! >_____<


Pangalawang baso ko na nang biglang....

"Hi miss beautiful."

May tumabing lalaki sakin. Ang lapad ng ngiti niya at mukhang nagpapacute. Tiningnan ko siya.

Ang wafu. Hahaha. (*o*)

“Do ya wanna dance?” tanong niya sakin.




Teka mukhang may accent to ah. May lahi. Tangos ilong eh. Mukhang tama sila, sa bar ka nga makakadagit ng malalaki at big-time na isda! Hahahaha. Pero bad pa din yun. Psh. =_____=

“Sure! She’ll dance with you!” Bigla akong siniko ni Steff sa braso. “Am I right sis?”

“My head’s starting to ache, I’m sorry,” sabi ko sa lalaking katabi ko.

“Aw, don’t worry. Your headache will be gone if you dance with me I promise.” Then he flashed me that ten thousand watts smile.


Ang wafu niya talaga. Shiyetness. *___*

“Sige na sis! Mag-enjoy ka naman! Pakipot ka pa eh!” bulong sakin ni Steff.

Napabuntung-hininga nalang ako. “Oh okay.”

Mas lumapad yung ngiti nung lalaki. “Nice. I’m Nate.”

I shaked his hands. “Luna.”




“Wow, what a beautiful name.”

Ganun? Mambola daw ba? Hahaha..

Pumunta kami ni Nate sa may dance floor. Ano ba yan, nababangga bangga ako. Ang wa-wild namang magsayaw ng tao dito. Tss. (>3<)

“AH!” Biglang may nakatabig sakin na babae.


“Oh, sorry bitch.” Ngumisi lang siya sakin tapos nagpatuloy nalang sa pagsasayaw sa lalaking kasama niya.

Ano daw? O_____O

UGGGHHH!!! Ang sarap niyang sabunutan! >_____< Ni hindi ko nga siya kilala tapos sasabihan niya kong bitch?! Musta naman yon di ba?!

“Don’t mind her.” Bulong sakin ni Nate. “Let’s just dance.”

“I don’t know how,” sagot ko. Seriously. Hindi ko alam kung panong sayaw yung gagawin ko. Para kasing nakakailang eh.




**[Music: Tik Tok by Ke$ha]**

“I’ll show you.” Tapos nagsimula na siyang sumayaw. Hinawakan niya yung kamay ko at inikot ako. Tumawa siya at nangiti nalang ako. Then maya-maya lang, hindi ko na namalayan na sumasabay na pala ko sa pagsayaw. Hala, may tama na ata ako! Hindi na ko nahihiya eh. >____<

“See? You’re good!” sabi niya sakin habang nakangiti.

Patuloy lang ako sa pagsayaw. Nakangiti ako habang nakatingin sa kanya. Ang galing niyang sumayaw infairness. At ang wafu pa, hahahaha.

Pero bigla akong nakaramdam ng pagkahilo. Ugh. Dahil siguro toh sa ininom ko. Hindi kasi ako sanay uminom eh. >____<

“Luna?” Pumunta si Nate sa likuran ko at bumulong. “I like you..”

Para namang nagsitayuan yung mga balahibo ko noong ihinagod niya yung parehong kamay niya sa curve ng katawan ko. “N-Nate ano ba.” Inalis ko yung parehong kamay niya at lumayo. Tinanaw ko si Steff sa may bar counter pero wala na siya dun. Nyemas naman oh. >____<

"I'll.. I'll just go," sabi ko at nagsimula nang lumakad paalis ng dance floor.

Pero biglang hinigit ni Nate yung braso ko at ngumisi sakin. "Don't leave me hanging here. We're still havin' fun."

"S-Sorry Nate." Pilit kong inaalis yung kamay niya sa braso ko pero bigla niya kong inakap at sinimulang halikan sa leeg.

"N-NATE ANO BA!" Walang makarinig samin kasi napakalakas ng tugtog. At kung may nakakakita man, natatawa lang sila. Siguro normal na yung ganitong scene sa mga lugar na katulad nito. >____<

"C'mon pretty, don't play hard-to-get. I know you want me." He whispered on my neck.

"I said stop it Nate!" Humarap ako sa kanya para itulak siya pero kinuha niya yung braso ko at kinaladkad palabas ng dance floor. "NATE! LET GO OF ME!" sigaw ko sa kanya.

Nagulat nalang ako ng bigla niya kong isandal sa may at sulok simulang halikan sa leeg. Pilit ko siyang tinutulak palayo. Nangingilid na din yung luha ko dahil sa inis. "STOP IT!" sigaw ko sa kanya.

"Can't hear ya." Naramdaman ko yung dila niya sa leeg ko.

Sh1t.

Yun nalang yung paulit ulit na umiikot sa utak ko.

Naramdaman ko yung kamay ni Nate sa ilalim ng t-shirt ko. "NATE! S-STOP!" Bigla nalang may tumulong luha sa mata ko. Dahil sa nangyayari ngayon, bigla tuloy nag-flashback sa isang iglap yung nangyari sakin sa Baguio three years ago.


Yun yung mga panahon na montik na kong ma-rape. Sobra ang depression ko non at wala na akong mukhang maiharap kay Jessie. But behind all what had happened, Jessie still accepted me. He didn't care..

Because he loved me..

Loved..

Past tense..

My heart ached painfully inside my chest...




"Nate, p-please.." Umiiyak na ko. Pero para pa din siyang bingi na hindi makarinig sa pagtutol ko. Patuloy pa din siya sa paghalik sa leeg ko nang maramdaman ko yung biglang paglayo ng katawan niya sakin.

*PAK!*

Yun ang narinig ko bago pa man mapahiga sa sahig si Nate. Nanlaki yung mga mata ko. Biglang natigil yung tugtog at nagtinginan yung mga tao sa direksyon namin.


"Can't you hear her?! She said stop! Goddamit!" Kinuwelyuhan nung lalaking matangkad si Nate at muling sinuntok sa mukha. Nakita ko naman na may tatlong lalaki na umawat dun sa lalaki na nagligtas sakin.

"Dude stop!" sabi nung blonde sa lalaking sumuntok kay Nate.

"Get out of our sight jerk kung ayaw mo pang mamatay!" sabi nung mukhang maangas na lalaki.

Bigla namang tumayo si Nate at tumakbo paalis.

Pinunasan ko yung luha sa mga mata ko habang nakayuko. Nakakainis naman eh! Hindi na ko ulit pupunta sa bar.




"Luna, ayos ka lang?" Hinawakan ako nung lalaking nagligtas sa akin sa magkabilang balikat.

Ha? K-Kilala niya ko? Pano niya nalaman yung pangalan ko?

Itinaas ko yung ulo ko para tingnan yung lalaking nagmagandang loob na tulungan ako.

God.


My eyes bulged..

And my mouth fell open, as I realized who was the boy right in front of me...

Dark hair.

Maputi.

Matangkad.




Singkit.

I remember him..

As clearly as I remember the sweet smell and taste of strawberries three years ago...

**Chapter 8**

**Luna**


Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko ngayon.

After three years, posible pa rin palang magkrus yung landas namin?

Anong ginagawa niya dito?

Ang liit talaga ng mundo..

“Luna?” Lumapit siya sakin at may iniabot na panyo.




Tumaas yung ulo ko at tiningnan ko siya sa mga mata.

Lumapit siya at ipinunas yung panyo sa mukha at mata ko. “Sorry kung medyo nalate ako,” sabi niya.

“OH SIGE NA MGA TAO! MAGSIBALIK NA KAYO SA PAGSASAYAW!” sabi nung blonde.

“Pare mauna na muna kami ah?” Tinapik nung maangas na lalaki yung balikat niya at saka sabay na lumakad palayo kasama yung blonde.

“S-Sam..” mahinang sabi ko.

Nangiti siya. “I’m glad you still remember my name.”

Ngumiti din ako at pinunasan yung luha sa mata ko. “Ikaw din naman eh. N-Naaalala mo pa din ako.”

Tinitigan niya kong mabuti. “How could I forget you?” Sam

Natigilan ako. Ngumiti nalang ako kasi bigla akong nakaramdam ng pagkahiya.

“Nasan nga pala yung...”

“Ha?”

“Yung ano...”

“Ano?”


Inilagay niya yung kamay sa batok niya. “Yung... Yung boyfriend mo?”

“Ah si Jessie ba?” Napayuko ako at pinilit na ngumiti. “Wala na kami. Actually three years na pala kaming wala. Kailan ko nga lang nalaman eh.” Tapos tumawa ko ng mapait.

*BOOM*

Biglang kumirot yung puso ko.

Nagsalubong naman yung kilay ni Sam. “Kaya pala wala siya ngayon dito para ipagtanggol ka.”




Sa totoo lang, ang akala ko si Jessie na yung dumating kanina para ipagtanggol ako eh. Kaso parang..

*tawa*

Parang napaka imposible naman nun...

Nginitian ko si Sam. “Haha ano ka ba. Okay lang yon. Salamat sa pagligtas sakin ah?”


Nagtaka ko nung napahinga ng malalim si Sam at muling nagsalubong ang kilay.

“Bakit?” tanong ko.

He brushed his thumb on my cheek. “You’re crying again.”

Huh? Umiiyak ako?

Nung hipuin ko yung pisngi ko, basa nga ulit siya.




Naramdaman kong bigla na namang may tumulong isa pang luha. Hindi ko maintindihan. Kusa nalang na tumutulo yung luha ko twing naiisip ko si Jessie. Ano toh, automatic na ba talaga kong masasaktan twing pumapasok sa isip ko yung nangyari saming dalawa?

“Hatid na kita sa inyo?” Sam

Pinunasan ko yung luha sa mga mata ko. “N-No need Sam. M-May kasama ko. Thanks for offering anyway.”

Tumango nalang siya at ibinigay yung panyo sakin.


“Just use that if you have to. Don’t let your tears fall for that useless guy again.”

Iyon ang huling sinabi ni Sam bago siya tuluyang lumakad palayo at maglaho sa gitna ng mga nagsasayawang tao.

Tiningnan ko yung panyo sa kamay ko.

Hindi ko alam kung ano yung magiging reaction ko sa sinabi niya.

*"Just use that if you have to. Don't let your tears fall for that useless guy again"*




Useless guy?

Useless guy ba ang tingin niya kay Jessie?

Bakit naman?

Pero teka lang ha.. May narealize kasi ako...

Di ba Koreano si Sam?

Eh bakit kanina...

NAG-TAGALOG SIYA?! O___O!!!

OMG! >___<

Hindi ako makapaniwala! Marunong naman pala siyang mag-Tagalog eh! Pero bakit nung nasa Baguio kami three years ago halos dumugo na ilong ko sa pagko-Korean niya! Ang gulo niya ha!

Tumakbo ako at sinubukang hanapin si Sam. Madami pa kong gustong itanong sa kanya eh. Tumingin-tingin ako sa paligid pero hindi ko na siya makita.

“SIS!”

Paglingon ko, nakita ko si Steff na humahangos papunta sakin.


“WAAAAHH! Sorry sis kung hindi kita naipagtanggol!” Inakap ako ni Steff. “May kausap kasi ako sa cellphone sa labas eh! Waaaahh! Sorry talaga!” TT0TT

Inakap ko nalang din siya. “Wala kang kasalanan sis.. Kung andito ka alam ko naman na binugbog mo na yung lokong lalaking nagtangka sakin eh.”

“ABA! Syempre naman noh!” Sinuntok ni Steff yung isang palad niya. “Papatayin ko yung lalaki na yon!”

Tumawa nalang ako. Lumabas na kaming pareho sa bar dahil na din sa kahilingan ko.

Hindi na talaga ko babalik pa don kahit kailan. (>3<)




"Sino nga pala kausap mo kanina sis?" tanong ko kay Steff.

Sumakay na kami sa kotse niya.

See? May kotse na siya! Ako nalang ang hindi pa umaasenso. Tss.. (>3<)

"Si babe. Nagagalit kasi pumunta ko sa bar na hindi siya kasama hahahaha." Steff


"Nako ikaw kasi sis eh! Baka ibreak ka nun pag di ka tumino sige ka.."

Natawa nalang si Steff at napahampas sa manibela.

Buti nalang at hindi ako yung hinampas niya. =______=

"Ano ka ba sis! Hindi ka na nasanay dun! Lagi kaya kaming nagkakagalit.. Pero tingnan mo naman di ba? More than three years na kami. Saka mag-sosorry naman ako sa kanya pag nagkita kami eh." ^____^ v Steff

Napailing nalang ako. “Naku sige bahala ka na nga..”




Mga twenty minutes ang nakalipas bago kami nakarating sa apartment ni Steff.

Pagkabukas ng pinto...

“Ang tagal ng dinner niyo ah..”

“AY POGING KABAYO!” Steff, sabay hawak sa puso.


“Lollipop naman eh! Nakakagulat ka!” Hinampas ni Steff si Casey sa braso.

“Aray! Ano ka ba Piglet!” Casey

“Don’t call me Piglet! Grr!” Humampas ulit si Steff.

“Aray! Ang hilig namang manampas nito!” Hinimas ni Casey yung braso niya.

That's right.. Isinama na din namin si Casey dito sa apartment ni Steff. Kawawa naman siya kapag mag-isa lang siya sa apartment ko noh. Saka ang alam ko naka-enroll siya ngayon sa isang university na hindi naman masyadong kalayuan sa Westmore Academy, our school.




Music nga pala yung kinukuha niya. ^____^

"Sige Casey, mauna na ko sa taas ah?" sabi ko sabay akyat sa hagdan.

"Teka lang Piglet.. Sa restaurant ba talaga kayo galing?" Casey

Napahinto ako sa pag-akyat. Paglingon ko sa baba, nakita ko si Steff na parang medyo hindi mapakali. Nako sis! Wag kang bibigay! Nako lagot tayo kay Casey pati na din kay Mama! (>0<)


"Oo naman! A-Ano bang klaseng tanong yan Lollipop?" Tumawa si Steff.

Tumaas yung kilay ni Casey. "Talaga? Eh bakit parang... amoy alak ka?"

Shoot.

"U-Uminom kami ng wine ni sis! Masarap kasi yung wine dun sa resto na kinainan namin eh." Palusot ni Steff.

"Sige mauna na ko! Good night!" Biglang tumakbo si Steff at umakyat sa hagdan.




Shet lang. Inunahan ako. =________=

"Baby Lulu?"

*Gulp*


Sabi ko na eh! Ako tuloy mapag-iinitan niyan! Bad Steff.. >___< Bad..

Umakyat din si Casey sa hagdan hanggang sa makapantay ko na siya.

"Yes?" sabi ko nalang nang nakangiti. Haist dapat hindi niya ko mahalata na kinakabahan ako. (>0<)

"Tell me the truth Baby Lulu.. Sa bar ba kayo nanggaling ni Piglet?" Casey said with one eyebrow raised.

Uwaaaaaaahhh! Bakit mas nakakatakot siya kay Kuya Waren?! TT0TT Baka siya nga talaga yung kuya ko? LOL.




"H-Hindi syempre! Ano ka ba Casey. Bakit naman kami pupunta dun si ba? H-Hahahaha.." Gulp. Pati tuloy yung pagtawa ko mukhang pilit nalang din. >___<

Humalukipkip siya at tiningnan ako ng seryoso.

Holo, pinagpapawisan yung kamay ko. (>0<) Hindi kasi ako sanay magsinungaling eh. Nakaka-guilty kasi.. (_ _")

"Are you telling the truth?" Casey


Nagsalute ako sa kanya. "Aye sir!"

Eh di ako na best liar. (_ _")

Maya-maya, ngumiti naman agad siya at ginulo yung buhok ko. "Good. Ayoko lang naman na may mangyaring masama sa inyong dalawa eh." ^____^

Waaaaaaahhh! Casey! Nagui-guilty ako.. TT___TT

Umakyat na ko sa kwarto ko at nilock yung pintuan.




Pagkapasok na pagkapasok ko, binuksan ko na agad yung computer para tapusin yung pinapagawa saming assignment ng prof namin.

Nag-online ako.

Naka-open yung facebook ko habang nagttype ako sa Microsoft Office Word.

Ten minutes later..


*pop*

Biglang may nagpop out na chat box sa ilalim.

I minimized the Office Word at tiningnan kung sino yung nag-chat sakin.

My heart skipped.

**Jessie Wright:** Hi




Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko. Para bang sa isang iglap tumalon agad yung puso ko nung makita ko yung pangalan ni Jessie sa screen. Yung feeling ba na sinasabi nila na 'butterflies in your stomach'? Parang ganun yung naramdaman ko...

**Luna Reyes:** Hello

**Jessie Wright:** Uhm, musta?


Napabuntung-hinga nalang ako. Biglang kumirot yung puso ko. Hindi ko alam kung ilang beses ko nang nasabi toh sa sarili ko pero ang sakit pa din eh. Yung dating taong mahal mo ay nangangamusta nalang sayo ngayon.

Kaysa 'I love you' o 'kumain ka na ba' yung sinasabi niya sayo, 'hi' o kaya 'kamusta' nalang yung matipid na mga salitang sinasabi niya.

Hay, namimiss ko tuloy yung dating kami ni Jessie. :'(

**Luna Reyes:** Okay lang.. kaw?

**Jessie Wright:** Ok lang din. Nandito kami ngayon nina Kevin sa bahay ni Kat.




Ouch.

**Luna Reyes:** Ah ok. Ano gawa niyo dyan?

**Jessie Wright:** Hanging out. Sayang wala kayo ni Steff bestfriend.. :)

Natigilan ako.

Ano daw?

B-Bestfriend?

**Luna Reyes:** Bestfriend?

**Jessie Wright:** Oo. Di ba bestfriend kita dati? :)

Ouch.

Alam ko, masarap magkaroon ng bestfriend, pero masakit pala kapag yung taong mahal mo pa rin yung tatawag sayo nung salitang yon.

Feeling ko tuloy maiiyak na ko. :'(

**Luna Reyes:** Ah oo hehe..

Yun nalang yung nasabi ko.


**Jessie Wright:** Thanks bestfriend. :) Ah oo nga pala, pwede ba kong humingi nang tulong sayo? Okay lang ba?

**Luna Reyes:** Ah ok. Ano?

Sa totoo lang... Naiilang na ko. Hindi ako sanay na ganito yung tratuhan namin ni Jessie. Sobrang nakakapanibago. :'(

**Jessie Wright:** Uhm.. Okay lang ba talaga? Hindi ka ba busy.

Sa totoo lang, busy ako eh. Kaso hindi ko naman siya matanggihan..




**Luna Reyes:** Hindi naman.. Ano ba yung tulong na sinasabi mo?

*pop*

**Jessie Wright:** Malapit na kasi yung monthsary namin ni Kat. Pwede mo ba kong tulungang mamili ng regalo para sa kanya? :)

......................

....................................


...........................................................

.....................................................................................

.................................................................................................................................

*BOOM*

Parang may bombang sumabog sa puso ko.




**Jessie Wright:** Ok lang ba bestfriend? Since you're a girl, mas alam mo kung ano yung type ni Kat. Hehe. Okay lang ba?

Naninigas yung mga kamay ko sa keyboard.

Hindi ko mawari yung yung expression na gustong bumalot sa mukha ko.

Feeling ko punung puno ng emosyon yung puso ko. Mistulang isang pumpon ng sama ng loob na nagpupumilit lumabas...


Pinilit kong igalaw yung kamay ko.

**Luna Reyes:** Okay. You can count on me..

*Pop*

**Jessie Wright:** Wow! Thanks talaga bestfriend. :)

Napasandal nalang ako sa upuan ko.




Itinaas ko yung mga paa ko at inakap yung binti ko.

Huminga ko ng malalim para maipanatag yung loob ko..

Pero sa halip na makaramdam ng kaginhawaan, I felt something dampening my cheeks..

Tuluy-tuloy na palang umaagos yung luha mula sa mga mata ko.


At yung inakala kong paghinga ng malalim kanina ay isang hikbi na pala.

*Bestfriend.*

*Bestfriend.*

*Bestfriend.*

Ibinaon ko yung mukha ko sa hita ko at tuluyan nang napaiyak...




**Chapter 9**

**Luna**

“Sis, san punta?”

Nag-spray ako ng pabango. “Sa mall..”

“Waaaaahhh! Sama ko?” (*0*)/ Steff


“Hindi pwede sis.” Inabot ko na yung bag ko at isinukbit yung strap sa balikat ko.

“Bakit?” Nagpout siya habang nakaupo dun sa kama ko.

“May kasama ko..”

“Oh? Sino?” nagtataka naman niyang tanong.

"Si Jessie," matamlay kong sabi.




"HUWAAAAAAAAAAT?!?!?!?!" Napatakip siya sa bibig niya. "Improving kayo sis! Oh my God! Isa lang ibig sabihin niyan!" \(~0~)/

"Nagpapasama lang siya sakin..."

*Para bumili ng regalo para sa monthsary nila ni Kat*...

Kumirot bigla yung puso ko.

Minsan naiisip ko, parang mas okay pa sakin kung hindi nalang kami magkakilala.


Kaysa naman na pagkatapos nang lahat-lahat, kaibigan nalang yung kinabagsakan namin.

Masakit eh. Nasasaktan ako. Parang mas hindi ko matanggap yung sitwasyon namin ngayon.

*Bestfriend.*

Parang tinik na tumutusok sa puso ko yung salitang yon.

Parang lason na pilit pumapatay sakin.




"Kahit na sis! Eh bakit sayo siya nagpasama? May meaning yon ano ka ba!" excited na sabi ni Steff.

"Hindi sis. Nagpapasama siya sakin para.." Napayuko akong bigla. "Para bumili ng regalo sa monthsary nila ni Kat."

*silence*


Tumingin ako kay Steff.

Hindi siya umiimik pero nakaupo pa din siya sa kama ko habang nakakunot ang noo.

"G#go ba siya?" seryosong sabi ni Steff.

"Sis naman. Sasamahan ko lang naman–"

“Wag ka ngang maging bulag sis! Alam ko naman na nasasaktan ka eh!” Tumayong bigla si Steff at lumakad paalis.




“Sis! San ka pupunta?” Hinawakan ko siya sa braso.

Hinila niya yung braso niya mula sa kamay ko. “Iuuntog ko yung ulo ni Jessie sa pader at baka sakaling matauhan na siya..”


“Sis naman!”

“Naiinis ako eh! Alam mo ba sis? For three years mabigat yung dugo ko sa Kat na yan? At lalo pa kong naiinis sa kanya ngayon dahil unti-unti na talaga niyang kinukuha sayo si Jessie!” inis na sabi ni Steff.

Gusto kong yakapin si Steff. Nangilid yung luha ko dahil sa mga narinig ko sa kanya. But I just looked and smiled at her. “Wag kang mag-alala sis. Kaya ko ang sarili ko. I know what I’m doing,” I lied.

Sa totoo lang hindi ko na alam yung ginagawa ko. Hindi ko alam kung tama ba tong naging desisyon ko.

Sa sobrang pagmamahal ko kay Jessie handa akong masaktan maging masaya lang siya. Gusto ko siyang tulungan sa kahit ano pa mang paraan.




At kung yung pagsama ko sa kanya ngayon para mamili ng regalo kay Kat ang ikasasaya niya...

So be it..

“Sis,” malungkot na sabi ni Steff. Nakita kong bumagsak yung kulay sa mga mata niya.

Kinurot ko siya sa pisngi niya. “Okay lang ako sis. Saka may Operation chorva chenes pa naman tayo di ba?”


Bigla siyang ngumiti. “Operation Be Mine Again! Berat ka talaga hahaha.”

Ngumiti din ako sa kanya. “Basta yun na yon haha. Titingnan ko din kasi kung gano kalaki na yung pinagbago ng mga bagay samin ni Jessie. Ngayon ko lang ulit kasi siya makakasama eh.”

Tumango si Steff. “Sige sis kung yan ang gusto mo.”

“Thanks sis.” Inakap ko siya. “Bye.”

Akmang aalis na ko nang bigla niya kong hawakan sa braso. “Wait sis!”




“Ano yun?”

Ngumiti siya sakin ng ubod ng lapad.

“Pasalubong ah?” ^________^ v

************* After an hour


Natapos na din yung photoshoot ni Jessie para sa isang clothing brand na iniindorse niya.

Nasa lobby ako at hinihintay siyang bumaba.

“Luna!”

Paglingon ko sa kanan, may nakita kong isang lalaking lumalakad papunta sakin.

*Lub dub lub dub lub dub*




"Ba't ganyan ka makatingin?" Hinawakan niya yung mukha niya. "May dumi ba ko sa mukha?"

Bigla akong natauhan. Holo, nakatulala pala ko sa kanya. Nakakahiya naman. (>0<)

Bakit ba kasi lagi siyang guwapo sa paningin ko? *(>____<)*

"M-May iniisip lang ako," palusot ko.


"Ah ganun ba. Tara na?" Ngumiti siya sakin.

Waaaaahh! Nasisilaw ako. +(>0<)+

Tumango ako at tumayo.

Paglabas namin ng building, sumakay kami sa kotse niya. Guess what? Pinagbuksan niya ko ng pinto. Hihihihi.. ^____^

Parang nakakapanibago nga lang. Hindi kasi ako sanay na mabait siya sakin eh. Nakakamiss yung bawat pang-aasar at pangungulit niya sakin dati...




“Thank you sa pagsama mo sakin ngayon Luna ah?” sabi niya sakin habang nakatingin pa din sa daan at patuloy sa pagddrive.

“Okay lang..”

“Pasensya na din kasi kailan ko lang nalaman na bestfriend pala kita dati.”

*BOOM*


*Bestfriend.*

Pinilit kong ngumiti. “Okay lang..”

*BOOM*

Bakit ba ganito? Bawat pagkakaila ko ay katumbas ang isang kirot sa puso ko?

"May problema ba?"




Napatingin ako sa kanya. "Ha?"

"Para kasing wala ka sa mood eh."

Napayuko ako at tiningnan nalang yung mga kamay na nakapatong sa hita ko. "Ganun ba.."


Hindi na rin siya umimik pagkatapos non. Nararamdaman din siguro niya yung awkwardness. Naiinis ako kasi ganito kami mag-usap ngayon. Yung para bang matagal na nagkawalay na magkaibigan at pinipilit na ibalik yung dating turingan sa isa't isa pero hindi na magawa pa?

Yun yung nangyayari samin ngayon eh. Malamang sa ganun yung nararamdaman niya. Pero sakin iba..

Mas malalim at mas masakit pa dun yung nararamdaman ko.

Ipinark niya yung kotse at lumabas para pagbuksan ako ng pinto.

Nakashades siya ngayon para na din sa disguise niya. Sikat na kasi siya eh. Siguradong mas marami nang babae ang nagkakandarapa sa kanya ngayon. >_____<




Magkasabay kaming lumalakad.

*Awkward*

Hindi ako makatingin sa kanya at ganun din siya. Sa gilid ako minsan nakatingin, o kaya sa harapan o kaya sa baba nalang. Parang may pagkailang na pumapaligid saming dalawa.

Maya-maya, pumasok na siya sa isang jewelry shop.

Sinundan ko naman siya don at nakita siyang tumitingin ng kuwintas.

Tumayo lang ako dun sa may likuran niya, tinitingnan siya habang abala sa pagpili.

Habang tinitingnan ko siya mula sa likod, napansin ko lang na mas lumapad yung balikat niya. Mas naging matipuno at matured yung itsura niya.

Nakakatawa nga eh. Ang dami nang nagbago pero yung nararamdaman ko pa rin para sa kanya ni walang nabawas kahit konti. Ang daya noh? Lagi nalang ako yung dehado..

Maya-maya, lumingon siya sakin at ngumiti. “Luna, pwede mo bang tingnan toh?”




“Okay,” tipid na sabi ko.

Lumapit ako sa tabi niya at tiningnan yung diamond necklace na nakalagay sa palad niya.

“What do you think?” he asked me.

Pinilit kong ngumiti. “Ang ganda...”


“Sa tingin mo ba... Magugustuhan toh ni Kat?”

Tumango ako. “I’m sure she’ll love that.”

Ngumiti sakin si Jessie. “Thank you talaga Luna ah.”

Ngumiti lang ako sa kanya. Kinausap na niya yung saleslady. “I’ll take that,” he said.

“Sa counter nalang po sir,” sabi nung saleslady.




“I’ll be right back,” sabi sakin ni Jessie bago tuluyang sumama sa saleslady.

Tumingin tingin muna ko sa paligid.

Grabe ang gaganda ng mga alahas. Kaso kapag dumako yung tingin mo sa pricetag biglang babagsak yung kaluluwa mo eh. =_____=

Napatigil ako nung tumama yung tingin ko dun sa isang locket. Ang cute niyang tingnan. Para siyang antique pero may pagka-magara yon. Gusto ko non. *____*


Kaso mahal huhuhuhu. (TT___TT )

“Ang ganda niyan ah?”

Napatingin ako sa taong biglang sumulpot dun sa tabi ko.

Medyo nagulat ako kasi hindi ko inaasahan na makikita ko ulit siya.

"Sam?"




Tumingin siya sakin at ngumiti. "Hello.."

"A-Anong ginagawa mo dito?"

"Wala. Napadaan lang hahaha." Sam

Tss. Napaka-simple namang dahilan nun. =______=

"HOY!" Hinampas ko siya sa braso.


"Aray!"

Napatakip ako sa bibig ko. Hinawakan ko yung braso niya. "Waaah! Sorry.." TT____TT May bigla kasi akong naalala eh.

"Hindi ayos lang haha," sabi niya.

"S-Sorry talaga." TT____TT

“Okay nga lang ako haha. Bakit mo ba kasi ko hinampas?” tanong niya.



“May naalala lang kasi ako.”

“Ano yun?”

Humalukipkip ako at ngumiti sa kanya. “Sabihin mo nga.. Pano nangyaring nagsasalita ka ng Tagalog? Bakit nung sa Baguio halos paduguin mo na yung ilong ko dahil sa pagko-Korean at English mo eh.”


Bigla siyang tumawa at napakamot sa batok niya.

Ang cute niya talaga haha. ^___^

“Naaalala mo pa pala yun haha. Kala ko hindi mo mapapansin yun eh.” Sam ^___^

“Nung nasa bar pa nga lang tayo gusto ko nang itanong sayo yun eh. Kaso bigla ka namang nawala.”

Ngumiti siya sakin at ipinamulsa yung mga kamay niya. “Ganito kasi yon.. Sa trabaho, English yung medium na ginagamit ko sa communication. Ewan ko, pero nasanay na kong ganon kapag hindi ko masyadong kilala yung tao. Sa mga ka-close at important people lang ako nakikipag-usap ng Tagalog..”




Nung sinabi niya yon, nakita kong biglang namula yung pisngi niya.

WAAAAHH! Ang cute niya! (*0*) Gusto kong pisilin yung pisngi niya. Pwede ba? Kahit isa lang oh? One time lang please? (>3<)

“Ibig sabihin ka-close mo ko?” nakangiting sabi ko sa kanya.

Ngumiti siya at napakamot sa ulo niya. “Okay lang ba?”

Natawa ko. “Ano ka ba! Okay lang noh. Madami ka na ngang nagawang magandang bagay para sakin eh.”

“So.. We’re officially friends now?”

Iniabot ko yung kamay ko sa kanya. “More than official.”

Lumapad yung ngiti niya at inabot yung kamay ko. Nung magbitaw kami, nagpaalam na siya sakin. Sabi niya may pupuntahan pa daw siya eh.

Pag-alis niya, tiningnan ko ulit yung locket.

Ang ganda talaga.. TT_____TT

“Gusto mo ba niyan?”

Napalingon ako. “Ah hindi.. Tinitingnan ko lang..”


Lumapit si Jessie at tumabi sakin. “Do you want me to buy it for you?”

“Ah h-hindi! Naku ano ka ba hahaha.. Nagagandahan lang talaga ko,” sabi ko sa kanya. Nakakahiya naman kasi sa kanya eh..

“Hindi, ayos lang. I want to thank you for helping me. Kahit anong gusto mo, pumili ka lang,” he said.

Kahit anong gusto ko?

Napatingin ako sa locket. "Hindi ba pwedeng ikaw nalang?" mahinang sabi ko.




"Ha? Ano yon?" tanong ni Jessie.

Ngumiti ako sa kanya. "Wala hehe."

"Sige na Luna, pumili ka na," pilit niya sakin.

Ayoko nang lahat ng toh.

Wala saking halaga yung mga dyamante o alahas.


Basta ang gusto ko lang ay si Jessie.

Kaso ang daya din noh?

Yung kaisa-isang gusto ko dito sa mundo ang siya namang hindi ko pa makuha.

Ang daya talaga...

Kaya tumingin nalang ako sa kanya. "Pwede bang magrequest nalang sayo?"




Tinitigan niya din ako. "Kahit ano.."

Huminga ko ng malalim.

Tinitigan ko siya ng diretso sa mga mata at pilit na sinabi ang mga salitang unti-unting pumipiga sa puso ko.

"Can you stay away from me?"


Biglang napanganga si Jessie. Halatang nagulat siya sa sinabi ko.

Pero bago pa man siya makapagsalita, automatic na lumakad palayo yung mga paa ko.

Ang lakas ng tibok ng puso ko.

Ang sakit.

Kinagat ko yung labi ko.




Maya-maya lang, nag-uunahan nang pumatak yung luha mula sa mga mata ko.

**Chapter 10**

**Jessie**

"Credit card or cash sir?"


"Credit card." Kinuha ko yung wallet ko at ibinigay sa saleslady yung credit card.

"Sandali lang po.." Tumalikod yung saleslady at ipinrocess na yung transaction.

Maganda yung diamond necklace. Sigurado kong lalong gaganda si Kat kapag isinuot niya yon. ^__^

Maya-maya lang, humarap na sakin yung saleslady. Parang gulat yung expression niya. "K-Kayo po ba si Jessie Wright, sir? Yung drummer?"

Ay nakita nga pala niya yung name ko sa credit card. Tss. -_____-




Ngumiti ako sa kanya. “Yes.” Pero hindi ko inalis yung shades ko. Baka kasi may makakilala pa sakin bukod sa babae na to eh.

Bigla siyang ngumiti. “Wow sir, pa-autograph naman po!”

“Joanne!” May lumapit na isang medyo matandang babae sa tabi nung saleslady. “Hindi dapat ganyan ang pagtrato sa mga customer natin!” Ngumiti siya sakin at nag-bow ng konti. “Sorry sir. Please forgive her.”


“Uh no, it’s alright,” sabi ko.

“Sorry sir.” Yumuko si Joanne at bumalik na sa trabaho niya.

After a few minutes, humarap na yung saleslady. Iniabot niya sakin yung credit card at yung box ng diamond necklace.

“Thank you for buying sir, please come again.” Medyo malungkot yung boses niya. Siguro kasi napagsabihan siya.

"Thanks," sabi ko.




Bumalik ako dun sa lugar kung saan ko iniwan si Luna.

Bigla akong napatigil sa paglalakad ng may makita akong lalaking kumakausap kay Luna.

Sino yon?

Hindi ko ata siya kilala.

Maya-maya, iniabot nung lalaki yung kamay niya. At kinuha naman yon ni Luna.


Mukhang masaya sila kasi pareho silang nakangiti.

Hindi ko alam, pero parang bigla akong nakaramdam ng inis.

Hindi kaya kasi bestfriend ko kasi si Luna tapos may ibang lalaking kumakausap sa kanya?

Kasi I want to protect her?

Ewan ko ba. Ang gulo...




Maya-maya lang, umalis na yung lalaki. Tumalikod si Luna at mukhang may tinitingnan dun sa mga alahas.

Lumakad na ko papalapit sa kanya.

“Gusto mo ba niyan?” tanong ko.

Napalingon siya. “Ah hindi.. Tinitingnan ko lang..”


Tumabi ako sa kanya. “Do you want me to buy it for you?” sabi ko.

“Ah h-hindi! Naku ano ka ba hahaha.. Nagagandahan lang talaga ko,” sabi niya. Alam kong nahihiya lang siya pero halata naman na gusto niya yung locket na yon eh.

So I said, “Hindi, ayos lang. I want to thank you for helping me. Kahit anong gusto mo, pumili ka lang.”

Napatingin ulit siya sa locket. See? She wants it.

"Hindi ba pwedeng ikaw nalang?"




Ano daw? Bumulong ba siya? O____O?

"Ha? Ano yon?" tanong ko sa kanya kasi hindi ko narinig yung sinabi niya.

Ngumiti siya sakin. "Wala hehe."

"Sige na Luna, pumili ka na," pilit ko sa kanya.


Napansin kong bigla nalang bumagsak yung balikat niya.

Nalulungkot ba siya? Bakit?

Tumingin sakin si Luna. "Pwede bang magrequest nalang sayo?"

Ayun! Humingi na din siya ng request sakin! Sa totoo lang nao-awkwardan ako eh. Mula kannina pa nung nasa kotse kami. Para kasing pinipilit lang naming ibalik yung dati pero hindi namin maibalik?

Alam niyo yung feeling na yon? Medyo nakakailang din kasi eh. “Kahit ano..” sabi ko sa kanya.




Siguro naman mula dito, mag-iimprove na yung relationship namin di ba? Magiging bestfriends na ulit kami?

Sana...

Huminga siya ng malalim...

Tinitigan niya ko ng diretso sa mata.


Bakit ganito?

Bakit parang...

Kinakabahan ako?

“Can you stay away from me?” she said.

Bigla akong napanganga ng kaunti.




Parang huminto lahat ng iniisip ko at hindi ako makapagsalita.

Parang... Hindi kayang tanggapin ng puso’t isipan ko yung sinabi niya. Parang pilit nilang tinatakwil yung mga salitang binitiwan niya.

Bago pa man ako makabawi mula sa pagkagulat, bigla nalang siyang tumalikod at lumakad palayo sakin.


Para kong napako sa kinatatayuan ko habang tinitingnan ko siyang lumabas sa jewelry shop at tuluyan nang maglaho sa karamihan ng tao.

Huminga ko ng malalim.

Bakit ba ganito yung nararamdaman ko?

Ganun ba talaga ka-close sakin si Luna dati? Ganun ba talaga kalalim yung pagkakaibigan namin?

Kasi kahit hindi ko na maalala pa ang lahat ng pinagsamahan namin, parang may bagay sa pagitan naming dalawa na pilit humahatak samin sa isa't isa.




Is it what you call the friendship bond?

Maaari.. Pero may kakaiba eh. Hindi ko tuloy maiwasang maitanong...

Bestfriend ko ba talaga si Luna dati?


***Luna's POV***

Takbo.

Iyak.

Walang katapusang sakit ang nararamdaman ko ngayon.

Ayokong sabihin yung mga salitang binitiwan ko kay Jessie kanina. At ayoko ding tumakbo palayo sa kanya ngayong bawat parte ng katawan ko ay gustong makasama siya.




Ang hirap talaga... Naaawa ako sa sarili ko... Bakit ba kasi ganito pa yung buhay ko eh. Hindi ba pwedeng... Puro saya nalang? Sawang-sawa na kong masaktan. Nahihirapan na ko.

Pumasok ako sa CR.

Nagkulong ako sa isang cubicle don. Ibinaba ko yung cover ng toilet bowl at umupo dun para magpalipas ng nararamdaman. Grabe, naubos ko na ata yung tissue sa kakapunas ng luha ko.

I cried..


Because of him...

AGAIN.

Huminga ko ng malalim.

Lumabas ako ng cubicle at tumingin sa salamin.

Grabe, ang pula ng mata ko. Tapos mugto pa. Binuksan ko yung faucet at naghilamos ng mukha. Kahit papano nahimasmasan ako.




Pagkatapos kong ayusin yung sarili ko at palipasin yung pamumula ng mata ko, lumabas na ko ng CR at...

"Luna."

Napahinto ako sa paglalakad.


*Lub dub lub dub lub dub*

Umiwas nalang ako ng tingin at lumakad para lagpasan siya.

"Luna sandali lang." Hinawakan niya ko sa braso kaya natigilan ako. Bigla namang bumilot yung dalawang kamay ko.

"Mag-usap muna tayo please.." sabi niya. Hindi na siya naka-shades ngayon kaya kitang-kita ko kung ano man yung emosyon na bumabalot sa mga mata niya.

Huminga ko ng malalim kasi mukhang maiiyak na naman ako. Hinila ko yung braso ko mula sa pagkakahawak niya.




Lumakad nalang ulit ako.

Gusto kong magsalita pero hindi ko magawa.

Para bang bigla nalang nablangko yung isip ko nung nakita ko siya.

"Luna!" Hinawakan niya ulit ako sa braso. "Ano bang problema ha? Bakit gusto mo kong lumayo sayo?"


Hinawakan niya ko sa magkabilang balikat. "Look at me," he said.

Tinitigan ko siya sa mga mata.

God.

Nasasaktan ako tuwing ganito kami kalapit sa isa't isa pero parang ang layo-layo pa rin namin. Hindi ba pwedeng sa isang iglap bumalik na agad yung alaala niya? Gusto ko nang sabihin sa kanya na AKO talaga yung mahal niya...

Three years ago.




Napakagat ako sa labi ko.

Three years. Ang dami ding pwedeng mangyari non. Pwedeng natutunan na din niyang mahalin kahit papano si Kat non. Saka natatandaan ko pa yung pagbabanta ng parents ni Jessie na aalisan siya ng mana kapag hindi si Kat yung nakatuluyan niya.

Kaya hanggang ngayon hindi ko pa din masabi kay Jessie kung ano ba talaga yung mayron samin dati. Kasi itatanong niya kung bakit bigla akong nawala. Kung bakit iniwanan ko siya non. Handa na kong sabihin sa kanya ang lahat-lahat. Pero baka kasi magkagulo lang....


“Please, tell me what’s wrong. May nagawa ba ko?”

Napayuko ako.

“Tell me Luna.... Ayaw mo na ba kong maging bestfriend?”

*BOOM*

Biglang nangilid yung luha ko.




*Bestfriend.*

Tinabig ko yung parehong kamay niya na nakahawak sa magkabilang balikat ko.

"I am not your bestfriend," sabi ko sa kanya.

"Please don't say that. Alam kong wala akong matandaan tungkol sayo pero can we start all over again? Hindi pa naman huli ang lahat di ba?" Hinawakan niya yung kamay ko. "Can we be bestfriends like before?"


Tumikom yung kamay ko at hinila yon mula sa pagkakahawak niya.

Parang bigla akong nakuryente sa lahat ng mga pinagsasasabi niya.

"Luna." Sinubukan niyang abutin yung kamay ko.

"Don't touch me." Itinaas ko yung kamay ko.

"Luna ano ba talagang problema mo?" tanong niya.




Tumingin ako sa mga mata niya. "Gusto mong malaman yung problema ko?" Itinuro ko yung puso ko. "Ito. Ito ang problema!" Tumalikod ako sa kanya at lumakad palayo.

"LUNA!" Hinawakan niya ko sa braso pero tinabig ko ulit yung kamay niya.

"Hindi ba talaga natin pwedeng ibalik yung dati?" tanong pa din niya.


Naiinis na ko. Ayos pa sana kung yung 'dati' na tinutukoy niya ay yung relasyon namin eh. Kaso hindi. Ang tinutukoy niya ay yung pagiging magbestfriend namin na isang NAPAKALAKING KALOKOHAN.

Kaya humarap na ko sa kanya at tinitigan siya ng diretso. "I said I'm NOT. Your FREAKIN'. BESTFRIEND!"

Nung mismong pagkakasabi ko non, bigla nalang may nagtiliang mga babae. At ang susunod na malayan ko nalang ay dinumog na ng mga tao si Jessie at napunta ko sa pinakadulo.

"Kyaaaaaahhh! Si Jessie Wright!!!" (>0<)

"Waaaaaahhh! He's so hot!" (>0<)




"Ang pogi pala niya sa personal!" (>0<)

"Papa Jessie pa-autograph!" (*0*)

Hindi ko na makita pa si Jessie sa kapal ng tao. At mainam na din to kasi makakaalis na ko.

Kaya lumakad na ko palabas ng mall. Pinahiran ko yung mga luha na ibig-ibig nang tumulo.

Pumara ko ng taxi.


Nung pauwi na ko sa apartment ni Steff, bigla nalang huminto yung taxi na sinasakyan ko.

"Manong? Ano pong nangyari?" tanong ko sa taxi driver.

"Sorry miss pero nasiraan po yata tayo." Taxi driver

"ANO PO?!"

“Pasensya na talaga miss. Kung gusto niyo po pumara nalang po kayo ng ibang taxi.” Taxi driver




“Ah hindi na po. Lalakarin ko nalang.” Iniabot ko kay manong driver yung bayad. “Salamat ho.”

Salamat ho sa wagas na serbisyo. =______=

So wala akong choice kung hindi lumakad. Well, medyo malapit na naman yung apartment ni Steff eh. 7 PM na nang gabi kaya medyo maaga pa.


Lakad.

Lakad.

Lakad.

Lakad.

*blag*




Lumingon ako sa likod.

Walang tao.

Baka guni-guni ko lang yon?

Lakad.

Lakad.


Lakad.

*blag*

Teka, parang may sumusunod sakin?

Nung lumingon ako, walan pa din akong nakitang tao o kaya anino. Pero may naririnig akong mga yabag ng paa eh.

Lakad.




*blag*

Lakad.

*blag*

Holo may sumusunod nga ata sakin! (>0<)


Binilisan ko yung paglakad. Naririnig ko din yung papabilis na yabag ng paa mula sa likuran ko.

*screeeeeccchhh*

Biglang may pumrenong van sa tabi ko.

May lumabas na tatlong lalaki mula sa van.

Kinabahan akong bigla.




Bigla nilang hinawakan yung magkabilang braso ko. At bago pa man ako makasigaw, tinalian na nila ng panyo yung bibig ko at nilagyan ng blindfold.

Puro dilim nalang yung nakikita ko at puro impit na tunog yung lumalabas sa bibig ko.

Naramdaman ko nalang na binuhat nila ko at isinakay sa van.

Sumipa ako at may natamaan.

“UGH!” sabi ng isang lalaking boses. “Pesteng babae!”


*PAK*

Nakaramdam ako ng sakit sa kanang pisngi ko.

Sumipa pa din ako ng sumipa at pilit na kumakawag mula sa pagkakahawak nila.

“Patigilin niyo nga yan!” sabi pa ulit ng isang lalaking boses.

*PAK*




Biglang bumaluktot yung katawan ko sa sakit.

Parang isusuka ko lahat ng kinain ko ngayong araw.

Namimilipit yung sikmura ko dahil sa pagkakasuntok nila sakin.

Naramdaman kong nabasa yung gilid ng mukha ko.


Umiiyak ako.

Dahil sa kawalan ng tulong.

Dahil hindi ko maipagtanggol yung sarili ko.

Ano bang kailangan nila sakin?

Bakit nila ginagawa to?




Napatili ako kasi parang may karayom na tumusok sa braso ko.

Rinig na rinig ko yung nakakainis na tawanan nila.

Naramdaman ko yung biglang pag-andar ng van...

At ang unti-unting pagbagsak ng katawan ko.

**Chapter 11**


**Luna**

*splak*

*splak*

*splak*

Nagising ako dahil sa mga patak ng tubig.




Sinubukan kong imulat yung mga mata ko..

*Ang dilim.*

Wala na kong blindfold pero ang dilim sa kinalalagyan ko ngayon.

May tali pa din yung bibig at mga kamay ko sa likod.

Sinubukan kong umupo.

Tumingin ako sa paligid..

Nasaan ako?

Bakit may mga water pipes sa paligid?

May mga makina din na mukhang matagal nang hindi nagagamit.

*creak*

May umingit na pintuan. Nung mapatingin ako dun, sinalubong ako ng liwanag kaya naman medyo napapikit ako.

"Boss, nandito na po siya," sabi ng isang lalaking boses.

May lumakad palapit saking isang lalaki. Matangkad, maangas, may piercing sa tenga at mukhang siga.


Tumalungko siya sa harapan ko at inipit sa kamay niya yung magkabilang pisngi ko.

"Hindi mo na ba ko maalala?" nakangisi niyang tanong sakin.

Ginalaw niya yung kamay niya at tila sinusuri yung mukha ko. Nasasaktan ako sa pagkakahawak niya sa mukha ko. Gusto kong pumalag pero nakatali yung parehong kamay ko.

"Hindi mo na ba naaalala yung mukhang to?" sabi pa niya. "Ahh.. Hindi ka nga pala makapagsalita. HAHAHAHAHA!" Tapos tumawa siya ng malakas. Potek nakakabingi. >____<

Ibinaba naman niya yung panyo na nakatali sa bibig ko.




"Sabihin mo... Naaalala mo ba ko?" tanong ulit niya.

Sumibangot ako. "Sa tingin mo sa panget mo na yan maaalala pa kita?" singhal ko sa kanya.

Tumawa na naman ulit siya.

"Hindi ka pa din nagbabago Miss President!"


Bigla akong natigilan.

M-Miss President?

Schoolmate ko siya dati?

"Sino ka ba talaga?" tanong ko sa kanya.

Sumeryoso yung mukha niya. Nakita kong nanliit yung mga mata niya habang nakatitig sakin. “Hindi mo na ba naaalala yung lalaking pinadala mo at ng walangyang PAKIELAMERONG BOYFRIEND mo sa principal’s office?”




Napakunot yung noo ko.

Principal’s office?

Madami na kong naipadalang loko-loko sa principal’s office non. Kaya hindi ko siya masyadong maalala.

“Hindi kita matandaan,” sabi ko.


*PAK!*

Napahiga ako sa sahig.

Namamanhid yung pisngi ko.

Parang for a second lumabas bigla yung hininga ko.

Nung tumingin ako sa kanya, nakita ko siyang nakatayo at nakatingin sakin ng nanlilisik ang mga mata.




"Fvck you Luna Reyes! Alam mo ba ng dahil sa inyo ng Amerikanong boyfriend mo eh nagkanda-leche leche ang buhay ko?!" sigaw niya.

Lumapit siya sakin at hinawakan yung buhok ko.

Napasigaw ako habang pilit niya kong iniuupo nang nakahawak sa buhok ko.


"Alalahanin mong mabuti ang mukhang to." Galit niyang sabi habang tinititigan akong mabuti. "Kung hindi sana kayo nakialam ng boyfriend mo sa away ko dati, hindi sana ko maeexpel at mapapalayas ng bahay!"

Mas diniinan niya yung hawak sa buhok ko at hinila pababa yon kaya napaliyad yung ulo ko. "At alam mo ba nang dahil don... montik na din akong makulong?!"

"HINDI KO ALAM YANG SINASABI MO!" sigaw ko sa kanya.

Tumawa ulit siya ng mapait.

“Alalahanin mong mabuti..” nakangisi niyang sabi sakin.




Humihingal ako kahit hindi naman ako pagod.

Malakas din yung tibok ng puso ko ng dahil sa kaba.

Principal’s office?

Ano ba yung sinasabi niyang nangialam kami ni Jessie sa away niya dati?

Pinilit kong ungkatin sa isipan ko yung mga nangyari dati...

******** **memory flashback**

Naglalakad ako papunta sa Student Council room non kasi asar na asar ako kay Jessie nung mga panahong yon.

Then bigla akong may narinig na sigawan mula sa mga nagkukumpulang estudyante sa hallway.

May dalawang lalaking nag-aaway.

Pinilit ko silang awatin pero itinulak ako nung lalaking bumugbog dun sa isa pang lalaki.

Sinabi ko sa mga estudyante na tumawag ng professor para na din matigil ang away.

Nung inawat ko silang muli, sinampal na ko nung lalaki na yon kaya napaupo ako sa sahig.

Pumutok yung labi ko non pero pinilit kong wag umiyak.


Maya-maya, dumating na si Jessie at ipinagtanggol ako.

Nakipagsuntukan siya dun sa lalaki na yon.

Nung dumating yung professor namin, natigil na yung away at ipinadala yung lalaki na yon at yung kaaway niya sa principal’s office.

Pero bago pa man tuluyang umalis, tumingin siya sakin at sinabing, “Ikaw ang may kasalanan nito.”

Tapos tumingin ulit siya kay Jessie. “Hindi pa tayo tapos.”




*********** end of flashback**

Biglang nanlaki yung mga mata ko.

Nakita ko naman na mas lumapad yung ngiti niya.

“Ikaw si...” sabi ko pero hindi ko maituloy yung nais kong sabihin.


Napahinga nalang ako ng malalim.

Binitiwan niya yung buhok ko at nanlilisik ang mga mata habang nakangiti sakin ng masama..

“Bingo..” he said.

***Jessie’s POV***

Sa wakas!




Nakaalis na din ako!

Ang hirap talaga pag naiipit ako sa mga fans ko. Ang hirap humanap ng daan paalis. Buti nalang at dumating sina Kevin at Steff kaya kahit papano lumipat yung mga tao sa kanila. Nagde-date ata sila eh..

At ayon nga, nakahanap ako ng chance para makatakas.

Haaayyy =_____=


Pumunta na agad ako sa parking lot at sumakay sa kotse ko.

Nung nasa driver's seat na ko, isinandal ko yung ulo ko sa upuan at napabuntung-hininga.

*sigh*

*"I said I'm NOT. Your FREAKIN'. BESTFRIEND!"*

Napahilamos yung kamay ko sa mukha ko.




Sh*t. Bakit ba biglang naging ganon si Luna?

Bakit niya sinabi yon?

Wala naman akong ginagawang masama sa kanya ah?

Bakit pilit niya kong tinutulak palayo?

*riiiiiiiing*


Sinilid ko yung kamay ko sa bulsa at kinuha yung cellphone ko.

Calling....

091664*****

Unregistered?

Bihira lang may tumawag saking unregistered number kasi konti lang yung nakakaalam ng number ko.




*toot*

“Hello?” Sinagot ko yung tawag.

“Jessie? T-Tulungan mo si Luna...”

Biglang naalis yung pagkakasandal ko sa upuan. “Sino to? Anong nangyari kay Luna?”


Mukhang boses ng babae yung nasa kabilang linya. Sino kaya to?

“M-May kumidnap sa kanya. Pumunta ka sa abandonadong factory 5 kilometers away from Westmore Academy. Wag kang magsasama ng iba kung ayaw mong mapahamak si Luna..”

“T-Teka sino ka–”

*too too toooo*

Tiningnan ko yung cellphone ko.




Call ended.

"Sh*t"

Ikinabit ko na agad yung seatbelt at pinaandar yung kotse.

Dali-dali akong nagdrive papunta dun sa abandonadong factory na sinabi nung tumawag kanina.


Hindi ko na pinansin kung pano niya nakuha yung number ko o kung sino pa man siya.

Ang tanging umiikot nalang sa isipan ko ngayon ay kung ano na ang kalagayan ni Luna.

Sana naman ayos siya.. Please Lord, wag Niyo pong hayaang may mangyaring masama sa kanya.

"Hintayin mo ko Luna," bulong ko at tinapakan pa ng mas madiin yung gas.

*VROOOOOOOOOOOOOM!*




Humarurot yung kotse ko.

Malakas din yung tibok ng puso ko.

Kinakabahan ako.

Please.. Please be okay Luna..

Hintayin mo ko...

Ililigtas kita...

Kahit ano pa man ang mangyari...

## Chapter 12

**Jessie**

*screeeeeeccchhh*

Pagkatapos nang mahigit kalahating oras, narating ko na din yung abandonadong factory.

Pinatay ko kaagad yung engine ng kotse para na din hindi nila marinig yung tunog ng sasakyan ko. Ipinarada ko yung kotse ko sa lugar na hindi nila makikita.

Nakabukas yung gate.


Kumunot yung noo ko.

Nakapagtataka naman. Bukas yung gate? Hindi kaya patibong to?

Kaya umikot ako sa buong lugar at naghanap nang ibang daan.

May nakita kong punong nakayungyong ang sanga sa taas mismo nang pader na kumukulong sa factory. Inakyat ko yon.

Tumalon ako at nakakapit naman sa wall.




Bumaba ako don at nagsimula nang maglakad nang patago.

Kinuha ko yung cellphone ko at pinindot ang silent. In-on ko naman yung vibration kaya malalaman ko kung sakali mang may tumatawag.

Ilalagay ko na sana yung cellphone ko sa bulsa nang biglang...

*brrrrvvvvvvmm*

Napatingin ako sa cellphone ko.


Calling...

091664*****

Ito din yung number kanina ah?

*toot*

"Hello?"




Walang nagsasalita.

Pero may naririnig akong mga paghinga.

"Hello?" ulit ko. "Nasan si Luna? Alam mo ba kung san ko siya makikita dito sa factory–?"

"AAAAAAAAAAAHHHHHHHH!"


May tumili na babae. At sinundan pa nang mga paghikbi.

"H-Hello? Anong nangyari? Nasan ka?" natataranta kong tanong.

"J-Jessie.."

Parang biglang nanlamig yung buong katawan ko.

Natigilan ako kasi namumukhaan ko yung boses na yon.




"Luna?" sabi ko.

Humikbi siya.

"Umalis ka na! Wag mo na kong–AAAAAAAAHHH!"

Parang may narinig akong sampal.

Humigpit yung pagkakahawak ko sa cellphone.


Tumikom din yung isa ko pang kamay.

"Luna nasan ka?! Sabihin mo sakin kung nasan ka!!!" mataas na yung boses ko. Nagagalit ako kasi may nananakit sa kanya. Kung sino man yon baka mapatay ko siya!

*silence*

"Luna–" simula ko pero biglang may nagsalita.

"Jessie Wright."




Nanliit yung mga mata ko.

*Boses ng lalaki.*

"Ang tagal kong hinintay ang pagkakataong ito," sabi niya.

"Pakawalan mo na si Luna. NGAYON NA." Madiin kong sabi sa kanya.


"HAHAHAHA! Ano ko, tanga?" Bigla namang sumeryoso yung tono ng boses niya. "Ang laki ng atraso niyong dalawa sakin! Dapat lang na pagbayaran niyo yon!"

Kumunot yung noo ko.

"What the hell are you talking about?" inis na sagot ko sa kanya.

"Meet me inside the factory. Dumaan ka sa fire exit. Hanapin mo ko in five minutes kung gusto mo pang makitang malinis ang girlfriend mo." He said then hung up.

*tooo tooo tooo*




Napatingin ako sa cellphone ko.

Girlfriend?

Ang akala ba niya girlfriend ko si Luna?

Kilala kasi ako kaya baka gusto lang nang lalaki na to ng pera?


Takte! Bakit pati si Luna idinamay niya?!

“Sh1t”

Tumakbo ko kaagad papunta sa fire exit.

Binuksan ko yung pintuan at umakyat sa hagdan.

Ang dilim. Montik na kong madapa. Papagabi pa naman kaya hindi ko talaga maaninag nang mabuti yung dinadaanan ko.




Kaya ginawa ko nalang na ilaw yung cellphone ko.

Nung makalabas ako, tumambad sakin ang isang napakaluwang na lugar na puro lumang makina at tangke.

Napahilamos yung kamay ko sa mukha ko.

*Sh1t. Nasan ba sila?*


Tumingin ako sa relo ko.

4 minutes left.

Takbo.

Lingon.

Hanap.




3 minutes.

Binubuksan ko yung bawat pintuan na madadaanan ko.

Takbo.

Takbo.

Takbo.


Sh1t. Napapagod na ko. Natataranta na din ako kasi paano nalang kung hindi ako makadating sa oras? Baka kung ano pa yung gawin nung walangyang lalaki na yon kay Luna!

*"Hanapin mo ko in five minutes kung gusto mo pang makitang malinis ang girlfriend mo."*

Fcvk! Wag siyang magkakamaling galawin si Luna!

2 minutes...

Bukas ng pinto.




Wala.

Takbo.

Umakyat ako ng hagdan.

1 minute...


Humihingal na talaga ko. Kung anu-ano na yung sinasabi ko sa isipan ko.

Mag-isip ka Jessie! San ba pwedeng itago nung mga kidnapper si Luna? Malamang na baka hindi sa mga offices yon kasi masyadong madaling hanapin yon..

*isip*

*isip*

*isip*




Bigla akong napahinto sa pagtakbo.

Hindi kaya......?

Nagsimula ulit gumalaw yung paa ko.

This time, parang sinasabi na sakin nang isip ko na tama ang hinala ko. Sinasabi nito sakin na tumakbo lang ng diretso.


Huminto ako sa tapat ng pintuan ng basement.

Huminga-hinga ko nang malalim.

Malakas ang pakiramdam ko na naririto si Luna.

Hinawakan ko yung door knob at pinaikot.

*creak*




Bumukas yung pintuan.

May isang lalaking naka-hood ang sumalubong sakin malapit sa may pintuan.

Itinaas niya ang kamay niya.


My eyes bulged and I was frozen in place.

“Game...” he said. Then smirked. “OVER.”

*BANG!*

## Chapter 13

## Jessie




*BANG!*

Dalawang boses ang narinig ko maliban sa malakas na alingawngaw ng bala...

Ang kay Luna...


Na sinigaw ang pangalan ko...

At ang pangalawa...

Ay ang malakas na paghalakhak nang lalaking nagpaputok nang baril sa direksyon ko..

Parang sa isang iglap mistulang tumulak palabas lahat ng hangin sa katawan ko.

Nanlalaki yung mga mata ko at hindi ako makakilos.




Ramdam ko ang pagkaputla ng mukha ko at ang panlalamig ng buong katawan ko.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA!!!" malakas na tawa ng lalaking naka-hood na siyang may hawak nang baril. Sapo-sapo niya ang tiyan niya habang patuloy sa pagtawa.

"HAHAHAHAHA! Para kang batang walang kalaban laban" Lumapit siya sakin at itinutok ang dulo ng baril sa ilalim ng baba ko.


"Pano kaya kung sa susunod na pagputok ng baril na to.." Ngumisi siya. "Ay tumama na sayo?"

"TJ! PLEASE!"

Boses ni Luna...

Sa isang senyas lang, agad namang lumapit yung mga kasama nung lalaki sakin at hinawakan ako sa magkabilang braso.

TJ? Kilala ni Luna yung lalaki?




"FVCK YOU B#TCH"

Napadako yung tingin ko sa taong katabi ni Luna.

Babae.

Mahaba ang buhok.


Pamilyar.

Nanlaki yung mga mata ko sa nakikita ko.

Mula sa paglakad papunta kay Luna, natigilan si TJ at lumipat ang tingin dun sa babae. Lumapit siya sa kanya at saka sinampal.

*PAK!*

"Shut up Sarah!" TJ




Sarah glared at him. "Go to hell," she said through gritted teeth.

WTF?! Ano bang nangyayari dito?!

"TJ... Please... Wag mo nang idamay sina Jessie at Sarah dito," pakiusap ni Luna.

Parehong nakaupo sa sahig sina Luna at Sarah habang nakatali ang magkabilang kamay sa likuran.


"Nagpapatawa ka ba? Kayong dalawa ni Jessie ang may kasalanan sakin!" Tumingin si TJ kay Sarah at tila nalukot ang mukha. "Too bad masyadong pakielamera itong babaeng to."

Tumawa nang malakas si Sarah. *Nang-aasar.*

"What the hell are you talking about, as*h*le?" Sarah smirked at him. "Dati pa lang pakielamera na ko.."

Sinampal ulit siya ni TJ.

"Tama na!" sigaw ko.




"Pakawalan mo na silang dalawa!" sigaw ko ulit.

Humarap si TJ sakin habang tumatawa. "G*go ka ba? Bakit ko naman gagawin yon?" Nagbuntung-hininga siya at tinitigan ang baril sa kamay niya. "This thing is getting pretty slow and boring. Siguro mas mabuti pa kung tapusin na natin to."

Lalong humigpit yung pagkakahawak nung dalawang lalaki sa magkabilang braso ko.

Sh#t. Hindi ako makapalag.


Anim na katao ang kasama ni TJ. Mahihirapan akong itakas sina Luna at Sarah.

"FVCK YOU TJ! TIGILAN MO NA NGA TONG KABALIWAN MO!" sigaw ni Sarah.

Tiningnan siya ni TJ nang masama.

Pagkatapos ay naiinis na ibinaling niya ang tingin niya sa apat na kasama niya na pawang mga nakamasid sa gilid.

"ILABAS NIYO NGA TONG BABAE NA TO! NGAYON NA!" utos niya sa mga ito.




"Yes boss," sagot naman nung apat.

"WAG NIYO KONG HAWAKAN! FVCK! BITIWAN NIYO KO!" Patuloy sa pagsigaw si Sarah habang kinakaladkad siya palabas nang basement.

"SARAH!" sigaw ni Luna.

"Bitiwan niyo siya!" sigaw ko at sinubukang pumalag.


*Blag*

Sinuntok ako ni TJ.

Napaluhod ako habang sapo-sapo yung tiyan ko.

"JESSIE!" Napansin ko sa boses ni Luna na umiiyak na siya.

“Boss, anong gagawin namin sa babaeng to?” tanong nung isang lalaking may hikaw sa tenga.




Tumingin si TJ kay Sarah.

Nagkatinginan silang dalawa.

Punung-puno ng galit yung mga mata ni Sarah. Nanlilisik ang mga ito at parang ibig nang pumatay.

Sa gulat ko, biglang ngumisi si TJ.


“Alam niyo na.” TJ

Bigla naman nagsi-ngitian yung apat na lalaking nakapaligid at hawak-hawak kay Sarah.

Napanganga si Sarah nang malaman ang ibig sabihin ni TJ.

“D*MN YOU TJ! GO TO HELL! FVCK IT!” Sarah

"HAHAHAHAHAHAHAHA!" Mapang-asar na tawa ni TJ at pagkatapos ay tuluyan nang sumarado ang pintuan sa likuran ko, tangay-tangay ang bawat pagsigaw at pagpalag ni Sarah.




"TJ.. Please.. W-Wag niyong sasaktan si Sarah."

Napatingin ako kay Luna.

Basang basa nang luha yung mukha niya.

Parang biglang may kumirot sa dibdib ko.


Kirot? Bakit?

Hindi kaya kasi... Ayokong umiiyak yung... Bestfriend ko?

"Watta scene" TJ, sabay haplos sa baril niya.

Itinayo ako nung dalawang lalaki sa tabi ko.

"Ano ba talagang kailangan mo?!" galit na tanong ko kay TJ.




"Revenge," parang lason na sabi niya sakin.

"Para san?!"

"HAHAHAHAHAHA!" Napailing siya. "Hindi mo na ba maalala? Sumikat ka lang bigla mo nalang nakalimutan lahat ng atraso mo sakin?"


Lumapit siya sakin at nakipagsukatan nang lakas. Tinitigan niya ko sa mga mata. "Three years.. For three years hinintay ko ang pagkakataong ito. Tatlong taon na ang nakakalipas simula nang sirain niyo ni Luna ang buhay ko. Dahil sa pangingialam niyo sa away namin ni Jeff, nagkanda-letse-letse na ang lahat! Na-expel ako sa school at napalayas nang bahay! At ang nakakainis pa don.."

Kumunot yung noo niya. "Montik na kong makulong."

Parang hindi matanggap nang utak ko yung lahat nang naririnig ko.

Ano ba pinagsasasabi niya?

Parte ba yon ng nawalang memorya ko?




"Montik makulong?" tanong ko sa kanya.

"FVCK!" Sinipa niya yung drum ng tubig na malapit sa kanya. Tumingin siya sakin nang nanlilisik ang mga mata.

"Fvck that Jeff! Kundi dahil sa kadaldalan niya, hindi naman mangyayari ang lahat ng ito!" Napasabunot si TJ sa buhok niya.

"Ano bang sinasabi mo?" tanong ni Luna.


"We robbed a bank together." TJ

"ANO?!" Napanganga si Luna.

"Napakadaldal niya! Nakonsensya ang g*go kaya sumuko siya sa mga pulis at idinamay pa ko! Ang walangyang peste na yon!" Ibinato ni TJ ang isa pang drum.

*PLANK!*

[ **Miss Author's Note:** So, alam niyo na kung bakit nag-away si TJ at Jeff noon sa may hallway? Nagnakaw kasi sila sa bangko at ayon nga, sumuko na si Jeff. So pati si TJ, sabit. Hahaha. See **Chapter 14.** >__^ ]




"Mali naman kasi ang ginawa niyo TJ! Dapat lang na sumuko kayo!" Luna

Lumingon si TJ. Nanliliit ang mata niya habang nakatingin kay Luna.

"At dahil din sa inyo nung walangyang boyfriend mo kaya lalong nadagdagan ang sakit sa ulo ko.." TJ


*PAK!*

"LUNA!" sigaw ko.

Napahiga si Luna sa sahig habang namumula ang kaliwang pisngi.

"WAG MO NA SIYANG SAKTAN! AKO NALANG! BUGBUGIN NIYO NALANG AKO!" sigaw ko sa kanya kasi hindi ko kayang tingnan na sinasaktan niya ang isang babae.

At hindi lang basta-bastang babae..




Isang babae... Na mahalaga sa buhay ko...

Tumawa nang malakas si TJ at ibinato palayo yung baril. “I don’t need this sh*t.”

Pumunta siya sa tabi ni Luna at iniupo sa pamamagitan nang paghatak sa buhok.

Sumigaw si Luna dahil sa sakit.


“PLEASE PAKAWALAN MO NA SI LUNA!” sabi ko kay TJ.

Tumingin siya sakin at ngumisi.

“Di ba sabi mo ikaw nalang ang saktan ko?” Lumuhod siya habang hawak-hawak pa din sa buhok si Luna. “Then you will get what you want.”

Nanlaki ang mga mata ko nang marahas niyang hinalikan si Luna.

Sumisigaw si Luna na tumigil na si TJ pero para itong bingi na patuloy pa din sa paghalik sa kanya.




Ihiniga ni TJ si Luna at pinilit na hubarin ang damit. Sigaw naman nang sigaw si Luna habang patuloy sa pag-iyak.

Biglang bumigat yung dibdib ko sa mga nakikita ko.

Parang may something na kumirot ulit sa kaloob-looban ko.

“STOP IT!” sigaw ko kay TJ. Sinubukan kong pumalag pero sinuntok ako nung dalawang lalaki kaya napaluhod akong muli.


“TJ! STOP!” sigaw ni Luna habang hinahalikan siya sa leeg ni TJ.

Tumingin sakin si TJ at ngumiti. “Does it hurt bastard? Does it hurt to see your girl being played at?”

“FVCK! I SAID LET HER GO!”

*PAK!*

Sinuntok ulit ako nung isang lalaki kaya naman napahiga ako sa sahig. Hindi pa naman nagtatagal ay itinayo na ulit nila ako.




"You need to witness how I play with your girl," TJ said with a smirk.

Puro hikbi at pagsigaw ang naririnig ko kay Luna dahil sa pagiging marahas ni TJ.

SH*T!

WALA AKONG MAGAWA!


Kumikirot na yung katawan ko dahil sa mga suntok na natatamo ko.

Nakita ko kung pano pinunit ni TJ yung laylayan nang T-shirt ni Luna.

Nagulat ako nang biglang...

"Jessie.."

Tinawag ni Luna ang pangalan ko.




Sa hindi ko maipaliwanag na kadahilanan..

Parang tumalon ng saglit ang puso ko.

“ARAY!”


Biglang napatayo si TJ na hawak-hawak ang labi niya. Nung alisin niya yung kamay niya, nakita ko na parang may dugo na lumalabas mula sa crack sa labi niya.

“PESTENG BABAE!” Sinampal niya nang pagkalakas lakas si Luna kaya naman napahiga muli ito sa sahig.

“LUNA!” sigaw ko.

Lumakad si TJ papunta dun sa ihinagis niyang baril at pinulot iyon. Ikinasa niya muli iyon at galit na itinutok kay Luna.

“Masyado nang matagal ang ginagawa kong pagpaparusa sa inyong dalawa... Mabuti pa kung TAPUSIN KO NA ANG LAHAT NG TO!” TJ




*BLAG*

*BANG!*

“LUNA!” nanlulumong sigaw ko.


Napakalakas nang tibok nang puso ko.

Hindi ako makahinga.

Nanlalaki ang mga mata ko.

Subalit hindi ko maiwasang magulat sa natunghayan ko...

*clank*





Nahulog ang baril mula sa kamay ni TJ.

Halata ang pagkagulat sa mga mata niya...

At sa isang iglap lang... bigla nalang siyang napahiga sa sahig...

## Chapter 14

**Jessie**




Nanlalaki yung mga mata ko habang pinapanood ko kung paano nabitawan ni TJ yung baril na hawak niya at ang pagbagsak niya sa sahig.

*PAK!*

*BLAG!*

“UUUGGH!” Napabitaw yung dalawang lalaking nakahawak sa magkabilang gilid ng braso ko at kapwa napahiga sa sahig.


Nung lumingon ako, nakakita ko ng dalawang taong nakatayo sa likuran ko.

“Jess ayos ka lang ba?” Tinulungan ako ni Kevin na makatayo.

“Ayos lang ako. Pero si–”

“LUNA!” Tumakbo si Justin papunta kay Luna.

Lumapit naman kami agad sa kanilang dalawa.




"Luna?! LUNA GUMISING KA!" sigaw ni Justin habang patuloy sa pagtapik sa mukha ni Luna.

Unti-unti... Dumilat siya.

"J-Justin?" mahinang sabi niya.

"Oo ako nga. Nandito na kami. Ligtas ka na." Justin


Ngumiti si Luna. "Salamat.." At bigla ulit nawalan ng malay. Grabe, ang dami niyang pasa at namumula yung pisngi niya. Napatikom yung kamao ko. Napakawalangya ni TJ! Maging babae nagawa niyang saktan!

Then biglang may pumasok sa isip ko.

"Si Sarah! Kailangan pa nating iligtas si Sarah!" sigaw ko.

"Relax pare, kasama na siya ni Rio." Kevin

Nakahinga naman ako ng maluwag.




Binuhat ni Justin si Luna.

“Kayo nang bahala sa lalaking yan,” sabi ni Justin bago tuluyang umalis kasama si Luna.

Nakita naming pilit na inaabot ni TJ yung nahulog niyang baril.

Tinapakan ni Kevin yung kamay niya kaya naman napasigaw siya.


Tinutukan siya ni Kevin ng baril.

“Subukan mo lang lumaban at ng hindi lang yang binti mo ang tamaan,” pagbabanta ni Kevin.

“FVCK! BAKIT BA KAYO NANGINGIALAM?!!” TJ growled.

I fisted his shirt and punched him. Napahiga siyang muli sa sahig. “That’s for hurting Luna.” I glared at him.

"Ano na gagawin natin sa lokong to?" tanong ni Kevin.




Tumingin ako kay TJ habang hawak-hawak niya yung dumudugong ilong niya.

I frowned.

"Kung anong nararapat sa kanya," I said.

***Sarah's POV***

Nasa loob ako ngayon ng kotse ko kasama si Rio.

Nakaupo ako sa passenger's seat at may towel na nakabalot sa katawan ko ngayon.

FVCK THOSE B#TCHES!

"Buti nalang at nakarating kami sa oras," sabi ni Rio. "Salamat sa pagtawag samin Sarah."

Umiwas ako ng tingin.

"Pano mo nga pala nalaman na nakidnap si Luna?" Rio

I flinched a little.

Ito na nga ba yung pinakaayaw kong tanong eh. >____<

"It's none of your business," pagtataray ko.

"Sarah.." Sinubukan niyang hawakan ako pero hinarang ko yung kamay ko.


"Don't... Don't touch me." Umiwas ulit ako ng tingin.

Narinig ko yung paghinga niya ng malalim.

"I'm glad that nothing bad happened to you.." Rio

Napakagat ako sa labi ko.

Bakit ba hindi niya magawang magalit sakin?




Naiinis ako sa kanya!

Napakabait niya sakin!

For three years ganyan siya!

Hindi ba siya nagsasawa?! >____<

“Sarah?” Rio


Hindi ako sumagot.

“I love you..”

*lub dub*

Parang biglang tumalon yung puso ko. Fvck! Ano ba yang sinasabi niya?! Bakit kailangan niya pang sabihin sakin yon ng puno ng sensiridad?! Nakakainis! >____<

“Stop it Rio!” Tiningnan ko siya ng masama. “Ilang beses ko bang dapat sabihin sayo na wala akong nararamdaman para sayo?!”




Tumango lang siya at tinitigan ako ng diretso sa mga mata. “I know.. Pero hindi pa din ako nawawalan ng pag-asa..”

Bigla akong napaiwas ng tingin sa kanya. Parang may kakaiba sa tono ng boses niya na nag-udyok sakin na umiwas ng tingin.

Desperation? Hope? Love?


FVCK IT!!!! >______<

Maya-maya lang, nakita kong lumalabas si Justin mula sa factory... At buhat-buhat si Luna..

Lumabas si Rio para tulungan si Justin. Binuksan niya yung pinto sa backseat at ihiniga si Luna don. Then sumakay na silang pareho.

“Pano sina Kevin at Jessie?” tanong ni Rio.

"They're fine. Kailangan muna nating dalin si Luna sa ospital.." Justin




"Okay." Hinawakan ni Rio yung seatbelt ko.

"Ako na," malamig na sabi ko sa kanya.

Binitiwan naman ni Rio yung seatbelt ko at ako na mismo sa sarili ko ang nagkabit.

Rio fastened his own seatbelt and started the engine.


Habang umaandar ang sasakyan, biglang nagtanong si Justin..

"Thank you Sarah.. Kung hindi mo kami tinawagan, baka kung ano na yung nangyari kay Luna at Jessie.." Justin

"Don't thank me," sabi ko.

"No. I have to thank you." Ibinaling niya yung tingin niya kay Luna. "Dahil kung nahuli kami ng kahit kaunting segundo lang... Malamang sa wala na si Luna ngayon.."

"You still love her?" I asked.




"Yes."

Napahinga ko ng malalim sa sinabi ni Justin. Walang pag-aalinlangan niyang sinagot yung tanong ko. For three years, si Luna pa din yung mahal ni Justin. Wala pa ding nagbago sa nararamdaman niya.. Kahit na ilang beses na din siyang nasaktan..

"I was following her.."


Napatingin sakin si Justin. "What?"

"I was following her that's why I knew she was kidnapped." I bit the inside of my cheek. Hindi ko alam kung bakit ako umamin. Parang bigla nalang kasing may nagtulak sa akin para magsalita.

"Bakit mo naman sinusundan si Luna?" tanong ni Justin.

"Kasi... Nabalitaan ko na nakauwi na siya mula sa America. Nalaman ko din na pareho yung course namin pero magkaiba kami ng class. Naintriga lang ako kaya naman... I followed her.."

Hinawakan ako ni Justin sa balikat.




"Pwede mo naman siyang lapitan Sarah eh." Justin

Kumunot yung noo ko at inalis ko yung kamay niya mula sa balikat ko. "That's ridiculous! Alam niyo naman na hanggang ngayon, I still don't like her! So how the hell can I just approach her like THAT?!"

Nilagay ko yung ilang strands ng buhok ko sa likod ng tenga ko.

"Hindi naman siya galit sayo," sabi ni Rio habang nakatingin pa din sa daan.


Napatingin ako sa kanya. "At pano mo naman nasabi yon?"

"I just know.." Rio

Napasandal nalang ako sa upuan.

*sigh*

“Pero panong nangyari na pati ikaw nahuli nina TJ?” nagtatakang tanong ni Justin.




“I followed their van. Nandito ako sa loob ng kotse ko noong tinawagan ko kayo nina Jessie. Pero nagulat ako ng bigla nalang may kumaladkad sakin pababa. Kinuha nila yung cellphone ko at idinial yung number ni Jessie.” Kumunot yung noo ko.

Nakita ko kung paano nahulog sa trap ni TJ si Jessie.

Pinakausap niya si Luna gamit yung cellphone ko. Noong una, ayaw magsalita ni Luna dahil alam niya na pupuntahan siya ni Jessie. And we both know na sa oras na matunton ni TJ si Jessie... Papatayin niya ito.


*screeecchhh*

Huminto yung kotse ni Rio sa tapat ng isang ospital.

Binuhat ni Justin si Luna at agad na ihiniga sa isang stretcher.

“Miss, sumama po kayo sakin. Kailangan din pong magamot yung mga sugat niyo,” sabi sakin nung isang babaeng nurse.

"I'm fine.." sabi ko.




"Sumama ka na Sarah. Please."

Napatingin ako kay Rio. Parang nakikiusap yung mga mata niya. Sh1t! Bakit ba kasi lagi nalang ganito yung expression niya?! >____<

*sigh*

I stood up at sumama nalang din sa nurse.


*riiing riiing riiingg*

Napatigil ako at lumingon kung saan nakaupo sina Justin at Rio.

"Hello? Jessie?" sagot ni Justin sa cellphone niya.

"Okay na sina Luna at Sarah. Nadala na namin sila sa ospital... ANO?!" Biglang napatayo si Justin mula sa pagkakaupo. Agad naman akong lumapit sa kanya. Pati si Rio napatayo na din.

Seryoso yung mukha ni Justin habang nakikinig kay Jessie.




"Sige sige, pupunta na ko dyan." Agad na pinatay at ipinamulsa ni Justin yung cellphone niya.

"Bakit? Anong nangyari?" tanong ko sa kanya.

"Nakatakas si TJ." Justin

"ANO?!" gulat na sabi ko. Napatingin samin yung mga tao sa loob ng ospital pero hindi ko sila pinansin. "Pano?! Panong nangyari yon?!"

"May back-up pa pala yung lalaki na yon.. Tumawag ng pulis si Jessie pero hindi na nila naabutan pa si TJ." Napahilamos sa mukha niya si Justin. "Sh1t! Kailangan ko silang puntahan! Susunduin ko lang si Steff.. Rio, maiwan ka na."

"Teka lang!" Hinawakan ko sa braso si Justin. "Sina Jessie at Kevin? Kamusta sila?"

Nagulat ako ng biglang kagatin ni Justin yung labi niya.

"Nabaril si Kevin." Justin

## Chapter 15

**Steff**

"Madaling madali ka ah?" sabi ni Ivee.

"Syempreness naman! 46th monthsary namin ni Babe ko eh." *( ^ 0 ^ )*

"Alululu! Kaya pala blooming na blooming ang lola niyo! Daig pa bulaklak ng Mayo!" Ivee


"Naku! Shattap!" Nakangiti ako habang nag-aayos ng make-up sa salamin sa may CR ng school.

"San kayo magdedate? I'm so naiintriga." Ivee (~ ~, )

Ngumiti ako ng ubod ng lapad sa kanya. "Wala haha.."

Bigla namang kumunot yung noo niya. "Nyek, akala ko pa naman bonggang dinner sa bonggacious na restaurant ang punta niyo."

"Uh-uh, don't get it wrong dear..." Kumindat ako sa kanya at itinuro ang sarili ko. "Coz I'm the one who's going to cook for him." ( ^____^ ) v




"HUWAAAAW! Ang sweet mo naman Steff!" Ivee

"Mowahahaha! Naman! 46th monthsary na namin eh." ( ^___^ )

"Psh, dapat anniversary na! Ang tagal niyo na kaya! More than three years na nga ba?" Ivee

"Yup. Eh ayoko, gusto ko monthsary. Saka nalang pag kasal na kami. Hihihihi." ( ^____^ )


"Naku ang haba ng hair! Hahaha kasalan na nasa isip.. Oh siya, mauna na ko ah? Naghihintay pa boylet ko sa may gate eh." Ivee :3

Napatingin ako sa kanya. "May boyfriend ka na? Sino?"

"Si Papa Kiseop! Hahahahaha!" ( ^ 0 ^ ) v

Natawa ako. "Haha! Baliw! Papa Kiseop ka dyan!"

"Haha babush!" Ivee ( ^ 0 ^ )/*




After a few minutes, lumabas na din ako ng CR.

"First stop? Grocery store!" *( ^___^ )*

Nagmamadali akong lumabas ng school at pumara ng taxi.

Nagpahatid ako sa isang malapit na grocery sa may bahay ni Kevin.


Hindi naman kasi pwede sa apartment ko at nandun si Casey. Naku, baka maging sagabal pa yung lalaki na yon sa dinner namin ni babe ko. =_____=

Pumasok ako sa grocery store at kumuha ng push cart.

Syempre, nagpaturo na ko kung paano magluto ng Beef Broccoli! Peborit ni babe ko yun eh! ( ^ 0 ^ ) Hihihihi..

Madami-dami na din akong nakuhang ingredients ng biglang...

*Riiiiinng riiiingg riiiing*




Binuksan ko yung bag ko at kinuha yung cellphone ko.

“Hello?”

“Steff? Nasan ka?”

“Justin? Bakit parang nagmamadali ka? Nako wag mo sabihing tinatakbuhan mo yung inutangan mong bumbay?!”

“Steff please! Hindi ako nakikipagbiruan! Nasan ka ba?!” Justin


“Jeeeezz calm down okay? Nandito ako sa grocery store na malapit sa bahay nina babe.”

“Okay I’ll be there..” Justin

“Teka–”

*tooo tooo toooo*

Napatingin ako sa cellphone ko.




Ay, patayan daw ba ko? =____= Psh. Problema non?

Nagpatuloy nalang ako sa pamimili.

Nagbayad ako dun sa may cashier.

“Thank you for shopping ma’am, please come again!” Cashier


Kinuha ko yung grocery bags at lumakad palabas ng grocery store.

Yiiiieeee! Excited na ko! Ano kaya magiging reaction ni Babe? Ma-starstruck kaya siya? Hihihihihi.. (*^__^*)

“Steff!”

Napatingin ako sa lalaking papalapit sakin.

"Oh Justin! Pumunta ka nga?" Matawa-tawang sabi ko kahit na seryosong seryoso yung mukha niya.




"Kailangan mong sumama sakin," sabi niya.

"Ha? Bakit? Hindi pwede! Magluluto pa ko para sa monthsary namin ni babe!" ( > 3 < )

Napansin kong parang nag-iba yung anyo ng mukha niya. Parang bigla akong nakakita ng pagkalungkot sa mga mata niya.

"Steff.." seryoso niyang sabi. "Nabaril si Kevin."


.........................

.....................................

.........................................................

Napanganga ko.

*PLAK*




*BLAG*

*CLACK*

Nabitawan ko yung grocery bags na yakap-yakap ko kaya naman natapon lahat ng laman non.

Nakatitig ako kay Justin. Hindi makapaniwala sa sinabi niya...


"A-Anong sabi mo?"

"Steff.." Hinawakan niya yung kamay ko.

Biglang nataranta yung isipan ko.

Hindi ko alam yung gagawin ko o ang magiging reaction ko...

Basta ang alam ko lang..




Nakita ko nalang yung sarili ko na tumatakbo papunta sa kotse ni Justin.

**Chapter 15.2**

**Steff**

GONZALES GENERAL HOSPITAL.

Agad-agad akong lumabas sa kotse ni Justin. Tinawag pa nga niya yung pangalan ko pero hindi na ko nagpapigil.


Tumakbo ako sa loob ng ospital at agad hinanap yung nurse’s desk.

“Miss, saang room si Kevin Perillo?” tanong ko sa nurse.

“Si Mr. Perillo po ay kasalukuyang nasa ICU. Ano po bang pangalan nila–”

Hindi ko na pinatapos pa yung nurse at tumakbo na agad para hanapin yung ICU.

Pagliko ko sa kaliwang pasilyo, nakita ko sina Jessie, Luna, Rio, Kat at Sarah na nakaupo sa mga upuan.




Napansin ko ding madaming pasa at galos si Jessie. Ano ba talaga ang nangyari?

Agad-agad akong lumapit sa kanila.

“Sis!”


Napaangat yung ulo ni Luna. Bigla siyang tumayo nang makita niya kong tumatakbo papunta sa kanya.

Hinawakan ko siya sa magkabilang balikat. “Nasan *hinga* si babe?” Humihingal ako habang sinasabi ko yon.

Kinuha ni Luna yung parehong kamay ko mula sa balikat niya at hinawakan ng mahigpit iyon.

Kinagat niya yung labi niya.

Bigla akong kinabahan sa expression niya.




"Nasa loob ng ICU si Kevin, sis.. At.. K-Kritikal daw yung lagay niya ayon sa doktor. Dumaplis daw yung bala sa puso niya. Naalis na nila yung bala, sis.. P-Pero..." Huminga siya ng malalim at napayuko.

Bigla namang bumigat yung dibdib ko dahil sa sinabi niya.

Hindi ako makapaniwala na mangyayari kay Kevin to.

Ni isang saglit hindi man sumagi sa isipan ko na mapapahamak siya.


"H-Hindi.. Hindi totoo yan.." Umiling-iling ako.

Ayokong maniwala.

AYOKO.

"Steff." Nasa tabi ko na si Justin at hinawakan ako sa balikat.

Pero inalis ko yon at binuksan yung pintuan sa ICU kung saan naka-confine si Kevin.




"STEFF!" sigaw nilang lahat sakin.

*Click*

Bumukas yung pintuan.

Bumungad sakin ang kumpulan ng mga doktor at nurse.

Nakapaligid sila sa isang tao na nakahiga sa puting kama.


Madaming kung anu-ano ang nakalagay sa kanya.

Biglang humapdi yung mga mata ko.

Hindi ko makayanan ang sakit.

"KEVIN!" sigaw ko.

"Ma'am bawal po kayo dito!" hinarangan ako nung isang lalaking nurse.




"TUMABI KA DYAN! KAILANGAN AKO NG BABE KO! KEVIN!"

Naramdaman kong niyakap ako ni Justin mula sa likod. Hawak-hawak naman ni Jessie yung magkabilang kamay ko. Pinipilit nila kong ilabas sa kwarto.

"ANO BA! BITAWAN NIYO NGA AKO! BABE!"

Biglang tumulo yung luha ko.


Ang sikip-sikip ng dibdib ko.

Parang hindi ako makahinga dahil na rin sa samu't saring emosyon na dala-dala ng dibdib ko ngayon.

"SIS! TAMA NA!" Hinawakan ako sa mukha ni Luna. "Please, sis.. Tama na.."

"HINDI! KAILANGAN AKO NI KEVIN! KAILANGAN AKO NG BABE KO!" sigaw ko habang patuloy pa din sa pagpalag.

Sa isang iglap, isang matinis na tunog ang nakapagpatigil saming lahat.




"Check the pulse!" utos ng isang doctor.

Agad-agad namang pinulsuhan nung nurse si Kevin.

"No pulse doc!" sabi nung nurse.

"Ready the defibrillators!" sabi nung doktor.


Binuksan nung mga nurse yung pang-itaas na damit ni Kevin.

Maya-maya lang, kinuha na nung doktor yung dalawang parang plantsa na ginagamit sa ospital para magrevive ng heartbeat ng pasyente.

"Ready! In one.. Two.. Three!" Doktor

Parang biglang nanigas yung katawan ko habang pinapanood ko kung paano tumaas yung katawan ni Kevin dahil na din sa electric shock na ibinibigay sa kanya nung machine.

"Again! In one.. Two.. Three!" Doktor




Nag-uunahang pumatak yung luha mula sa mga mata ko.

Hindi ko alam yung gagawin ko.

Gusto kong tumakbo at magsisisigaw.

Gusto ko ding lapitan si Kevin at sigawan siya hanggang sa makita ko muling dumilat yung mga mata niya.


*Babe.. Wag mo kong iiwan.. Please.. Mahal na mahal kita..*

Inulit muli nung doktor yung pagrevive ng heartbeat ni Kevin.

Maya-maya lang...

"B-Bakit tumigil sila? Teka, bakit inaalis na nila yung nasa bibig ni Kevin?!" natatarantang tanong ko.

"Declare the time of death." Doktor




"6:32 PM," sabi nung nurse habang nakatingin sa wristwatch niya.

"Time of death? Bakit binibigyan na nila ng time of death si Kevin?! HINDI PA SIYA PATAY!" Tumakbo ako papunta sa tabi ng kama ni Kevin.

Hinawakan ko siya sa magkabilang balikat at pinilit na gisingin.


"KEVIN PERILLO GUMISING KA! HINDI MO KO PWEDENG IWAN!" Tumutulo yung luha ko sa mukha niya.

At napakasakit isipin na hindi man lang siya nagrereact kahit kaunti man lang.

"BABE! ANO BA! GUMISING KA NA NGA DIYAN!"

"S-Sis.." Hinawakan ako sa balikat ni Luna.

Tumingin ako sa kanya ng puno ng luha ang mga mata. "Hindi pa siya patay sis di ba? Sabihin mo sakin na gigising pa siya.."




Nakita kong may tumulong luha sa mga mata ni Luna.

Pati sina Jessie, Rio, Justin, Kat at Sarah ay pare-parehong nakayuko.

"BAKIT KAYO NALULUNGKOT?! HINDI PA PATAY SI KEVIN! HINDI AKO IIWAN NG BABE KO!" Inakap ko si Kevin.

Kinagat ko yung labi ko para pigilan yung mga hikbi na kumakawala sa bibig ko..


Pero nabigo ako...

Hindi ko na din mapigilan pang mapahagulgol..

"B-Babe.. Monthsary n-natin ngayon.. Ang d-daya mo naman eh.. 46 months na sana tayo.. Iiwan mo n-nalang ba ko?" mahinang sabi ko habang patuloy sa pag-iyak.

Umalis ako sa pagkakayakap kay Kevin at hinagkan siya sa labi.

Tumulo yung luha ko dahil sa halik na yon.




Biglang nagflash sa isipan ko ang lahat ng masasayang alaala namin ni Kevin.

Yung kulitan.

Yung tawanan.

Yung asaran...


Ang sakit sa kalooban..

Hindi ko matanggap na wala na ang lalaking pinakamamahal ko..

Parang unti-unting hinihiwa yung puso ko sa twing makikita ko siya na hindi gumagalaw sa bawat pagyakap at paghalik ko sa kanya..

Parang ibinagsak sa paanan ko ang buong mundo..

*Kung alam ko lang na mangyayari to... Sana.. Wala na kong sinayang pa na panahon.. Sana... Ipinakita ko na sayo dati pa kung gano kita kamahal...*




"Mahal na mahal kita babe," mahinang sabi ko habang patuloy pa din sa pagtulo ang luha mula sa mga mata ko.

Hinawakan ko yung mukha niya..

Kabisadong kabisado ko na ang bawat detalye ng mukha niya.

Biglang kumirot yung puso ko..


Hindi ko na ba talaga makikita pang dumilat yung mga mata niya?

Hindi ko na ba makikita pa yung mga ngiti niya?

Hindi ko na ba maririnig pa yung boses niya?

Ang hirap isipin...

Ang sakit-sakit...




Hindi ko akalain na sa isang iglap lang, bigla nalang siyang mawawala sakin..

Yung taong pinakamamahal ko...

Yung taong laging nagpapangiti sakin..

Yung taong nagmahal sakin ng lubusan...

"I love you Kevin." Hinalikan ko ulit siya sa labi.

Naiinis ako.


Nagsisisi..

Dapat dati ko pa sinabi yung mga salita na to..

At hindi kung kailan huli na ang lahat...

## Chapter 16

**Steff**




I rolled the long stem of the white rose along my thumb and index finger.

I stood on the memorial's lawn, bowing my head and listening as the priest blessed a coffin.

"Let his memories remain in our hearts and may the Lord God embrace this man's soul for all eternity." The priest then sprinkled holy water on the white coffin as two people put him down slowly towards his last journey.


I looked at my right.

Luna was holding a white rose like I do. She wrinkled her nose and pinched the bridge of her nose.

"The family may now give their blessing and goodbye.." Priest

A woman which is about in mid-thirties was holding the hand of a girl which is about eight years old.

A tear fell on the woman's eyes as she and her daughter threw their roses towards his coffin.




Justin, Rio and Jessie stepped forward and threw their own roses. They were wearing black suit which made them look more handsome and formal.

I turned my head around and saw a mass of media pointing their cameras at us. They were not allowed to cover the burial for privacy and as requested by his family. But they were too nosy. They kept on taking pictures and videos outside the memorial's gate.

I frowned and turned my head back to the ceremony.


I felt someone grip my hands. I looked at the person beside me. "Let's go," he said in a low voice.

I nodded and we both stepped forward.

He threw his rose first. I breathed deeply before I threw mine.

He intertwined his fingers with mine.. My heart skipped when he did that little gesture of comfort.

Then the ceremony ended.




I walked away from the grave with this person beside me still holding my hand.

"You look so worried," he said.

I looked at him and smiled. "I'm just thinking about something.."

He stopped. "What is it?"


I breathed. I stepped closer to him and grabbed his other hand. I looked at our intertwined fingers... I smiled as I thought that they perfectly fit each other..

"I'm just thinking that.. It was too close.. I mean two weeks ago.. You could have had the same fate as what your manager had.." I said in a half-silent voice.

I felt him squeeze my hands.

He put his hand under my chin and looked at me directly in the eyes. "You know that I'll never leave you.."

Tears stung behind my eyes but none of them dared to fall.




I smiled.

I cupped my hands on both sides of his face and planted a kiss on his lips.

************ Two weeks ago **************

***His POV***


Darkness.

Unending and swirling darkness..

*Where am I?*

My voice echoed inside my head.

I tried to speak but no sound was coming out from my mouth.




It was as if all the sound was absorbed by the darkness.

I tried to step but I felt nothing underneath my bare feet.

*Am I dead?*

I touched my chest...

And felt nothing..


I ran..

Turned my head around.. Searching for a way out..

Then a voice bounced from the darkness.. Calling my name..

I turned around to find where the voice was coming from..

But...




Out of nowhere, a blinding light boomed from every direction.

My eyes automatically shut and my right arm covered them.

When I opened my eyes...

I saw a sea..


I stared down at my feet..

They were bare and under them was white sand.

But I wondered why I couldn't feel anything...

Once again... *where am I?*

I looked at the sky.. And smiled as I saw the clouds' funny forms..




This place looks like a paradise.

Blue, green, white and yellow all exist in harmony.

But I heard the voice again...

It was calling my name..

This time, I knew whose voice was calling me..


I felt something pounded against my chest..

My feet finally felt the rough sand under them..

"I love you Kevin."

At the same time the voice said that, rain poured from the sky, wetting everything under it.. Including me..

Then as fast as a blink of an eye, everything I could see crumpled like paper.




The vast ocean..

The beautiful white sand..

The soothing and refreshing moisture of rain..

They all vanished..


All I could feel was the softness behind my back..

The heat spreading along my entire body..

The small movement of my fingers..

The calm beating against my chest..

And the blurry figure of a girl in front of me as I opened my eyes slowly once again..




**Chapter 17**

**Steff**

TWO WEEKS AGO. GONZALES GENERAL HOSPITAL.

“Sis.” Hinawakan ako ni Luna sa magkabilang balikat. “Halika na.”


“Mauna na kayo sis. Ayokong iwan si babe..” Pinahiran ko yung luha na tumulo sa may pisngi ko.

“Sis..” Inakap ako ni Luna mula sa likuran.

Hindi ko pa din inaalis yung pagkakahawak ko sa kamay ni Kevin.

Kumirot yung puso ko.

Ang lamig ng kamay niya.




Kinagat ko yung labi ko.

*Ang daya mo naman babe.. Nang-iiwan ka..*

Then suddenly, I heard a continuous beeping sound.

“Huh? Ano yon?” Kumalas si Luna mula sa pagkakayakap sakin. Tumingin siya dun sa isang machine at...

“Tumawag kayo ng doktor!” sigaw ni Luna.


“Oh my God!” sabi ni Kat.

Agad namang tumakbo palabas sina Justin, Rio at Jessie para tumawag ng doktor.

Lumapit si Kat at Sarah sa tabi ko.

Napalingon ako kay Kevin.

Then I felt a gentle squeeze in my hand..




My heart skipped and fire shot along my entire body..

Nag-iinit yung katawan ko..

Ang bilis ng tibok ng puso ko...

May nararamdaman akong kakaiba sa dibdib ko na hindi ko maipaliwanag...


“Kevin?” I called his name.

Naka-fix lang sa kanya yung tingin ko.

*Naghihintay.*

Then the next thing I knew was that my heart almost dropped...

Nakita ko kung paano gumalaw yung bibig ni Kevin. At ang unti-unting pagdilat ng mga mata niya.




"Kevin!" sabi ni Luna.

"Babe!" May tumulong luha sa mga mata ko. Niyakap ko si Kevin. Ang saya-saya ko. Sobrang kasiyahan ang nadarama ng puso ko ngayon. Sa sobrang tuwa parang gusto ng sumabog ng dibdib ko.

Gusto kong magpapapadyak. Gusto kong sumigaw hanggang maubos yung boses ko sa pagpapasalamat sa Diyos na nakita kong muli ang paris ng mga matang ito.

"Babe," mahinang sabi ni Kevin.


Lalo akong napaiyak noong sinabi niya yon.

Biglang nabuhay ang lahat ng pag-asa ko.

Napakasaya.

Sobra.

“Mahal na mahal kita babe! I love you!” sabi ko sa kanya habang patuloy pa din sa pag-iyak at nakayakap sa kanya.




Naramdaman kong may kamay na pumatong sa ulo ko.

Hinaplos ni Kevin yung buhok ko. “Mahal na mahal din kita babe..”

His words are like music to my ears.

Parang biglang gumaan yung nararamdaman ko.


Napalitan ng sobrang kasiyahan ang lungkot at pangungulila na bumalot sa puso ko kanina.

Iniangat ko yung ulo ko at tinitigan siya sa mga mata.

“Huwag mo na ulit akong iiwan babe ah?” I sniffed.

Kevin brushed his thumb under my eye to wipe a tear.

My heart warmed up when I saw him smile.




"I never left babe."

Bigla akong nangiti sa sinabi niya.

Hindi ko na alam pa kung saan ko ilalagay yung kasiyahan na nadarama ko kaya I just leaned forward and planted a kiss on his lips.

It was a gentle kiss, but one full of love and gratefulness.

I stared at his eyes. His beautiful, dark brown eyes.

"Happy monthsary babe," I said.

He smiled at me. "Happy Monthsary din babe."

Nakarinig kami ng mga yapak.

Nakabalik na sina Justin, Jessie at Rio at may kasama na silang doktor at mga nurse.

Agad namang lumapit yung doktor kay Kevin at chineck yung pulso niya.

"It's a miracle," sabi nung doktor habang nakapatong yung dalawang daliri sa pulso ni Kevin. Ngumiti yung doktor at tumitig sakin. "Stable ang pulse niya."

Lahat kami sa kwarto napangiti.


"But still, we need to check Mr. Perillo's condition. He will remain in the ICU for further check-up," sabi nung doktor.

Pagkatapos non ay pinalabas muna kami ng doktor sa kwarto para daw mas matingnan niya ng maayos si Kevin. Sumunod naman kaming lahat at naghintay don sa labas.

"Ang saya-saya ko," I said to no one in particular.

"Dahil din yan sa faith mo sis at sa pagmamahal mo para kay Kevin," sabi ni Luna at hinawakan ang kamay ko.

"Bakit may sugat at pasa ka din sis katulad ni Jessie? Ano ba talaga nangyari? Bakit nabaril si babe?" sunud-sunod na tanong ko.




Napayuko si Luna. Huminga siya ng malalim at ikinuwento ang tungkol sa pagkidnap sa kanya ni TJ.

Parang biglang nag-alab ang galit ko para kay TJ. Napakawalangya niya! Gusto ko siyang patayin! Gusto ko siyang pagbayarin para sa pananakit sa mga kaibigan ko at pati na din sa paglagay sa buhay ni babe sa bingit ng kamatayan! >_____<

*riiing riiing riiing*


Napatingin kaming lahat kay Justin.

Kinuha niya yung cellphone niya at sinagot yung tawag.

"Hello? Mr. Dy? Opo, maayos na po yung kalagayan ni Kevin. Salamat po sa pag-aalala... Po? Ah sige po we shall deal with it. Thank you po." Pagkatapos ay pinutol na ni Justin yung tawag.

"Ano sabi ni manager?" tanong ni Rio.

"May media sa labas ng hospital. Nabalitaan kasi nila yung nangyari kay Kevin. Pinipigilan sila ng mga guard ng ospital ngayon. Pupunta daw si Mr. Dy dito mamaya para tingnan ang kalagayan ni Kevin," sabi ni Justin.




"Tsk, ang bilis talagang kumalat ng balita," sabi ni Jessie.

"It's normal. Lalo na ngayon at sikat na kayo." Sarah

"Magpapa-presscon daw si Mr. Dy. Kailangan nating pumuntang tatlo don para linawin ang lahat," sabi ni Justin kina Jessie at Rio.

"Anong oras?" Rio


"Tomorrow. 2 PM sa IVF Entertainment." Justin

Tumango sina Jessie at Rio.

"Kukuha muna ko ng gamit sa apartment. Sasama ka ba sis?" tanong sakin ni Luna.

Umiling ako. "Ikuha mo nalang ako ng damit."

Tumango naman si Luna. “Sige.”




“Hatid na kita,” alok ni Justin.

“Okay.” Luna

“Teka, okay ka na ba?” biglang sabi ni Jessie.

Nilingon ni Luna si Jessie at nginitian. “I’m fine.” At pagkatapos ay lumakad na paalis kasama si Justin.


Napatingin ako kay Jessie.

He’s still looking at Justin and Luna as they walked away.

My eyebrow raised a little.

I knew that look..

I've seen that several times three years ago..




Lalo na tuwing magkasama si Luna at Justin..

Hindi kaya...

I shook my head..

Hindi ko alam kung maniniwala ba ko sa instincts ko.

Pero patuloy pa din akong binababagabag ng isipan ko...


I looked at Jessie again.

I saw him sighed.

Bigla na namang nag-build up sa isipan ko yung thought na kanina ko pa pinagtatalunan..

Hindi kaya...

Unti-unti...




Without Jessie knowing it...

Bumabalik na yung nararamdaman niya para kay sis ko?

**Chapter 18**

**Luna**


*Click*

*Flash*

"Mr. Cuevo ano pong masasabi niyo?"

"Ano na po ba ang lagay ni Mr. Perillo?"

"Can you give us a brief sentence Mr. Cuevo?"




"Are the rumors true that Kevin is dead?"

"Sino po iyang kasama ninyo?"

Sumasakit na ang tenga ko dahil sa sabay-sabay na tanong ng mga reporters.

*blag*


May nakatabig sakin.

Maya-maya lang ay naramdaman ko na may braso na pumulupot sa katawan ko.

"Excuse me," sabi ni Justin sa mga reporter.

Palabas kami ng entrance sa ospital. Kaso hindi naman kami makadaan ng maayos kasi napakadaming reporters na gustong makakuha ng statement mula kay Justin.

Nakayakap sakin yung isang braso ni Justin habang dumadaan kami.




"What can you say Mr. Cuevo?" Reporter #1

"Ano po ang balita kay Mr. Perillo?" Reporter #2

*click*

*flash*

*blag*

Napayuko akong lalo at napapikit. Nasisilaw ako sa bawat flash ng camera.

"Hindi ko muna masasagot yang mga tanong niyo. Magpapa-presscon kami tomorrow afternoon sa IVF Entertainment." Justin

"Kahit isang statement lang Mr. Cuevo."

"Ano na po ang kalagayan ni Mr. Perillo?"

Napakunot ang noo ko.

*Ang kukulit nila. Grabe.*

Pagkatapos ng ilang minuto, narating na din namin yung kotse ni Justin.

Isinakay niya ko sa passenger's seat at pagkatapos ay umikot para pumunta sa driver's seat.

Siguro mga two minutes ang nakalipas bago siya nakapasok ng kotse. Hinaharang kasi siya ng mga makukulit na reporter. Hindi ba sila makaintindi? Ano ba sa salitang "HINDI PWEDE" ang hindi nila maintindihan?


Pagkapasok ni Justin ng kotse, agad niyang pinaandar iyon.

May mga guard na humaharang sa reporters para makadaan ng maayos yung kotse.

At noong nasa daan na kami, noon ko palang nakitang nagbuntung-hininga si Justin.

"Ang hirap maging sikat," biro ko sa kanya.

Niluwagan niya yung kwelyo ng polo niya.




"Ang hirap maging gwapo." Ngumiti siya.

Natawa ko. "Hindi ka pa din nagbabago."

Tumingin siya sakin habang may ngiting humuhulma sa mga labi niya. "Pano mo naman nasabi?"

"Mapagbiro ka pa din." Ngumiti ako sa kanya.


Tumingin na siya sa daan.

"Siguro tama ka.. Marahil sa loob ng tatlong taon, hindi nga ako nagbago." Justin

Unti-unting nawala yung ngiti ko.

Hindi naman seryoso yung mukha niya habang sinasabi niya yon. Dahil may kaunting ngiti pa rin namang masisilayan sa labi niya.

Pero...




“Justin.”

“Hmm?” sabi niya habang nakatingin pa din sa daan.

Yumuko ako at nilaro yung mga daliri ko na nakapatong sa hita ko.

“Uhm.. May tatanong ako sayo.. Pero, wag kang magagalit ah?” sabi ko sa kanya.


“Sige, ano ba yon?” Justin

Bigla akong kinabahan. Huminga muna ako ng malalim...

“Naghintay ka ba?”

Napatingin siya sakin.

"Ha?" Justin




Napakagat ako sa labi ko.

"I mean... Hinintay mo ba ko?"

Pagkasabing-pagkasabi ko non, parang biglang may kumislot sa loob ng dibdib ko. Feeling ko din medyo nag-init yung mukha ko.

Expected ko na hindi niya ko sasagutin, o kaya ay tatahimik nalang siya.

Pero sabi nga nila...


*Expect the unexpected.*

Dahil kaysa maging awkward yung reaction niya, narinig ko yung pagtawa niya ng mahina.

Napatingin ako sa kanya.

( * //// * )

Ang gwapong ngumiti. ( * ___ * )




*sparkles sparkles sparkles*

Waaaaaahhhh! Bakit ang gwapo niya pa din? Three years na ang nakalipas pero parang wala man lang bakas ng pagtanda na makikita sa kanya? Bakit parang mas lalo ata siyang gumwapo? Tao ba siya? Ow em.. Amazing.. ( * 0 * )

“Bakit naman bigla mong natanong yan?” ^_____^ Justin, sabay tingin sakin.


“B-Bakit? M-Masama ba?” Iwas tingin naman ako. >____>

“Bakit umiiwas ka ng tingin?” Justin

“H-Ha? Hindi naman ah?” Kinuha ko yung cellphone sa bulsa ko at nagpipipindot nalang sa keypad. “Nagtetext kasi ako.

Nakita ko mula sa gilid ng mata ko na mas lumapad yung ngiti niya at napapailing pa. “Tss. Halata namang umiiwas ka eh.” Justin ^____^

Tumingin ako sa kanya. “Pano mo nasabi?”




Ngumuso siya sa cellphone ko at pagkatapos ay nakangiting humarap sa daan.

Tiningnan ko yung cellphone ko. ( o _ o )

Psh.. ( _ _ “)

Lowbat. ( = ___ = )


Ang eng engs ko na naman. Black na black yung screen tapos pindot pa din ako ng pindot sa keypad, kunwaring nagtetext pero halata naman pala ni Justin. Haayy, mukha siguro kong tanga. ( _ _ “)a

Ipinamulsa ko nalang ulit yung cellphone ko.

Pahamak eh. ( = ____ = )

“Mahal mo pa rin ba si Jessie?” Justin

Napatingin ako sa kanya kasi bigla nalang siyang nagsalita.




"Ha?"

"Wala. Kalimutan mo na yung sinabi ko." Justin

"Psh, pano ko kakalimutan ang isang bagay na hindi ko naman narinig." ( = __ = )

Natawa si Justin at ginusot yung buhok sa ulo ko.

"Waaah! Justin ano ba!" Angal ko habang inaayos yung buhok ko.


"Haha! Ang kulit mo pa din. Hindi ka din naman nagbago katulad ko." Justin ^____^

Napangiti ako sa sinabi niya.

Mula nang dumating ako dito sa Pilipinas, hindi ko pa nakakausap ng sarilinan si Justin.

Ito siguro yung unang beses na nakapag-usap kami ng katulad ng dati after three years.

“Pero I’ll answer your question.” Justin




Napatingin ako sa kanya.

Mula sa pagkakatuon ng atensyon niya sa daan, bumaling yung tingin niya sakin.

I saw seriousness in his eyes..


But then, I saw a thin smile curving the edges of his lips..

Which made my stomach flutter when he said..

“Yes.. All this time... I’ve waited for you.” Justin

## Chapter 19

**Steff**




"Babe?" -_____-

"Yes babe?" Kevin ^____^

"Ang daya mo." =______=

"Haha! Ano bang madaya?" ( ^ o ^ ) Kevin, sabay tingin sa binunot na baraha mula sakin.


"YES! Haha! Panalo ko! Wooh!" ( ^ 0 ^ )/ Itinapon ni Kevin sa lap niya yung ace of hearts at ace of diamonds.

Napatingin ako sa isang baraha sa kamay ko.

Queen of Spades.

Ibinigay ni Kevin sakin yung isang baraha na itinago namin kanina.

“Queen of Hearts. Haha, ikaw ang unggoy babe!” Kevin ( ^ 0 ^ )




Napakamot nalang ako sa ulo ko.

Kahit kailan talaga hindi na ko nanalo sa abnormal na to. ( _ _ “)a

“Guys stop na yang unggoy ungguyan niyo, matulog na tayo, pagpahingahin muna natin si Kevin,” Kat.

“Tama si Kat.. Sis, bukas niyo na ipagpatuloy ni Kevin yan.” Luna


Napatingin ako sa kanya.

Nakaupo siya sa kabilang couch katabi si Justin. Sina Jessie naman nasa isang couch pa at katabi si Kat. Si Sarah naman umuwi na kahit na pinipilit ni Rio na magpa-check up muna pero syempre, hindi naman siya napigilan ni Rio. Kung kaya’t hinatid nalang niya si Sarah pauwi.

“Dito nalang kami ni Jessie sa sofa.” Kat

Nakita kong parang medyo umiwas ng tingin si Luna.

Medyo kumunot yung noo ko.




"Eh pano naman si Rio? San siya matutulog?" medyo mataray na sabi ko kay Kat.

"Okay na ko dito sa upuan." Rio

Napatingin kaming lahat sa kanya.

"Sure ka? Makakatulog ka ba dyan pare?" Justin


Ngumiti samin si Rio.

"Oo naman! Ako pa?" sabi ni Rio at nagpeace sign samin.

Nangiti naman kaming lahat.

"Babe! Halika tabi tayo dito sa kama." Kevin ( ^ 0 ^ )

"Che! Ano ko, sira?" ( > ___< )




"Aist, si babe naman eh.." Kevin ( > 3 < )

( *____* )

"Babe?"

"Hmm?" Kevin

"Nagpout ka ba?" ( *_____*)


"Ha? Oo, bakit?" nagtatakang tanong ni Kevin.

Inilapit ko yung mukha ko sa kanya at ngumiti ng malapad. "Ang cute mong magpout..." (*^ __ ^*)

Nakita kong namula ng bahagya yung pisngi ni Kevin.

"Waaahh! Si babe ko nagba-blush!" \( ^ 0 ^ )/

Hinawakan ko yung magkabilang pisngi niya at kinurot yon.




“Aray! Babe naman!” Kevin

“Ang cute mo babe! Ang cute cute mo! Gusto kitang ipamulsa!” *( ^ 0 ^ )*

“Aray! Oh! Ang sakit! Tama na babe! Aray!” Kevin

“Haha ano ka ba Kebs, nanlalambing lang naman yang babe mo eh.” Jessie


Tinigilan ko na yung pagkurot sa kanya at ngumiti. “Sige na nga tatabi na ko sayo, nacute-an naman ako sayo kanina eh.” (*^ ___ ^*)

Nakita kong unti-unting ngumiti si Kevin. “Talaga? Yes! Tabi kami ng babe ko!” ( ^ 0 ^ )/

Humiga ako sa tabi niya. Umunan ako sa braso niya habang yung isang braso pa niya ay nakayakap sakin.

“Babe wag mo naman akong lingkisin,” angal ko. ( > __ < )

“Ang sarap mong yakapin babe. Ang lambot.” Kevin ^____^




“Hoy anong ibig sabihin mo? Mataba ako, ganon?” ( -___- )++

“Hindi.. Basta ang sarap mo lang yakapin.” Kevin ^___^

Napangiti ako sa sinabi niya.

Parang kanina lang, ang akala ko hindi ko na mararamdaman pa yung higpit ng pagyakap sakin ni Kevin.


“Babe?” Kevin

Napatingala ako para tingnan siya. “Hmm?”

“Ilang baby ba gusto mo?” Kevin ^____^

O______O

Nakita kong napatingin samin ni Kevin silang lahat.




Feeling ko namula yung mukha ko dahil sa sinabi niya.

Hinampas ko siya sa dibdib.

"Babe naman! Nakakahiya ka!" ( > //// < )

"Aray! Si babe naman kung makahampas parang hindi ako nag 50/50 kanina ah?" Kevin

"Ay.." Niyakap ko nalang siya at hinalikan sa pisngi. "Sorry babe."


"Naks! Ang sweet! Pinuputakte na!" Rio, sabay tawa.

"Naku, matulog na nga tayo! Haha, 1 AM na. Tutal hindi na rin naman makakapunta si Mr. Dy." Justin

Pinatay na ni Rio yung ilaw. Sinindihan namin yung ilaw sa banyo at iniwang nakabukas yung pintuan para naman hindi masyadong madilim sa loob ng kwarto.

## Chapter 20

**Luna**




Sa kabilang banda ako ng sofa naka-ulo habang si Justin ay sa nasa kabila naman. Malaki naman yung sofa kaya kasya kaming dalawa.

Komportable ako sa posisyon ko... Ang ikinaiilang ko lang ay...

*tingin*

Biglang parang may kumirot sa loob ng dibdib ko.


Magkatabi si Jessie at Kat sa kabilang sofa. Nasa harapan si Kat habang nasa likod niya si Jessie...

Nakayakap.

Umiwas ako ng tingin at napabuntong hininga na lamang.

Siguro mga 2:30 AM na pero hindi pa din ako dinadalaw ng antok.

Nakakainis talaga! Bakit ba hindi ako makatulog sa ibang lugar? Lagi nalang.. Psh.. ( > 3 < )




"Can't sleep again?"

Pagtingin ko sa may paanan ko, nakita ko si Justin na nakaupo at nakatingin sakin.

Hindi ko masyadong maaninag yung mukha niya kasi madilim pero masasabi ko na nakaharap yung mukha niya sa direksyon ko.

Umupo ako at inayos yung buhok ko.

"Yup," mahinang sabi ko.

"Bakit?" Justin

Mas inilapit ko yung jacket sa katawan ko. Ang ginaw. Magdamag kasing nakabukas yung aircon. Parang nagyeyelo na nga yung mga paa ko sa loob ng medyas.

"Hindi kasi ako sanay matulog sa ibang lugar. Naninibago ako," sabi ko.

"Gusto mo ba patulugin kita?" Justin

Bigla akong napatingin sa kanya. "Ano?"

"Sabi ko gusto mo bang patulugin kita?" pag-uulit ni Justin.

Ewan ko, pero feeling ko biglang namula yung pisngi ko. Para kasing iba yung dating nung pagkakasabi niya sakin non.

Ngumiti nalang ako. "Tss. Joker ka talaga.."


"Hindi ako nagbibiro. Patutulugin nga talaga kita." Justin

Natawa ako ng mahina. Para kasing nakakatawa kung iisipin mo yung sinasabi ni Justin.

"Sige nga? Pano?" sabi ko sa kanya.

Naramdaman ko yung pag-usog niya palapit sakin. Idinantay ni Justin yung braso niya sa may likuran ko, sa taas ng sandalan ng sofa.

Napatingin ako sa kanya.




Ang lapit-lapit namin sa isa't isa. Parang medyo nakakailang tuloy.

"Sandal ka." Justin

"Ha?" tanong ko.

"Sandal mo yung ulo mo sa balikat ko." Justin

Biglang tumalon yung puso ko.


"B-Bakit?"

"Tss, ang tanong naman.." Justin

( > 3 < )

"Ang sungit mo naman," sabi ko sa kanya.

"Hindi, cute lang." Justin




Natawa ko ng mahina sa sinabi niya. "Yabang ah.. Confident sa itsura? Haha."

"Naku matulog ka na nga!" Justin

Isinandal ni Justin yung ulo ko sa balikat niya.

Nagulat pa nga ako dahil hindi ko expected na siya mismo yung magsasandal ng ulo ko sa balikat niya.

"Matulog ka na... Kakantahan kita." Justin

Parang may something na nag-wave sa tiyan ko. Stomach butterflies?

Maya-maya lang, narinig ko nang kumanta si Justin ng mahina...

"*When I see your smile*

*Tears run down my face*

*I can't replace"*





Grabe, ang ganda talaga ng boses ni Justin...

*"And now that I'm stronger I've figured out*
*How this world turns cold*
*And breaks through my soul*
*And I know, I'll find deep inside me*
*I can be the one*
*I will never let you fall*
*I'll stand up with you forever*
*I'll be there for you through it all*
*Even if saving you sends me to Heaven"*

Naramdaman ko yung kamay ni Justin sa may balikat ko. Parang inaakap niya ko. Pinapalapit ng mas mabuti sa kanya. Inayos ko yung pagkakasandal ng ulo ko sa balikat niya. Unti-unti, dinadalaw na ko ng antok.

*"Cause you're my, you're my, my*
*My true love, my whole heart*
*Please don't throw that away*
*Cause I'm here for you*
*Please don't walk away*
*And please tell me, you'll stay, stay"*

Pumikit ako. Ramdam ko pa din yung marahan na paghimas ni Justin sa balikat ko. Nakakaantok. Parang hinehele niya ko.




*"Use me as you will*
*Pull my strings just for a thrill*
*And I know, I'll be okay*
*Though my skies are turning gray*
*I will never let you fall*
*I'll stand up with you forever*
*I'll be there for you through it all*
*Even if saving you sends me to Heaven"*


Naramdaman ko yung kamay ni Justin sa may noo ko, hinahawi ang ibang hibla ng buhok na tumatakip sa mukha ko.

*"I will never let you fall*
*I'll stand up with you forever*
*I'll be there for you through it all*
*Even if saving you sends me to Heaven"*

Tuluyan nang bumagsak yung katawan ko.

"I love you Luna.. Sleep well."

At naramdaman ko yung pagdampi ng labi niya sa ulo ko.




Pero hindi na ko nakapagsalita pa o kaya'y nakagalaw sapagkat tuluyan nang kinain ng dilim ang paningin ko.

**Chapter 21**

**Sarah**


"I want to have a news about him. And that's FINAL."

Ibinato ni Mr. Lozada yung report paper ko sa office table niya. Kinuha niya yung tabako at humitit ng kaunti.

Napangiwi ako. For two reasons... Una, ang baho nung usok na nanggagaling mula sa tabako niya at ikawala, napakakulit ng taong ito.

"I told you Mr. Lozada, hindi ko magagawa yung pinagagawa niyo. And that's also FINAL." Lumapit ako sa office table niya at kinuha yung written report ko o article para sa newspaper company kung saan ako nagsa-sideline.

"So, Ms. Vernon... Is that a word of resignation?" matapang yung boses ni Mr. Lozada. Mga nasa forties na siguro siya.




"If that's what you think," I said.

Natawa ng mahina si Mr. Lozada. Ikiniskis niya yung dulo ng tabako sa ash tray.

"Yan ang gusto ko sayo. Palaban ka. Hindi ako nagkamali ng pagpili sayo." Mr. Lozada

Napataas yung kilay ko.


Ipinatong niya yung magkabilang siko sa table. Pinagdaop niya yung mga kamay niya at ipinatong doon ang baba habang nakatingin sa akin ng may kakaibang ngiting naglalaro sa mga labi niya.

"I still won't drop the article." Mr. Lozada

Inis akong nagbuntung-hininga. "Ano ba Mr. Lozada! Sabi ko naman na hindi ko–"

"You'll do it. Whether you like it or not." Mr. Lozada

Kumunot yung noo ko.



"Hindi mo hawak ang buhay ko kaya wala kang karapatang sabihin kung ano ang gagawin ko o hindi," matapang na tugon ko.

"I'll pay you big time." Mr. Lozada

"I don't care about your stupid money." Kinuha ko yung bag ko sa may upuan at akmang aalis na sa loob ng office.


"Wag mong idamay ang sariling damdamin sa trabaho." Mr. Lozada

Napahinto ako sa paglalakad. Lumingon ako sa kanya at ngumisi. "Look who's talking. Hindi ba't kaya mo sakin pinapagawa yon ay dahil na din sa sariling damdamin mo?"

"I know. But I'm the BOSS. And you're just my JOURNALIST." Ipinagdiinan ni Mr. Lozada yung bawat salitang sinasabi niya.

"Not anymore. Cause I resign." Tumalikod muli ako sa kanya at hinawakan yung doorknob.

"You'll regret this someday Ms. Vernon. Alam kong dadating yung panahon na pasasalamatan mo ko at inalok ko sayo yung trabahong ito. But don't worry, because my office is always open for you. If ever you change your mind.." Sumandal si Mr. Lozada sa black office chair niya at ngumiti sakin.




"Say that to my ass b1tch. That will never happen." Inikot ko yung knob at tuluyan nang lumayas sa pesteng lungga nung lalaking yon.

***Jessie's POV***

Ako ang unang nagising saming lahat.


Siguro sobrang napuyat talaga sila kagabi. Dahan-dahan akong umupo para hindi magising si Kat. Pero nagulat ako nang biglang may kamay na humawak sa kamay ko.

"Aga mong nagising.." mahinang sabi ni Kat habang nakapikit pa din ang mga mata.

"Kanina ka pa ba gising?" tanong ko.

Umiling si Kat. "Hindi, naramdaman lang kitang gumalaw sa tabi ko. Naalimpungatan ako."

Napangiti ako. "Lakas naman ng pakiramdam.."




Nakita kong ngumiti si Kat at maya-maya lang ay umupo na din. Nag-inat siya. "Good morning honey," sabi niya sabay halik sa pisngi ko.

"Good morning," sabi ko habang nakangiti.

Sabay kaming pumunta ni Kat sa banyo upang magmumog at mag-toothbrush.

Paglabas ko sa banyo, nadako yung tingin ko kina Kevin at Steff. Nangiti ako.


Nakakatuwa silang tingnan. Nakayakap si Steff kay Kevin habang nakaunan siya sa braso niya.

Nadako din yung tingin ko sa kabilang sofa.

Nakita ko si Luna na nakaulo sa isang side ng sofa habang si Justin ay sa kabila naman.

Bigla akong may naalala noong makita ko si Luna.

Mayroong isang tanong na bumabagabag sa isipan ko...




Pagkalabas ni Kat sa CR ay nagpasya kaming kumain sa mini-stop malapit sa ospital.

Nagsuot ako ng shades at itinaas yung hood ng brown jacket ko. Si Kat din nagshades. Kilala kasi siya ng mga tao dahil girlfriend ko siya. Saka nag model na din siya para sa isang sikat na clothing line kaya pamilyar na din yung mukha niya para sa mga tao.

Nakalabas naman kami ng ospital ng matiwasay.

Tumawid kami ng kalsada at pumasok sa mini-stop.


“Ano gusto mo?” Kat

“Burger lang.”

Umorder si Kat ng pagkain habang ako ay humanap na ng seat namin.

Maya-maya lang, lumapit na din si Kat sakin na may dalang tray. Umupo siya sa tabi ko at inilagay sa harapan ko yung isang cheeseburger.

Inalis ko yung wrapper at kinagatan yon.




Si Kat naman sumubo ng spaghetti niya.

"Kat?"

Nagpahid siya ng tissue sa bibig niya. "Hmm?"

Napatingin ako sa cheeseburger ko. "May gusto sana akong itanong..."


"Ano yun?"

Huminga ako ng malalim.

"Bestfriend ko lang ba talaga si Luna dati?"

Hindi ko makita yung mata niya pero alam ko na nagulat siya sa tinanong ko dahil medyo napanganga siya.

“May nagsabi kasi sakin na... Girlfriend ko daw siya?” dugtong ko.




“Sino naman nagsabi sayo niyan?” Tumingin si Kat sa spaghetti niya at nilaro-laro yung pasta.

“Yung kumidnap kay Luna..” sabi ko. “TJ ang pangalan niya.”

“Naniwala ka ba?” Kat

“Ha?”

Tumingin siya sakin. “Naniwala ka ba sa sinabi niya sayo?”

Napaiwas ako ng tingin. “Hindi ko alam... Naguguluhan ako..”

*creak*

Nakarinig ako ng pag-atras ng upuan.

Tumingin ako kay Kat na nakatayo na ngayon sa tabi ko.

Kinuha ni Kat yung bag niya na nakapatong sa may table.

“San ka pupunta? Hindi pa ubos yung spaghetti mo,” sabi ko sa kanya.

Isinukbit niya yung shoulder bag sa balikat niya. “I’m not hungry.. Uuwi muna ko, may nakalimutan kasi ako.”

Pinanood ko siyang itulak yung glass door at lumakad palayo.

Tumingin ako sa cheeseburger na nakalagay sa parehong kamay ko.


*sigh*

Kumagat nalang ulit ako.

Ano ba problema ni Kat?

Bakit ganon nalang naging reaction niya?

Hindi kaya... may tinatago siya sakin?




Sino ba talaga si Luna?

Bakit twing nakikita ko siya, parang may kakaiba akong nararamdaman.


Ganun ba siya naging kalapit sakin dati?

Kasi kung hindi...

Hindi naman guguluhin nung puso ko yung isipan ko tungkol sa isang tao na hindi ko naman matandaan.

## Chapter 22

**Luna**




"Sis bilisan mo!" sigaw ni Steff.

"Oo sis teka lang naman!" mabulul-bulol kong sabi.

"Dalian mo namang mag-toothbrush! Kanina ka pa dyan baka mabungal ka na!" Steff

Psh. Kapapasok ko pa nga lang sa banyo eh... TT____TT

"NAKO DALI SIS AYAN NA YUNG PC!" Steff

Minadali ko yung pagto-toothbrush. Kinuha ko yung baso ng tubig at nagmumog. Pinunasan ko yung kamay at bibig ko ng towel at saka lumabas ng banyo.

Magkatabing nakaupo sina Steff at Kevin sa kama at tutok na tutok sa TV.

Pagtingin ko sa TV, nakita kong papaupo na sina Justin, Rio at Jessie sa likod ng isang mahabang table.

Ngumiti sila at nagbow sa camera. Lahat sila ay nakasuot ng formal black suit.

Umupo ako don sa may sofa at muling itinuon ang atensyon sa TV.

Ngayon ang pressconference na ipinangako ng PC para sa media.

Tumahimik ang paligid. May tumayong isang reporter at lumapit sa mic na nakalagay sa may gitna.


"Good afternoon. This question is for Mr. Wright... Kamusta na po ang kalagayan ni Mr. Perillo?" Reporter #1

Kinuha ni Jessie yung mic na nakapatong sa table at nagsalita.

"Good afternoon.. He's fine. Sa awa ng Diyos, naka-recover naman siya. And thankful din kaming lahat sa mga fans na nagsend ng get-well-soon messages kay Kevin and to all the prayers." Jessie

"Gaano pa siya katagal mananatili sa ospital?" Reporter #1

"Well maybe two weeks? I don't know. Siguro kapag sinabi na ng doktor." Jessie




"Thank you Mr. Wright." Umupo na yung reporter #1.

Umupo na din si Jessie at muling ibinaba yung mic sa table.

May tumayong isang matabang reporter at nagsalita sa mic.

"This question is for Mr. Lee.. Maraming nagtatanong kung ano ba talaga ang totoong nangyari. Bakit po ba nabaril si Mr. Perillo?" Reporter #2


Tumayo si Rio at itinaas yung mic para magsalita.

"We were inside our shuttle. Nakaparada kami sa tapat ng isang abandonadong factory. Then one of my friends went out to buy a drink. Pero noong pabalik na siya, nakita ni Kevin na parang may mga lalaking sumusunod dun sa kaibigan namin..." Rio

Napataas yung kilay ko.

"Sabi na nga ba.." Napatingin kami ni Steff kay Kevin.

"Sabi na nga ba at hindi nila sasabihin ang totoo.." pagpapatuloy ni Kevin.




"Bakit naman babe?" tanong ni Steff.

"Utos yan ng IVF Entertainment. Hindi naman kasi pwedeng sabihin na pumunta kami para iligtas si Luna. At lalong hindi pwedeng sabihin na nakipagsuntukan kami at humawak ako ng baril. Sikat ang Pepperoni Cheese. Madaming magiging spekulasyon at baka makasira pa yon sa career namin.." Nagbuntong-hininga si Kevin.


Tumingin muli ako sa TV. Nagsasalita pa din si Rio.

"Bumaba si Kevin sa shuttle at sinundan namin siya. Pero nung makita kami ng mga lalaki na papalapit sa kanila, bigla nalang humugot ng baril yung isang lalaki at binaril si Kevin." Napahinga ng malalim si Rio. "Tumakbo yung mga lalaki at hindi na namin sila nahabol pa dahil na din sa kalagayan ni Kevin.."

Grabe, ganon ba talaga kapag sikat? Wala nang kalayaan sa mga gustong sabihin at gustong gawin? Parang laging may tali na kumokontrol sayo kung ano ang dapat mong gawin?

"Thank you Mr. Lee.." Bumalik na sa upuan niya yung matabang reporter.

Umupo na din si Rio. Napansin kong parang hindi siya kumportable. Gusto niya sigurong sabihin kung ano ang totoo pero hindi niya magawa.




Ipinatong ni Justin yung kamay niya sa balikat ni Rio at ngumiti.

"Mr. Cuevo.." Reporter #3

Napatingin si Justin dun sa reporter na babae.

"This question is for you." Reporter #3

Kinuha ni Justin yung mic at tumayo. Ngumiti siya sa reporter. "What is your question?"

"Sino po yung babaeng kasama niyo noong palabas kayo ng ospital?" Reporter #3

Biglang nawala yung ngiti sa bibig ni Justin.

Nagkaroon ng ingay sa loob ng conference room.

"Oo nga po Mr. Cuevo.. Sino po yung babaeng kasama ninyo?" sabi nung isang reporter.

"Kalat na po sa internet yung picture ninyong yakap-yakap siya habang papaalis kayo ng ospital," dagdag pa ng isang reporter.

"Girlfriend niyo po ba siya?"

"Nag-aaral pa po ba siya?"

"Ano pong pangalan niya?"


Napahinga nalang ako ng malalim habang patuloy pa din sa sabay-sabay na pagsasalita yung mga reporter dun sa TV.

"Excuse me, silence please. Hayaan po nating makapagsalita muna si Justin," sabi ni Mr. Dy, yung manager ng PC.

Tumahimik naman yung mga tao sa conference room.

Patuloy pa din sa pagkuha ng litrato yung photographers.

Napansin kong parang medyo naiilang si Justin.




Nag-aalangan siguro siya kung sasabihin ba niya na ako yung kasama niya nung oras na yon.

“So Mr. Cuevo.. Sino po ba yung babae na yon?” ulit nung babaeng reporter.

Nakatingin sina Rio at Jessie kay Justin, hinihintay kung ano yung sasabihin niya.

Nalilito pa din yung itsura ni Justin.

Inilapit niya yung mic sa bibig niya.


“She’s my...” umpisa ni Justin.

Napahinga ako ng malalim.

Lumakas yung tibok ng puso ko.

Parang kinakabahan ako.

“She’s my...” Hindi ko alam, pero parang nakita kong sumarado yung kamay ni Justin sa tagiliran niya.




Humigpit yung pagkakahawak niya sa mic.

At napanganga ako ng sinabi niyang...

“She’s my girlfriend.”


***Justin’s POV***

“Nice job.” Kinamayan ako ni Mr. Dy pagkatapos niyang kamayan sina Rio at Jessie.

“Mabuti at hindi ninyo sinuway yung utos ng mga nakatataas,” dugtong pa niya.

“Do we have a choice?” Jessie

Tinapik nalang ni Mr. Sy si Jessie sa balikat at saka lumakad palabas ng dressing room.




Napaupo nalang ako sa sofa.

"Inutos ba sayo na gawin yon?"

Napatingin ako kay Jessie. "Anong ibig mong sabihin?"


Sumandal siya sa pader at tumingin sakin. "Inutos ba sayo na... Na sabihing girlfriend mo si Luna?"

Napabuntung-hininga ako.

"Yes," sagot ko.

"Eh bakit parang nabigla ka pa kanina? Hindi mo ba alam na itatanong sayo yon?" sabi ni Rio habang nakaupo sa isang silya.

"Hindi naman sa ganon.. Pero..." Umiling ako. "Hindi ko lang alam kung susundin ko ba yung iniutos sakin o hindi."




Napatingin silang dalawa sakin.

"Tama lang yung ginawa mo. Alam mo namang hindi mo pwedeng suwayin ang utos ng presidente." Rio

"Alam ko.." sagot ko.

"So pano na yan? Official na kayo ni Luna. Mapapasubo kayo sa pagpapanggap niyan." Rio


Inihilamos ko yung kamay ko sa mukha ko. "That's what I'm worried about. Nakasali kasi si Luna sa gulong ito. Siguradong nabigla siya.."

"Pero nagtataka lang ako pare.." Tinitigan ako ni Rio. "Bakit nagdalawang-isip ka na sabihing girlfriend mo si Luna?"

Hinintay ni Rio yung sagot ko.

Tumingin ako kay Jessie.

Nakatingin din siya sakin.




"Because I don't want to have Luna this way," sabi ko.

Tumaas yung kilay ni Rio. "Anong ibig mong sabihin?"

Tumayo ako at tiningnan silang dalawa.

Siguro unti-unti na ngang nawawala yung pag-aalinlangan sa puso ko.

Noong bumalik si Luna galing America, lumayo muna ako sa kanya. Binigyan ko sila ng puwang ni Jessie. Pero sa nakikita ko ngayon, kailangan ni Luna ng isang taong laging sasama sa kanya.

Isang taong magpapasaya sa kanya..

Magpapangiti.

Magmamahal.

Nagbakasakali ako na magkakabalikan silang dalawa. Alam ko kasing iyon ang mas gusto ni Luna at doon siya sasaya.

Tinitigan ko si Jessie.

Biglang bumalik sa isipan ko yung pangako ko sa sarili ko noong ipinaubaya ko si Luna kay Jessie three years ago..

*Don't let her to be sad. Don't make her cry, or else..*


*Or else I swear to God that I'll never let you have her again..*

"Justin," sabi ni Jessie habang nakatingin sa mga mata ko.

Siguro nakikita niya yung desperation sakin. Pero hindi niya alam kung saan ba nanggagaling yung desperation na yon at kung bakit tinititigan ko siya ng ganito.

Hindi niya naaalala yung mga sakit na binigay niya kay Luna dati.

Wala siyang alam kung gaano kahirap para sa aking tanggapin na mas masaya yung babaeng mahal ko na kasama yung kaibigan ko.




But that was three years ago..

And maybe that time is long enough to make a change.

Kaya naman hindi ko inalis yung titig ko kay Jessie noong sinabi kong, "I want to court her. I want Luna to be mine with her consent.."

**Chapter 23**


**Luna**

Lumalakad ako sa hallway ng Westmore Academy. Papunta sa classroom ko.

Napatingin ako sa kanan.

"Siya ba talaga yon?"

"Yung babaeng kasama ni Justin?"




"Hindi naman pala kagandahan.."

Tumingin ako sa kaliwa.

"Hindi talaga sila bagay."

"Maganda pa ko sa kanya."


"Siguro social-climber nga siya."

Yumuko nalang ako at napa-buntung hininga.

Iba't ibang reaksyon ang naging dulot ng sinabi ni Justin. Alam ko, utos yon ng kompanya niya, sinabi na niya sakin yon, nag-sorry siya at naiintindihan ko naman siya.

Kaso parang nakakailang naman na maging bukambibig ng bawat estudyante sa school.

Isang linggo na ang nakakalipas simula nung maospital si Kevin. Nakalabas na siya sa ospital at maayos na din ang kalagayan niya.




At Isang linggo na din akong pinag-uusapan ng buong school.

Tss.. Nakakasawa na...

Nung binuksan ko yung pintuan ng classroom...

*silence*


Natingin sakin yung mga estudyante na kanina lamang ay masayang nag-uusap.

Umakyat ako at humanap ng bakanteng upuan. Hindi ko nalang pinansin yung bigat ng titig nila sa akin.

"Dito ka nalang."

Napatingin ako sa babaeng nakaupo sa kanan ko.

May hawak siyang libro at doon nakatuon yung atensyon niya.




"If you don't want then fine.." simple niyang sabi.

Huminga ko ng malalim at inilagay nalang yung bag ko sa table at saka umupo sa tabi niya.

"Hindi ko alam na magkaklase pala tayo," sabi ko.

Inilipat ni Sarah yung page ng libro. "Since high school you know that I love writing."


"I know."

"Ikaw, bakit Creative Writing yung kinuha mo?" tanong niya habang patuloy pa din sa pagbabasa.

Nag-shrug ako. "I don't know.. Siguro kasi.. Nagustuhan ko yung pagsusulat sa diary ko noong nasa America pa ko?"

"Ahh.." matamlay niyang sabi.

Maybe ito yung first time na nakausap ko si Sarah ng masinsinan. Nagbago na kaya siya sa tatlong taong lumipas? Feeling ko kasi parang... Parang hindi na siya ganon kasama sa akin.




Bumukas yung pintuan ng classroom.

Pumasok yung professor namin sa English. Nagsiupuan na yung mga kaklase ko.


"Good morning class.." sabi ni Mr. Pineda at itinaas yung salamin niya. "Since graduating college students na kayo, sa inyo ko ia-assign ang pag-cover ng mini-concert ng Pepperoni Cheese dito sa Westmore Academy. I want a neat article about their concert. At ang siyang may pinakamagandang article ang mabibigyan ng chance para mailagay ang article niya sa school paper."

Nagkaroon ng mga bulung-bulungan sa classroom.

Si Sarah napahinto sa pagbabasa at nakatingin sa harapan.

"Quiet class!" saway ni Mr. Pineda. "Pagkatapos ng mini-concert ng Pepperoni Cheese, next week, magkakaroon ng Eco-friendly seminar ang Science Department sa Hundred Islands. And Mr. Ponte, the Head of Science Department, asked me if the English department could participate in the said event. So class, who among you want to join?"

Maraming nagtaas ng kamay.




Si Sarah din nagtaas ng kamay sa tabi ko.

Napatingin siya sakin.

“Hindi ka ba sasama?” tanong niya.

“Hindi ko alam..” sabi ko.


“Okay.” Sarah

Ipinalakpak ni Mr. Pineda yung kamay niya ng isang beses. “Very good class! Madaming gustong sumama! It will be an unforgettable trip to all of you! Don’t worry, the registration will be extended until next week so you still have the chance to decide.”

“Sir! Kasama po ba ang Pepperoni Cheese?” tanong ng isang die-hard fan girl ng PC.

“Hmm.. Sa pagkakaalam ko ay kasama sila. Because the Music Department was also invited–” hindi na natapos pa ni Mr. Pineda yung sasabihin niya dahil nagtilian na yung mga babae sa loob ng classroom.

"Kyaaaaahh! Si Papa Jessie ko!" ( > 0 < )/*




"Ako na bahalang mag-alaga kay Papa Kevin!" ( * U * )/"

"Kailangan katabi ko si Papa Rio sa bus!" ( > 3 < )/*

"Dapat ako lang ang kasama ni Papa Justin at hindi siya!"

Itinuro ako ng isang nerd na babae.

Nagtinginan sila saking lahat.

At nang tingnan ko din sila, nakita ko na para bang nakakunot yung noo ng iba at yung iba naman ay parang nandidiri yung itsura.

"Ew! Sasama pa ba siya?"

"Please naman wag ka nang sumama! Hayaan mo namang makasama namin si Papa Justin!"

"Oo nga! Wag kang selfish!"

Napahinga nalang ako ng malalim.

Grabe, ano laban ko sa kanila di ba? Nag-iisa lang ako.. ( =____= )

"Shut up nerds! Wag nga kayong mangarap!" Sumandal si Sarah sa upuan at humalukipkip. "Sa tingin niyo ba papansinin kayo ni Justin? Hello? End of the world na ba talaga?"

Tumayo yung nerd na babae na itinuro ako kanina. "Hoy! Akala mo kung sino ka ah? Porket magaling ka lang sumulat ng article, ang yabang-yabang mo na?!"


"Excuse me, it's PURE TALENT. Hindi kagaya mo na kailangan pang humilahod muna yung mukha sa lupa bago makagawa ng isang paragraph sa article," pang-aasar ni Sarah.

"ANONG SABI MO?!" sigaw nung nerd.

"STOP IT! ANO BA! Parang walang professor sa harap niyo ah?!" sigaw ni Mr. Pineda.

Tiningnan muna ng masama nung nerd si Sarah bago tuluyang umupo.

Si Sarah naman nakita kong natawa nalang sa tabi ko.




"Thanks ah," sabi ko.

Tumingin sakin si Sarah. "For what?"

"Kasi ipinagtanggol mo ko."

"Tss.." Ngumiti siya na para bang napaka-ridiculous nung sinabi. "Hindi kita ipinagtanggol. Ayoko lang talaga sa mga assuming at ambisyosa."

"Kahit na.. Thank you pa din."

"Whatever loser." Kinuha niya yung libro niya at itinuloy ang pagbabasa.

Nangiti ako.

Hindi pa rin pala talaga nagbago yung ugali niya. Pero bakit this time parang iba na yung dating sakin? Bakit parang hindi na ko naiinis sa kanya?

*vvvvvvrrrrrrrrvvvvvv*

Naramdaman kong nag-vibrate yung cellphone ko sa loob ng bag.

Kinuha ko yung cellphone ko.

**1**

**Message**

**Received**

Binuksan ko yung text.

**From: Justin^^,**

Libre ka ba mamayang uwian?


**RE:**

Yup. Why?

**From: Justin^^,**

Pwede ba tayong lumabas?

Parang tumalon ng kaunti yung puso ko.




Inaaya akong lumabas ni Justin?

**RE:**

San tayo pupunta?

**From: Justin^^,**

Sa mall. Samahan mo kong bumili ng damit. :)

Nangiti akong bigla.

**RE:**

Haha ok. See you nalang mamaya.


**From: Justin^^,**

Thanks. Ingat. :)

**RE:**

Ingat din. :)

Itinago ko na ulit yung cellphone ko.




"Si Justin ba yon?"

Napatingin ako kay Sarah. "Ha?"

"Wala.." sabi ni Sarah at bumalik na ulit sa pagbabasa.

Tumaas yung kilay ko.


Ang weird niya. ( =___= )a

Kukunin ko na sana yung notebook ko ng biglang magsalita ulit si Sarah. "I think you should give him a chance."

Napatingin ako sa kanya.

Isinarado niya yung libro at tumitig sa mga mata ko. "Give Justin a chance."

"Bakit mo ba sinasabi yan?" matawa-tawa kong sabi.




"Alam mo ba kung gaano katagal ka niyang hinintay?" Sarah

Umiwas ako ng tingin. Hindi ako makasagot. Alam ko kasi kung gaano ako katagal hinintay ni Justin. Sinabi niya sakin yon. At hindi nga biro yung panahon na ginugol niya sa paghihintay sakin.

"Siguro dapat ka nang mag-move on. May sariling buhay na si Jessie. Masaya na sila ni Kat. Ikaw nalang ang bukod tanging tanga na natutulog sa nakaraan." Kinuha ni Sarah yung bag niya at lumakad pababa ng hagdan.


"Where are you going Ms. Vernon?" tanong ni Mr. Pineda.

"Anywhere," mataray na sabi ni Sarah bago tuluyang isarado yung pintuan sa likuran niya.

Naiwan kaming lahat na tahimik sa loob.

'*Siguro dapat ka nang mag-move on. May sariling buhay na si Jessie. Masaya na sila ni Kat. Ikaw nalang ang bukod tanging tanga na natutulog sa nakaraan.*'

Parang tinik na tumutusok sa puso’t isipan ko yung sinabi ni Sarah.




Tanga?

Tanga ba talaga ako?

Kasi deep inside patuloy ko pa ding minamahal si Jessie?

Feeling ko biglang nag-init yung mga mata ko.


Masakit yung kalooban ko hindi dahil sa sinabi ni Sarah, kundi dahil sa katotohanan na nakapaloob sa bawat salita na binitawan niya.

Kinuha ko yung cellphone ko.

Binuksan ko yung gallery.

*click*

Lumabas sa screen yung picture ni Jessie.




Yung picture niya na kinuha ko dati sa computer niya three years ago.

Walang masyadong nagbago sa itsura niya. Ganun pa din. Pero kung tutuusin, napakadami nang nagbago saming dalawa.

Nothing is permanent in this world except change.

Huminga muna ko ng malalim bago pindutin yung 'Delete'.


*Deleting photo. Please wait...*

*Success. Photo deleted.*

Pagkatapos kong gawin yon, itinago ko na yung cellphone ko sa bag at naghintay nalang na matapos ang araw na to.

## Chapter 24

**Luna**



“Bakit malungkot yung mukha mo?” tanong sakin ni Justin habang lumalakad kami sa mall. Nakasuot siya ng shades para hindi siya makilala.

And guess what? Ako din nakashades na. ( _ _ “)

Sakit sa bangs! Baka kasi makilala ako ng mga tao, so it means delikado din si Justin kasi kilala na nila ako bilang girlfriend niya. Nako baka mamaya magkagulo pa at umuwi ako ng may bakat ng sapatos sa mukha. ( _ _ ”)


Nginitian ko siya.

“Wala lang hehe,” sagot ko.

“Hindi, mukhang may problema ka,” sabi niya.

“Wala nga hehe. Ayun oh ang ganda nung damit.” Itinuro ko yung damit na suot nung manikin sa isang clothing store. Black leather jacket siya at may chain sa pants. Astig kung titingnan.

Nilapitan namin yon ni Justin.




"Maganda nga," sabi niya habang taas-baba yung tingin sa damit.

"Halika." Hinawakan ni Justin yung kamay ko at hinila ako papasok sa loob ng clothing store.

"Umupo ka muna," sabi ni Justin. "Susukat ko lang yung damit."

Umupo ako sa leather sofa at ngumiti. "Okay."


Tumalikod si Justin at pumunta sa isang saleslady para humingi ng stock nung damit.

Sumandal ako sa sofa. Nagbuntung-hininga.

Lumingun-lingon ako sa paligid.

*Lub dub*

Biglang tumalon yung puso ko noong tumama yung tingin ko sa malaking wallpaper na nakakabit sa dingding nung store.




Si Jessie.

Kinagat ko yung labi ko.

"Wala na daw stock."

Napatingin ako kay Justin na ngayon ay lumalakad na pabalik sakin.


"Ganun ba? Sayang naman hehehe," sabi ko at pinilit na ngumiti.

"Oo nga eh." Ngumiti si Justin at napakamot sa ulo.

Bigla ulit akong napatingin sa wallpaper ni Jessie.

*sigh*

"Anong tinitingnan mo? Ah oo nga pala." Nag-snap si Justin. "Endorser nga pala si Jessie ng Penshoppe. Nakalimutan ko, hehe.."




Tumayo ako. "Tara na?"

"Ah, sige." Justin

Nauna akong lumakad palabas. Ayoko na don sa loob. Parang bumibigat lang yung loob ko. Sabi ko sa sarili ko, iiwasan ko na si Jessie.

Hangga't maaari ilalayo ko yung sarili ko sa mga bagay na makapagpapaalala sakin ng tungkol sa kanya...

'*Siguro dapat ka nang mag-move on. May sariling buhay na si Jessie. Masaya na sila ni Kat. Ikaw nalang ang bukod tanging tanga na natutulog sa nakaraan.'*

Pumasok na naman sa isipan ko yung sinabi ni Sarah.

*sigh*

"Luna."

Napahinto ako sa paglalakad ng tawagin ako ni Justin mula sa likod. Nilingon ko siya. “Hmm?”

Medyo nagtaka ako ng makita kong seryoso yung mukha niya.

“May problema ka ba talaga?” sabi ni Justin.

Napaiwas ako ng tingin.


Narinig ko yung pagbuntung-hininga niya at ang paglapit niya sa akin.

Nagulat ako ng bigla niyang tanggalin yung shades niya. Pati yung shades ko tinanggal din niya.

Inilagay ni Justin yung parehong kamay niya sa magkabilang balikat ko at tinitigan ako ng maigi sa mga mata.

“Alam mo namang nandito lang ako para sayo di ba? Kahit ano pwede mong sabihin sakin,” sabi ni Justin.

Umiwas ako ng tingin. "Alam ko naman yon Justin.. Pero.."




*Pero hindi mo na kailangan pang malaman kung ano yung gumugulo sa isipan ko. At ayoko na din pag-usapan pa yon.*

Ang akala ko magbubuntung-hininga ulit si Justin pero medyo nagulat ako ng bigla siyang ngumiti at kinurot ng mahina yung pisngi ko.

"But as always, you don't have to tell me if you don't want to." Ibinalik na ni Justin yung shades niya. Inilagay na din niya yung shades ko.


Feeling ko medyo nag-init yung mukha ko dahil sa sinabi niya.

Ano to? Kinikilig ba ko? ( > //// < )

"Let's go?" Naramdaman ko yung kamay ni Justin sa kamay ko.

Napatingin ako sa magkakapit naming mga kamay sa pagitan naming dalawa habang lumalakad kami.

"San ba tayo pupunta?" tanong ko kay Justin habang hinihila niya ko.




Kaysa tumingin sakin, nagsalita siya habang nakatuon pa din yung atensyon sa paglalakad. "You'll find out soon enough."

Then he smiled.

**Chapter 25**

**Luna**

"TEKA! TEKA! WAG MO KONG BIBITAWAN!" sigaw ko habang unti-unti akong hinihila ni Justin papunta sa gitna ng ice skating rink. Hawak-hawak niya yung magkabilang kamay ko.


"Hahahaha! Oo nga kasi! Hindi naman ako aalis sa tabi mo!" tawa niya.

Binitawan ni Justin yung isang kamay ko.

Nataranta naman ako agad. ( _ _ ")

"WAAAAAHHH! J-Justin..." (TT 0 TT)

Humigpit ng todo yung pagkakahawak ko sa kamay ni Justin.




"Hahahaha! Wag ka kasing matakot." ( ^ __ ^ ) Justin

"Ang dulas eh." ( TT ~ TT )

"Okay lang kung madulas ka. Beginner ka palang naman." Justin ( ^ __ ^ )

"Baka mabagok yung ulo ko." ( TT ^ TT )

"Hindi yan!" Justin ( ^ __ ^ )


"Baka mapilayan ako." ( TT o TT )

"Andito naman ako para dalin ka sa ospital." Justin ( ^ ___ ^ )

"JUSTIN!" ( > 3 < )

Tumawa si Justin at sinimulan ulit akong hilahin.

"TEKA LANG!" sigaw ko ulit.




Nangangatog yung tuhod ko. Huhuhuhuhu.. ( TT 0 TT )

"Sige lang kasi. Unti-unti mong igalaw yung paa mo. I-slide mo palikod yung kanan," sabi ni Justin habang hawak-hawak yung kamay ko.

Napalunok ako.

Jusko po baka mamatay ako. Huhuhuhu... *( TT ^ TT )*


Sinubukan ko yung sinabi ni Justin. Ini-slide ko palikod yung kanang paa ko.

*slide*

UWAAAAAHH! ( > 0 < )

Hinawakan ko yung braso ni Justin.

Bakit ganun siya? Sobrang dulas. Huhuhuhu.. ( TT ~ TT )




"Hahahaha! Sige subukan mo lang ng subukan. Masasanay ka din," nakangiting sabi sakin ni Justin. ( ^ __ ^ )

Anak ng teteng! Pagtawanan daw ba ko? De siya na marunong! Tss! ( > 3 < )

Napatingin ako sa ibang ice skaters.

*sigh*

Puro bata. ( _ _ ")


At mas magaling pa sila sakin. Nakakahiya.. ( TT 0 TT )

Nakita kong nag-leap yung isang ten years old na babae.

Yung isa namang bata na mukhang six years old umiikot ng napakabilis.

Tss.. De ako na kawawa. ( TT ___ TT )

“Wag mo na silang pansinin,” sabi ni Justin ng makita niyang nakatingin ako sa ibang ice skaters. “Katulad mo rin sila dati. Baka nga mas madami pang naging bagsak yung mga bata na yan kaysa sayo bago sila naging ganyan kagaling.”




Natuwa ako sa sinabi ni Justin. Parang biglang lumakas yung loob ko dahil sa mga salitang binitawan niya.

“Luna?” Justin

“H-Ha?” Takte, natulala pala ko sa kanya. Kahit kasi naka-shades siya lutang pa din yung kagwapuhan niya. ( = ___ = )


Siya na talaga! Siya na! Siya na bida! ( > 3 < )

“Masyado ka bang nilalamig?” Justin

“Hindi naman, bakit?” nagtatakang tanong ko.

Ibinaba niya ng kaunti yung shades niya at tinitigan ako.

"Namumula ka kasi." Justin




( > //// < )

WAAAAAHHH! Teka lang, nag-blush ako? Ibig sabihin kinilig ako sa sinabi ni Justin kanina? Ang kire ko 'teh! xD

"Namumula? B-Bakit naman ako mamumula? Baka nga dahil sa lamig to.. Oo! B-Baka nga nilalamig lang ako?" WAAAAAHHH! Bakit patanong yung pagkakasabi ko nung dulo? ( TT __ TT )

Obvious tuloy na nagpapalusot lang ako. ( _ _ ")

Ibinalik na ni Justin yung shades niya at natawa.

Kumunot naman yung noo ko. "Bakit tumatawa ka?!" ( > 3 < )

Lumingon siya sakin... At ngumiti.

"You're blushing." Justin

( > ///// < )

"HINDI AH!" ( > 3 < )

"Sus kunwari ka pa.. Kinilig ka naman pala kanina sa sinabi ko." Justin ( ^ ___ ^ )

"Hindi nga sabi! Lamig lang to! Tingnan mo." Hinawakan ko yung magkabilang pisngi ko. "Ang lamig–"

*slide*


*boink*

*blag*

"Aray.." ( TT __ TT )

Nadulas ako. Nakakainis! Dapat pala hindi ako bumitaw kay Justin kanina. ( TT 0 TT )

"HAHAHAHAHA!" Sinapo ni Justin yung tiyan niya at tumawa ng malakas.




Tinitigan ko siya ng masama. "Tinatawa tawa mo dyan!" ( > ___ < )

"HAHAHAHAHAHA! Ang cute mo! Hahahaha!" Justin

*blush*

WAAAAH! Hindi pwede! Nagb-blush na naman ako. ( > 3 < )

"I hate you! Pinagtatawanan mo ko!" ( > 3 < )


"Osige, haha. Hindi na. Haha," lumapit sakin si Justin at tinulungan akong tumayo.

"Nakuuuuuuu... hindi na daw siya tatawa.." ( = ___ = )

"Pfft.. Hindi na nga.. Pfft," sabi ni Justin ng medyo kinakagat-kagat pa nga yung labi niya.

Tss. Pitikin ko nga. ( = ___ = ) + +

*pluk*




"Aray!" bulalas ni Justin at idinapo yung kamay sa noo niya.

"Buti nga sayo. Ang bad mo kasi." ( = ___ = ) + +

Ngumiti si Justin. Nagulat ako ng biglang...

"ARAY! ARAY!" sigaw ko.

Kinurot ni Justin yung magkabilang pisngi ko. Ang diin-diin pa. Ang sakit tuloy. ( TT ~ TT )

"HAHAHAHAHA!" ( ^ ___ ^ ) Justin, sabay bitaw sa magkabilang pisngi ko.

Minasahe ko yung inabusong pisngi ko.

Ang sakit talaga, huhuhuhu. <( TT ^ TT )>

"Ang cute-cute mo talaga." Justin ( ^ ___ ^ )

"Huli ka na sa balita tsong," sabi ko habang minamasahe yung parehong pisngi ko. <( = __ = )>

"Linya ko ata yan ah?" Justin

"Tss. Kelan pa? Ako kaya nagpauso non." Dinilaan ko si Justin. ;b

Pero imbis na sumagot. Ngumiti lang siya sakin. Nagulat ako ng bigla niyang guluhin yung buhok sa itaas ng ulo ko.

"Justin ano ba!" angal ko.


"Congrats," sabi niya ng tumigil na sa ginagawa niya.

Inayos ko yung buhok ko. "Bakit?"

"Kaya mo nang tumayo." Justin

Napatingin ako sa mga kamay ko. At sa mga kamay ni Justin...

WAAAAAAAAHHH!




Kaya ko nang tumayo ng walang nakaalalay! Waaaahh! Achievement! xD

Ngumiti ako ng ubod ng lapad kay Justin. *( ^ ==== ^ )*

“Subukan mong lumakad.” Justin

Ini-slide ko ulit yung kanang paa ko.

*slide*


Sunod naman yung kaliwang paa.

*slide*

WAAAAHH! Nakaka-skate na ko! Waaaahh! xD

“Justin! Justin tingnan mo oh!” masayang sabi ko. “Kaya ko na! Kaya ko na siya!” \( * 0 * )/

Hinawakan ni Justin yung kanang kamay ko kaya naman napatingin ako sa kanya.




"Ngayong kaya mo nang tumayong mag-isa, kumapit ka na ulit sakin." Justin

Tumaas yung kilay ko.

"Bakit?"

Ngumiti siya.

"Baka kasi madulas ka... makuha ka pa ng iba." Justin


O____O

"HAHAHAHA!" Tumawa si Justin. "Ang cute ng reaction mo. Hahahaha!"

Teka-teka rewind nga! Ano daw sinabi niya? O___O?

<<<<<<<<<< R E W I N D <<<<<<<<<<

"Ngayong kaya mo nang tumayong mag-isa, kumapit ka na ulit sakin." Justin




Tumaas yung kilay ko.

"Bakit?"

Ngumiti siya.

"Baka kasi madulas ka... makuha ka pa ng iba." Justin

<<<<<<<<<<<<< E N D <<<<<<<<<<<<<<<

"Nag-pick up line ka ba?" O___O tanong ko kay Justin.

"Hindi ba obvious? Ang slow ah," matawa-tawang sabi niya.

Tss.

Antae. Nag-pick up line pa ang loko. ( _ _ ")

"Pero naaalala ko ba yung sinabi ko sayo dati?" sabi ni Justin habang magkahawak kami ng kamay at pumunta sa gitna ng ice skating rink.

"Alin yon?"

Tumingin siya sakin. "Three years ago, I said that I will never let go of your hand. But when I did, I saw how much pain you've had." Huminto si Justin. Huminto din ako.

Nagulat ako ng bigla niyang alisin yung shades niya.

Inalis din ni Justin yung shades ko.

"Justin, baka may makakilala sayo," sabi ko sa kanya.

"I don't care. Wala akong pakialam sa kanila. Mas mahalaga ka para sakin." Justin

*lub dub lub dub lub dub*


Lumakas yung tibok ng puso ko.

"I want to be with you all the time Luna. I want to fullfil my promise to you. I want to hold your hand. I can't stand seeing you cry because of a hopeless reason." Hinawakan ni Justin yung parehong kamay ko.

"Justin." Yun lang ang bukud-tanging nasabi ko. Para akong naputulan ng dila dahil sa mga salitang binibitawan niya. Nabibingi na din ako sa tibok ng puso ko.


Lalo na noong tinitigan niya ako ng maigi at sinabing...

"Please be my girlfriend, Luna Reyes." Justin



## Chapter 26

**Jessie**




“Jess,” tawag ni Rio sakin.

“Ha?” Biglang naputol yung pag-iisip ko.

“Wala pa kong sinasabi.” Rio

“Ah.. Ganun ba.” Nagbuntung-hininga ko at saka tumingin sa bintana ng shuttle. Pupunta kami ngayon sa condo ni Kevin.


“Ang lalim ata ng iniisip mo pare?” tanong ni Rio.

“Nasan si Justin?” Hindi ko pinansin yung tanong niya.

“Ah si Justin.. Kasama ni Luna. Pumunta ata silang mall.” Rio

Napalingon ako sa kanya.

"Mall?"




Tumango si Rio. "Yup. Sabi ni Justin magpapatulong daw siya kay Luna na bumili ng damit."

"Para san?"

Nagkibit-balikat si Rio. "Aba malay. Baka para sa concert natin next week?"

"Ah.." Muli akong tumingin sa labas ng bintana. "Bakit kailangan pa nyang pumunta ng mall para bumili ng damit? Madami naman siyang designer.."


Hindi kumibo si Rio pero ramdam ko yung bigat ng titig nya sakin.

"Jess.." Rio

"Hmm?" sabi ko habang nakatingin pa din sa bintana.

"Nagseselos ka ba?" Rio

Noon ako napatingin sa kanya. “Ha? Ano bang sinasabi mo?”




“Para kasing...” Lumiit ng bahagya yung mga mata niya.

“Parang ano?” nagtatakang tanong ko.

“Parang... Unti-unti ng bumabalik yung alaala mo.” Rio

Napanganga ako ng kaunti sa sinabi ni Rio. Unti-unting bumabalik? Bakit? Ano ba ang dapat kong maalala tungkol kay Luna at Justin?


“Pero sagutin mo muna ko, Jess,” sabi ulit ni Rio. “Nagseselos ka ba kina Justin at Luna?”

Hindi agad ako nakasagot.

Ewan ko ba. Ang gulo.

Alam ko naman kasi sa sarili ko na mahal ko si Kat. Tatlong taon na siyang nasa puso ko. Siya yung nakagisnan ko sa tabi ko noong mawalan ako ng alaala. Ang sabi din nina Kevin, matagal ko nang kilala si Kat.

Pero bakit...




Bakit ganito?

Bakit ganito yung nararamdaman ko?

"Mahal ko si Kat," sabi ko kay Rio.

"Hindi yan ang tinatanong ko pare." Rio


Umiwas ako ng tingin.

Nakakainis!

Naiinis ako sa sarili ko!

Bakit ba ginugulo ako ng puso at isipan ko?

"Hindi..." Nagbuntung-hininga ako at napahawak nalang sa noo ko. "Hindi ko alam, Rio. Naguguluhan ako..."




Naramdaman ko yung paglapat ng kamay ni Rio sa balikat ko.

"Naiintindihan kita. Mahirap talaga ang mawalan ng alaala." Rio

"Simula nung nakilala ko si Luna, parang... Parang biglang may gumulo sa isipan ko. Hindi ko maipaliwanag. Ang hirap intindihin..." Tumikom yung kamao ko.

Naramdaman kong humigpit yung pagkakahawak ni Rio sa balikat ko.


Natingin ako sa kanya.

Seryoso yung mukha niya habang nakatingin sakin. At para bang nakakita ako ng pag-aalangan sa mga mata niya. Pero bakit?

Hindi kaya...?

"Rio, may nalalaman ka ba?" umaasang tanong ko sa kanya.

Kinagat ni Rio yung labi niya.




Bigla akong nabuhayan ng loob.

“Rio, please... Tulungan mo ko. Naguguluhan na ko.. Sino ba talaga si Luna?”

“Pero... Kasi...” nag-aalangang sabi niya.

“Please..” pagmamakaawa ko sa kanya. “I need answers..”


Napapikit si Rio at nagpakawala ng isang mabigat na hininga.

Pagkalipas ng ilang sandali, tumitig ulit sakin si Rio.

“Okay, I’ll tell you what you need to know.”

## Chapter 26.2

**Jessie**




“Mga sir, nandito na po tayo,” sabi nung driver ng shuttle.

Isinuot ko yung shades ko.

Binuksan ko yung pinto ng shuttle.

Bumaba ako ng magulo pa rin ang isipan.


“Jess,” tawag sakin ni Rio.

Lumingon ako sa kanya.

“Ano nang balak mong gawin?” Rio

Napahinga ako ng malalim.

"Hindi ko alam.. Baka..." Pumikit ako at muling huminga ng malalim. "Baka hindi ko muna sabihin na alam ko na ang totoo.."




Hanggang ngayon kasi parang mabilis pa din ang tibok ng puso ko.

Lalo na kanina sa loob ng shuttle..

Noong sinasabi sakin ni Rio yung nakaraan namin ni Luna.

"Hindi ko sukat akalain na magsisinungaling sakin si Kat," mahinang sabi ko.


Biglang tumikom yung kamao ko.

Parang naiinis ako na hindi ko maintindihan.

"Jess, mahal ka ni Kat. Hindi mo din siya masisisi." Rio

"Alam ko.. Pero kahit na. Dapat sinabi pa din niya yung totoo sakin. Nagtiwala ako sa kanya."

"Jess." Hahawakan sana ni Rio yung balikat ko pero lumakad na agad ako papasok sa building.




"Wag muna natin pag-usapan yan. Kamustahin muna natin si Kevin," sabi ko habang patuloy pa din sa paglalakad.

Sumakay kami ni Rio sa elevator papunta sa floor kung saan matatagpuan yung condo unit ni Kevin.

*ding dong*

Pinindot ko yung doorbell.


Maya-maya lang, bumukas yung pintuan.

"Oh! Nagtagal ata kayo?" Binuksan ni Steff ng malaki yung pintuan para papasukin kami.

Tinanggal na namin ni Rio yung shades namin.

"Madaming pinasagutan yung prof namin eh." Rio

“Oy mga pare! Welcome sa kaharian ko!” sabi ni Kevin habang nakaupo sa sofa ng living room niya at may hawak na Samsung Galaxy Tab. Umupo kami ni Rio sa kabilang sofa.




“Tss, nalingat lang ako sandali hawak mo na naman yan?!” iritang sabi ni Steff kay Kevin.

“Eeehh.. Sandali lang naman kasi babe. Namiss kong humawak ng gadget eh.” Kevin, at nagpaawa pa.

“Nope! Magpahinga ka sabi ng doktor! Akin na nga yan!” Kinuha ni Steff yung Tablet ni Kevin at lumakad paalis hanggang sa hindi na namin siya makita pa.


“Tsk, matinding hanapan na naman to.” Napakamot si Kevin sa ulo niya.

“Bakit naman?” Rio

“Eh itatago na naman ni babe yung Tablet ko. Wala na ngang natirang gadget sa condo ko eh. Pati yung computer ipinaalis muna.” ( TT ____ TT) Kevin

“Hahaha! Nag-aalala lang naman sayo yung babe mo.” Rio ( ^ __ ^ )

"Kahit na! Alam mo namang Computer Games ang matinding libangan ko di ba? Mamamatay ako sa pagka-bore dito," parang batang sabi ni Kevin.




"Tss hindi naman siguro. Andyan naman yung babe mo eh." Rio

"Alam ko. Pero... WAAAAAHH!!! Yung games ko!!!" Kevin ( TT O TT )

Tumawa ng tumawa si Rio. "Para kang bata! Hahahahaha!"

Hindi ko masyadong mapakinggan yung mga sinasabi nila. Masyado akong madaming iniisip sa ngayon.


"Uy pare, bakit ang tahimik niyang katabi mo?" tanong ni Kevin.

"Ah eh.. May iniisip lang si Jess," pagpapalusot ni Rio.

Napagkasunduan kasi namin na walang lalabas sa pinag-usapan namin kanina.

Ayoko muna kasing sabihin na alam ko na ang katotohanan hanggang hindi ko pa alam ang dapat kong gawin.

"Uy Jess," tawag ni Kevin.




Lumingon ako kay Kevin.

"Bakit ang tahimik mo?" Kevin

"May iniisip lang ako.." sagot ko.

"Ano yon? Naiintriga ko." Kevin


"Uy kain muna kayo..." Pumasok si Steff na may dalang tray.

Ibinaba niya yon sa coffee table.

Kumuha si Kevin ng isang cookie at saka isang baso ng orange juice. "Naks! Swerte ko talaga sa personal nurse ko! Daming pakinabang.." ( ^ ___ ^ )

Kumunot yung noo ni Steff. "Hoy Kevin Perillo! Anong pakinabang pinagsasasabi mo dyan?!" ( > ____ < )

“Kasi bukod sa maganda at sexy na, thoughtful pa.” ^___^ Kumagat si Kevin sa cookie niya.




Namula ng kaunti yung mukha ni Steff.

“Tss.. Baller ka babe ah.” Steff, sabay upo sa tabi ni Kevin.

“Baller? Ano yon?” Kevin ( O ___ O )?

“Bolero.” Steff *( >___>)*

Nangiti si Kevin.


“Aaaah! Naku mga salita mo talaga babe hahaha.. Pero hindi kita binobola.” Kevin ( ^ __ ^ )

“Naku oo nga naman!” Kumuha ng isang cookie si Rio.

“Tse! Napaka-kontrabida mo ba!” Kevin ( > ___ < )

“Bakit? Wala naman akong sinasabi ah?” matawa-tawang sabi ni Rio.

Kumuha ko ng isang basong juice.




"Hindi ka ba kakain ng cookies?" tanong ni Steff.

"No. I'm full," sabi ko at saka uminom ng juice.

Hindi ako nagugutom. Lutang pa din kasi yung isip ko.

"Ah mga pare, punta nga pala kayo sa Bristo bukas." Kevin ( ^ ___ ^ )


"Bakit?" tanong ni Rio.

"Wala lang. Masyado na kasi tayong busy sa trabaho eh. Wala na tayong time lumabas lahat para kumain. Don't worry, my treat." Kevin ( > __ ^ )v

"Naks babe ang galante mo!" Steff ( * 0 * )

"Hmm.. Okay lang ba kung.. Isama ko si Sarah?" Rio

Napatingin kaming lahat kay Rio.




"Bakit isasama mo yun?" matabang na sabi ni Steff.

"Babe naman! Okay lang sige, isama mo siya." Kevin

"Tss.." Humalukipkip si Steff at sumandal na lamang sa sofa.

"Salamat." Rio

"Ikaw ba Jess? Sasama ka ba?" tanong ni Kevin.


"I'll try," sabi ko.

"Bakit may gagawin ka ba?" Kevin

"Uhm.. Oo eh."

"Sandali lang naman yon!" Kevin

*sigh*




Wala naman talaga akong gagawin eh.

Kundi may iniiwasan lang akong mangyari.

Ayoko munang makita si Luna o kaya si Kat. Sigurado kasing kasama din sila don.

Hindi ko alam ang magiging reaksyon ko kapag nakita ko silang dalawa.


*Lalong lalo na si Luna.*

Hindi ko alam kung paano ko sasabihin sa kanya yung nalaman ko.

Masyado pang magulo yung puso't isipan ko sa ngayon.

Napansin kong tumingin sakin si Rio. "Okay lang kung hindi ka sumama, Jess. Naiintindihan ka naman namin."

Napatingin ako sa kanya.




Parang sa pamamagitan ng mga titig namin ay nakapag-usap na kami.

Marahil ay alam niya na iniiwasan ko nga si Luna.

“Ay! Dito nga pala kayo mag-dinner na dalawa ah? Magluluto kasi ako.” Steff ( ^ w ^ )v

“Okay haha.” Rio


“Naku babe basta wag mo kaming papatayin ah?” Kevin

Tiningnan ng masama ni Steff si Kevin. “Naku babe sinasabi ko sayo. Kung hindi ka lang kahahango mula sa kamatayan eh kanina pa kita nadagukan.”

Tumawa si Kevin at inakap si Steff. “Haha! Yung babe ko talaga ang brutal! Alam ko naman na hindi mo kayang gawin sakin yon. Love mo ko di ba?” ( ^ w ^ )

“Tss.” Steff

“Ay grabe talaga.” Rio, sabay iling.




“Shattap and just eat!” Kevin

Tumawa nalang si Rio habang kumukuha pa ng cookie.

“Nga pala babe! Text mo na si Justin! Punta kamo siya dito.” Steff ( ^ ___ ^ )

“Ah okay na babe. Naitext ko na siya.” Kevin

“Talaga? Ano sabi?” Steff


Natigilan akong bigla.

Humigpit yung pagkakahawak ko sa baso ng juice ko noong sinabi ni Kevin na...

“Pupunta daw siya. Kasama niya si Luna.”

## Chapter 27

**Jessie**




“Pare, ayos ka lang ba?” tanong ni Rio.

Ngumiti ako ng manipis. “Yes..”

“Nag-aalala ka ba sa mangyayari mamaya?” Rio

Napahinga ako ng malalim sa sinabi niya.


“Medyo..” sagot ko.

Tinapik-tapik ni Rio yung balikat ko habang pareho kaming nakaupo sa sofa. Nasa kitchen kasi si Steff, nagluluto. Si Kevin naman tinutulungan si Steff sa paghahanda ng hapunan namin.

Tumayo si Rio. “Punta muna kong kitchen, pare. Titingnan ko lang yung dalawa. Baka nagkikilitian lang sila don eh hindi pa tayo makakain. Haha.”

Umalis si Rio at pumunta sa kitchen.

Naiwan akong mag-isa sa living room. Sumandal ako sa sofa at inilapat yung ulo ko sa sandalan habang nakatingin ng diretso sa kisame.




Hindi mapakali yung isip ko. Parang hindi pa kasi masyadong ma-digest nung utak ko yung mga sinabi ni Rio kanina.

*"I said I'm NOT. Your FREAKIN'. BESTFRIEND!" Luna*

Kaya pala ganun nalang yung naging reaction ni Luna noong tinawag ko siyang best friend. Umaalingawngaw ngayon yung sinabi na yon ni Luna sa isipan ko.

*"I'm not your best friend."*


*"I'm not your best friend."*

*"I'm not your best friend."*

Napatampal ako sa noo ko.

Sh.t

Ang tanga ko.




*ding dong*

Lumingon ako sa  may pintuan.

“Jess! Pakitingnan naman kung sino!” sigaw ni Kevin mula sa kitchen.

Tumayo ako mula sa sofa.


Lumakad ako papunta sa pintuan. Hinawakan ko yung knob... At saka inikot.

Bumukas yung pintuan.

“Uy, hi Jess,” bati ni Justin sakin.

“Uhm.. H-Hello..”

Napatingin ako sa tabi ni Justin.




Ngumiti sakin si Luna.

Ngumiti nalang din ako sa kanya.

"Hi," sabi ko.

"Uhm, nandyan ba si Kebs?" tanong ni Justin.


Hindi maalis yung titig ko kay Luna. Para bang gusto ko siyang tanungin ng tanungin tungkol sa nakaraan namin. Parang ang dami-dami ko nang nakaligtaan na pagkakataon. Parang napakadami ko nang nalagpasan na magagandang alaala.

Bumaba yung tingin ko...

Hindi ko maipaliwanag yung naramdaman ko noong nakita kong magkahawak yung kamay nila.

Napansin kong sinundan ni Luna yung tingin ko.

"Jessie?" Justin




"H-Ha?" Biglang napataas yung ulo ko.

"Pwede na ba kaming pumasok? Baka kasi pagod na si Luna eh." Justin

"Ah oo. Sure." Pinapasok ko na silang dalawa. "Kamusta naman yung lakad niyo?" tanong ko pagkatapos kong isara yung pintuan.

"Hmm, okay lang naman. Masaya kasing kasama si Luna eh." Ngumiti si Justin kay Luna.


"Nakuuu hahaha," natatawang sabi ni Luna.

"HELLO LADY AND GENTLEMAN! WELCOME TO MY WORLD!" sabi ni Kevin habang nakabuka yung parehong braso.

"Haha lul ka Kebs. Ang sagwang pakinggan." Justin

"Oo nga. Parang nanloloko lang eh haha." Luna

"Wushu! Oy ba't parang ang saya nyo ah? May nangyari ba sa lakad niyo?" nakangiting tanong ni Kevin.




Sa hindi ko maipaliwanag na dahilan, tumingin ulit si Justin kay Luna.. At ngumiti.. "Wala naman," sabi niya.

"Naku naku, eh anong tinginan yan ha?" Kevin

"Bakit?" natatawa-tawang sabi ni Justin.

"SIS!" Tumakbo si Steff papunta kay Luna at saka yumakap ng mahigpit.


"I miss you so much sis." Steff ( TT 0 TT )

"Aray sis! Hindi ako makahinga!" Luna

Bumitaw na si Steff. "I miss you." ( TT . TT )

Natawa si Luna. "Haha berat ka. Parang ilang araw lang tayong hindi nagkita ah?"

"Eh ganun talaga. Binbantayan ko kasi yung pasaway na babes ko eh. Kamusta na nga pala si Lollipop?" Steff




"Ayun, busit pa din haha. Pero mukhang may pinagkakaabalahan eh. Madalas kasing umalis ng apartment." Luna

"Ah ganun ba." Steff


"Halika kumain na tayo," pag-aalok ni Rio.

Pumunta na kaming lahat sa dining table.

Katabi ko si Rio, sa kanan, habang sa kaliwa ko naman ay si Steff. Bali ganito yung posisyon namin sa table...

```
        Kevin
Steff |        | Justin
Ako   |        | Luna
 Rio  |        |
```

Katapat ko si Luna.




Hindi ko maiwasang hindi tumingin sa kanya. Ang dami ko kasing gustong itanong. At alam ko rin na siya lang yung makapagbibigay-linaw sa lahat ng tungkol sa akin. Kung totoo man yung sinasabi ni Rio na naging girlfriend ko siya dati.

Pero hindi yon yung ikinababagabag ng isipan ko. Kundi yung sinabi ni Rio na mahal na mahal ko raw si Luna noon...

Bago niya ko iwan at mawalan ng alaala.

“Ako nga pala nagluto nyan!” Steff *U* “Masarap ba?”


“Uy ano ka babe? Tumulong kaya ako!” Kevin

“Naku eh naghiwa ka nga lang ng sibuyas eh.” Steff ( = ___ = )

“Hoy ang hirap kaya non! Buti nga may shades ako eh kung hindi babaha ng luha dito sa condo.” Kevin

“Mukha ka kayang timang kanina babe. Naka-shades habang naghihiwa ng sibuyas. Kamusta naman yon?” Steff ( = ___ = )

"Tss." Sumubo nalang ng isang kutsarang kanin si Kevin.




"Nice job Steff. Ang sarap nung tinola mo." Rio ( ^ __ ^ )

Parang biglang may bulaklak na lumabas mula sa tenga ni Steff. Nakakasilaw din yung tingin niya. ( _ _ ")

"Talaga? Kaya sayo ko Rio eh!" ( * U * )

"Tss ang alat kaya," bulong ni Kevin.


Tiningnan ng masama ni Steff si Kevin. "Naku, shattap and just eat!" ( > __ < )

***Luna's POV***

*Ding dong*

Pinindot ni Justin yung doorbell.

Nagulat ako ng bigla niyang hinawakan yung kamay ko.




Napatingin ako sa kanya pero diretso lang yung tingin niya, hinihintay yung pagbukas ng pinto.

Pagkatapos ng ilang sandali...

“Uy, hi Jess,” bati ni Justin sa lalaking nagbukas ng pintuan.

Nakaramdam ako ng wave sa tiyan ko.


Nakaramdam din ako ng pagkailang.

“Uhm.. H-Hello..” medyo ilang na bati ko kay Jessie.

Nagtama yung tingin naming dalawa.

Pinilit kong ngumiti sa kanya at ngumiti din naman siya sakin.

"Hi," sabi ni Jessie.




Medyo bumilis yung tibok ng puso ko noong narinig ko yung boses niya. Naiinis ako. Kung pwede lang sanang patigilin yung puso ko mula sa pagtibok ng ganito....

"Uhm, nandyan ba si Kebs?" tanong ni Justin kay Jessie.

Parang nag-iinit yung buong katawan ko habang nakatingin pa rin sakin si Jessie. Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ng puso ko. Pinipilit kong iwasan na maramdaman to, pero bakit hindi ko magawa?


Napansin kong bumaba yung tingin ni Jessie.

Sinundan ko yung tingin niya.

Medyo nailang ako nung maisip ko na nakita ni Jessie na magkahawak kami ng kamay ni Justin. Akmang huhugutin ko na yung kamay ko mula sa kamay ni Justin nang biglang humigpit yung pagkakahawak niya sa kamay ko.

Ayaw niya akong bitawan.. Hindi kaya, gusto niya tong ipakita kay Jessie?

Pero nakakatawa lang isipin na magseselos pa si Jessie. Wala naman kasi siyang naaalala. Ni hindi nga niya alam na naging girlfriend niya ko. Ang tingin lang niya sakin ay isang kaibigan.




*Best friend*.

***Jessie's POV***

After fifteen minutes, natapos na kaming kumain.

*kring kring*


Kinuha ni Justin yung cellphone niya. "Sasagutin ko lang guys." Nagpaalam si Justin at lumabas ng condo para sagutin yung tawag.

"Ako na yung maghuhugas ng pinagkainan," prisinta ni Luna.

"Sure ka sis?" Steff

Ngumiti si Luna at tumango. "Oo naman hehe."

“Okay. Jess, tulungan mo naman si sis oh?” Steff




“H-Ha?” Sabay kaming napatingin ni Luna sa isa’t isa. Pero mas nauna siyang bumawi ng tingin.

“Sige na! Be a gentleman naman!” Steff ( > 3 < )

“Okay lang, kaya ko naman sis eh.” Luna

Umiling si Steff. “No sis! Hindi pwede! Dapat may katulong ka..” ( > /\ < )/*

“Ah eh pwede naman na si Rio nalang–ARAY!” Napahawak si Luna sa tagiliran niya.


Ngumiti naman ng ubod ng lapad si Steff. “Di ba gusto mo naman siyang tulungan Jessie?” sabi ni Steff sakin habang nakangiti ng nakakaloko.

Tumingin ng masama si Luna kay Steff. Napakamot nalang ako sa ulo ko at saka nagbuntung-hininga.

“Okay, I’ll help,” sambit ko habang itinataas hanggang siko yung parehong sleeves ng polo ko.

**Chapter 28**

**Luna**




*splasshhh*

Binuksan ko yung gripo at itinapat yung plato doon. Mula sa gilid ng mata ko, nakikita kong maghugas ng plato si Jessie.

*silence*


Ang awkward. Si Steff kasi eh! Bruhildang babae na yon! Naku naku... ( > 3 < )

“Luna.”

Tumalon yung puso ko. Lumunok ako saglit bago lumingon kay Jessie.

Lumingon din siya sakin ng dahan-dahan. Hindi ko maiwasang makaramdam ng kakaibang kaba sa loob ng dibdib ko. Ang ganda kasi ng mata niya. Dark brown. At parang sa isang titig lang niya ay para kang yelong matutunaw.

"May natatandaan ka bang masayang alaala nating dalawa?" tanong ni Jessie.




Biglang namula yung mukha ko. Sa isang iglap, parang biglang nagflashback yung lahat ng oras na magkasama kaming dalawa.

*Ang dami Jessie... Sobrang dami.*

Napansin kong napangiti ng kaunti si Jessie. "Namumula ka.."

Umiwas ako ng tingin. "H-Hindi ah.." Itinuloy ko nalang yung paghuhugas ng pinggan.


"Kahit isa? Wala ka bang pwedeng i-share sakin?" Jessie

Kumuha pa ko ng isang plato at kinuskos yon ng sponge. "Uhm, lagi mo kong inaasar non. Tapos ang busit mo."

Natawa si Jessie. "Busit ba ko non?"

"Sobra." Ako din mismo sa sarili ko ay hindi mapigilang mapangiti. "Ang kulit mo nga non eh.."

"Namimiss mo ba yung dati?" Jessie




Napahinto ako sa paghuhugas. Napatingin ako sa kanya. Lumakas yung tibok ng puso ko noong makita ko siyang nakatingin din sakin at may manipis na ngiti sa mga labi niya.

"Are you missing the old days?" pag-uulit ni Jessie.

Napahinga nalang ako. "Past is past.." sabi ko.


Ipinagpatuloy ko nalang yung paghuhugas ng pinggan. Nakakailang nga lang dahil nakatayo lang si Jessie dun sa tabi ko...

At nakatingin siya sakin.

"I want to know you more, Luna," sabi ni Jessie. Kumuha siya ng isang baso at hinugasan. "Gusto kong maalala yung dati nating pinagsamahan.."

Kumabog ng malakas yung dibdib ko. Parang pinagpapawisan ako kahit centralized yung condo ni Kevin.

*Gusto ko ding maalala mo Jessie ang lahat. Gustung-gusto ko. Pero paano si Kat? Pano yung banta ng parents mo na aalisan ka nila ng mana kapag hindi si Kat ang nakatuluyan mo? Ayoko namang masira ang kinabukasan mo ng dahil sakin...*




"Mabuti pa siguro kung... Kung si Kat nalang yung pagtuunan mo ng pansin." Parang hinihiwa yung puso ko sa bawat salita na binitawan ko. Sinasaktan ko mismo yung sarili ko. Pero anong magagawa ko? May pagpipilian pa ba ko?

Hindi sumagot si Jessie. Binuksan ko yung gripo at hinugasan yung huling plato. Pagkatapos non ay pinunasan ko na yung kamay ko.

"Sige, pupunta muna ko sa sala," sabi ko at tumalikod. Akmang aalis na ko ng biglang hawakan ni Jessie yung braso ko.


"Wait." Jessie

Napalingon ako sa kanya.

Hindi ko mabasa yung expression niya. Para siyang may gustong sabihin pero nag-aalinlangan siya. Kinagat din niya ng isang beses yung labi niya.

"Galit ka ba sakin?" tanong ni Jessie.

Napanganga ako ng kaunti sa tanong ni Jessie.




"Bakit ayaw mo kong tulungang makaalala? Ano bang dahilan mo?" Jessie

Umiwas ako ng tingin.


"Luna, look at me." Hinawakan ni Jessie yung magkabilang balikat ko. Pero nanatili akong nakatingin sa ibaba. "Ang hirap kumapa ng impormasyon tungkol sa nakaraan ko. Ang hirap manghula ng mga bagay na hindi ko naman talaga naiintindihan. And I know that you're the one who can explain everything about me..."

"Wala akong dapat ipaliwanag sayo Jessie," sabi ko sa kanya. "Tanggapin mo nalang kung ano man ang meron ngayon. Wag mo nang alamin pa ang nakaraan.."

Naramdaman kong humigpit yung pagkakahawak niya sa balikat ko. Napaangat yung ulo ko. Nakita ko sa mata ni Jessie yung desperation. Gustung-gusto talaga niyang malaman ang tungkol sa nakaraan niya.

"Sino ka ba talaga Luna?" Jessie

Lumakas yung tibok ng puso ko. Para yong isang tanong na napakadaling sagutin ngunit at the same time, parang ang hirap-hirap din. Ano kaya ang mangyayari kapag sinabi ko sa kanya ang totoo? Magpapakilala na ba talaga ko? Pero pano nga si Kat? Pano yung parents niya? Paano SIYA?




"Ano ka ba talaga sa buhay ko?" Jessie

Tumikom yung parehong kamay ko.

"Sabi mo dati hindi kita best friend. And you're not a stranger either.." Jessie


Napahinga ako ng malalim. Kinakabahan ako.

May ilang segundo muna ang lumipas bago muling nagsalita si Jessie.

"Sabihin mo nga sakin ang totoo Luna... Naging girlfriend ba kita?" Jessie

At doon na nga kumawala ang lahat. Nangilid bigla yung luha ko. Ang sakit-sakit ng nararamdaman ko. Parang mayroong damdamin na nagpupumilit kumawala mula sa puso ko pero hindi nito magawa.

Bigla akong nakaramdam ng pangungulila. Pangungulila kay Jessie. Na kahit lumipas na ang tatlong taon ay hindi pa din siya nawawala sa puso ko.




"Luna?" Jessie

"Jessie... Please.." my voice broke as hot tears fell from my eyes.

Pinunasan ko agad yung luhang tumulo sa pisngi ko. "W-Wag na nating pag-usapan yan.." pakiusap ko.

Narinig ko yung buntung-hininga ni Jessie. "So it's true," mahinang sabi niya.

I sniffed. Nagulat ako ng biglang hinawakan ni Jessie yung mukha ko at pinunasan yung luha sa ilalim ng mata ko. Nakaramdam ako ng kakaibang init sa katawan ko noong hinaplos ako ni Jessie.

*I miss his touch so bad.*

"Kaya pala ang gaan-gaan ng loob ko sayo kahit noong una pa lamang tayo magkita," sabi niya at hinawi yung buhok sa noo ko. "Alam mo bang simula nung dumating ka sa buhay ko pagkatapos kong mawalan ng alaala, lagi ka nalang nasa isip ko? Nagtataka nga ako kung bakit ganon yung naiisip at nararamdaman ko. Ang akala ko eh nababaliw na talaga ko."

Natawa ng mahina si Jessie. Tinitigan niya ko ng maigi sa mata habang hinahaplos-haplos nung hinlalaki niya yung pisngi ko. "Siguro pwede ngang makalimot ang isip... Pero ang puso hindi."

Napangiti ako sa sinabi niya.

"Katulad nga nung sinabi ko kanina, I want to know you more.." Jessie

Naalis yung ngiti sa mga labi ko. Parang bigla akong nag-alangan.


Inalis ko yung mga kamay ni Jessie sa mukha ko. Nakita ko yung kaunting pagkagulat sa mukha niya.

"Parang... Parang mali to Jessie..." sabi ko.

"Bakit? Ano bang mali?" Jessie

Tinitigan ko siya sa mata. "Pano si Kat? Pano yung parents mo? Alam mo bang aalisan ka nila ng mana kapag hindi si Kat yung nakatuluyan mo?"

Napahinga ng malalim si Jessie. Bakas din sa mukha niya yung pagkagulat sa sinabi ko. “They’ll do that?”




Tumango ako.

Nagsalubong yung parehong kilay ni Jessie. “Then do what they want. Kumikita na naman ako para sa sarili ko. I’m not dependent anymore. Kaya kong mabuhay ng walang mana mula sa kanila.” Jessie

“Pero Jessie..”

“I can’t believe that they will sacrifice my future just for our business.. At parang hindi ko na din alam ang magiging pakikitungo ko kay Kat ng dahil sa ginawa niya.” Jessie

Napataas ng kaunti yung kilay ko. “Ginawa ni Kat?”

“Ah sh.t.” Napahilamos yung kamay ni Jessie sa mukha niya. “God.. Hindi ko talaga akalain na kaya niyang magsinungaling sa ganung bagay..”

“Ano bang sinasabi mo Jessie? Naguguluhan ako.”

Tinitigan ako ni Jessie. “Nagtanong ako minsan kay Kat kung sino ka ba talaga sa buhay ko. At...” Huminga ng malalim si Jessie at napayuko. “Siya yung nagsabi na best friend daw kita.”

Nakaramdam ako ng inis. Naiinis ako kay Kat dahil hindi niya sinabi yung totoo. Pero somehow, nagpapasalamat ako sa kanya dahil hindi niya pinabayaan si Jessie noong mga oras na iniwan ko siya.

“I’m sorry Luna. Alam kong nasaktan kita non. Kung alam ko lang talaga... Kung nalaman ko lang ng mas maaga yung totoo, sana hindi ka na nasaktan pa. Sorry...” Jessie

Kinuha ko yung mga kamay ni Jessie at hinawakan yon ng mahigpit.


Napatingin sakin si Jessie. Ngumiti ako sa kanya. Dahan-dahan akong lumapit at nag-iwan ng isang halik sa kanyang noo.

Naramdaman ko yung pagpisil ng kamay niya sa kamay ko. Siguro hindi niya inaakala na gagawin ko yon.

Pagkatapos ay tinitigan ko siyang muli at ngumiti. “It’s okay.”

Ngumiti din siya sakin.

"What's going on here?"




Napahiwalay ako kay Jessie. Nakaramdam ako ng kaba noong makita ko si Justin na nakatayo sa may entrance ng divider ng kitchen.

"May pinag-uusapan lang kami ni Luna," sabi ni Jessie.

Hindi nagsalita si Justin. Instead, tinitigan niya lang kaming pareho ng pabalik balik. Pansin ko din na seryoso yung mukha niya.

Maya-maya lang, nakarinig ako ng mga yabag ng paa. Lumabas sa likuran ni Justin sina Kevin, Rio at Steff. Pare-pareho silang seryoso ang mukha.

"Sino yung tumawag?" tanong ni Jessie kay Justin.

Humigpit yung pagkakahawak ni Justin sa cellphone niya. Napakagat din siya sa labi niya.

Nakaramdam ako ng kakaibang kaba. Para kasing may hindi magandang nangyari sa reaksyon nilang apat.

“The President called me and he said that...” Napahinga ng malalim si Justin. “Mr. Dy is dead.”




**Chapter 29**

**Luna**

PRESENT TIME.

Noong matapos na yung libing ni Mr. Dy, nagsi-sakayan na yung mga dumalo sa kanya-kanya nilang sasakyan.


Sumakay kami ni Steff sa shuttle ng PC. Katabi ko si Steff at katabi naman niya si Kevin. Sa kabilang upuan naman sa harapan namin nakaupo sina Justin, Rio at Jessie.

|| Ako _Steff_Kevin ||

||  Justin_Jessie_Rio ||

“We need a new manager.” Justin

“Bahala na yung IVF Entertainment kung sino yung kukunin nilang bagong manager natin.” Rio




“Biglaan naman yung car accident ni Mr. Dy. Kung kailan malapit na yung concert..” sabi ni Kevin at napailing.

“Nakakapagtaka naman.. Bago lang yung kotse ni Mr. Dy di ba? Kaya panong mawawalan ng preno yon?” Jessie

Napahinga ng malalim si Justin. “Accidents happen.. We just have to accept that he’s gone..”

Narinig kong nagbuntung-hininga din sina Jessie, Kevin at Rio.


“Luna?”

Napatingin ako kay Justin sa harapan ko. “Hmm?”

“Uuwi ka na ba?” Justin

“Uhmm.. Oo, uuwi na kami ni Steff sa apartment.”

"Ah sige, sunduin nalang kita bukas?" Justin




Napansin kong napalingon ng kaunti yung ulo ni Jessie. Parang tiningnan niya ko ng sandali dito sa may likuran.

"Ah okay." Yun nalang yung nasabi ko kay Justin.

Ngumiti siya sakin.

"San lakad niyo?"


Napatingin ulit ako kay Jessie. Pero naka'diretso lang yung tingin niya. Hindi ko makita yung expression na bumabalot sa mukha niya.

"Inaya ko kasing mag'dinner si Luna." Ngumiti ulit sakin si Justin. "Mga 7 PM okay lang ba?"

Ngumiti ako sa kanya. "Okay lang.."

"Naku umamin nga kayong dalawa!" Napatingin kami ni Justin kay Steff. "Kayo na ba ha?!" Steff

Napalingon naman si Rio sa likod.




At...

*lub dub lub dub*

Pati si Jessie lumingon din.

Tumingin sakin si Justin.


Ngumiti siya. “Ewan ko. Tayo na ba Luna?”

(O////O)

Namula yung mukha ko sa tanong ni Justin. “W-Wag ka ngang magulo!” ( > /// < )

Biglang natawa si Justin.

Ampupu! <( > //// < )>




“Hoy! Tawa-tawa ka dyan?!” ( > //// < )

“Wala hahahaha!” Justin

*( > //// < )*

Piningot ko yung tenga ni Justin.

“Aray!” Justin


“Nakakainis ka!” *( > //// < )*

“Hay nako yung dalawa na to! Pinili pang magpingutan ng tenga! Manong sabihin nalang na OO!” Steff

“H-Hindi kami!” sabi ko kay Steff. ( > //// < )

“Hahahahaha!” Justin

Tiningnan ko ng masama si Justin.




"Pfft.. Okay... Stop na... Haha." Medyo matawa-tawang sabi ni Justin.

<( > ___ < )>

*beep beep*

Nag-vibrate yung cellphone sa bulsa ng pants ko.

Tiningnan ko yung screen.

**1**

**Message**

**Received**

*toot*

**From: Steff :D**

Nako sis ah! Hindi ka na nagsasabi sakin! Kelan pa naging kayo ni Fafa Justin? >.<

Napatingin ako kay Steff sa tabi ko.

Nakasandal lang yung ulo niya sa balikat ni Kevin at nakapikit.

Nakuu.. Kunwari pa.. ( - __ - )

**RE:**

Hindi nga kami!

*Send*

Nakita kong gumalaw si Steff. Binuksan niya yung message ko sa cellphone niya.


*beep beep*

**From: Steff :D**

Nakuuu hindi totoo! Eh bakit ganon nalang kayo mag-asaran kanina??

**RE:**

Hindi nga kasi kami. >.<




**From: Steff :D**

Eh ano kayo?

Bigla akong natigilan.

Ano nga ba kami?


Pagkagaling namin ni Justin sa ice skating rink, parang may naiba na saming dalawa. Pero hindi pa rin malinaw sakin yon. Ano nga ba siya para sakin? Bakit sinabi ko kay Justin yung bagay na yon noong tinanong niya sakin kung pwede ba niya kong maging girlfriend?

Huminga ako ng malalim.

Tumingin ako kay Steff.

Napansin niya siguro yung pagbaling ng ulo ko sa direksyon niya kaya napatingin din siya sakin.

"Hindi ko alam sis.." sabi ko sa kanya. "Naguguluhan ako."




****** **After 30 minutes...**

Bumaba na kami ni Steff sa shuttle ng PC.

"Bye babe!" Kevin ( ^__^ )w

"Bye din babe!" Steff ( ^ 0 ^ )w

"Bye." Ngumiti sakin si Justin.


Ngumiti din ako sa kanya. "Bye."

Bago kami tumalikod ni Steff. Tumingin muna ko sandali kay Jessie.

Nakaupo lang siya don. Diretso yung tingin.

Si Rio naman tulog sa tabi niya.

"Text nalang kita mamaya." Justin




"Hehe okay," sabi ko.

Sinarado na ni Justin yung pinto ng shuttle at maya-maya lang, umalis na sila.

"Uy!"

Napalingon kami dun sa lalaking nakatayo dun sa pintuan ng apartment.

"WAAAAAHHH! LOLLIPOP!" Steff *( > 0 < )*

Tumakbo si Steff at yumakap kay Casey.

"I miss you Lollipop!" Steff *( > 0 < )*

"Haha! Naku si Piglet namiss na naman yung handsome face ko." Casey ( ^ __ ^ )

Umalis sa pagkakayakap si Steff. "Grabe kapal talaga ng face mo!" ( > __ < )

“HAHA!” Ginulo ni Casey yung buhok ni Steff. “Ang kulit mo talaga Piglet.” ( ^ __ ^ )




“Waaah!” Inayos ni Steff yung buhok niya. “Don’t call me Piglet!” ( > 3 < )

Tumawa ulit si Casey bago mapatingin sakin.

“Uy Baby Lulu.. Ba’t ganyan mukha mo??” Casey

“Naku Lollipop! Problemado kasi sa love life yan!” Steff ( > 3 < )


“Ganun ba?” Tumingin ulit sakin si Casey. “Si Jessie ba ulit yan?”

*sigh*

“Hindi lang siya Lollipop.. Pati si Justin na! Torn between two lovers ang drama ng lola natin! Psh!” Steff

“Hay dyan na nga kayo! Ang ingay niyo!” <( > 3 < )> Lumakad ako papasok sa loob ng apartment.

"Kita mo Lollipop? Hindi man lang dineny!" Steff




"Hay wateber sis!" ( > 3 < )

Umakyat ako sa taas at pumasok sa kwarto ko.

Ibinaba ko yung bag ko dun sa may study table at saka ako humiga sa kama.

Napahinga nalang ako ng malalim.


Ang gulo ng buhay ko.. ( TT __ TT )

Alam kong mahal ko pa din si Jessie.. Oo inaamin ko yon.. Kahit tatlong taon na ang lumipas, kahit na nakalimutan na niya ko, may puwang pa din siya sa puso ko..

Lalo na ngayon na alam na niya yung totoo..

Alam na niya na naging girlfriend niya ko dati.. Pansin ko din na parang iba na yung pakikitungo niya sakin ngayon. Parang.. May care na ulit siya sakin...

Pero...




*beep beep*

Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa ng pants ko.

*toot*

**FROM: Justin^^,**

Mag-6 na. Kain ka na. :)


*lub dub lub dub*

Tumalon yung puso ko sa text ni Justin.

Ano to? Kinikilig ata ako?! ( > /// < )

"WAAAAAHH!" Kinuha ko yung unan itinakip sa mukha ko. Nagpagulong-gulong ako sa kama. "WAAAAAHHH! ANG GULO!!!" ( TT 0 TT )

Nakakainis!




Kinikilig nga ata ako.. ( TT /// TT )


Kinikilig ako kay Jessie.. Pero kinikilig din ako kay Justin.. Ang landi ko, grabe.. ( TT __ TT )

Pero posible ba yon?

Posible bang tumibok yung puso ko sa dalawang tao?

Kaso ang gulo naman non.. Ang hirap mag-decide.. ( TT 0 TT )

Sino ba may advice dyan? Help naman oh... ( TT __ TT )




**Chapter 30**

**Jessie**

"Pepperoni Cheese, meet Mr. Dela Torre," sabi ni Mr. President.

Tumayo yung isang matabang lalaki na 42 years old. Nakasalamin siya at naka-gel yung buhok.

"Hello." Ngumiti si Mr. Dela Torre samin.


"He'll be your new manager." Mr. President

Kinamayan niya kami isa-isa.

Nung inabot ko yung kamay niya, nakaramdam ako ng kakaiba. Parang na-feel ko yung tension at uneasiness sa katawan ko. Lalo na nung titigan niya ko ng maigi sa mata at ngumiti.

"Nice to meet you Jessie Wright." Mr. Dela Torre

Pinilit kong ngumiti. “Nice to meet you Mr. Dela Torre.”




Binitawan na niya yung kamay ko.

“So..” Pinagtama ni Mr. Dela Torre yung parehong kamay at ngumiti. “Nice meeting you all and I hope that we’ll have a healthy relationship.”

Ngumiti naman kaming apat.

“Okay..” Umupo si Mr. Dela Torre sa sofa. “Let’s start with your concert project..”


************* **After 15 minutes...**

*BLAG!*

Padabog kong binuksan yung pinto at lumabas kaming apat sa office ni Mr. President.

Lahat kami nakakunot yung noo.

"Nahihibang na ata yung tabachoy na yon!" Kevin




"Nasisiraan na ba siya ng bait?! Icacancel yung concert? Kung kailan malapit na?! DAFUQ!" Rio

"Wala akong makitang dahilan para icancel yung concert.. Handa na naman ang lahat.." Justin

Lahat ng tao nakatingin samin habang lumalakad kami palabas ng IVF Entertainment.

Nung nakasakay na kami ng shuttle, pare-pareho kaming napabuntung-hininga.


"Ulol na talaga yung matanda na yon!" Kevin, sabay iling ng ulo.

"Hindi naman sapat na dahilan yung sinabi niya eh.." Rio

"Oo nga. Icacancel yung concert kasi may gagamit daw ng stage ng Westmore Academy? Eh for sure naka-reserved na satin yon.." Justin

"Ewan ko ba mga pare. Iba nararamdaman ko sa Mr. Dela Torre na yan.." sabi ko.

Napatingin silang apat sakin.




"Panong iba, Jess?" Kevin

"Ewan ko. Basta parang ang bigat ng dugo ko sa kanya." Lumiit ng kaunti yung mga mata ko. "I don't like him.."

"Uy Jhuzt, sino katext mo?" Kevin

Napatingin ako kay Justin. Hawak-hawak niya yung cellphone niya.


"Si Luna," nakangiting sabi ni Justin.

"Uuuy nadedevelop na ata ulit kayo?" Kevin ( > __ ^ )

"Ulit?" tanong ko.

Ay sh.t nabigla ako..

“Ah eh...” Napakamot sa ulo si Kevin. “Ano kasi Jess eh.. Uhm... Ano... Kasi..”




“Okay lang.” Ayaw pa din nilang sabihin sakin yung totoo. Naiintindihan ko naman sila eh. Dahil kasi to sa parents ko. Lintek.

Tumingin ako kay Rio.

Umiwas siya ng tingin.

Bakit hindi niya binanggit yung tungkol kay Luna at Justin dati? May nakaraan kaya talaga silang dalawa?


*Kring kring kring*

Kinuha ko yung cellphone ko.

“Hello?”

“Hon, galing ba kayong IVF?”

Si Kat.




"Ah oo.."

"Pwede niyo ba kong daanan dito sa grocery store sa may Vallarta Street?" Kat

"Okay."

"Thanks. Love you." Kat

*silence*


Natigilan ako.

"Hello? Honey?" Kat

"Uhm, honey.."

"May problema ka ba?" Kat

"Wala.. Busy lang ako."




"Ah okay. Sige. See you later nalang." Kat

"Okay."

*tooo tooo tooo*

End of call.


"Si Kat?" Justin

Tumango ako. "Yup. Daanan daw natin siya sa grocery store sa may Vallarta Street."

"Ah sige." Sinabi na ni Justin yon sa driver.

After a few minutes, huminto yung shuttle sa tapat ng isang grocery store. Binuksan ni Justin yung pintuan ng shuttle.

Sumakay si Kat sa loob na may dalang dalawang paper bag.




Tumabi siya sakin, sa pagitan namin ni Justin.

"Mukhang pagod ka hon ah?" Kat

Ngumiti ako sa kanya. "Oo nga eh. Hindi na nga pala tuloy yung concert."

"Oh? Bakit daw?" Kat


"May topak yung bagong manager namin." Kevin

"Ay ganun ba.." Tumingin sakin si Kat at ngumiti. Hinawakan niya yung kamay ko. "Okay lang yan hon, may next time pa naman."

Ang bait ni Kat. Sobra. Hindi ko talaga lubusang maisip na magagawa niyang magsinungaling sakin.

"San po tayo sir?" tanong nung driver.

"Sa Alcadia Village." Justin




Napatingin kami kay Justin.

"Bakit tayo pupunta kina babe?" Kevin

Babe? Kina Steff? Ibig sabihin...

"May dinner kayo ni Luna di ba?" sabi ko.


Ngumiti si Justin.

"Ay oo nga pala! Haha! Kainggit naman! Mailabas nga din si babe minsan.." Kevin

Napatingin nalang ako sa bintana.

Ang dami ko pang gustong itanong kay Luna. Kailan kaya kami magkakaroon ng oras na kaming dalawa lang?

“Honey?”




Napalingon ako kay Kat sa tabi ko. Umakap siya sa braso ko.

“May iniisip ka ba? You look worried..” Kat

“Don’t mind me. I’m just tired...”

Humigpit yung pagkakahawak niya sa braso ko.

Nung tinitigan ko siya, nakita kong parang may kakaiba sa tingin niya. Para siyang naiiyak na hindi ko maipaliwanag..


*screeeecchh*

Huminto yung shuttle.

“Nandito na po tayo sir.” Driver

Binuksan ni Justin yung pintuan ng shuttle at saka bumaba.

“Magpapaiwan na ko dito.” Justin




Nakita kong lumabas si Luna sa pintuan ng apartment nila..

Sa likod niya, may nakatayong isang lalaki.

Sino kaya yon? Bakit kasama niya si Luna sa apartment?

Maya-maya, lumabas din si Steff.


“HI BABE!” sigaw ni Kevin at kumaway pa mula dito sa loob ng shuttle.

“UY! HI DIN BABE!” Steff ( ^ ___ ^ )w

Sinarado na ni Justin yung pintuan ng shuttle.

Napatingin ako kay Kat.

"Honey?" sabi ko.




"H-Ha?" Biglang lumingon sakin si Kat.

"Ano yung tinitingnan mo?"

"Ah si.. si Luna, matagal na kasi kaming hindi nagkikita." Kat

Bakit parang nag-iba yung kilos niya? She looks uncomfortable?


Hindi kaya kasi alam niya na nandito ako at makikita ko si Luna? Is she feeling guilty about lying to me?

***Luna's POV***

Isinarado na ni Justin yung pintuan ng shuttle.

"Siya ba si.."

Napalingon ako kay Casey.




"Sino?"

Sinundan ko yung tingin niya.

"Ah.. Si Justin ba?" tanong ko. "Remember him?"

Bago pa makasagot si Casey, nag-hi na sakin si Justin.

"Hi," nakangiting sabi ni Justin.

"Hello," bati ko sa kanya.

"Hi Casey." Justin

"Uy, yow haha." Casey

"Ilalabas ko muna si Luna for dinner. Okay lang ba?" Justin

“Sure, haha. Basta ba iuuwi mo pa din si Baby Lulu eh..” Casey

Ngumiti si Justin. “Baby Lulu?” Pagkatapos ay tumingin naman siya sakin.

( > //// < )

“Ang daldal mo Casey! Nakakahiya ka!” ( > __ < )

“Haha bakit? Cute naman yung tawag ko sayo ah?” Casey ( ^ __ ^ )


“Ehhh...” ( > __ < ) Eh wag mo kasi akong tinatawag ng ganyan sa harap ng ibang tao! Psh!

“Baby Lulu pala ah, haha.” Justin

Tss. Sabi na eh. ( = ___ = )

“Tara na nga!” Tinulak ko si Justin paalis. “Wag ka nang nagpapaalam Justin sa lalaking yan!” ( > 3 < )

Narinig ko yung pagtawa ni Casey. Kumaway siya samin. “Ingat kayo ah! Masyado pa kayong bata! Wag magmamadali! HAHAHA!”




“Che! Shattap!” ( > 3 < )

“You too!” Casey ( ^ 0 ^ )

Ayy.. Hanudaw?? ( = __ = )a

Sumabay na ko sa paglakad kay Justin noong makalayo na kami sa apartment. “Ang kulit niyo ni Casey. Haha,” sabi ni Justin.


“Tss, feeling kuya ko nga yun eh. Daig pa si Kuya Waren.” ( = __ = )

“Ay may kuya ka nga pala. Hindi ko pa siya nakikita.” Justin

“Nasa States eh. Doctor na siya.”

“Wow! Kainam naman pala..” Justin

“Uhm, Justin?”




“Hmm?” ( ^ __ ^ )

“Hindi ka ba magsusuot ng shades?”

“Bakit?” ( ^ ___ ^ )

“Kasi...” ( = ___ = )

“KYAAAAAHH!”


“HOWMAYGAD! SI FAFA JUSTIN!”

“KYAAAAAAHHH! SONG-SLAYER JUSTIN! WAAAAAHHH!”

Sabi na eh. ( = __ = )

Kinuha ni Justin yung kamay ko at sabay kaming tumakbo.

Rinig ko pa din yung sigawan ng babae sa likuran namin. Paglingon ko..




( 0 ____ 0 )!!!

ANG DAMI!!! WAAAAAHH! ( > 0 < )!!!

"WAAAH! JUSTIN! KASALANAN MO TO!" ( > 0 < )

"HAHAHAHAHA!" Justin


Bakit tumatawa siya?! ( 0 __ 0 )?!

"JUSTIN!" ( > 0 < )

"HAHAHAHAHA!" Justin

Bakit ba lagi nalang ako kasamang tumatakbo ng sikat? Dati si Casey, ngayon naman.. Psh. Ang hirap din pala pag mga sikat yung kakilala mo. ( = __ = )

Pumasok kami ni Justin sa isang mall.




"WAAAAAAHHH! PAPA JUSTIN HINTAYIN MO KAMI!" ( * 0 * )

"PAKISS! PAKISS!" ( * 3 * )

Takte parang may stampede! ( > __ < )

Iniligaw namin yung mga fangirls ni Justin. Pumasok kami sa isang clothing store. Nagpalit kami ng damit. Nagsuot siya ng jacket na nakataas yung hood. Ako naman nagpalit ng t-shirt.


Pumunta na siya sa counter para magbayad. Iniabot ni Justin yung five thousand pesos. "Keep the change." Justin

Ano daw?! ( 0 ___ 0 )

Namula naman yung cashier na babae kasi alam niya na si Justin yung nasa harapan niya.

Tss. Lantod. ( = __ = )

Hinawakan ni Justin yung kamay ko at hinila ako palabas ng store.




"Grabe Justin.. Keep the change? Sure ka? Ang laki kaya nung binigay mo." ( > 3 < )

"Okay lang. Nagmamadali tayo di ba?" natatawa niyang sabi.

"Grabe ka.." ( = __ = )

Pagliko namin sa kabilang side ng mall...


*BALIK!*

*TAGO SA PADER!*

"Hala! Bakit hindi pa din sila sumusuko?" ( TT ___ TT )

Ang dami-dami kasi nung fangirls ni Justin. Hinahanap pa din siya. Pano kami makakalabas? Huhuhuhu...

"Halika.." Hihilahin na sana ako ni Justin sa kabilang way pero...




"Nasan na si Papa Justin?" ( TT __ TT )

Biglang napaharap si Justin sakin. Napasandal ako sa pader.

"Sh.t meron din pala dun sa kabila," mahinang sabi ni Justin.

Papalapit na samin yung fangirls niya. At magkabilang direksyon pa! Uwaaa! What to do? What to do?! <( > 0 < )>

"Luna.." Justin

Napatingala ako sa kanya.

Tinitigan niya ko sa mata at...

( 0 //// 0 )

Na-feel ko yung softness ng labi ni Justin sa labi ko.

Magkadampi lang sila pero...




WAAAAAHH! <( > //// < )>

Nakarinig kami ng mga yapak.

“Papa Justin where are you?” ( TT __ TT )

“Yoo-hoo~ Papa Justin.” ( TT 0 TT )


“AY! ANO BA NAMAN YAN! PDA!” sigaw nung isang fangirl.

“Kadiri! Get a room!” sigaw pa nung isa.

Lalo pa tuloy akong naging conscious sa ginagawa namin ni Justin. ( > //// < )

Naramdaman ko yung mga kamay ni Justin sa magkabilang pisngi ko.

Mas dumiin ng kaunti yung halik niya.




*lub dub lub dub*

Nabibingi ako sa tibok ng puso ko.

“AY! KADIRI TALAGA! HALIKA NA NGA!” Fangirl

“OO NGA! DITO PA ATA BALAK MAGKALAT!” Fangirl

Unti-unti, humina na yung mga yapak nila.


Umatras na si Justin. Pero naiwan pa din akong hindi makagalaw don. Grabe, hindi ata mag-sink in sa utak ko yung ginawa ni Justin.

“Pasensya na Luna, but I need to do that.” Justin

Napahawak ako sa mukha ko.

UWAAAAAA! Ang init! <( > //// < )>

“WAAAAH!” sigaw ko sa kanya. ( > ////< ) Hinampas hampas ko siya sa dibdib.




“Uy ano ba! Sorry na nga!” Justin

“NAKAKAINIS KA JUSTIN! NAKAKAINIS KA JUSTIN CUEVO!” sigaw ko. ( > //// < )

*Silence*

Napahinto ako.


Ba’t biglang tumahimik? ( 0 __ 0 )?

Nung tumingin ako sa paligid...

*tingin* ( > ___ > )

*tingin*  (< ___ < )

*gulp* ( 0 ____ 0 )




“Hala lagot, ikaw kasi eh.” Binigyan ako ng isang mapang-asar na ngiti ni Justin.

( * ___ * ) ( * Q * ) ( * O * ) FANGIRLS

“Tsk tsk tsk. Ang ingay talaga..” Justin ( > ___ ^ )

After 1 second...

“WAAAAAAHHH! PAPA JUSTIN!” *\( > 0 < )/* <( > 0 < )> *\( > 0 < )/*


*BLAG BLAG BLAG BLAG*

Haaayyy..

Heto na naman po tayo... ( _ _ “)

## Chapter 31

## Luna




"Andyan pa ba sila?" bulong ko kay Justin.

Tumingin siya sa paligid.

"Wala na.. Tara." Hinawakan niya yung kamay ko at hinila paalis.

Umakyat kami ng hagdan papuntang third floor.


Noong nandun na kami, hinila niya ko papasok sa isang restaurant.

Mukhang mamahalin pa yung restaurant na to. Chandeliers palang sa itaas at sa mga naka-display masasabi mo na daang libong piso kinikita nitong resto bawat araw. ( > __ < )

Lumapit si Justin dun sa may counter.

"Table for two please?" Justin

“Right away Mr. Cuevo,” ngumiti yung babae.




“This way please..” Sinundan namin yung babae papunta sa vacant table. Napapatingin ako sa mga tao sa paligid ko.

Grabe lang.. Nasa mansyon ba ko? Bakit ang gagara ng suot nila?? ( > ___ < )

Psh. Nahiya naman yung t-shirt ko. ( _ _ “)7

“I’m sorry Ma’am and Sir, but there’s no more available table for couples.” Hostess


( > //// < )

“It’s okay, we’ll have the one that’s available.” Justin

“Thank you sir. Right this way.” Hostess

Grabe ah. NUSBLED sila.. ( > ___ < )

"Here sir, it's for four persons." Hostess




Una akong pinaupo ni Justin. Pagkatapos ay umupo siya sa tabi ko.

Kinuha ni Justin yung menu dun sa table.

"Ano gusto mo?" Justin

"Uhmm.." Kinuha ko yung menu sa harapan ko.

Pagtingin ko sa food..


WOW! Mukhang masasarap! ( ^ 0 ^ )

Tiningnan ko yung mga pangalan..

Teka, pagkain ba ng tao to? ( = __ = )? Bakit ngayon ko lang ata nabasa yung ganitong klaseng pangalan ng pagkain sa talang buhay ko?

"Hmmm..." Namili nalang din ako.

"Heto nalang." Itinuro ko kay Justin yung *Austaullie Saufflé*.. Hindi ko kasi alam ipronounce eh. ( - ___ - )a




"Okay. Two *Austaullie Saufflé* please?" sabi ni Justin sa hostess.

Aaaahhhh.. Yun pala pronunciation don. *( ^ 3 ^ )*

"Okay sir, coming up." Umalis na yung hostess.


"Grabe yung mga pagkain dito ah. Abnormal yung mga pangalan. Eh mukhang chicken barbeque lang naman yung nasa picture.." mahinang sabi ko kay Justin.

"Haha ganon talaga. Nung una kong pumunta dito hindi ko pa din alam kung pano bigkasin yung mga pangalan ng pagkain." Justin ( ^ __ ^ )

Napatingin ako sa kanya. "Madalas ka dito?"

"Yup." Justin ( ^ ___ ^ )

"Teka magkano nga ba yung inorder ko?"




*tingin sa menu*

ASDFGHJKL!!!

7,000 PESOS?! ( O ___ O )!!!

YUNG MANOK NA MAY SAUCE AT MAY PINEAPPLE NA NAKAPATONG LANG SA WHITE PLATE... 7,000 PESOS??! ( O __ O )!!


AMPUPU!!! <( > O < )>

"T-Teka Justin naipasa na ba nung hostess yung order? Baka hindi pa teka babawiin ko lang.." ( > ___ < )

Tatayo na sana ako nang hinawakan ako ni Justin sa braso kaya napaupo ulit ako.

"Haha ano ka ba, hayaan mo na. It's my treat.." Justin

“Grabe Justin bali 14,000 Pesos yon!” ( > 3 < )




“Haha it’s okay.” Justin

Ampupung lalaki to. ( = ___ = )

“My time with you is priceless if compared to that thing..” Justin

Napatingin ako sa kanya. “Ha?” ( 0 ___ 0 )

Ngumiti siya at inilapit yung mukha sakin. “I said.. You are PRICELESS..”

( 0 //// 0 )

Eh? KINIKILIG AKO! ( > //// < )

“HAHAHA!” Tumawa si Justin. Napatingin samin yung ibang kumakain. Aish ang ingay naman niya! ( > /// < )

“You’re blushing hahaha!” Justin

Humalukipkip ako at sumibangot. “Kainis! Pang-asar ka talaga!” ( > //// < )




“Hahaha! Ang cute cute mo kapag napipikon. Pakurot nga?” Justin ( ^ ___ ^ )

Iniwas ko yung mukha ko. Ang loko, kukurot nga? ( > ___ < )

“Haha, isa lang naman..” Justin ( ^ __ ^ )

“Che! I hate you..” ( > //// < )


“Excuse me, two *Austaullie Saufflé* for ma’am and sir.” Ibinaba na nung hostess yung pagkain namin.

Yung 14,000 PESOS na pagkain namin. ( = ___ = )

“Enjoy your meal.” Nag-bow yung hostess at saka umalis.

“Pakurot na dali,” sabi ni Justin nung makaalis na yung hostess. ( ^ ___ ^ )

"Naku! Kumain ka na nga!" ( > ___ < )




"Haha sunget.." Justin ( ^ __ ^ )

( > ___ < )

Nagsimula na kaming kumain.

Leche, lasang CHICKEN BARBEQUE nga! ( > __ < )


Ampupu GINTO ba pinamprito dito? O baka naman may nakabaong DYAMANTE sa loob nito?? ( > ___ < )

"Masarap ba?" Justin ( ^ __ ^ )

"Lasang chicken barbeque lang.." ( = __ = )

"Chicken barbeque nga yan.." Justin ( ^ ___ ^ )

Montik na kong maduwal sa sinabi ni Justin.




*COUGH! COUGH!*

“Oh hinay-hinay lang!” Ibinigay sakin ni Justin yung baso ng tubig. Kinuha ko yon at ininom habang hinihimas niya yung likod ko.

*inom*

*sigh*

Ibinaba ko yung baso ng tubig sa table noong maalis na yung pagkakasamid ko.

“Takte..” ( = __ = ) Yun lang yung nasabi ko.

“Haha. Gumawa kasi yung restaurant na to ng sariling pangalan ng mga pagkain nila. Sa unang tingin parang hindi siya chicken barbeque but in fact, yun mismo yon.” Justin ( ^ __ ^ )

Shet.

Shet lang. ( = __ = )




Kumain nalang ulit kami. Wala na kong magagawa eh. ( _ _ “)

Parang bawat subo ko nung chicken barbeque eh nagtatapon ako ng 100 pesos. ( TT __ TT )

“Justin?”

Napalingon ako sa tabi ng table namin.

Napanganga ako noong makita ko si Kat. Tiningnan niya din ako..

“Oh, hi Luna.” Ngumiti siya sakin.

Nailang ako pero pinilit kong ngumiti. “Hello.”

“Sino kasama mo?” tanong ni Justin.

“Ah, si–” Kat

"Honey?"

Nakarinig ako ng boses ng lalaki.

Kumabog yung puso ko. Alam na alam ko yung timbre ng boses na yon. Hindi ako pwedeng magkamali..

"Oh, Jessie." Justin

*lub dub lub dub*


Napalunok ako noong tumingin si Jessie sakin.

Ngumiti si Jessie saming dalawa ni Justin.

"Uhm, gusto niyong sumabay? Kauumpisa palang naming kumain ni Luna." Justin

Humawak si Kat sa braso ni Jessie. "Ah no thanks Justin, papaalis na din kasi kami–"

"Sure." Jessie




Napatingin kaming tatlo kay Jessie.

"Nagugutom na din kasi kami ni Kat." Jessie

Nakita ko yung pagkagulat sa mukha ni Kat pero binawi niya rin agad yon sa pamamagitan ng pag-ngiti.

"Uhm, okay. Kanina pa kasi gutom tong si honey eh. Hehe, thanks for the offer Justin." Kat

Ngumiti si Justin. "No problem."

Umupo si Jessie at Kat. Ganito yung ayos namin...


**Jessie __ Kat**

**|                    |**

**Ako __ Justin**

Naiilang ako kasi sakin tumapat si Jessie. Sinadya niya kaya yon? Siya kasi yung unang umupo.

Nagkatinginan kaming dalawa.





*lub dub lub dub*

Ang lalim ng titig niya, parang mayron siyang gustong sabihin...

Maya-maya lang, ako na mismo yung umiwas ng tingin.

**Chapter 32**

**Luna**




"Two Titiana Burisso for Ma'am and sir.."

Ibinaba nung waitress yung order nina Jessie at Kat.

"Enjoy your meal." Nag-bow yung waitress at saka lumakad paalis.

Tiningnan ko ng sandali yung pagkain nila.


Tss, parang pork steak lang. ( = ___ = )

Tapos 6,500 pesos ang halaga ng bawat isa. Ampupu. ( _ _ ")

Nakakakalahati palang kami ni Justin sa kinakain namin.

"So, what brings you here?" Justin

"May nagsuggest lang ng place na to. Sabi masarap daw yung food." Kat




"Ah.." Kinuha ni Justin yung wine glass na may lamang grape wine. Ininom niya yon.

"San kayo nanggaling?" tanong ulit ni Justin habang niro-roll yung wine glass sa mga daliri.

"Sa school," sagot ni Jessie. "Ipina-confirm kasi ni Mr. Pineda kung sasama ba talaga yung Pepperoni Cheese sa Hundred Islands. Ang sabi ko oo.."

"Ay oo nga pala!" Napatampal si Justin sa noo niya. "Nakalimutan ko! Kailan ba yon?"


"Since na-cancel naman yung concert natin, sa Monday na daw. One week yon." Jessie

Tumaas yung kilay ni Kat. "Bakit Justin, may gagawin ka ba non?"

"Tsk. Oo eh, may fan signing ako nun. Last week din kasi ipina-postpone ko yung schedule na yon kasi may lakad ako non.." Napakamot nalang sa ulo si Justin.

"Bakit? San ka ba pumunta non?" Sumubo ng isa si Kat sa kinakain niya.

“Uhm, kasama ko si Luna nung mga oras na yon..” Justin




Napatingin ako kay Justin. “Ha?” Para kasing narinig ko yung pangalan ko. ( 0 __ 0 )?

Bigla nalang natawa si Justin at pinindot yung ilong ko. Takte montik ko nang maibuga yung kinakain ko! *( > 0 < )*

“Ay Justin ano ba!” ( > ; < ) Tinakpan ko yung ilong ko.

“Hahaha! Ang tahimik mo kasi eh..” Justin ( ^ __ ^ )

Ngumuso ako. Ibinalik ko nalang ulit yung atensyon ko sa kinakain ko.


*Naiilang kasi ako.. Kasi nandito sina Jessie at Kat...*

Habang kumakain ako, napansin kong napapatingin sakin si Jessie.

Bumibilis yung tibok ng puso ko at mas naiilang pa ko.

Hindi ko tuloy mapigilang mapatingin din sa kanya.

Nagtama yung tingin namin ng ilang segundo bago ako umiwas ng tingin.




*Nakaka-conscious. Grabe..*

Ginawa ko nalang busy yung sarili ko sa pagkain.

“Luna?”

Napatingin akong bigla kay Kat.


“Uhm, I’m just curious...” Huminto sa pagkain si Kat at kinuha yung wine glass niya. “Kayo na ba ni Justin?”

Napatingin si Justin at Jessie kay Kat.

“I’m sorry for asking. Pero..” Ngumiti sakin si Kat. “Para kasing ang close close niyong tingnan..”

“Haha, close naman talaga kami dati pa eh.” Justin

"I know that pero.. Parang... Lumalim pa yung friendship niyo. Pansin ko lang ah.." nakangiting sabi ni Kat.




Medyo namula yung mukha ko.

Lalo na noong tumingin sakin si Justin. At ngumiti..

Naasar ako. "Tss, ayan na naman yang ngiti na yan." ( > //// < )

"Haha bakit ba?" natatawang sabi ni Justin. ( ^ ___ ^ )


"Naaasar ako. Psh." ( > ___ < )

"Nakuuu ikaw talaga hahaha," sabi ni Justin at kinurot ako sa pisngi. ( ^ ___ ^ )

Tss. ( = __ = )

"Haha, ang cute niyong tingnan." Kat, at ininom yung wine niya.

"Hindi kami," nakangiting sabi ni Justin kay Kat. "Pero I'm waiting..." Pagkatapos ay tumingin siya sakin.




( > //// < )

"Oohh.." Kat "How many months?"

Nag-shrug si Justin. "Who knows.. Basta maghihintay ako.. Di ba Luna?" ( ^ __ ^ )

( > //// < )


"T-Tumahimik ka na nga!" sabi ko. *( > //// < )*

Tumawa lang si Justin.

"You look like a couple right now," natatawang sabi ni Kat. "Kailan mo pa inayang maging girlfriend si Luna? I know that your TV announcement about your relationship was scripted. Kaya... Kailan pa?"

"Last week.. Dun sa may ice skating rink." Justin

Bigla tuloy bumalik yung pangyayari na yon sa isipan ko...




**********f la s h b a c k**

“I want to be with you all the time Luna. I want to fullfil my promise to you. I want to hold your hand. I can’t stand seeing you cry because of a hopeless reason.” Hinawakan ni Justin yung parehong kamay ko.

“Justin.” Yun lang ang bukud-tanging nasabi ko. Para akong naputulan ng dila dahil sa mga salitang binibitawan niya. Nabibingi na din ako sa tibok ng puso ko.


Lalo na noong tinitigan niya ako ng maigi at sinabing...

“Please be my girlfriend, Luna Reyes.” Justin

Hindi ako makahinga dahil sa tibok ng puso ko.

Humigpit yung pagkakahawak ko sa kamay ni Justin.

“J-Justin.. K-Kasi..” nabubulol na sabi ko.




Nagulat ako ng bigla niyang guluhin yung buhok sa ulo ko.

Napatingin ako sa kanya. Nakangiti siya sakin.

“I know that you’ll say that..” Pagkatapos ay tumawa siya. “I’m just giving a try.”

Parang bigla akong nakaramdam ng matinding pangangailangan na mag-sorry sa kanya.


Hindi ako sure kung totoo ba yung tawa niya na yon o ginagawa lang niyang panakip yon sa tunay na nararamdaman ng puso niya.

So I spoke up.

“I’m sorry Justin..” sabi ko.

“No, don’t say sorry.” Hinawakan niya yung kamay ko. “Para kasing kapag sinabi mong sorry parang wala na talaga kong pag-asa...” Pagkatapos ay yung pisngi ko naman yung hinawakan niya. “I’ll wait Luna. I’m willing to wait. I know that I can’t replace Jessie inside your heart. And I’m pretty aware about that... But all I’m asking you is to give me a chance..”

Hindi ko alam yung isasagot ko.




Naguguluhan pa kasi ako.

Hindi pa handang mag-desisyon yung puso't isipan ko.

I need more time...

"Okay," sabi ko kay Justin. "I'll give my answer to you... On Christmas Eve."


Ngumiti si Justin at inakap ako. Mahigpit.

"Thank you Luna.. Hindi mo alam kung gaano mo ko pinasaya." Justin

Ngumiti nalang din ako kahit parang medyo napipilitan ako.

Paano kung hindi magbago yung takbo ng damdamin ko?

Paano kung... masaktan ko lang si Justin?




“I’ll prepare myself..” bulong ni Justin. “To whatever decision you’ll give to me that day.”

Nangiti ako sa sinabi ni Justin.

Ang bait bait niya sakin. Ayokong saktan siya.. Ayoko talaga.. Pero...

*sigh*

Ibinalik ko nalang yung mahigpit na yakap ni Justin.


“Thank you Justin,” sabi ko. “Thank you..”

************ **End of flashback**

May halos five months pa ko bago ko ibigay yung sagot ko kay Justin.

At sa kalagayan ko ngayon... Psh, mukhang malabo pa kong makapag-desisyon. Ang gulo pa din eh.. ( > ___ < )

"I'll wait.. That's what I can tell her," sabi ni Justin kay Kat.




"Pero what do you think of Justin, Luna?" sabi ni Kat habang nakapatong yung baba sa nakatikom na kamay.

"Ha?"

"Who is Justin for you?" Kat

Ano ba yan, kailangan ba talagang pag-usapan yung mga ganung bagay sa loob ng isang restaurant? ( > ___ < )


"Uhm.. He's–"

Naramdaman kong may tumama sa paa ko sa ilalim ng table.

Titingnan ko na nga talaga kung ano yon nang napansin kong nakatingin sakin si Jessie.

Umiinom siya ng wine niya pero nakatitig siya sakin.

Nakaramdam ako ng kakaiba sa dibdib ko.




Hindi kaya... nagseselos siya?

“He’s what?” Kat

“He’s... uhm... he’s...” Hindi ko masabi. Oo kaibigan ko siya. Pero special din siya sakin. Kinikilig ako sa mga banat niyang bulok. ( = __ = ) Corny man nasi-sweetan pa din ako. Haayy ba’t ganun? Ang gulo talaga.. ( > __ < )

“He’s.. Uhm.. He’s..”


“It’s okay.” Justin “You don’t have to answer that question, Luna.”

Para naman akong binunutan ng tinik sa sinabi ni Justin.

Napahinga ako ng maluwag.

Tumingin si Justin sa wrist watch niya.

"We have to go. May pupuntahan pa kasi kami ni Luna." Justin




"Oh? Talaga? Saan?" Nagtatakang tanong ko. ( 0 __ 0 )a?

Kinindatan ako ni Justin. "You'll find out when we get there.."

*blush*

So tumayo na din ako at nagpaalam kina Kat at Jessie.


"Bye, ingat kayo." Kumaway samin si Kat.

Si Jessie naman ngumiti.

Hinawakan ako ni Justin sa kamay at pumunta kami sa may counter para magbayad.

Pagkatapos non ay lumakad na kami papunta ng glass door. Pinagbuksan kami ng dalawang crew ng restaurant.

"Thank you for coming ma'am and sir," sabi nila.




Pero bago kami tuluyang makalabas, lumingon muna ko sandali sa loob.


*At nagtama ulit yung tingin namin*.

Nakatingin sakin si Jessie. Hindi ko mabasa yung expression sa mukha niya. Malayo na din kasi kami pero parang nakatitig lang siya sakin. Yun lang.. Maya-maya, napansin kong lumunok siya..

At gaya din ng ginawa ko kanina, ako ang unang umiwas ng tingin.

## Chapter 33

## Luna




"Justin? San ba tayo pupunta?"

"Hindi ko alam.." Justin

Napatingin ako sa kanya. "Ha? Anong hindi mo alam?"

Tumawa si Justin. "Ewan HAHA!"


Tss.. ( = ___ = )

"Baliw," sabi ko sa kanya. ( = __ = )

Kumindat siya sakin. "Hindi naman masyado." ( > ___ ^ )

Pumamewang ako at saka nagbuntung hininga.

“Eh bakit hinila mo ko papunta dito sa...” Tumingin ako sa paligid. Ang daming tao. At mukhang mga couples pa sila ampupu.. ( > //// < )




“...Sa Parking Lot ng mall?” pagpapatuloy ko. ( 0 ___ 0 )?

Ngumiti sakin si Justin. “You’ll know why later..”

“Tsk surprises again?”

“Kind of..” Justin


*Blag*

“Aray.” May nakatabig sakin habang lumalakad sila ng boyfriend niya.

“Oh.” Sinapo ko ni Justin. “Okay ka lang? Pasensya na at medyo masikip dito..”

“Okay lang.. Buti nga at nakataas yung hood ng jacket mo eh... At pag nagkataon... Naku...” ( = __ = )

*Alam na ng buong mundo kung ano ang mangyayari.. Psh.* ( _ _ “)




Ngumiti sakin si Justin.

*A calm smile.*

Kaya naman napatitig ako ng husto sa kanya. Hindi ko maalis yung mata ko sa bawat detalye ng mukha niya.

Para akong hinihigop ng bawat titig niya..


“Alam ko kasing naiilang ka kanina..” sabi ni Justin. “Kaya naman I wanted to get you out of that resto as soon as possible.”

*lub dub lub dub lub dub*

Huminga ko ng malalim.

Nakakainis. Naiinis ako kay Justin.

Bakit ba lagi nalang niyang nababasa yung nararamdaman ko.




Mind-reader ba siya? ( > ___ < )

Pero sobrang thankful pa din ako kay Justin kasi inalis niya ko sa ganung sitwasyon.

“Thanks,” sabi ko sa kanya.

Kinurot niya ng mahina yung pisngi ko. “Your welcome..”

*kring kring kring*


“May tumatawag ata sayo Justin,” sabi ko.

Kinuha ni Justin yung cellphone sa bulsa ng pantalon niya.

Tiningnan niya kung sino yung caller.

“Uhm, yung bagong manager namin, tumatawag.. Sasagutin ko lang sandali Luna ah? Babalik din ako kaagad..” sabi ni Justin.

Ngumiti ako sa kanya at tumango. “Sure. Take your time.”




Ngumiti siya sakin bago tumalikod at lumakad palayo.

Hindi ko na din siya nakita malaunan dahil sa kapal ng tao..

Umatras ako ng kaunti hanggang sa nakasandal na ko sa harapan ng isang bus na nakaparada dito sa parking lot.

Napahinga ako ng malalim.


“Hi.”

Lumingon ako sa tabi ko.

*lub dub lub dub lub dub*

“Alone?”

*lub dub lub dub lub dub*




“Where’s Justin?”

Napahawak ako sa laylayan ng jacket ko at saka umiwas ng tingin.

“Uhm, m-may kausap lang sa cellphone sandali. Pero babalik din siya..” sagot ko.

Pinagpapawisan yung parehong kamay ko.


Ang lakas-lakas ng tibok ng puso ko. Ibang klaseng pagkakaba yung nararamdaman ko ngayon. Parang gusto ko nalang lumiit ng todo para makatakas sa kinalalagyan ko sa mga oras na to.

“Can I join you?”

Lalong humigpit yung pagkakahawak ko sa laylayan ng jacket ko.

Nakakailang. Grabe..

"Uhm, sure." Nakakahiya naman kasi kung hindi ko siya papayagan di ba? What's the point in that?




"Thanks." Tumabi si Jessie sakin.

Nakasuot siya ng shades, para hindi siya makilala pero para sakin, bawat detalye ng mukha niya ay alam na alam ko. Mula sa pagkakakurba ng mga kilay, sa magaganda niyang mata, sa pagkakatangos ng ilong at sa mga labi niyang laging nagpapatalon sa puso ko...


Natatandaan ko three years ago, bago ako umalis papuntang America, kinabisado ng mga daliri ko yung bawat detalye ng mukha niya. At habang nasa America, pilit kong kinakapa yung mukha niya sa dilim.

Bago matulog.. Habang kumakain.. Kahit saan man ako magpunta..

Laging siya..

*Puro siya lang*...

Biglang kumirot yung puso ko noong maalala ko yung mga bagay na yon. Para kasing nangyari yung lahat ng yon samin one thousand years ago. Parang... Ang layo-layo na namin sa isa't isa... Ang dami nang nagbago...




"Nasan si Kat?" tanong ko.

"May pinuntahan eh.. Nauna siyang umalis.. Saka sabi niya wag ko na daw siyang ihatid.." sabi ni Jessie ng hindi tumitingin sakin.

"Ah.." Yun lang yung nasabi ko.

"Naiilang ka ba?" Jessie


Pag-angat ng ulo ko. Nakita kong nakatitig na siya sakin. Nakikita ko yung mga mata niya sa likod ng salamin dahil sa liwanag na nanggagaling sa poste ng ilaw.

Bumilis yung tibok ng puso ko.

"Alam kong naiilang ka.." sabi niya ulit.

Umiwas ako ng tingin. "Masisisi mo ba ko?" mahinang sabi ko.

"Hindi.." Jessie




Napayuko ako sa sinabi niya.

"Sana.. Bumalik na yung alaala ko.." Jessie

Nakita kong bumiling yung katawan sakin ni Jessie. Kaya naman parang naging tensed yung buong katawan ko at napalingon ako sa kanya.

"...para malaman ko kung sino ka ba talaga sa buhay ko.. Kung gaano ka kahalaga..." Jessie


Nakaramdam ako ng lambot sa dibdib ko dahil sa sinabi niya.

Nagulat ako ng alisin ni Jessie yung shades niya.

Tumalon yung puso ko noong makita ko yung mga mata niya.

Nakatitig sakin..

Ang lalim ng bawat tingin niya... Parang ang dami-dami nitong gustong itanong na matagal nang naghahanap ng kasagutan...




"I want..." Hinawakan ni Jessie yung kamay ko. Nakaramdam ako ng kakaibang init sa buong katawan ko. Hindi ko maipaliwanag..

"I want to–"

*BOOM BOOM BOOM*

"KYAAAAAAHHHH!!!"


Nabingi ako sa hiyawan ng mga tao.

Nakakita ako ng iba't ibang liwanag sa kalangitan.

Parang makukulay na bulaklak na sumasabog sa dilim..

Hindi na naituloy pa ni Jessie yung gusto niyang sabihin. Masyado na ding natuon yung atensyon ko sa fireworks show.

Hindi ko namamalayan, nakangiti na pala ko.




"Ang ganda," bulong ko habang aliw na aliw sa panunuod.

Tumingin ako kay Jessie.

Nanunuod din siya.

*Nakangiti.*


Then I felt a squeeze in my hand.

Pag yuko ko, nakita kong magkahawak yung kamay naming dalawa. Tapos ang lapit lapit pa namin sa isa't isa...

Hindi ko sana yun mapapansin kung hindi lang piniga ni Jessie ng mahina yung kamay ko.

Feeling ko parang namula yung mukha ko.

"Just enjoy the show."




Umangat yung ulo ko.

Nakatuon pa din yung atensyon ni Jessie sa panunuod..

Ang lakas ng tibok ng puso ko. Parang sinasabayan nito yung bawat pagsabog ng fireworks sa langit.

I sqeezed his hand too. Lightly..


Then directed my attention towards the show.

***Justin's POV***

Napahinto ako sa paglalakad.

Tumikom yung parehong kamay ko.

Parang pinipiga ng husto yung puso ko noong makita ko sina Jessie at Luna na magkatabi...




*At magkahawak ng kamay*..

Umiwas nalang ako ng tingin.

Humahapdi yung mga mata ko habang tinitingnan ko sila.

Nasasaktan ako. Ang sakit...

*Sobra.*


Kaya pumunta nalang ako sa tabi ng isang poste at tumingala sa langit.

Ang ganda ng fireworks.. Pero..

Wala akong maramdaman na kasiyahan..

Huminga nalang ako ng malalim para alisin yung sakit na bumabalot sa puso ko.

Sumandal ako sa poste.




At hinintay nalang na matapos yung palabas..

**Chapter 34**

**Luna**

Natapos na yung fireworks display.


Bumitaw na din sa pagkakahawak sa kamay ko si Jessie.

Ang lakas ng tibok ng puso ko habang ramdam ko yung init ng palad niya.

Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko.

"Wala pa din si Justin?" tanong ni Jessie.

Tumingin-tingin ako sa paligid. Nag-aalisan na yung iba pero masyado pa ding makapal yung tao kaya hindi ko makita si Justin.




Nakita kaya niya na... kasama ko si Jessie?

“Tatawagan ko nalang...” Kinuha ko yung cellphone ko at idinial yung number ni Justin.

**Calling...**
**Justin ^^,**

Sumagot siya sa ikaapat na ring.


“Hello? Justin? Nasan ka na?”

[ Nandito ko sa harap ng mall. Pasensya na at hindi kita nasamahan dyan. Nung pupuntahan na sana kita eh hindi na kita nakita dahil sa kapal ng tao.. ] Justin

“Ah okay lang.. Sige pupuntahan nalang kita dyan..”

[ Okay.. ] Justin

"Bye."




*toot*

Tumingin ako kay Jessie. "Mauna na ko. Hinihintay na kasi ako ni Justin eh. Thanks sa pagsama sakin.."

Akmang aalis na ako ng biglang hawakan ni Jessie yung braso ko.

"Wait.." Jessie


Napatingin ako sa kanya. "Bakit?"

"Sasama ka ba sa... Hundred Islands?" Jessie

"Hindi ko pa alam.. Pero baka.. Bakit?"

Binitawan ni Jessie yung braso ko at napangiti. "Ah, wala lang. Hehe.."

Pagkatapos ay inilagay ni Jessie yung kanang kamay niya sa may batok.




Napatingin ako sa wrist niya.

Biglang tumalon yung puso ko.

Yun yung...

“Y-Yung bracelet..” medyo mabulul-bulol na sabi ko habang nakatingin sa blue na bracelet na suot-suot niya.


Tiningnan ni Jessie yung bracelet. “Ano yung tungkol sa bracelet?” nagtatakang tanong ni Jessie.

Napahinga ako ng malalim, pinapakalma yung puso ko.

“Kasi... Ano... Uhm... S-San mo nakuha yan?” tanong ko.

Dinilaan ni Jessie yung ibabang labi niya at waring nag-isip. “Uh, matagal na sakin to. Pagdilat ko sa ospital suot-suot ko na to..”

Napayuko ako sa sinabi niya. Kung ganon, noong hinabol niya ko sa airport, suot-suot niya yung bracelet na yan?




At hanggang ngayon... Hindi pa din niya nakakalimutang isuot yon kahit na nakalimutan niya yung mga alaalang nakapaloob don...

“Luna..” Jessie

Tumingin ako sa kanya. Nakita kong nakatitig din siya sakin ng maigi.

“Ikaw ba yung... Nagbigay sakin nito?” Itinaas ni Jessie yung bracelet.


Kumabog ng malakas yung puso ko. “Pano mo naman nasabing ako?”

“Kasi... Iba yung reaction mo nung nakita mo yung bracelet na to eh... Siguro, ibinigay mo sakin to noong tayo pa.. three years ago..” Jessie

Umiwas ako ng tingin at napahinga ng malalim.

“Bakit? Mali ba ko Luna?” tanong ni Jessie noong hindi ako sumagot.

Nakakailang palang pag-usapan yung nakaraan niyong dalawa ng ex mo. Lalo na kung hindi ka pa masyadong nakaka-move on..




Kaya tumango nalang ako.. “Oo. Binigay ko sayo yan.. Three years ago..”

*Nung tayo pa..*

Parang tinik na tumusok sa puso ko yung huling mga salita na yon.


Shemay na puso toh oo.. ( > ___ < )

Tumango si Jessie. “I understand now...” mahinang sabi niya.

Kunwari akong tumingin sa wristwatch ko. “Ah sige na Jessie, kailangan ko nang umalis. Baka naiinip na si Justin, hehe. Salamat ulit..”

Ngumiti siya sakin. Pero hindi yon sapat para umabot yung ngiti sa mga mata niya. “Okay. Ingat..”

Tumalikod ako at tumakbo palayo. Gusto ko na kasing umalis sa nakakailang na sitwasyon na yon.




Pumunta ko sa harap ng mall, at doon ay nakita ko ang isang lalaking nakasandal sa pader, nakataas yung hood sa ulo at nakasuot ng black na shades.

Si Justin.

Pumunta ko sa tabi niya, humihingal pa ng kaunti...

“Jhuzt,” sabi ko.


Lumingon siya sakin.. At ngumiti ng kaunti.. “Nag-enjoy ka ba sa show?”

“Uhm, oo.. Maganda yung fireworks display. Napanuod mo ba?” tanong ko.

Umalis siya sa pagkakasandal. “Yup.. Maganda..” Pagkatapos ay ngumiti siya sakin.

Pero may kakaiba sa pagkakangiti niya. Parang... walang sigla yon di tulad ng mga ngiting lagi niyang ibinibigay sakin.

"Justin, may problema ka ba?" tanong ko habang sabay kaming lumalakad.




"Hmm.. Wala naman.. Bakit mo natanong?" Justin

"Para kasing..." Tiningnan ko siya. "Bigla nalang lumungkot yung mukha mo.."

For a moment, nakaramdam ako ng kaba at guilt.

Hindi kaya... Nakita niya nga kami ni Jessie kaya siya malungkot?

Pero sabi naman niya na hindi niya raw kasi ako makita kaya hindi niya ko nasamahan kanina sa palabas..

Ano ba talaga yung dahilan? Naguguluhan ako...

"Ah, wag mo nalang akong pansinin.. Showbiz matters.." sabi niya. Siguro nalungkot siya sa ibinalita nung manager niya sa phone.. Yun nga kaya? *sigh* Yamo na nga...

Sumakay kami ni Justin sa taxi.

Tahimik siya sa buong byahe. Naninibago ako. Nakakailang. Hindi ko mapigilang mag-isip ng kung ano-ano dahil sa katahimikan niya.

Ilang beses na din akong lumilingon sa kanya, pero lagi lang siyang nakatingin sa labas ng bintana.

Hindi rin naman ako makaimik ng masyado at tingin ng tingin sa salamin yung driver ng taxi. Kinikilala ata kung si Justin ba yung sakay niya.

Tss.. Chismoso.. Dagukan ko to eh.. ( - ___ - ) + +


*screeeeech*

Huminto na yung taxi sa harap ng apartment namin ni Steff.

Pagbaba namin ni Justin sa taxi, napansin ko yung isang kotseng puti na nakaparada hindi kalayuan sa apartment.

Hindi pamilyar sakin yung kotse kaya hindi ko rin matukoy kung sino ba yung naksakay don..

Hindi kaya bisita ni Steff? O kaya ni Casey?




Maya-maya, bigla nalang umandar yung kotse at saka umalis. Napataas yung kilay ko. Sino kaya yun?

Lumakad na ko sa harapan ng gate.

“Pano ka uuwi?” tanong ko.

“Lilipad.” Justin

( = ___ = ) Yeah... Psh...


“Ha-ha.. Natawa ko grabe..” ( = ___ = )

Tumawa si Justin at kinurot ng mahina yung pisngi ko.

Nangiti din ako kasi parang bumalik na yung masayahing aura niya.

“Joke lang... Kukuha nalang ulit ako ng taxi..” Justin

"Justin.."



"Hmm?" Justin

"Nag-aalala ako sayo kanina. Akala ko hindi mo na ko kikibuin.."


Lumapit sakin si Justin at ngumiti. "Ano ka ba. Na-badtrip lang talaga ko sa sinabi nung manager sakin kanina. Hindi ko naman alam na nag-alala ka pala. Sorry.."

"Tss, wag kang mag-sorry... Pero cheer up na, okay? Kung ano man yung problema mo na yon sigurado kong maayos din yon.." sabi ko.

Tumango nalang siya sakin at ngumiti. Pero heto na naman siya.. Hindi na naman umabot yung ngiti sa mga mata niya di tulad nung dati.

"Thanks.. Sana nga maging okay na ang lahat.. At kung ano man yung kalabasan nung problema na yon... Tatanggapin ko nalang ng buong puso.." Justin

Parang for a moment, biglang sumikip yung dibdib ko. Hindi ko maintindihan.. Pero parang affected din ako sa problemang dinadala ni Justin. Na parang in some way eh bahagi din ako non...




Inakap ko siya. "You can do it. Just have faith in God.." Pagkatapos ay inalis ko na yung pagkakayakap ko. "Good night Justin. Ingat ka sa pag-uwi ah?"

Hinagod ni Justin ng kamay yung buhok ko. Dahan-dahan.. "Good night Luna.." Hanggang sa bumaba yung kamay niya sa pisngi ko. "Sweet dreams.." Hinalikan niya ko sa noo.

A soft, gentle kiss.

Lumakas yung tibok ng puso ko at biglang nag-init din yung mukha ko.


Justin pulled back and smiled at me with empty eyes.

After that, he walked away and disappeared into the darkness...

***Kat's POV***

Bumaba ako ng sasakyan ko.

Pumasok ako sa loob ng building at sumakay sa elevator para pumunta sa condo ko.




Nginingitian ko yung bawat taong nakakasalubong ko.

Binati ko din yung mga nakasabay ko sa elevator.

*ting!*

Bumukas yung elevator at lumakad na ako palabas.

Kinuha ko yung susi sa loob ng bag ko at saka binuksan yung pinto.

Pumasok ako sa loob ng condo at binuksan yung ilaw.

Ibinaba ko yung bag ko sa sofa at tumuloy sa may kitchen.

Binuksan ko yung faucet at saka naghugas ng mukha.

Napahinga nalang ako ng malalim noong hindi pa din naalis ng lamig ng tubig yung bumabagabag sa isipan ko.

Kinuha ko yung towel at saka ipinunas sa mukha ko.

Tumingkayad ako at inabot sa cabinet sa taas ng counter yung red wine na ibinigay sakin ni Jessie noong second anniversary namin.

*Anniversary.* Malapit na nga pala ulit yung anniversary namin ni Jessie. Ano kaya yung magandang ibigay sa kanya?


Pero hindi ko muna inisip yon. Nagsalin ako ng red wine sa wine glass at saka sumandal sa counter.

Uminom ako.

*Siya nga yung nakita ko. Hindi ako pwedeng magkamali. Pero bakit nandito siya? Kaanu-ano ba niya si Luna?*

Napahinga ako ng malalim noong naubos na yung iniinom ko.

Kinuha ko yung bote ng red wine at nagsalin ulit.




Napapikit nalang ako habang hinihilot yung sintido ko...

*God, bakit kailangan ko pa siyang makita? Pagkatapos ng mahabang panahon.. Pagkatapos ng lahat-lahat... Bakit ngayon pa kung kailan masaya na ko?*

**Chapter 35**

**Luna**


“Sis?”

Lumingon sakin si Steff. “Ha? Ano yon sis?”

Napataas yung kilay ko. Nanonood kasi kami ng movie ni Steff ngayon, Hunger Games. Last week pa niya gustung-gustong bumili ng DVD copy non eh. Pero bakit nakatulala lang siya dun sa TV screen?

“Bakit parang malungkot ka sis? May problema ba?” tanong ko.

"Ah, wala sis. Inaantok na kasi ako." Steff




"Sabagay, mag-12 AM na eh. Matulog ka na kaya sis?" sabi ko.

"Okay.." Tumayo si Steff at ibinaba sa sofa yung akap-akap niyang unan. "Night sis.."

Nginitian ko siya. "Night.."

Tapos ay umakyat na siya kwarto niya. Ang tamlay niya atang bigla? Parang nung isang araw lang ang sigla-sigla niya ah? Nag-away kaya sila ni Kevin?


*sigh* Ewan ko ba...

***Steff's POV***

Isinarado ko yung pintuan ng kwarto ko.

Lumakad ako papunta sa kama ko at agad humiga.

Tumitig lang ako sa kisame ng ilang minuto. Hindi ako mapakali.




*Ano kaya ginagawa niya?*

Hindi na din ako nakatiis at kinuha ko na yung cellphone ko at idinial yung number ni Kevin.

**Calling...**

**Babe <3**

*kriiiing kriiiing kriiiing*


Naghintay pa ko ng ilang segundo.

[ *The number you have dialled*– ]

*toot*

Pinatay ko na yung tawag. Ibinaba ko sa tabi ng ulo ko yung cellphone ko at napahawak nalang sa noo ko.

*sigh*




Ilang araw na din akong hindi nakakareceive ng text o tawag mula sa kanya. Busy siguro siya? O baka naman galit pa din siya? Pero miss ko na siya eh.. Bihira nalang kami magkausap.. Saka...

Hindi ko naman intensyon na siraan yung nurse na ipinadala ng parents niya para alagaan siya eh. Nagseselos lang talaga ako nung time na yon..

Pano kasi, nung nalaman ng parents ni Kevin yung tungkol sa pagbaril sa kanya, nagpadala sila ng personal nurse para kay Kevin to watch over his health..


Eh kaso nga, napag-alaman ko na may gusto pala kay Kevin yung bruha na yon.. Kaya ayon... Nagselos ako.. ( _ _ “) Tapos nagalit sakin si Babe kasi ang childish ko daw..

*sigh*

“Hindi pa ko nakakapag-sorry,” bulong ko sa sarili ko.

Kumunot yung noo ko at saka kumawag ng kumawag sa kama.

"WAAAAHHH! Namimiss ko na Babe ko! Bruha kasing nurse na yon! Sarap sapakin ng walang lubay!" ( > . < )




Nandito naman kasi ako para alagaan siya eh! Bakit kailangang may nurse pa? Tapos nakatira pa yung bruhilda na yon sa condo ng babe ko! Kaasar lang! Ampupu! *( > 0 < )*

Nung mawala na yung inis ko, nagtalukbong ako ng kumot at saka pinilit matulog.

*Magso-sorry na ko kay Babe bukas,* sabi ko sa sarili ko.


*********** **Kinabukasan . . .**

Pumunta ko sa room nina Babe.

Binuksan ko yung pintuan at sumilip sa loob.

Hindi pa nag-uumpisa yung klase pero nandon na yung PC. Magkatabi si Jessie at Rio samantalang si Justin ay nasa kabilang table.

Nangiti naman ako noong mahagilap ng mga mata ko si Babe.




Nandon siya sa dulo, sa may itaas, at katabi si . . .

Nawala yung ngiti sa labi ko.

Parang may kumurot sa puso ko noong makita kong masayang nagtatawanan si Kevin at yung nurse niya.

Bakit nandito yon?!


Maya-maya lang, nagtama yung tingin namin ni Kevin.

Nagulat ako... At halatang nagulat din siya kasi nahinto siya sa pagtawa.

Bigla akong nailang...

Hindi ko kasi alam kung tutuloy ba kong pumasok para kausapin siya o hihintayin ko nalang yung labasan nila.

"Oy Steff!" Ngumiti si Rio sakin at kumaway.




Pinilit kong ngumiti at kumaway ng kaunti. "Uy, hehe.."

Napatingin naman sakin sina Jessie at Justin at parehas na ngumiti.

"May kailangan ka ba? Kakausapin mo ba si Kevin?" Rio

Napalingon ako sa taas, kay Babe, noong binanggit ni Rio yung pangalan niya.

Pero...


Hindi niya ko pinansin at patuloy lang na nakipag-usap dun sa nurse.

Kumirot yung puso ko sa nakita ko.

Kaya naman isinarado ko nalang yung pintuan at saka lumakad paalis.

Medyo nangilid yung luha ko.

Nakakainis. Nagseselos na naman ako. Oo, selosa ako, inaamin ko yon. Kaya naman ganito nalang yung naging reaction ko..




Bored na bored ako sa klase. Wala akong naintindihan sa mga sinasabi nung professor namin sa harapan.

Tingin lang ako ng tingin sa cellphone ko buong maghapon.

Inilagay ko yung baba ko sa palad ko at tumingin sa maliit na lunch box sa ibabaw ng table ko.


*sigh*

Hindi ko man lang naibigay kay Babe to. Gusto ko kasing magkabati na kami kaya iginawa ko na din siya ng lunch bilang sorry. Pero hindi ko naman siya naabutan kanina sa room kasi ang sabi nung kaklase niya, kumain ng sabay-sabay yung PC.

Hindi ko tuloy mapigilang mapaisip kung kasama ba yung bruhang nurse na yon.

*ding dong*

Tumunog na yung grand clock sa harapan ng school namin.




Uwian na.. Pero wala pa din akong narereceive na kahit blank message mula kay Babe.

Tumayo ako sa upuan ko habang nagbubuntung-hininga.

Kinuha ko yung lunch box at lumabas sa classroom.

Pinuntahan ko ulit yung room ng PC.

5 PM pa uwian nila. Maghihintay pa ko ng isang oras..


*sigh*

*********** After 1 hour ...**

Bumukas yung room sa tabi ko.

Agad naman akong pumunta sa tabi ng pintuan at inabangan yung PC.

Una kong nakita si Justin. “Justin!” tawag ko sa kanya.




Lumingon siya sakin at ngumiti. “Oh Steff?”

“Si Babe?”

Tumaas yung kilay niya. “Hindi ba niya sinabi sayo?”

“Ang alin?” nagtatakang tanong ko.


“Hindi siya pumasok ngayon.. Nahihilo kasi siya..” Justin

Nakaramdaman ako ng tampo. Hindi man lang binanggit sakin ni Babe na nahihilo siya.. Dati-rati, ako yung una niyang kinukulit kapag may nararamdaman siyang hindi maganda..

“Uhm, nasa condo ba siya ngayon?” tanong ko.

Tumango si Justin.

"Ah, s-sige. Thanks.." Tumalikod ako sa kanya at saka lumakad palayo.




***** **After 25 minutes...**

Sumakay ako ng elevator at saka pumunta sa condo unit ni Babe.

Pinindot ko yung doorbell.

*ding dong*

Walang sumasagot..

Pinindot ko ulit yon.. Pero wala talagang sumasagot..

Kaya kinuha ko na yung duplicate key na ibinigay sakin ni Babe dati.

Isinuot ko yung susi sa keyhole.

*click*

Binuksan ko yung pintuan at saka pumasok...

Parang dinaganan ng isang mabigat na bagay yung dibdib ko noong makita ko si Kevin na nakahiga sa sofa... At yung nurse na nakasalampak sa sahig at nakapatong yung ulo dun sa sofa...

Kapwa sila natutulog... Walang kaalam alam na nandito ako ngayon..

Si Kevin.. Payapang natutulog... Habang nakaakbay yung isang braso sa may likod nung nurse..

Biglang nag-init yung mga mata ko at may namuong luha doon...

Pero pinunasan ko na agad yon bago pa man tumulo yung luha mula sa mata ko.

Lumapit ako sa kanila at ibinaba yung lunch box sa coffee table. Naglagay ako ng isang note sa itaas non...

**Note:** ***Sorry Babe! Forgive me! I love you very much.. Sana magkabati na tayo. Miss na miss na kita.. :'(***

Parang pinapalipit yung puso ko habang tinitingnan ko silang ganito ka-close.

Feeling ko ba... Tahimik akong inaagawan.. Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko...

Umiwas na ko ng tingin at tahimik na lumakad palayo.

Tiningnan ko muna sila ng isang beses bago ako lumabas ng pintuan.


Nakita kong naalimpungatan yung nurse. Halos malaglag yung puso ko noong makita kong lumapit yung nurse at halikan sa labi si Kevin.

Biglang nag-init yung buong katawan ko at napuno ng selos yung puso ko. Hindi ko namalayan na papalapit na pala ko sa kanya.

Noong lumingon yung nurse sa direksyon ko, hindi na niya nagawa pang magsalita dahil sinabunutan ko na agad siya.

“AAAAHH! ANO BA! BITAWAN MO NGA AKO!” sigaw nung nurse habang pinipilit na alisin yung kamay ko sa buhok niya.

"ANG LANDI MO!" Itinulak ko siya kaya naman napahiga siya sa sahig.



"BABE! MARIE! Anong nangyayari dito?!" Napabangon si Kevin mula sa sofa.

"WALANGYA KA! ANONG KARAPATAN MONG HALIKAN ANG BABE KO HA?!" Lumapit ako sa kanya at sinabunutan ulit siya.

"BITAWAN MO KO!" sabi ni Marie. Nakaramdam ako ng sakit sa braso ko at napasigaw ako. Kinalmot ako ni Marie.


"BABE! TAMA NA!" Inakap ako ni Kevin sa likuran at saka pinilit na ilayo kay Marie.

Nagpupumiglas ako sa pagkakayakap ni Kevin habang patuloy yung pagtawag ng kung anu-ano sa bruhang babae na yon.

Punung-puno ng inis at selos yung puso ko. Hindi ko na alam kung ano ba yung gagawin ko..

"BABE!" Hinawakan ako ni Kevin sa magkabilang braso. "ANO BA BABE! Ano bang nangyayari sayo?!"

Nagpupumiglas pa din ako sa pagkakahawak ni Kevin. “BITAWAN MO KO BABE! HINDI MO ALAM KUNG ANO YUNG GINAWA SAYO NUNG BRUHANG YAN!”




“PLEASE TAMA NA!” Kevin “WALANG GINAGAWANG MASAMA SI MARIE! NATUTULOG LANG KAMI! WALA KANG DAPAT IKASELOS!”

“Walang ginagawang masama?” matawa-tawa kong sabi. “HINDI MO ALAM KUNG ANO YUNG GINAWA NG MALANDING–”

“Wala akong ginagawang masama!” sabi ni Marie habang umiiyak sa sahig.


Lalo akong nainis dahil feeling ko nagpapaawa lang siya. Kaya naman tinangka ko ulit siyang sugurin.. Pero...

“STEFF!” Niyanig ni Kevin yung magkabilang balikat ko habang nakatitig ng maigi sa mga mata ko. “TAMA NA! TUMIGIL KA NA!!!”

Napahinto ako sa pagkilos. Parang bigla akong nanigas sa kinatatayuan ko. Mistulang nabingi ako sa narinig ko...

“Babe... A-Anong tinawag mo sakin?” maluha-luha kong sabi kay Kevin.

Napalunok si Kevin at humigpit pa yung pagkakahawak sa magkabilang balikat ko. "Tama na... Steff... Please.."




Sumikip bigla yung dibdib ko at sabay-sabay na tumulo yung mga luha ko.

"B-Babe.." Sinubukang punasan ni Kevin yung luha sa pisngi ko pero tinabig ko yung kamay niya.

"Babe.." sabi niya ulit.


Inalis ko yung mga kamay niya sa balikat ko. May kumawalang hikbi sa bibig ko pero pinilit kong ngumiti kahit na parang pinupunit yung puso ko.

"N-Naaalala mo ba yung sinabi mo sakin non? *Hikbi* Sabi mo, m-mula sa araw na yon hanggang sa mamatay ka, Babe yung itatawag mo sakin.. Kasi simbolo yon ng pagmamahal mo sakin..." Napayuko ako at nakita ko kung paano tumulo yung luha ko sa paanan ko.

"Babe–"

"KEVIN.." pagputol ko sa sasabihin niya.

Noong tumingin ako sa kanya, nakita kong parang nababasa na din yung mata niya. Nasasaktan ako kasi nakikita ko na nasasaktan siya ngayon. Pero, hindi ko na kaya eh.. Nasaktan ako ng sobra sa sinabi niya kanina... Lalo pa't hindi man lang niya pinakinggan yung paliwanag ko...




"Kevin.." Parang isinusuka ng puso ko yung pagtawag ko sa kanya ng ganon.

"B-Babe.. Please.." Tinangka niyang hawakan yung kamay ko pero iniwas ko yon.

Napatingin siya sakin. Tinitigan ko din siya..


"Don't..." Napakagat ako sa labi ko. Parang hinihiwa yung puso ko habang sinasabi ko yung kaisa-isang bagay na labis na makasasakit sakin...

"Don't call me Babe.." Nakita kong namula yung mga mata niya. Pero umiwas na ko ng tingin bago ko pa man makita yung pagtulo ng luha mula sa mga mata niya.

Tumalikod ako at saka tumakbo palabas ng condo. At habang paulit ulit na dinudurog yung puso ko dahil sa sinabi ko, hindi rin maubos-ubos yung luhang nalalaglag mula sa mga mata ko...

## Chapter 36

## Luna




"Casey! Nandito na ba si Steff?"

"Ewan ko, di ba kasabay mo?" sabi niya habang may binabasang libro.

"Hindi eh, nauna siyang umalis sa school." Naintriga ako sa librong hawak niya kaya naman lumapit ako at tumabi sa kanya sa sofa.

Sumilip ako. "Uy romance novel yan ah? Ang cheesy mo pala haha!" ^__^


"Psh, minsan lang naman.." Casey

"Hindi ka pa nga pala nakakapagkwento tungkol sa love life mo.. Ang daya.." sabi ko. ( = 3 = )

Tinaasan niya ko ng kilay. "At bakit ko naman ikukuwento sayo?" ( - __ ^ )

"Eh pano ikaw updated sa love life ko pero ako kahit yung first love mo hindi ko kilala.." ( > . > )

"Wag na.." ( - __ - ) sabi ni Casey at nagpatuloy nalang sa pagbabasa.




"Tss ang daya talaga!" Tumayo ako at ngumuso. "Name lang naman eh hindi pa masabi.." ( > 3 < )

"Matulog ka na.." Casey ( - ___ - )

"Naku!" Tumalikod ako at lumakad paalis.

"Hoy! Galit ka?" tanong niya.


"Ay hinde! Tuwang tuwa ako sayo oh, HA-HA-HA.." ( = o = )

"Haha! Tsk! Mukha ka talagang bata.." Casey ( ^ ___ ^ )

"Uto. Bata ka dyan.." ( = ___ = )

"Sabihin ko man sayo, hindi mo din naman kilala.." Casey ( ^ ___ ^ )

"Eh sino na kasi? Dali!" ( ^ 0 ^ )




"Trina.." Casey

"Ha?" ( 0 __ 0 )?

"Trina yung name niya.." Casey

"Trina? Sino yon?" ( 0 __ 0 )?

Biglang tumawa si Casey. "Haha! Sabi sayo hindi mo naman kilala eh. Ang kulit kasi." ( ^ __ ^ )


"Eh nasan na siya ngayon?" tanong ko. ( 0 __ 0 )?

Biglang nag-iba yung itsura ni Casey. Parang biglang sumeryoso yung mukha niya. "Wala.."

"Anong wala?"

"Wala na siya..." Casey

Nakaramdam ako ng awa at guilt dahil sa narinig ko.




Napakagat ako sa labi ko. Ang sama ko..

Lumapit ako kay Casey.. “S-Sorry Casey..”

Ngumiti sakin si Casey at saka tumawa. “Haha! Ano ka ba! Okay lang yun noh.. Matagal na namang nangyari yon..”

“Sorry pa din..”


“Naku matulog ka na nga haha..” Casey

Tumalikod ako at saka umakyat sa hagdan papunta sa kwarto ko.

Mas mahirap pala yung nangyari kay Casey.

Si Jessie, nakalimutan lang ako, pero siya...

*sigh*




Hindi ko tuloy mapigilang maawa kay Casey..

**Chapter 36.2**

**Steff**

Nakaupo ako ngayon sa may waiting shed, naghihintay ng bus na masasakyan.

Madilim na yung langit. Malapit na din kasing gumabi saka mukhang uulan pa.

Medyo kumakalma na yung puso ko, pero ayaw pa ding tumigil nung pagpatak ng luha mula sa mga mata ko.

Maya-maya lang, nakarinig ako ng ingay. Kulog. Tumingala ako at nakita ko kung paano magpakawala ng maliliit na butil ng tubig ang langit.

Napayakap nalang ako sa magkabilang braso ko, yumuko at humikbi.

*Dinadamayan ako ng langit...*

Ang sakit-sakit lang.. Sobra... Parang hinihiwa yung puso ko..

*peep peep*

Napataas yung ulo ko. Nakita kong may kotseng nakaparada sa harapan ko ngayon.

Bumukas yung bintana ng kotse sa may passenger seat.

“K-Kat?” medyo gulat na tanong ko.


“Sumakay ka na..” Kat

Medyo nag-alangan ako.

“Sige na,” pilit ni Kat. “Baka wala ka na ding masakyan niyan. Umuulan kasi..”

Napahinga nalang ako ng malalim bago tumayo at lumakad papunta sa kotse ni Kat.

Sumakay ako sa passenger seat.




Tumingin muna si Kat sakin at nagsalita. "May problema ka ba? Umiiyak ka kasi.."

Pinunasan ko yung luha sa mga mata ko. "Wala toh.. Wag mo nalang akong pansinin.." Pagkatapos ay tumingin nalang ako sa may bintana. Hindi kasi ako masyadong close sa kanya. Kahit dati pa..

Hindi nalang siya nagsalita at itinuon ang atensyon sa pagddrive.

Hindi kami nag-uusap habang nasa byahe. Mas gusto ko nga toh eh.. Gusto ko munang..

Lumagay sa tahimik...

Pero habang tahimik akong nag-iisip, hindi ko mapigilang maluha noong muling bumalik sa isipan ko yung nangyari kanina. Grabe, sa nakalipas na tatlong taon, ngayon lang kami nagkaroon ng ganitong kalaking pagtatalo.

At parang... Hindi nalang selos at tampo yung nararamdaman ko ngayon.. Parang... May kahalong inis at galit na din...

Pinunasan ko nalang ulit yung luhang pumatak mula sa mga mata ko...




Huminto na yung kotse ni Kat noong nasa labas na kami ng apartment.

"May payong ka ba, Kat?" tanong ko.

"Wala eh.. Heto, itext mo nalang si Luna.." Ibinigay sakin ni Kat yung cellphone niya.

Kinuha ko yon at nagtype ng message.. Buti nalang at kabisado ko yung number ni sis.

**To: 09053******


Sis, nakitext lang ako kay Kat. Nandito kami ngayon sa kotse niya sa tapat ng apartment. Labas ka naman oh? Wala kasi akong payong.. Tnx..

Pinindot ko yung *Send*..

Pagkatapos ay ibinalik ko na kay Kat yung cellphone niya.

"Thanks," sabi ko.

Kinuha niya yon at saka ngumiti. “Welcome.. Kung tungkol man kay Kevin yung problema mo, sigurado akong magkakabati din kayo..”




Biglang kumirot yung puso ko noong binanggit niya yung pangalan ni Kevin.

Parang ibig-ibig ko na namang maiyak...

“Nga pala..” Kat

Napalingon ako sa kanya.

Nakita kong nakatitig lang siya ng diretso sa daan.

“Sino yung... Kasama niyo dyan sa apartment?” tanong ni Kat.

“Sino? Si Casey?”

Napatingin siya sakin. “Casey?”

Tumango ako. “Oo. Bakit?”

"Ah.. wala naman.." Sumandal yung ulo niya sa upuan. "May kakilala kasi akong kamukha niya.. Seyfren ang pangalan.. Seyfren Calix [Sifren Keyliks].." Bigla siyang natawa. "Kakaiba yung pangalan noh? Pero Calix yung tawag ko sa kanya.."

"Ah.." yun nalang yung nasabi ko. Hindi ko kasi kilala yung tinutukoy niya.

"Akala ko si Calix yung nakita ko nung isang araw.. Pero.. Siguro nagkamali lang ako.." Kat

***Kat's POV***


Biglang kumalma yung puso ko.

Ang akala ko talaga si Calix yon. Siguro, sadyang kamukha lang niya yung Casey na yon.

Hindi naman imposible yon di ba? Saka may isang bagay akong batayan para matukoy kung si Casey nga ba ay si Calix..

May kumatok sa bintana ni Steff.

Napalingon ako at...




*lub dub lub dub lub dub*

Binuksan ni Steff yung pintuan.

Pinayungan siya nung lalaking kamukha ni Calix.. Si Casey..

“Kat, thank you ah?” Steff

“O-Okay lang...” Nakahawak ako ng mahigpit sa manibela at nakatingin sa daan.


Isasara na sana ni Steff yung pintuan ng biglang...

“Teka..” sabi ng isang malaking boses.

Mas lumakas yung tibok ng puso ko.

Parang nanlalamig yung buong katawan ko pero at the same time, nag-iinit yung mukha at dibdib ko.

"Trina?"




Kumabog ng malakas yung dibdib ko sa narinig ko.

Napatingin ako sa lalaking nakasilip sa kotse ngayon.

Napanganga ako. At maging siya bakas din ang pagkagulat sa expression ng mukha niya.

"I-Ikaw ba yan?" tanong niya.


Halos malaglag na yung puso ko sa nakuha kong kompirmasyon..

Siya lang kasi yung tumatawag sakin ng *Trina*.. Bukod tanging siya lang...

"Calix," mahinang sabi ko.

**Chapter 37**

**Kat**




Umiwas ako ng tingin at agad na pinatakbo yung sasakyan.

"TRINA!" sigaw ni Calix.

Napabitaw siya sa pagkakahawak sa pintuan ng kotse.

"SANDALI LANG!" Calix

Noong makalayo na ako ay inabot ko yung pintuan at saka sinarado.


Tumingin ako sa side mirror.

Kumabog yung dibdib ko...

Hinahabol niya ko..

Humigpit yung pagkakahawak ko sa manibela at napakagat sa labi.

Tinapakan ko pa yung gas pedal at binilisan yung pagpapatakbo...




Hanggang sa hindi ko na makita pa si Calix...

After a few minutes, nagpark ako sa isang tabi.

Napadukdok ako sa manibela habang nakahawak doon.

Bigla akong napaisip..

Seyfren Calix Montez [Sifren Keyliks] ...


*Casey*...

Bigla akong napadilat.. Bakit hindi ko nahalata agad?

Yung CA ay galing sa Calix at yung SEY ay galing sa Seyfren...

Binago niya yung pangalan niya? Ibig sabihin, siya yung Casey Montez na gitarista sa isang banda sa America? Naririnig rinig ko yung pangalan niya dati pero hindi ko nahalatang siya yon. Gumamit kasi siya ng screen name.

Pero... Bakit sina Luna at Steff, Casey yung tawag sa kanya? Di ba childhood friends sila?




Maaari kayang... sakin lang sinabi ni Calix yung real name niya?

*Pero pano siya napunta dito? Ang alam ko... Nasa London siya... At may asawa na...*

************* flashback**


More or less four years ago, bago ko nakilala si Jessie, nagkaroon ako ng isang kaibigan na naging malapit sakin.. At siya nga ay si Calix..

At oo aaminin ko, nagkaroon ako ng special feelings para sa kanya. Dala na din siguro ng pagiging malapit ko sa kanya.

Natuwa rin naman ako noong ipinagtapat niya sakin na mahal niya rin ako. At dahil na din siguro unang pag-ibig namin to kaya naging mapusok kaming dalawa...

Ayaw nina Mommy and Daddy na napapalapit ako sa mga lalaki. Strikto silang masyado at bantay sarado ako. Kaya naman palihim kaming nagkikita ni Calix, saka lagi din naman kaming magkasama kapag nasa school.

Pero isang araw, nahuli kami ni Daddy. Nagkita kami ni Casey sa isang restaurant sa L.A. pero hindi ko alam na doon din pala yung meeting place nina Daddy at nung board of directors sa kompanya.




Pinilit niya kaming paghiwalayin ni Calix. At mas lumala pa nga yung sitwasyon noong nalaman ni Mommy yung tungkol samin ni Calix.

Hindi nila ko pinalabas ng bahay. Sobra akong nalungkot non, wala din kasi akong contact kay Calix. Hindi rin ako hinayaang makagamit ng internet, telephone at binawi pa yung cellphone ko. Nung mga oras na yon, pumasok sa isip ko na magpakamatay nalang.


Lalo na noong ibalita sakin ni Mommy yung tungkol sa pagpunta ni Calix sa London para sa kasal niya...

Gumuho yung mundo ko sa narinig ko... At nabuo na talaga sa isipan ko yung ideya na magpakamatay nalang...

Tumakas ako sa bahay namin, naka-sandals at long white dress lang ako non. Para akong baliw na tumatakbo at umiiyak sa tabi ng kalsada. Gabi non, kaya naisipan kong magpasaga nalang. Pero nabigo ako sa nais kong mangyari..

Kaya lumakad ako papunta sa isang tulay...

Hindi na malinaw yung pag-iisip ko non at basang-basa ng luha yung mukha ko.



Umakyat ako sa railing..

Pumunta ako sa kabilang side, yung dalawang kamay nakahawak pa din sa railing at tumingin sa ibaba..

Ilog yung babagsakan ko, at sigurado akong puro bato sa ibaba non. Kung tatalon ako, mabilis at walang sakit yung pagkamatay ko. Buo na yung isip ko nung mga panahon na yon..

Tumingala ako sa langit.. Ang ganda.. Puro bituwin..


Kapag namatay ako ngayon, maaaring kinabukasan malalaman na nilang nawawala ako sa bahay at siguro mga dalawa o tatlong araw bago nila mahanap yung katawan ko...

Pumikit ako at huminga ng malalim..

Ang lamig ng panahon... Malapit nang mag-winter...

Sa isang iglap...

Bumitaw ako...




Naramdaman ko yung paghilig ng katawan ko paharap...

Yung paa kong hangin nalang ang tinutungtungan..

*Nahuhulog na ako...*

*Mamamatay...*


Nang bigla akong nakaramdam ng mahigpit na paghigit sa braso ko.

Bigla akong napadilat at napalingon sa itaas..

Nakita ko yung isang lalaking nakahawak ng mahigpit sa braso ko.

Pinilit niya kong hilahin pataas pero nagpupumiglas ako..

“GET OFF ME!” sigaw ko sa kanya habang tinatanggal yung kamay niya sa pagkakahawak sa braso ko.




“No.”

“JUST LET ME DIE! DAMN IT!” ako

“You’ll burn in hell if you kill yourself.”

“I DON’T CARE!” ako


“Yes. You DO,” sabi niya at saka ako hinila pataas.

Hindi ako makalaban masyado dahil nanghihina na din ako. Noong maitaas na niya ko, napasalampak ako sa semento at umiyak ng umiyak.

Nakaluhod yung lalaki sa tabi ko. Tinitigan niya ko habang umiiyak. Medyo nainis ako. “Don’t stare at me...”

“Are you... Katrina Yuzon?”

Nagulat ako sa sinabi niya. "How did you know my name?" tanong ko habang humihikbi hikbi pa.




"Kamukha mo kasi yung nasa picture.."

Medyo napanganga ako noong nag-Filipino siya.

"A-Anong picture?" tanong ko.

"Yung binigay sakin ng parents ko.." sabi niya.


"Ha? B-Binigay?" Pinunasan ko yung luha sa pisngi ko.

"Yes." Tumayo siya at inilahad yung kamay. "Let's get you home.."

Tiningnan ko sandali yung kamay niya pero umiwas din agad ako ng tingin. "I don't even know you.."

Umatras yung kamay niya at napangiti siya. Muli siyang lumuhod sa tabi ko habang may ngiting naglalaro sa mga labi. "Bakit ka ba kasi umiiyak?"

"None of your business.." sabi ko.




"Yes.. It is.."

Napatingin ako sa kanya.

"I'm Jessie Wright.." sabi nung lalaki.

Nagulat ako sa narinig ko. "Wright? Yung business partner ng parents ko?"


Tumango siya. "Yes.. I'm the son of Charlie and Amanda Wright."

Muli niyang inalok yung kamay niya sakin. "Shall we?" sabi niya.

Nag-alangan ako.

"Kung ano man yang problema mo, I'm sure na hindi basta-basta yon para isugal mo yung buhay mo. Pero sana naman inisip mo din na hindi lang sa bagay na yon iikot ang mundo mo," sabi ni Jessie at saka inilagay yung parehong kamay sa loob ng bulsa ng pantalon.

Tumalikod siya at naglakad paalis. Tinamaan ata ako sa sinabi niya.




*'Kung ano man yang problema mo, I'm sure na hindi basta-basta yon para isugal mo yung buhay mo. Pero sana naman inisip mo din na hindi lang sa bagay na yon iikot ang mundo mo.'*

Napahinga ako ng malalim.

Pinilit kong tumayo kahit na para bang nanghihina yung tuhod ko. Pero ng dahil sa sinabi ni Jessie, parang nabigyan ako ng panibagong lakas ng loob...


"Wait!" sigaw ko.

Tumigil sa paglalakad si Jessie at lumingon sakin.

Napahawak ako sa palda ng dress ko. "I'll go with you.."

Then he smiled at me...

At doon na nga kami nagsimulang maging close ni Jessie. At kahit na limang buwan lang yung inilagi niya sa America, naging malapit na din siya sa puso ko...




At dahil din sa kanya, nakalimutan ko yung sakit na dulot ng paghihiwalay namin ni Calix...

************* **End of Flashback**

*kriiing kriiing kriiing*

Kinuha ko yung cellphone ko sa bag.

**Calling...**


**Jessie**

*toot*

“Oh hon?”

[Where you at?] Jessie

"Uh, pumunta lang ako sa grocery store.."




[Okay.. Pero dalian mo hon, mag-eempake pa tayo. Maaga yung alis natin bukas papuntang Hundred Islands..] Jessie

"I'm on my way."

[Okay.. Bye..] Jessie

"Bye.. Love you.."


*no response*

Naghintay pa ko ng ilang segundo pero hindi pa din siya nagsasalita. Humigpit yung pagkakahawak ko sa cellphone ko.

"Hon?"

[Hmm?] Jessie

Biglang kumirot yung puso ko. Feeling ko ba... Iniiwasan na ni Jessie yung pagsasabi ng ‘I Love You’ sakin..




“Nothing,” sabi ko nalang.

[Okay. Ingat sa pagddrive..]

“Okay.”

*toot*

Napahinga ako ng malalim pagkatapos kong putulin yung tawag.


Parang nagbabago na si Jessie.. May kakaiba na sa kanya... Hindi kaya...

Bumabalik na yung feelings niya para kay Luna?

Napailing ako. Hindi... Hindi pwedeng mangyari yon...

Nabigo na ko sa unang pag-ibig ko.. At ayoko nang maulit pa yon...

Nagparaya na ko dati, noong tinulungan ko si Jessie na habulin si Luna sa airport...




Kaya ngayon, mali ba na... ipaglaban ko naman si Jessie?

Mali ba na protektahan ko naman yung puso ko?

Napatingin ako sa singsing na nakasuot sa kaliwang daliri ko.

Ito yung singsing na ibinigay ni Jessie sakin three years ago..

*We're together*.. Yon yung naka-engrave sa singsing..

Habang nasa akin to, hindi ako mawawalan ng pag-asa. Alam kong mahal pa din ako ni Jessie.. At hindi ko siya bibitawan anuman ang mangyari..

Muli kong pinaandar yung sasakyan at saka nagmaneho pauwi sa condo namin ni Jessie ng hindi inaalintana ang malakas na buhos ng ulan.

## Chapter 38

**Luna**

Napalingon ako sa bintana ng kwarto ko. Inalis ko yung earphone sa tenga ko at ibinaba yung ballpen sa kama.

Psh, sino ba yung sumigaw na yon? Nag-aaral yung tao eh. ( = ___ = )

Napagbuksan kaya ni Casey si Steff? Tinext kasi ako ni sis tapos nakisuyo ako kay Casey. Tumingin ako sa bintana.


Nakita kong tumakbo si Casey at hinabol yung isang puting kotse.

Puting kotse? Di ba.. yun yung kotse na nakita ko nung isang araw? ( 0 __ 0 )?

Maya-maya, lumapit si Steff at pinayungan si Casey pero nabasa pa rin siya ng ulan.

Sino kaya yung hinabol ni Casey? ( 0 ___ 0 )? Hindi kaya.. si Kat? Kasi sabi ni Steff sinabay siya ni Kat eh? Haist ewan.. ( _ _ ")>

***Steff’s POV***




“Lollipop,” mahinang sabi ko kay Casey.

Inihilamos niya yung kamay niya sa mukha at saka nagbuntung-hininga.

“Uy,” tawag ko ulit sa kanya. Ba’t ba nagkakaganito siya? Magkakilala ba sila ni Kat?

“Papasok na ko..” may kakaiba sa boses ni Casey nung sinabi niya yon. Para bang... puno ng kalungkutan.

Hinabol ko siya kasi lalakad talaga siya sa ulan. Baka magkasakit pa yung taong to...


Pagpasok namin sa apartment, sinalubong kami ni Luna, pababa siya sa hagdan.

“Ano bang nangyari?” tanong niya.

“Ewan ko nga sis eh.” Tiningnan ko si Casey. “Bigla nalang niyang hinabol si Kat.”

Si Luna naman yung napatingin kay Casey ngayon.

Pero nakayuko lang siya habang patuloy sa pagpatak yung tubig sa buhok niya.




“Magkakilala kayo?” tanong ni Luna.

Unti-unti namang tumango si Casey. Itinaas niya yung ulo niya at tinitigan si Luna. “Siya si Trina...”


Nanlaki yung mga mata ni Luna at napatakip yung kamay sa bibig.

“Teka lang... Sino bang Trina yan?” naguguluhang tanong ko.

“Casey... D-Di ba’t sabi mo–?” Luna

“Yun din ang akala ko...” Napahilamos na naman yung kamay ni Casey sa mukha niya. Nagulat ako ng makita kong manginig yung kamao niya. “Nagulat din mismo ako.. Akala ko, namalik-mata lang ako nung isang araw.. Noong ihinatid kayo nung shuttle ng Pepperoni Cheese dito sa apartment. Pero hindi nga ako nagkamali.. Si Trina pala yung kasama niyo na yon..”

Narinig kong magbuntung-hininga si Luna. “Sige.. Kukuha lang ako ng twalya.. Mag-shower ka muna, baka magkasakit ka pa..” Pagkatapos non ay umalis siya at umakyat sa second floor.




“Lollipop, ano bang nangyayari?” tanong ko habang nakatingin kay Casey.

Tinitigan niya din ako. “Mamaya ko nalang sasabihin..” At saka siya lumakad papunta sa banyo.

*******__After 30 minutes__**

Hindi ako makapaniwala. Hindi talaga...

Nandito kami ngayon sa sala, nakaupo si Casey sa sofa, may hawak na kape at nakatulala lang sa usok na nanggagaling sa iniinom niya. Kami naman ni Luna ay nasa kabilang sofa at pilit na tinatanggap yung mga katotohanan sa buhay ni Casey.

Mayron silang nakaraan ni Kat? Dun sa America?

“Pumunta ko ng London non kasi naging transfer student ako. 2 months lang naman, pero hindi na din ako nakapagpaalam kay Trina kasi biglaan yon saka... masyadong malabong magkita kami..” Napayuko si Casey.

“Habang nasa London ako, nakatanggap nalang ako ng balita na... Na wala na daw si Trina.. Nagkasakit daw siya ng malubha at hindi kinaya ng katawan niya. Halos gumuho yung mundo ko non. Ni hindi ko man lang siya nakita bago siya mawala. Sobra yung pagsisisi ko non.. Para na din kasing ako yung naging dahilan ng pagkakasakit niya..” Casey

“Pero bakit naman nila sinabing wala na si Trina... I mean... si Kat?” Luna

Umiling si Casey. “Ewan ko.. Hindi ko alam... Siguro gusto lang kaming paglayuin ng parents niya kaya pinalabas nilang wala na si Trina.. Sinabi din nila yung lugar na pinaglibingan niya kaya naman agad-agad akong pumunta don..” Humigpit yung pagkakahawak ni Casey sa mug.


“At nakita ko din naman yung pangalan niya sa isa sa mga puntod don..” Casey

Napahinga ako ng malalim sa sinabi ni Casey. Nagawa ng magulang ni Kat na magpalabas ng ganung kasamang balita? Ganon ba sila kadesperadong paghiwalayin si Casey at si Kat?

*Ding Dong*

“Ako na,” sabi ko sa kanila.

Tumayo ako sa sofa at pumunta papunta sa may pintuan. Sumilip ako sa bintana sa tabi non...




Kumabog ng malakas yung dibdib ko. Parang bumigat yon na hindi ko malaman...

At kasabay din non ay ang pagkirot ng puso ko.

Bakit... Bakit nandito siya?!

*ding dong*


“Sis?” Luna

Nanigas ako sa kinatatayuan ko.

“Sino ba yung nagdo-doorbell?” Luna

Tumikom yung parehong kamay ko at kinagat ko yung ibabang labi ko. Nandon siya sa labas... At nababasa ng malakas na ulan...

"BABE!"




Napapikit ako ng madiin noong marinig ko yung sigaw niya mula sa labas.

"PLEASE BABE! KAUSAPIN MO NAMAN AKO!"

"Babe?" sabi ni Luna. "Si Kevin ba yan, sis?"


Feeling ko tutulo na yung luha ko. Humarap ako kay Luna. "H-Hindi sis. Nababaliw lang yung tao dun sa labas. Pinaglalaruan yung doorbell." Tumawa ko para pagtakpan yung nararamdaman ko. Pero alam kong nabigo lang ako. "Sige, aakyat muna ko.. Kung ako man yung hinahanap nung tao na yon, sabihin mo nalang sis na tulog ako. Okay?"

"BABE!"

Mabilis akong tumakbo sa hagdan at agad na nagkulong sa kwarto ko. Ayoko munang makita siya. Pagkatapos ng nangyari kanina? Nung hindi niya ko binigyan ng pagkakataon para makapagsalita?

Ang sakit lang... Sobrang sakit...

Nakasandal ako ngayon sa pintuan. At maya-maya lang, biglang nag-ring yung cellphone ko.




**Calling....**

**Babe <3**

Biglang sumikip yung dibdib ko.

*toot*

Itinago ko na ulit yung cellphone ko at napasandal ang ulo sa pintuan. Napaupo ako sa sahig. Inakap ko yung parehong tuhod ko at saka yumuko.


Ako mismo ay nagulat noong makaramdam ako ng basa sa pisngi ko.

*Umiiyak na pala ko...*

“Babe,” bulong ko at saka nagpakawala ng isang hikbi. Gusto ko siyang lapitan... Gusto ko siyang payungan kasi baka magkasakit siya dun sa labas... Gusto ko ding sabihing mahal na mahal ko siya... Gusto kong patawarin na siya...

Pero bakit hindi ko magawa?

Bumaon yung kuko ko sa braso habang humihikbi sa loob ng kwarto ko.




Tumunog na naman yung cellphone ko.

*kriiing kriiing*

Pero hindi ko yun pinapansin.


Ilang minuto pang nag-ring yon. Hanggang sa tuluyan nang tumahimik yung cellphone ko. Napahinga ako ng malalim. Tumigil na siguro siya... Lalo naman ako nakaramdam ng lungkot at pangungulila. Ang gulo ko noh? Ayokong tawagan niya ko pero nalulungkot naman ako noong tumigil siya sa pagtawag..

*tok tok tok*

"Sis.." Si Luna.

"Kung ano man yung pinag-awayan niyo ni Kevin, ayusin niyo na. Hindi daw siya aalis sa labas hangga't hindi mo siya kinakausap." Luna

“Sabihin mo sis *sniff* tulog ako *sniff*...”




“Sis naman..” Luna

“Sige na sis.. *sniff* Please?”

Mula sa kabilang side ng pintuan, narinig kong magbuntung-hininga si Luna. Narinig ko din yung mga yabag ng paa niya paalis.

Nagpalipas pa ko ng ilang minuto...


Tumayo ako at lumakad papunta sa may bintana. Siguro, umalis na siya. Binuksan ko yung bintana at...

*lub dub lub dub*

Napanganga ako.

Nandon pa rin si Kevin, nakatayo sa labas ng gate at nakatingin sa direksyon ko habang patuloy pa din yung malakas na pagbuhos ng ulan.

Ano bang ginagawa niya?! Gusto ba niyang magkasakit?! Magpapakamatay ba siya?!




“BABE!” sigaw niya sakin. “HINDI AKO AALIS DITO HANGGA’T HINDI MO KO KINAKAUSAP!”

Umiwas ako ng tingin. Nalilito yung puso ko. Gusto ko siyang kausapin pero hindi ko naman magawa.

“PLEASE! BABE! I LOVE YOU! MAHAL NA MAHAL KITA!” Kevin

Lumayo pa siya ng kaunti sa gate para makita niya ko ng mas mabuti. Mataas kasi yung gate kaya....


*PEEP PEEP!*

Nanlaki yung mata ko noong makita ko yung humaharurot na sasakyan...

Papunta sa direksyon ni Kevin...

Papaurong siya... At mabilis yung takbo ng sasakyan...

At...




At......

Tumakbo agad ako palabas ng kwarto. Bumaba ako sa hagdan habang mabilis yung pagtibok ng puso ko.

Binuksan ko yung pintuan. Hindi ko na ininda pa yung lakas ng buhos ng ulan. Wala na kong pakialam pa kung mabasa ako o magkasakit man ako.


Binuksan ko agad yung gate at nakita ko si Kevin....

Biglang nanginig yung kamay ko.

“HOY!” Lumapit agad ako kay Kevin na ngayon ay nakaupo sa kalasada. Namumutla siya at halatang gulat din sa mga pangyayari. Yung kotse naman na montik nang makasagasa sa kanya humarurot na nang takbo. Pero hindi ko na yon pinansin pa...

Kinuwelyuhan ko siya. “MAGPAPAKAMATAY KA BA?!” inis na sigaw ko sa kanya. Naiinis ako. Sobra... Kasi montik na siyang maaksidente..

"TATANGA TANGA KA NAMAN EH! PANO KUNG NASAGASAAN KA?!"




"Babe, don't cry." Kevin

Huh? Umiiyak ba ko?

Nag-iinit yung mukha ko. Siguro nga, hindi ko lang napansin, pero umiiyak talaga ko...

Tumayo si Kevin. Tinulak ko siya at hinampas ng hinampas.


"NAKAKAINIS KA! NAIINIS AKO SAYO! BAKIT BA KASI NAGHINTAY KA DITO SA LABAS?! HA?! MAGPAPAKAMATAY KA BA TALAGA?! NAKAKAINIS!"

"BABE!" Kevin, habang sinasangga yung mga hampas ko. Pero hindi pa din ako tumigil.

"PANO KUNG NAMATAY KA KANINA?!" Pumiyok ako. Hindi ko alam kung san ba nanggagaling yung inis at takot na nararamdaman ko ngayon...

"Babe! Stop.." Hinawakan ako sa magkabilang braso ni Kevin.

At ngayon ko lang naramdaman yung hapdi sa mga mata ko. Kahit na kasabay ng ulan yung pagtulo ng luha ko, ramdam ko pa rin yung init ng bawat pagtulo nito sa mga pisngi ko.




"NAKAKAINIS KA NAMAN EH! TINAKOT MO KO!"

"Babe.." Kevin

"PANO NALANG AKO HA?! PANO PAG–"

Yumuko si Kevin at inilapat yung labi sa mga labi ko. Hindi ko na naituloy pa yung dapat na sasabihin ko. Nakaramdam ako ng init sa buong katawan ko. Lalo pa noong yakapin ako ni Kevin at diinan yung halik niya sakin.

Para kong mababaliw.. Nalalasahan ko yung tubig na nanggagaling sa ulan sa bibig niya..

Dahan-dahan niyang inilayo yung mukha niya at tinitigan ako ng maigi sa mga mata. "Babe, forgive me.. Please.. I love you..."

Napakagat ako sa labi ko.

“Nagkamali ako, inaamin ko yon.. Hindi kita pinakinggan... Sorry.. I’m really sorry.. Wag kang mag-alala, sasabihin ko sa parents ko na paalisin na si Marie. Please Babe, bumalik ka na sakin.. Mahal na mahal kita...” Kevin

Napatingin ako sa kanya. Nasasaktan ako dahil nasasaktan din siya. Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko ngayon pero ang tanging nasabi ko lang ay...

“Mahal din kita... *Babe..*”

Nakita kong bumalik yung kulay at sigla sa mga mata niya. Na para bang yung sinabi ko sa kanya na yon yung muling nagpanumbalik sa buhay niya.


“Pinapatawad mo na ko?” Kevin

“Ewan ko..”

Lumungkot ulit yung mga mata niya. “Bakit hindi mo alam?”

“Eh.. Ewan ko... Nagtatampo pa din ako sayo..”

"Hayaan mo Babe.. Babawi ako sayo..." Kevin




"Talaga?"

Ngumiti siya sakin at hinalikan ako sa noo. "I promise.."


Nangiti ako sa sinabi niya kaya inakap ko siya ng mahigpit. Inilapat ko yung ulo ko sa balikat niya. "I love you Babe.."

Inalis niya yung pagkakayakap niya sakin. Tinitigan niya ko at sinabing...

"I love you more.." Pagkatapos ay muli siyang yumuko at inilapat ang mga labi sa labi ko.

## Chapter 39

**Luna**




“Excuse me! Walang seating arrangement na ipinrovide yung management kaya naman free kayong mamili ng gusto niyong katabi!” sabi ni Mr. Pineda habang may hawak na megaphone.

“WOOOOOOH~ OYEAH!” ( ^ 0 ^ )

“OKAY PWEDE KONG MAKATABI SI FAFA RIO!” ( * w * )

“YEZZZZ! FREE SI FAFA JUSTIN!” ( * U * )


“SI FAFA JESSIE KO AHIHIHIHI...” ( n w n )

“YIPEEE! SI KEVIN MYLABS PWEDE KONG MAGING SEATMATE..” ( * u * )

Tss.. Fangirls.. ( = ___ = )

*peep peep*

"Ay, ayan na yung PC oh!" ( > 0 < )/*




"KYAAAAAAAAAAAHHH!" <( > 0 < )> <( > 0 < )> <( > 0 < )>

Pinalibutan nila yung shuttle ng PC.

"Ang mga bruha.. Pinagpapantasyahan si Babe ko.." Humalukipkip si Steff sa tabi ko at nakanguso. ( > 3 < )

Ngumiti ako. "HAHA! Mahirap ba? Di ka na nasanay.." ( ^ ___ ^ )


"Tsk, hello? Girlfriend here? Hindi ba nila ko nakikita?" Steff ( > 3 < )

Natawa ako at hinampas siya ng mahina sa braso. "Ano ka ba sis! Hindi pwedeng mawalan ng fangirls si Kebs! Sikat eh.." ( ^ ___ ^ )

"Psh.. Kakabwiset sila.." Steff ( > n < )

Naku, selos pa si sis ko. Hahahaha.. ( ^ u ^ )

Lalo naman lumakas yung sigawan noong bumaba na yung PC ng isa-isa mula sa shuttle.




Meron silang assistants na nagbababa ng mga bagahe nila.

Pinaraan sila ng mga fans nila at pinaunang paakyatin sa bus.

Naunang umakyat si Rio.. Sumunod si Jessie.... At si Kat...

Hindi ko nalang pinansin yung alaala na bumabalik sa isipan ko.

*Three years ago.. Sa bus... Papuntang Baguio...*


*Kami ni Jessie yung magkatabi...*

“BABE!” Nakita ko yung kamay ni Kevin na kumakaway sa ere. “TARA TABI TAYO!” ( ^ 0 ^ )/*

Ngumiti naman ng sobrang liwanag si Steff sa tabi ko. Grabe ah, kasilaw. ( ~ . ~ )

Kinuha agad ni Steff yung bagahe niya at tumakbo papunta kay Kevin.

Ngumiti si Kevin at kinuha yung bagahe ni Steff. Tapos ay pareho na silang pumasok sa bus.




"KYAAAAAHHH! KAINGGIT!" ( > 3 < )

"SI FAFA KEVIN KO.. HUHUHUHU.." ( TT 3 TT )

Ang tagal namang humupa nung kaguluhan don.. ( > ___ < ) Sino pa ba hinihintay nila?

"LUNA!"

Huh? Sino yon? ( 0 __ 0 )?


Hinanap ko yung pinanggalingan ng boses...

"LUNA!" Nakita kong may tumaas na kamay mula sa umpukan ng mga babae sa may bus.

"TABI TAYO!" Nakangiting sabi sakin ni Justin.

Napanganga ako ng kaunti at nagulat. Bigla namang napalingon sakin yung mga babae..

Kinuha ko yung bagahe ko at lumakad papunta kay Justin.




+( - __ - ) ( - __ - ) ( - __ - ) ( - __ - ) ~+~+~+~+~+~+~+~+~+~ ( > __ > )!!

Ampupu! Kung makatingin sakin yung mga babae parang babalatan ako ng buhay! ( > 0 < )

Kinuha din ni Justin yung bagahe ko at kinurot ako sa pisngi.

“Ang cute mo ngayon ah?” Justin ( ^ __ ^ )


“Naku, baller..” ( = __ = )

“Haha!” Inakbayan ako ni Justin.

“KYAAAAAHHH! INGGIT TO THE MAX!” ( > 0 < )

“AYOKO NA! PATI SI PAPA JUSTIN TAKEN NA!” ( TT __ TT )

Pumasok na kami ni Justin sa loob. Agad-agad ko namang nakita yung iba.




"Yow!" bati sakin ni Kevin. ( ^ __ ^ )/

"Good morning Luna.." Rio ( ^ __ ^ )

"Hello.." nakangiti saking bati ni Kat.

"Hi sa inyo," sagot ko sa kanilang lahat. Napatingin ako kay Jessie. Nakasandal yung ulo niya sa upuan at nakapikit. Siguro sobrang pagod siya..


Umupo nalang ako sa likod nina Kevin at Steff. Nasa pinakaunahan sila ng bus..

| Ako___Justin | | Kat__Jessie |<br>
| Steff__Kevin | | _____Rio |

Maya-maya pa'y nagsi-akyatan na din yung iba.

"Uy tingnan niyo wala pang katabi si Papa Rio!" turo ng isa. ( * 0 * )/*

“Ay oo nga! Teka excuse me!” ( * U * )




Nag-una-unahan namang magsipunta yung mga babae sa tabi ni Rio.

“Papa Rio pwedeng umupo?” ( * u * )

“Pwedeng tabi tayo?” ( * v * )

Ngumiti si Rio sa kanila. “Sorry, pero may nakaupo na dito..”

Bigla namang nalungkot yung mga mukha nung babae.


“Ay, sayang naman..” ( > 3 < )

“Akala ko makakatabi ko na si Rio mylabs..” ( TT 3 TT )

Pare-pareho na silang nagsipunta sa may likuran ng bus at humanap ng pwesto.

“Che! Wag ka dito! Ang pangit mo!” sabi nung isang fangirl nung may nagtangkang tumabi sa kanyang lalaki.

"Ikaw din shupi ka! Kung kasing pogi ka lang sana ni Fafa Justin ko eh!" Fangirl #2 ( > 3 < )




Nagkakamot ng ulong umalis yung dalawang lalaki na yun.

Kawawa naman sila.. ( = __ = )

Umakyat na sa bus namin si Mr. Pineda. Sa van sasakay yung professors kaya naman hindi sila makakasabay samin.

Kinuha ni Mr. Pineda yung microphone. "May kulang pa ba?" tanong niya.


"Meron pa po..."

Napatingin si Mr. Pineda kay Rio. "Sino pa Mr. Lee?"

"Si–"

"Present.." May pumasok na isang babae sa bus. Tumabi siya kay Mr. Pineda.

"Oh, Ms. Vernon, buti't dumating ka pa.." sarkastikong sabi ni Mr. Pineda.




"Yeah. Actually hindi na talaga ko sana sasama eh.." Sarah

Nakita kong napakunot yung noo ni Mr. Pineda. Siguro nainis at napahiya siya sa sinabi ni Sarah pero agad din naman yon naalis para na din siguro hindi niya ipahalata samin yung naramdaman niya.

"Okay.. Then humanap ka na ng upuan mo Ms. Vernon.." Mr. Pineda

"Sarah.." Rio

Tumingin si Sarah kay Rio.

"Seat here.." nakangiting sabi ni Rio.

Tumingin si Sarah sa loob ng bus. At napabuntung-hininga nalang..

"Leche, ba't wala nang ibang seat?" inis na sabi ni Sarah habang umuupo sa tabi ni Rio.

Grabe, tatlong taon nang alam ni Sarah yung nararamdaman ni Rio para sa kanya pero bakit hanggang ngayon parang wala pa din siyang pagpapahalaga? Hindi ba talaga niya kayang pagbigyan si Rio?

“Okay, everything’s settled. Enjoy and God bless on your trip there.” Ibinalik na ni Mr. Pineda yung microphone dun sa lalagyan at saka bumaba ng bus.

Nagsimula nang umandar yung bus.

“Giniginaw ka ba?” tanong ni Justin.

“Hindi. Okay lang. May dala naman akong jacket eh..” nakangiting sabi ko.


Then biglang may tumugtog na kanta...

*~Nang ika'y ibigin ko, mundo ko'y biglang nagbago~*

“Ay sh.t patayin niyo yan!” sigaw ng isang estudyante. ( > 0 < )

“Ampupu PUSONG BATO! Ang baduy!” ( > n < )

*~Akala ko ika'y langit*




*Yun pala'y sakit ng ulo*

*Sabi mo sa akin*

*Kailan may di mag babago*

*Naniwala naman sa iyo*

*Ba't ngayo'y iniwan mo~*

"Pakshet chorus na! Patayin niyo na!" ( > ___ < )

*~Di mo alam dahil sa yo*

*Ako'y hindi makakain*

*Di rin makatulog*

*Buhat ng iyong lokohin*

*Kung ako'y muling iibig*

*Sana'y di maging katulad mo*


*Tulad mo na may pusong bato~*

"WAAAAAHHH! Baka ma-LSS ako huhuhuhu.." ( TT __ TT )

"Turn off!" ( > __ < )

"Si Papa Justin nalang ang pakantahin!" ( > 0 < )/*

"OO NGA! SI PAPA JUSTIN NALANG!" ( > U < )




"JUSTIN! JUSTIN! JUSTIN! JUSTIN!" ( > 0 < )/* ( > 0 < )/*

Pangalan ni Justin yung umalingawngaw sa loob ng bus.

Napatingin ako sa kanya sa tabi ko.

"Mukhang mapapasubo ka ah?" sabi ko sa kanya na parang nang-aasar.


Napakamot siya sa ulo niya. "Oo nga eh, hehehe.."

Then bigla siyang tumayo.

Nagtilian naman yung mga babae.

"KYAAAAAAAAHHH!" <( > 0 < )> ( > 0 < )/* *\( > 0 < )/*

Ang I-N-G-A-Y! Makasabog eardrums! <( > __ < )>




Kinuha ni Justin yung microphone at tumayo dun sa may harapan. Nakakatuwa nga yung bus na to eh, may videoke kasi. Pinabuksan ni Justin yun sa driver at humanap ng kanta sa songbook.

"Ah, ito.." nakangiti niyang pinindot sa remote yung number nung kanta.

Then biglang nag-play yung kanta...

**Title: Synesthesia**

**Artist: Pepperoni Cheese**


"KYAAAAAAHHH! SYNESTHESIA!" ( > 0 < )/*

"WAAAAAAHH! SANA MA-LSS AKO.." ( TT 0 TT )/*

Synesthesia? Kanta nila yun? Waaah! Kaka-excite tuloy.. ( ^ 0 ^ )

Nakatayo siya dun sa harapan, nakaharap samin... Inilapit na ni Justin yung mic sa bibig niya at...

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~




*Save your smile,*

*Everything fades through time*

*I'm lost for words,*

*Endlessly waiting for you*

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Nagpalakpakan yung mga tao sa bus. Ako rin mismo pumalakpak. Parang nakaka-hypnotize yung boses ni Justin. Ang ganda...

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

*Stay with me*

*Yes I know, this cannot be*

*As morning comes,*

*I'll say goodbye to you when I'm done*

*Through the sun...*

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Narinig kong sumasabay nang kumanta yung mga tao sa loob...

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

*Because I'm waiting for you, waiting for this*

*Dream to come true, just to be with you.*

~~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Biglang tumalon yung puso ko noong tumingin sakin si Justin...

~~~~~~~~~~~~~~~~~~

*And if die, remember this line,*

*I'm always here, guarding your life...*

*Guarding your life...*

~~~~~~~~~~~~~~~~~~

Pagkatapos ng chorus ay nagsalita si Justin sa mic...

"I love you Luna Reyes, and I'm always here for you.."

Biglang namula yung mukha ko at nakarinig ako ng tilian sa loob ng bus.


"Kyaaaaahhh! Ang sweet ni Papa Justin!" ( > 0 < )/*

"Sana ako nalang yung girlfriend niya!" ( TT 0 TT )/*

Ngumiti siya sakin at saka ibinalik na yung mic sa lalagyan. Ipinagpatuloy naman nung mga estudyante yung kanta.

Umupo si Justin sa tabi ko. Hindi ako makatingin sa kanya. Kasi naman eh! Sabihin ba naman yung ganun sa harap ng maraming tao! ( > //// < )

"Nagustuhan mo ba yung kanta?" tanong ni Justin.




"Oo. Maganda.." ( > /// < )

"Para sayo yon.." Justin

Napatingin ako sa kanya.

"Ikaw yung iniisip ko habang sinusulat yung kanta na yon," nakangiting sabi ni Justin.


Biglang lumakas yung tibok ng puso ko.

"Ehhh... Justin!" ( > //// < )

"Hahahaha! Kinikilig ka ba?" Justin ( ^ ___ ^ )

Hinampas ko siya sa braso. "Kapal mo! Nahiya lang ako sa sinabi mo kanina! Kaloko mo talaga.. Hindi ka ba nahihiya?" ( > /// < )

"Ba't naman ako mahihiya? Eh totoo naman.." Justin ( ^ ___ ^ )




( > //// < )

"Justin!" ( > /// < )

"Oh kinikilig ka na naman eh. Hahaha.." Justin ( ^ ___ ^ )

( = /// = )+ +


"Aray! Aray!" Hinawakan ni Justin yung parehong kamay ko na nakakurot ng madiin sa magkabilang pisngi niya.

"Nakakainis ka!" *( > //// < )*

"Aray! Ang sakit– AW!" Justin

Inalis ko na yung mga kamay ko. Namula yung pisngi niya. Buti nga, amp.. ( = /// = ) + +

Hinimas himas ni Justin yung parehong pisngi niya. “Sakit nun ah.. Puno yata ng pagmamahal yon.” ( ^ __ ^ )




( > /// < )

“Oh tama na! Hahaha. Suko na ko..” Nakataas yung kamay ni Justin sakin habang tumatawa.

Kukurutin ko kasi ulit siya. Pero mas madiin. Kulit eh. Psh.. ( = __ = ) + +

After a few minutes...

*yawn*


Tumingin sakin si Justin. “Sumandal ka..”

“Ha?” tanong ko.

Tinapik ni Justin yung kanang balikat niya. “Sumandal ka sa balikat ko..”

( = /// = )

"Hindi okay lang.."




"Tsk, kulit.." Hinawakan ni Justin yung side ng ulo ko at ihiniga sa balikat niya.

Biglang namula yung mukha ko. Kinikilig ata ako.. *( > //// > )*

Naramdaman ko rin yung ulo niya na humilig sa taas ng ulo ko.

"Sweet dreams," bulong niya.


Pumikit nalang ako at hinayaang dalawin ako ng antok.

"Sweet dreams din," mahinang sabi ko.

"Dream of me.." Justin

"Ha?" tanong ko kasi hindi ko narinig yung sinabi niya.

“Wala..” Ngumiti si Justin at inilagay yung braso sa likod ko. Inakap niya ko. “Sabi ko mahal kita...”




*lub dub lub dub lub dub*

Kinurot ko siya ng mahina sa tagiliran. “Kulit mo din noh?”

Natawa siya. “Hindi ako magsasawang ulit-ulitin yon..”

Natawa nalang din ako ng mahina. At paglipas pa ng ilang minuto, pareho na din kaming dinalaw ng antok at nakatulog.


**Chapter 40**

**Luna**

**| Hundred Islands | Day 1 |**

Bumaba na kaming lahat sa bus.

"Oh sh.t ang ganda!" ( * 0 * ) sigaw nung isang lalaking estudyante.




"Ang linaw ng tubig!" student #2

"Tara swimming na tayo!" student #3

"Loko palapa kita sa pating dyan eh!" student #4

"Students please behave!" sigaw ni Mr. Pineda habang pinipilit na ayusin yung mga estudyanteng nagsipunta na sa may sakayan ng bangka.


"Sis!" Yumakap si Steff sa likuran ko. "Ang ganda! Payakap!" ( ^ 0 ^ )

"Nye, ano konek?" ( = __ = )

"Wala, maganda kasi ako. Hohohoho!" Steff ( > 0 ^ )v

"Babe! Tara sakay na tayo sa bangka!" ( ^ 0 ^ ) Kinuha ni Kevin yung kamay ni Steff at saka hinatak papunta sa isang bangka sa may daungan.

"Tara na?" tanong ni Justin sa tabi ko.




"Pano yung mga bagahe natin?" tanong ko.

"Yung professors na yung bahala dun. Hindi kasi pwedeng isakay sa maliliit na bangkang katulad niyan kasi baka hindi kayanin." Justin

"Ah.." Pumunta na kami ni Justin dun sa maliit na bangkang sinakyan nina Kevin at Steff. Ipinatong ko yung kanang paa ko sa bangka at...


"WAAAAAAAHHH!" Napahawak ako sa kahoy na poste.

Bakit umuuga siya? Huhuhuhuhu... ( TT ~ TT )

"HAHAHAHA! Si Luna takot! Nyahahaha!" tawa ni Kevin habang itinuturo pa ko. XD

Ampupu! ( > __ < )

“Haha relax lang, hindi naman tayo lulubog. Teka ako muna sasakay..” Unang pumunta si Justin sa bangka. Umupo siya sa loob at saka inilahad yung parehong kamay sakin. “Halika na..”




Lumunok ako. Oh Lord, hindi naman siya lulubog di ba? ( TT n TT )

Hinawakan ko yung parehong kamay ni Justin at sinubukang itapak yung isang paa ko.

*step*

ACCCCCCKKKK!!! <( > 0 < )>


Napatili ako at biglang nasubsob papasok sa bangka. Buti nalang at nasapo ako ni Justin. Umuuga yung bangka! Waaaaaahhh! Umuuga siya! ( TT ^ TT )

Nakaupo ako ngayon sa sahig ng bangka. “Uy, haha, ayos ka lang ba?” tanong ni Justin.

“O-Oo..” Huminga ako ng malalim. Nahihiya ako huhuhu.. *( TT n TT )*

Tumabi ako kay Justin sa upuan. Ang sumunod namang sumakay sa bangka ay si Kat at Jessie. Umupo sila sa likuran namin kaya naman medyo naiilang ako. Pero hindi ko nalang pinansin yung nararamdaman ko na yon...

Pagkatapos ay si Rio naman ang sumakay.




"Pare, nasan si Sarah?" Justin

"Nasa kabilang bangka.." Mukhang malungkot si Rio. Si Sarah naman kasi eh! Bakit ba hindi niya bigyan ng chance si Rio? ( > __ < )

Umupo na siya sa harapan namin ni Justin. Kaya naman ganito yung ayos namin sa bangka.

| Manong ___ |

| Kevin___Steff |


| Jessie___Kat |

| Justin__Ako |

| Rio________ |

"Pakisuot nalang po yung life vest," sabi ni Manong na siyang magpapaandar ng bangka.

Sinuot namin yung orange na life vest at nagsimula nang umandar yung makina ng bangka.




Ang ganda ng panahon, ang lamig ng simoy ng hangin at kulay asul yung langit. Tumingin ako sa gilid ko.

Ang linaw ng tubig! Kitang kita ko yung mga seaweed sa ilalim! ( * 0 * )

“Kuya ganung kalalim yung part na to?” tanong ko kay Manong.

“Mga kasing haba po ng kawayan.” Manong

“Wow ang taas!” namamanghang sabi ko. ( * 0 * )

Tumingin-tingin pa ko sa paligid. Ang gaganda ng isla! Ang cu-cute. Hihihi.. ( * u * )

“Uy babe tingnan mo oh!” sigaw ni Kevin at itinuro kay Steff yung isang islang punung-puno ng itim na paniki. “Ang daming paniki!” ( * 0 * )

“Ay oo nga babe! Andito pala lahi mo! HAHAHAHA!” tawa ni Steff.

Natawa naman kaming lahat sa pang-aasar ni Steff. Kaloka lang hahaha! ( ^ 0 ^ )

“Weh? Ikaw nga dyan babe ang hinihintay ng mga kamag-anak mo sa ilalim ng tubig eh.” Kevin

“Naku, ano naman yon, aber?” Steff ( - __ ^ )

“Yung DUGONG, HAHAHAHA!” Kevin

*silence*


“Pfft.. WAAAAA! MAIS SI BABE! HAHAHAHA! NA-MAIS! NYAHAHA!” malakas na tawa ni Steff.

At dahil don ay bigla naman kaming natawang lahat. Ang corny kasi ng joke ni Kebs eh. MAIS. Nyahaha! XD

Kumunot yung noo ni Kevin habang tumatawa kaming lahat. “Tse! SHATTAP!” Kevin ( > 3 < )

“Hahaha! Ano ka ba babe, joke lang..” ( ^ w ^ ) Inakap ni Steff si Kevin, pero ito namang si Kevin nakakunot pa din ang noo.

“Tse! Babe ka dyan..” Kevin, at umiwas ng tingin. ( > 3 < )




“Uy si Pare tampo pa oh! Hahahaha!” sabi ni Justin.

“Kunwari pa eh hahaha.” Jessie

Pinaglaruan naman ni Steff yung baba ni Kevin. “Uy si babe galit. Hihihihi..” *( ^ w ^ )*

“Tss.. Wag mo ngang paglaruan yung baba ko!” Kevin ( > __ < )

“Nyahaha! Ang cute mong magalit babe.” Steff ( ^ w ^ )

“Cute talaga ko! At hindi lang yon, gwapo pa, kaya swerte ka!” Kevin ( > __ ^ )+

Mukha ni Steff ---> ( = __ = )

Umalis na sa pagkakayakap si Steff kay Kevin. “Wag na pala. Panget mo.” Steff ( = __ = )

Si Kevin naman ngayon ang napatingin kay Steff. “Weh? Anyare sayo babe?” Kevin

"Wala. Yabang mo kasi eh.." Steff ( = __ = )

"Nye, galit ka ba babe?" Kevin, at umasog pa ng kaunti kay Steff. ( / n \ )

Tss, ang bipolar nung dalawa na to kahit kailan noh? ( = __ = )

"Nandito na po tayo.." Huminto yung bangka sa isang isla. At sa isla na yon ay may nakatayong beach houses malapit sa dalampasigan. Tinanggal na namin yung mga life vest na nakasuot sa amin. Bumaba na kaming pito mula sa bangka. Nakita ko na ding nagsibabaan yung iba pang mga estudyante mula sa kani-kanila nilang mga bangka.

"Okay students, kayo ang pipili ng makakasama niyo sa kwarto. Sa isang beach house ay may apat na kwarto, at sa bawat kwarto ay may dalawang single bed. Separated ang boys sa girls. Ang boys ay sa gawing kaliwa at ang girls naman ay sa gawing kanan, maliwanag?" sabi ni Mr. Pineda sa megaphone niya.

"YES SIR!" sigaw naman ng mga estudyante.

Nasa gitna ng beach houses na yon ang malaking dining hall. Kaya naman separated talaga yung beach houses for boys at beach houses for girls.

"Good. Ang time sa relo ko ay 2:24 PM. Hahayaan ko muna kayong libutin ang buong isla pero pagdating ng 6:00 PM ay dapat nasa dining hall na kayo para sa dinner. Maliwanag?" Mr. Pineda

"YES SIR!" sigaw ulit ng ibang estudyante.

"7 days and 6 nights tayo dito sa Hundred Islands. Pero hindi tayo nandito para magbakasyon lang, may mga activities na ipinrepare ang faculty staffs para sa inyo. So I'm hoping to have your full cooperation. So that's all everyone and may you enjoy your stay here at Hundred Islands!" Mr. Pineda


Isa-isa nang nagsikuha ng bagahe yung mga estudyante.

"Sis, roommate tayo ah?" Steff ( ^ 0 ^ )

"Naman sis!" ( ^ __ ^ )

Pumunta na agad kami ni Steff sa beach houses at naghanap ng pinakamaganda. Syempre noh, baka maunahin pa kami. Pabilisan lang yan teh! ( > __ ^ ) +

Pumasok kami sa pinakaunang beach house. Ang gondo! May sala at kitchen! Waaahh! Cool! ( * 0 * )




Pumili na kami ng kwarto. Yung unahang kwarto yung pinili namin. Wow, laging una talaga yung pinipili noh? ( > __ ^ )

Nung buksan namin yung pinto... “Waaaahh! Ang ganda!” ( * 0 * ) Agad na tumakbo si Steff at dumapa sa kamang nakaposisyon sa may kanang pader. “Sis! Ang lambot! Kyaaahh! Makakatulog ako ng maayos nito!” ( ^ 0 ^ )

“Ano ba yan sis, iniwan mo naman agad yung bagahe mo.” ( = __ = ) Binitbit ko yung bagahe niya papasok ng kwarto.


“Sorry sis, excited much lang eh. Hihihihi..” Steff ( ^ u ^ )

Ibinaba ko na yung mga bagahe namin ni Steff. Napatingin ako sa nakabukas na pintuan. Sumilip ako sa labas. Mukhang mayroon nang o-occupy sa natitirang tatlong kwarto. ( ^ __ ^ )

Pero bigla akong napaisip.. *Nasan kaya si Kat at si Sarah?*

“Sis! Tara libot tayo!” Steff ( ^ 0 ^ )

Nag-shrug nalang ako at hindi na pinansin pa yung curiosity ko. Oh well, malalaman ko rin naman kung san sila nagro-room eh..




Kaya naman sinagot ko si Steff.. “Okay,” sabi ko.

**Chapter 41**

**Luna**

**| Hundred Islands | Day 1 |**

“Waaaah! Sis! Ang gondo!” Tumakbo si Steff sa dalampasigan at nilanghap yung sariwang hangin. “Ang sarap ng hangin!” *( ^ 0 ^ )*


“Oh talaga? Ano lasa?” ( > __ ^ )+

“Maasim, kasing asim mo! HAHA!” Steff .. xD

“Tss, baliw!” Tapos tumawa ko.

Inilagay ko yung ilang strands ng buhok ko sa likod ng tenga ko.

Ang lakas kasi ng hangin eh. Ang lamig pa...




"Babe!"

Napalingon kaming dalawa ni Steff sa dalawang lalaking nakatayo di kalayuan.

"Babe!" Kumaway si Steff kay Kevin. Tumakbo naman si Kevin papunta kay Steff at binuhat siya.

"Ay ano ba babe!" sabi ni Steff habang iniikot siya ni Kevin.


"HAHA! Ang cute mo babe!" Kevin ( ^ 0 ^ )

"ACCCCCKKKK! Wag mo kong bibitawan!" Steff *( > 0 < )*

Ngumiti nalang ako habang pinapanuood ko silang dalawa. Ang sweet kasi nilang tingnan...

"Psst.."

Napalingon ako sa likuran ko.




Nakatayo si Justin di kalayuan. Ngumiti siya sakin...

Biglang nag-init yung mukha ko. *iwas tingin* ( > __ > )

Ba’t ang wafu nya ngayon? ( > /// < )

Lumapit si Justin at tumabi sakin. Nga pala, nasabi ko na bang naka-tsinelas lang kami? Hihihi. ( ^ w ^ )


“Ang ganda dito noh?” Justin ( ^ __ ^ )

Masaya akong tumango. “Hmm! Parang gusto ko na ngang mag-swimming eh.” ( ^ 0 ^ )

“Haha! Hayaan mo, baka payagan din tayong mag-swimming bukas o kaya sa mga susunod na araw..” Justin

Yumuko siya at itinapat yung bibig sa tenga ko.

"Makikita na din kitang mag-two piece," bulong ni Justin.




( 0 //// 0 )

Agad naman akong napalayo sa kanya. "A-Ano ba yang pinagsasasabi mo!" ( > /// < )

"Haha! Joke lang, to naman." Justin ( ^ __ ^ )

"Psh. Loko ka talaga.." ( > /// > )

"Pero hindi nga, hindi ka ba talaga magsusuot ng two-piece?" Justin ( ^ __ ^ )


Hinampas ko siya sa braso.

"ARAY!" Justin

"Nakakahiya ka!" ( > //// < )

"Haha napaka-conservative mo pala.." Justin ( ^ __ ^ )

"Talaga," sabi ko at umiwas ng tingin. ( > /// > )




"Uy mga pare! Libot tayo!" yaya ni Kevin.

Tumingin sakin si Justin. "Tara?"

Ngumiti ako at saka tumango.

*********** **5:58 PM**


May tumunog na bell.

Dali-dali kaming pumuntang apat sa loob ng Dining Hall.

Nakita ko ring naglalabasan na yung ibang mga estudyante mula sa kani-kanilang beach houses nila.

Nung nasa loob na kami, agad kaming kumuha ng seat. Tatlong mahabang table yung nakaayos sa gitna ng hall. Hindi naman din kasi kami masyadong marami kaya sapat lang yung space para saming lahat.

Nasa first table kami ni Steff at Kat, kasama yung PC.




“Oh pare, bakit parang namatayan ka?” tanong ni Kevin kay Rio noong nakaupo na kaming lahat.

“Wala.. Wag niyo nalang akong pansinin..” Rio

“Tsk si Sarah na naman ba pare?” Kevin

Nakarinig ako ng isang mabigat na buntung-hininga mula kay Rio.


Hinanap ko si Sarah sa mga nakaupong estudyante.

Ilang sandali pa’y nakita ko siyang nakaupo sa may dulo, walang katabi at siya lang mag-isa.

Pati tuloy ako napahinga ng malalim...

Si Sarah naman kasi eh, napaka-stiff pa din ng personality niya. Hindi niya makita na... Na nandito si Rio para tumanggap sa kanya ng buong-buo.

May pumasok na mga waiter. Ibinaba isa-isa sa harapan namin yung plato na may lamang pagkain.




Pagtingin ko sa plato ko...

Napakunot yung noo ko.

“Anong luto to?” sabi ko habang itinuturo yung may sauce na karne.

“Ewan ko.. Parang... Kambing ata to..” Justin


“ANO?!!” ( 0 __ 0 )!!!

Napatingin sakin yung PC, pati na din si Kat.

“Bakit? May problema ba?” Kevin ( 0 __ 0 )?

Napalunok ako at muling tumingin sa plato ko... Sa karne ng... Ng...

Ibinaba ko yung kutsara't tinidor ko.




"Hindi ako kakain.." ( = __ = )

"Ha? Bakit?" Justin

"Pffftt..."

Napatingin kaming lahat kay Steff.


"HAHAHAHAHA!" Tumawa ng malakas si Steff. Napatingin pa nga yung ibang estudyante sa kanya eh. Tsk, nakakahiya talaga siya.. +( > __ > )+

"Oh bakit tumatawa ka babe?" Kevin

"Kasi.. Pfft..." Pinunasan ni Steff yung luha sa mata niya. Ampupu tears of joy! ( > __ < )

"Hindi kasi kumakain ng kambing si sis.. The reason?? Tanungin niyo ko dali!" Steff ( ^ 0 ^ )

Tiningnan ko ng masama si Steff. “Sis!”




“Bakit?” Justin

~( > __ < )~

Ampupu, pati si Justin interesado talagang malaman?? ( > 0 < )


“Once upon a time, nasa isang rancho kami ni sis.. May isang cute na kambing don at love na love talaga ni sis yon..” Steff

“Sis naman eh! Tama na!” ( > 0 < ) Sinubukan kong abutin ng paa ko yung binti niya sa ilalim ng table pero masyado siyang malayo. ( = __ = )

“Tapos, natae yung kambing, hindi sinasadya, nakasahod yung kamay niya don sa pwetan!” Steff

“Sis! Isa!” banta ko sa kanya. ( > __ < )

"At sa KABUTIHANG palad pa nga, biglang nagwala yung kambing kaya ayon! Bulls-eye sa mukha si sis! Hahaha! Ano nga pala yon sis? Nakain mo ata yung ibang pupu di ba? NYAHAHAHAHA!!!" Steff .. xD




~( > __ < )~

Bigla naman nagtawanan yung PC, si Kat, at... Tsk, pati yung ibang estudyante na mga chismoso! Lubog tuloy ako sa kahihiyan! ( > ___ < )

"BWAHAHAHA! Kamalas-malasan mo Luna! Hahaha!" Kevin ..XD


"Haha! Nangyari talaga sayo yun? Parang gusto ko tuloy makita yung itsura mo non." Justin ( ^ __ ^ )

Inilagay ko yung dalawang siko ko sa table at ibinaon yung mukha sa magkabilang palad.

Kill me now. ( = __ = )

"Nakakatawa naman yon haha.." Kat

Umangat yung ulo ko. Nakangiti sakin si Kat. Bigla tuloy sumingit sa isipan ko yung tungkol sa kanila ni Casey. Hindi ko pa din kasi siya nakakausap. Siguro kapag nagkaroon kami ng oras na kaming dalawa lang saka ko siya kakausapin.




"Itsura mo non, haha." Jessie

Kumunot yung noo ko sa kanya. "Ah ganon? Tss.." ( > __ < )

"Haha joke lang naman." Jessie

Napansin kong parang medyo tumahimik.


Napatingin ako kina Justin, Kevin, Rio, Steff at Kat.

Nakatingin sila saming dalawa ni Jessie.

"Bakit?" Buti nalang at si Jessie yung unang nagsalita.

"W-Wala naman.." sabi ni Justin at nagsimula nang kumain.

Tumingin naman ako sa gawi ni Steff. Nagkatitigan kami ng ilang sandali bago siya umiwas ng tingin at nagsimula nang kumain.




Nagtaka ko. Ano ba trip nila? ( = __ = )

Then natapos na yung dinner. Pinabalik na kami sa kanya-kanyang mga kwarto. Pwede pa daw maglibot sa isla pero ang curfew ay 8:00 PM.

Kaya nagpaalam na kami sa isa't isa at saka kami bumalik ni Steff sa beach house.

"Sis.." tawag ko habang naglalakad kami.


"Hmm?" Steff

"Bakit biglang naiba yung reaction niyo kanina? Ano ba nangyari?"

"Ah yun ba? Wala naman... Kasi.." Napakamot sa leeg si Steff. "Hindi na kasi siguro kami sanay na.. Na nag-aasaran kayo ni Jessie."

Napahinto ako sa paglalakad. Huminto din si Steff at lumingon sakin.

"Nag-asaran kami ni... Jessie?"




"Oo kaya! Ay tange much lang sis? Tara na nga! Baka mahamugan pa tayo." Steff

"Okay." Nagsimula na ulit kaming lumakad ni Steff.

Talaga? Nag-asaran ba kami ni Jessie kanina? Katulad ng dati?

Bigla tuloy ako nakaramdam ng pangungulila.


Namimiss ko yung dati... Yung asaran namin ni Jessie... Yung bawat ngiti at pagtawa namin... Sobrang namimiss ko yung mga sandaling yon...

"Sis, nuod muna tayo ng movie!" Steff ( * u * )

"Sige, ikaw bahala sis." Yun na lang yung nasabi ko. Hindi pa din naman kasi ako inaantok. Ayoko pa munang matulog...

Umakyat kami ni Steff sa maliit na hagdan papunta sa mini-terrace ng beach house na gawa sa kahoy. Naunang pumasok si Steff sa glass sliding door.

At bago ako pumasok, tumingala muna ko sa langit.




Ang daming bituwin ngayon... At bilog na bilog yung buwan... Huminga ako ng malalim at pinilit na ngumiti...

*Ang ganda...*

**Chapter 42**

**Kat**


**| Hundred Islands | Day 1 |**

2:33 PM.

“Sorry, may ka-room na ko eh,” sabi ni Yujini, schoolmate ko.

“Ah okay lang. San pa kaya may bakante?”

“Uhm..” Tumingin siya sa corridor. “Dun!” Itinuro niya sakin yung room dun sa may dulo. “Isa pa lang ata yung naka-room dun. Kaso baka mailang ka kasi walang gustong maka-room siya.”




Tumaas yung kilay ko. “Bakit? Sino ba yung nandun?”

Pinaikot niya yung mata niya. Halatang ayaw niyang pag-usapan kung sino man yon. “Just an ambitional b*tch...”

“Yujini!”

“Uy sige isasara ko na yung pinto ah? Tinatawag na ko ng roommate ko. Kita-kits sa dinner!” sabi ni Yujini at saka isinarado na yung pinto.


Binitbit ko yung bagahe ko at lumakad papunta sa dulong room.

Hindi nakasara yung pintuan, kaya naman kitang-kita ko kung sino yung naka-room don.

Nakaupo siya sa kama at may hawak na notebook. Mukhang may isinusulat siya.

Humarap siya sakin ng mapansin niya yung pagdating ko. Tinaasan niya ko ng kilay.

“Anong ginagawa mo dito?” mataray na tanong ni Sarah.




“Uhm, wala na kasi akong makitang room,” sabi ko. “Okay lang ba kung, maki-room ako sayo?”

Tiningnan niya ko mula ulo hanggang paa pagkatapos ay ibinaling na ulit yung atensyon sa notebook at muling nagsulat. “Yeah, yeah, whatever,” sabi niya sa isang parang tinatamad na boses.

“Thanks..” Pumasok ako sa kwarto at ibinaba yung bagahe ko dun sa may gilid ng kama. Nagsimula na kong maglagay ng damit sa cabinet. Isa lang yung cabinet bawat kwarto kaya naman share kami ni Sarah.

“Sarah,” tawag ko sa kanya habang nag-aayos ng gamit.

Hindi siya sumagot pero alam kong nakikinig siya.

“I was just wondering... Mahal mo ba si Rio?”

“That’s none of your business, isn’t it?” sabi niya habang patuloy pa din sa pagsusulat.

“Yes, it’s not my business. Pero naaawa kasi ako–”

“Ano naman ngayon kung naaawa ka sa kanya?” Isinarado niya yung notebook at saka tumayo. “Look, wag kang makialam. Hindi mo buhay to. Hindi pa ba sapat na inaagaw mo ang isang taong hindi naman talaga sayo? Don’t act like the victim here.”

Kumunot yung noo niya at iniwasan ako. Lumakad siya palabas ng kwarto dala yung notebook at ballpen niya.


Naiwan akong mag-isa dun sa kwarto. Nakatayo. Napayuko nalang ako dahil sa sinabi niya.

*‘Hindi pa ba sapat na inaagaw mo ang isang taong hindi naman talaga sayo? Don’t act like the victim here.’ - Sarah*

Parang bumigat bigla yung dibdib ko. Hindi ko alam kung bakit ganito yung nararamdaman ko. Parang nasasaktan ako... I felt guilt striking me.

Pero bakit naman ako magi-guilty? Inaagaw ko ba talaga si Jessie kay Luna? Hindi ba’t AKO naman ang nag-alaga kay Jessie noong mga panahong iniwanan siya ni Luna? Kaya bakit naman ako pa ang magiging masama?

Mali bang mahalin ang taong talaga namang mahal mo? Kasalanan ko ba yon?




Huminga nalang ako ng malalim, pinigil ang pangingilid ng luha ko at nagpatuloy nalang sa pag-aayos ng mga gamit ko.

***Luna's POV***

**| Hundred Islands | Day 2 |**

Morning. 7:45 AM. After breakfast.

*burp*


Nagdighay si Steff.

"Ano ba yan sis, walang kwenta naman yung pagkain nila dito!" Steff ( > n < )

"Oo. Walang kwenta talaga. Nag-extra rice ka pa nga eh." ( = __ = )

"Naku si sis talaga ang hilig manlaglag!" Steff ( > 3 < )

Naglalakad kami ngayon sa dalampasigan. Papunta kami sa kumpulan ng mga estudyante. Nung nandun na kami, narinig namin yung boses ni Mr. Pineda.




“Okay everyone! Here’s your first activity.. You’re going to collect scallop shells.” Ipinakita ni Mr. Pineda samin yung example ng isang scallop shell. “Any color basta ganito yung itsura. By pair yung pangongolekta para mas madalian kayo. Our objective is to collect 200 or more scallop shells that will be donated to the shell industry in this island. So, get your pails here and start collecting. The minimum per pair is 50 shells.”

“Sis partner tayo?” Steff ( * u * )

Ngumiti ako at tumango sa kanya.


Tinatamad na nagsikuha ng timba yung mga estudyante.

Nakarinig pa ko ng mga nagsasabing...

“Ano ba yan, nakakapagod kaya yang gagawin natin.”

“Tayo magpapakahirap mamulot ng shell tapos sila naman yung makikinabang at kikita.”

"Oo nga. Ang unfair."




"Wala bang mga pogi dito? Bakit puro matatanda yung nakikita ko?" ( > 3 < )

"Loka! Andyan kaya yung Pepperoni Cheese!" ( * u * )

Then nagtinginan silang lahat sa PC at nagsitawanan ng mahina.


"Uh, Justin, Rio, Kevin and Jessie?" Mr. Pineda

Lumapit naman yung apat sa kanya.

"Tumawag yung manager niyo sakin kanina, si Mr. Dela Torre. He knew about our activities dahil na din siya yung manager niyo at tiningnan niya kung may delikado ba kaming ipapagawa sa inyo. So, sinabi nga pala niya na sa fans niyo raw kayo pumili ng kapartner. Gusto daw niya kasing magkaroon kayo ng wide interaction with your fans." Mr. Pineda

"It's fine with me." Justin

"Yeah. Okay lang din sakin." Kevin, at tumango na din sina Rio at Jessie.




"Pero mas mainam na din siguro kung kayo yung pumili ng kasama niyo. Baka kasi magkagulo pa, hehe," bulong ni Mr. Pineda saka ngumiti.

Pagkatapos non ay umalis na silang apat para maghanap ng kapartner. Kami naman ni Steff nagsimula nang mamulot ng scallop shells.

*********** **After 1 and half hours...**

"Sis! Ang dami ko nang nakukuha!" ( * 0 * ) Tumakbo si Steff papunta sa direksyon ko at ipinakita yung timba niya sa akin.

( = ___ = )

"Loka ka sis, hindi naman scallop shells yang pinagkukukuha mo eh." ( = __ = )

"Ha? Anong hindi? Di ba ganito yung pinakita satin ni sir?" ( O . O ) Kumuha siya ng isa sa mga pinulot niya at tiningnan ng mabuti. "Ganito nga yon sis! Tingnan mo pa oh!" ( > . < ) Iniabot niya sakin yung isang shell.

"Tulya yan eh." ( = __ = )

“Tulya? What’s that?” Steff ( * 0 * )

“Yung parang tahong pero mas maliit. Kinakain yon sis.” ( = __ = )

“Oh? Talaga? Ba’t hindi ko ata alam yun?” Steff ( > 3 < )

“Hay ewan ko sayo sis. Basta ganito yung kunin mo.” Kumuha ko ng isang scallop shell at ipinakita sa kanya. Kinuha niya yung isa na yon para gawing guide.


“Thanks sis!” sabi ni Steff at nagsimula nang mamulot ulit.

Konti palang yung nakokolekta ko. Siguro mga 12 palang. Pinahiran ko yung pawis sa noo ko. Nakakapagod siya ah. Grabe. ( > 3 < )

Dumako yung tingin ko sa may malaking bato. May nakita akong isang babaeng nakatayo at nakasandal don. May hawak siyang notebook at tila may isinusulat.

Lumapit ako sa kanya. “Sarah,” sabi ko.

Tumaas yung ulo niya.




“Ilan na yung nakokolekta mo?” tanong ko. ( ^ __ ^ )

“Mukha ba kong nangongolekta?” mataray niyang sabi. Tiningnan ko yung timba sa may gilid niya. Walang laman. ( = __ = )

“Bakit hindi ka nangongolekta?”

“Hello? It’s so tiring kaya..” Hinawi niya palikod yung buhok sa may balikat niya at nagsimula na ulit magsulat.


“Anong sinusulat mo?” tanong ko.

“Bakit ba ang tanong mo?” Sarah

“Masama bang magtanong?” ( > 3 < )

Napabuntung-hininga nalang siya. “I’m making my report para sa news company na pinagtatrabahuhan ko. Happy?”

“Ahh.. Hanggang dito ba naman nagtatrabaho ka? Ang sipag ah..” ( ^ __ ^ )




Hindi siya kumibo at nagpatuloy nalang sa pagsusulat.

“Uy teka si Rio yun ah?” sabi ko at lumingon sa may kaliwa.

Napansin kong tumingin din siya kung saan ako lumingon.

Mwehehehe huli ka. >:)


“Sabi na’t may gusto ka din kay Rio eh.” >;)

Kumunot yung noo niya. “Stop messing with me.”

“Bakit ba kasi ayaw mo pang aminin?”

“Wala akong dapat aminin.” Sarah

"Tsk tsk tsk.. Sige bahala ka. Baka maunahan ka pa ng iba. Tulad nung babae na yun oh." May itinuro ako sa bandang likuran ko.




"Don't play with me," sabi niya habang magkasalubong yung dalawang kilay.

"Uy hindi kita niloloko ah! Ayun na talaga si Rio!" ( > 3 < ) Itinuro ko ulit yung dalawang tao na naghahanap ng scallop shell sa may lilim ng puno.

Tumingin si Sarah don at... Mas lalong kumunot yung noo.

"I don't care!" Itinulak niya ko at saka lumakad paalis.


Umiling-iling ako habang pinapanood siya sa paglalakad niya. Tumingin ako kina Rio at dun sa babaeng kasama niya sa paghahanap. Mukhang pareho silang masaya kasi nagtatawanan pa sila.

"Tsk tsk tsk.. Hindi alam ni Sarah kung ano yung binabalewala niya," bulong ko sa sarili ko at nagpatuloy nalang sa paghahanap ng scallop shell. Pero napag-isip-isip ko...

Parehas lang naman din kaming magulo ang love life eh. Amfufu. Lakas lang ng tama. ( = ___ = )

## Chapter 43

**Luna**




**| Hundred Islands | Day 2 |**

“HAAAAAY!” Ibinagsak ko yung timba sa tabi ko at napaupo sa buhangin. Itinukod ko yung magkabilang kamay ko sa may likod at saka tumingala.

“ANG INIT!” ( > 0 < ) Pinahiran ko yung pawis sa noo ko.

“Haha pagod ka na?” ( ^ __ ^ )


Tumingin ako sa may kanan ko. Umupo si Justin sa tabi ko at saka ngumiti. “Nakaka-ilan ka na ba?” tanong niya.

“43,” sagot ko.

“Ang dami!” nakangiting sabi ni Justin at parang namangha pa.

“Eh kayo ba ng partner mo?”

“68 HAHAHAHA!” Justin ( ^ ___ ^ )v




( = __ = )

“Wushu! Yabang!” ( > __ < )

“Pogi kasi ako.” Nag-pogi sign si Justin at saka kumindat sakin. ( > __ ^ ) + +

Tumawa ko. “Haha! Sige na, sige na! Pagbigyan na..” XD


“JUSTIN!”

Napatingin kami sa babaeng lumalapit samin ni Justin.

Ang ikli ng shorts. Pantay panty. ( = __ = )

“Bakit iniwan mo ko? Tara ibigay na natin kay Mr. Pineda yung timba natin!” sabi nung babae at hinawakan sa braso si Justin.

"Nasan na yung timba?" Justin




"Nandun sa ilalim ng puno. Tara na dali!" Babae ( > 3 < )

Teka lang ah.. Naiirita ko. ~( > __ > )~

"Ah sige.." Tumayo si Justin. Nakahawak pa din yung babae sa braso niya. "Luna, si Maricris nga pala."

Ngumiti siya sakin ng pagkaaaaaaaaaaaaatamis-tamis. ( = ___ = )


Ganito oh --> *( ^ ______________ ^ )*

( = __ = )

"HELLO!" sabi sakin ni Maricris. "Tara na?" Hinigit na niya agad yung braso ni Justin. Ang bruha.. Feeling close? Kainis. ( > __ < )

"Bye Luna!" sigaw ni Justin.

"Bye!"




Tss... Si Justin kaya yung pumili na maging kapartner yung maldita na yun? Hindi siguro.. Baka binlack-mail lang niya si Justin. Oo, tama, tama. *nod head* ( - __ - ) ( _ _ ) ( - __ - )

************ **Lunch Break**

Nakarinig ako ng iba't ibang daing sa paligid ko.

"TUKNENENG NAPAKAHIRAP MAGPULOT NG LETCHENG SHELL NA YAN!" ( > __ < )

"Ito lang ba pinunta natin sa lugar na to?!" ( > __ < )


"Ampupu eh kung araw-araw tayong ganito eh uuwi nalang ako!" ( > __ < )

"Waaahhh! Yung singsing ko nawawala!" ( TT 0 TT )

Grabe.. Ang ingay nila. ( = __ = )

"Sis!" Tumakbo si Steff palapit sakin. "Ang galing! Naka-51 tayo!" ( * 0 * )/*

“Oo, salamat sayo ah? Ang dami mong napulot.” ( = __ = )



*PAK!*

Ouch. Yung balikat ko.. ( TT . TT )

“Hoy babae! Kung hindi dahil sa walong scallop shell ko, hindi makokompleto yung 50!” Steff ( > 3 < )


“Grabe, mula 8:00 ng umaga nagpupulot tayo pero walo lang yung napulot mo. Bangis mo sis.” ( = __ = )

“Eh ba’t ba? Ayaw magpakita nung shells eh..” Steff, at hinawi pa yung buhok niya. “Tara sis! Libot tayo?” ( ^ __ ^ )

“San naman tayo lilibot?”

“Sa ilalim ng dagat sige. Lalakad tayo dun.” Steff ( - __ - ) + +

“Tsk. Pilosopo,” sabi ko. “ ( = __ = )




“Tara na kasi!” Hinila ako ni Steff papunta sa... Isang bangka? ( 0 __ 0 )

“Teka teka sis!” awat ko sa kanya habang hinihila niya ko. “Baka bawal yan!” ( > __ < )

“Ano ka ba sis! Hanggang college ba naman parang presidente ka pa din? Grow up! Hindi na uso yung sumusunod sa rules ngayon!” Steff ( > 0 ^ )v + +

“Napaka-BI mo talaga sis.” ( = __ = ) (a/n: BI means bad influence)


“Ganun talaga! Mwehehehe!” Steff ..XD

Lumapit na kami ni Steff dun sa bangka. “Manong!” tawag ni Steff sa lalaking itinutulak na yung bangka para sana pumalaot. “Sasakay po–” Biglang naputol yung sasabihin ni Steff.

“Hoy!” sigaw niya. “Anong ginagawa mo dito?!”

“Ha? Bakit sis?” Yumuko ako para sumilip sa loob ng bangka. May bubong kasi yun kaya hindi masyadong kita kung sino yung nasa loob. “Sino ba–”

Biglang kumabog yung puso ko.




“Bakit?” sabi ni Jessie.

“Bumaba ka! Sasakay kami ni sis!” Steff ( > __ < )

“May space pa naman..” Jessie

“HAY! Basta bumaba ka!” Steff ( > __ < )


“Sis.” Hinawakan ko si Steff sa braso. “Hayaan mo na siya.”

Huminga ng malalim si Steff. Nauna siyang sumakay, tapos ay ako naman.

Umupo kami sa harapan ni Jessie. Kami ni Steff yung magkatabi pero hindi ko pa din maiwasang mailang. Parang... Nararamdaman ko yung bawat titig niya sa likuran ko.

“San ka ba pupunta?” tanong ni Steff.

"Kahit saan," sabi ni Jessie at dumapo yung tingin sakin. "Gusto kong mapag-isa.."




Lumunok ako at umiwas ng tingin.

"Luna." Jessie

Parang nanigas yung buong katawan ko noong marinig ko yung pagtawag niya sa pangalan ko.

"Let's talk." Jessie

"Ha? Hindi pwede!" Steff ( > 3 < )

Pero hindi siya pinansin ni Jessie. "Somewhere private. Just the two of us."

"Sis! Wag kang papayag!" Lumapit sakin si Steff at bumulong. "Mas mainam kung mas malayo ka sa kanya. Baka masaktan ka na naman. Kalimutan mo na siya. Nandyan naman si Justin..."

Napayuko ako sa sinabi ni Steff.

"Luna.." Jessie

Lumingon ako sa likod.

Medyo napanganga ako sa nakita kong ekspresyon ng mukha ni Jessie.

Nakatitig siya sakin ng maigi.. Parang nakikiusap yung mga mata niya.

Tumikom yung parehong kamay ko sa ibabaw ng hita ko.

Huminga ako ng malalim at muling tumingin sa kanya.

"Okay," sabi ko.

**Chapter 44**

**Luna**

**| Hundred Islands | Day 2 |**

“Salamat ho manong!” sabi ni Steff at binigyan ng pera yung lalaki para sa paghahatid samin dito sa isang isla.

Tinanggap ni manong yung bayad, sumakay ulit sa bangka at saka umalis. Buti nalang at may mga bangkang nakadaong sa pampang. Anytime pwede kaming bumalik sa beach house.


“Luna.” Lumingon ako kay Jessie.

Nakatitig siya sakin na parang may gusto siyang sabihin.

Nagulat ako ng biglang may humigit sa braso ko at hinila ko papunta sa likod niya. “Tungkol saan yung pag-uusapan niyo?” sabi ni Steff sa isang tono na parang pinoprotektahan ako.

“It’s private..” Jessie

“Private?” Tumawa si Steff at napailing. “Pwede bang layuan mo na si sis ko? Noon palang lagi mo na siyang sinasaktan! Masaya na siya ngayon kay Justin! May Kat ka na, ano pa bang gusto mo?!”




Hindi nagbago yung expression sa mukha ni Jessie. Yumuko siya pero walang nagbago.

Huminga ko ng malalim at hinipo yung kamay ni Steff na nakahawak sa braso ko.

Napatingin sakin si Steff. “Sis,” mahinang sabi niya.

Ngumiti ako sa kanya ng manipis. “Okay lang ako sis..”


“Pero...” Halata ko yung pag-aalinlangan sa boses ni Steff. Ayaw niya kong iwanang mag-isa kay Jessie dahil baka... Masaktan na naman ako... Umiyak na naman ng dahil sa *kanya...*

“Sis, please..”

Umiwas ng tingin si Steff at saka nagbuntung-hininga.

Inalis na niya yung kamay niya sa pagkakahawak sakin. “Sige sis. Bibili lang ako ng makakain.” Tiningnan niya ng sandali si Jessie pero hindi siya nagsalita.

Lumakad siya palayo at naiwan na kaming dalawa ni Jessie.




"Luna.."

Biglang bumilis yung tibok ng puso ko.

Tumingin ako sa kanya. Nakataas na yung ulo niya at nakatitig siya sakin.

Nakaramdam ako ng kakaiba sa loob ng dibdib ko noong makita kong namumungay yung mga mata niyang nakatitig sa akin.

"Dun tayo mag-usap.." Itinuro ni Jessie yung bahagi ng isla na walang masyadong tao.

Tumango ako at sinundan siya sa paglalakad.

Hindi ako makatingin sa kanya.

Parang kinakabahan ako sa pag-uusap namin na to.

Huminto si Jessie sa paglalakad at humarap sa dagat.

Nasa tabi niya ko, nakaharap din sa dagat at hindi nagsasalita.

Malakas ang hangin. Inilagay ko ang ilang hibla ng buhok ko sa likod ng tenga ko.

Ilang sandali pa ang nakalipas bago basagin ni Jessie ang katahimikan...

"Ang ganda ng dagat," sabi niya.


Tumango naman ako bilang pagsang-ayon sa sinabi niya.

For a moment parang nag-alinlangan ako kung may sasabihin ba talaga si Jessie kasi ang tahimik niya.

Ang *awkward.*

"I..." Huminto siya. Tumingin ako sa kanya. Nakabukas pa din yung bibig niya, hindi malaman kung itutuloy ba yung sasabihin niya o hindi. "I..."

"Jessie."




Tumingin siya sakin.

"Ano ba talagang sasabihin mo?" tanong ko.

Nakakita ako ng kakaibang alon sa mga mata niya. Nagulat ako noong humarap siya sa akin. Napanganga ako ng bahagya.

"I remember now," sabi niya sa isang mababang tinig.


"H-Ha?"

Lumamlam yung mga mata niya habang nakatitig sakin. Biglang tumalon yung puso ko sa nakita ko. Pamilyar sakin yung titig niya na ito.

Parang may pamilyar na pakiramdam siyang ibinibigay sa akin.

*Ang pakiramdam na nadama ko mula sa kanya tatlong taon na ang nakakalipas...*

“May natatandaan na ko tungkol sayo... Hindi pa siguro lahat pero natatandaan na kita, Luna.” Lumapit si Jessie sakin at hinawakan yung mga kamay ko.




May mainit na sensasyong umakyat mula sa kamay ko kung saan niya ako hinawakan papunta sa iba’t ibang bahagi ng katawan ko.

“Simula noong nalaman kong naging girlfriend kita, kumonsulta ako sa doktor. Nagpatulong ako sa kanya para unti-unting maibalik yung alaala ko. Dumaan ako sa treatment. Nagugulat nalang ako na minsan, twing paggising ko, may parang maliliit na piraso ng alaala ko ang muling bumabalik sa isipan ko.” Jessie

Sumikip yung paghinga ko. Hindi ako makagalaw sa kinatatayuan ko. Nanatili lang akong nakatitig sa kanya at mistulang naputulan ng dila.

“Naaalala na kita Luna. *Naaalala na kita.”* Jessie, at ngumiti ng manipis.

Nangilid yung luha ko, at hindi nagtagal ay nag-una-unahan na sila sa pagpatak.

“Honey ko?” Jessie

Humigpit yung pagkakahawak ko sa kamay niya.

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko.

Tiningnan ko siya ng puno ng luha ang mga mata. “A-Anong sabi mo?”


Humakbang siya palapit sa akin at hinawakan yung gilid ng mukha ko. Pinunasan niya yung luha sa ilalim ng mata ko at saka ngumiti sa akin na siya namang nagbigay ng kakaibang pakiramdam sa puso ko.

“I’m sorry honey ko kung nasaktan man kita. Patawarin mo ko.” Yumuko siya at idinikit yung noo niya sa noo ko. Pumikit siya at nagsalita ng mahina. “Hindi ko gustong saktan ka. Kung kaya ko lang ibalik kaagad yung alaala ko, matagal ko nang ginawa. Mahal na mahal kita honey ko. Alam ko na kahit hindi man kita naaalala nung mga oras na yon, nanatili pa ding nagmamahal sayo ang puso ko.”

Kinagat ko yung ibabang labi ko at napapikit nalang din.

Hinawakan ko yung kamay niya sa pisngi ko. “Jessie,” bulong ko. “Ako ang d-dapat na humingi ng tawad sayo. Kung hindi sana ako umalis.. K-Kung hindi sana ako umalis ng walang paalam.. Hindi ka mawawalan ng alaala.. Hindi mangyayari ang lahat ng ito..”

"Shhh... Kung ano man ang dahilan mo sa pag-alis mo, tanggap ko yon. Hwag na nating isipin pa ang nakaraan honey ko. Gusto kong bumawi sayo. Gusto kong ibalik yung dati. I want you *back* honey ko*."* Jessie




Gusto kong matuwa. Gusto kong ipagsigawan na mahal pa din ako ni Jessie.

*Pero hindi ko magawa...*

Dahil alam kong may isang taong malapit din sa puso ko ang naghihintay sa akin... Patuloy na umaasa... Ayoko siyang saktan... Mahalaga din siya sa akin... Siya yung tumulong na magpasaya sa akin noong mga panahon na talagang lugmok ako sa kalungkutan...

"Honey ko? Bakit?" Umalis sa pagkakalapat ang noo niya sakin. Tinitigan niya ko ng may pagtataka sa mukha niya.

Umiling ako. "Wala.."

"Eh bakit ganyan yung itsura mo? Parang... Hindi ka masaya?" sabi ni Jessie at parang halata yung pagkadismaya sa tono ng boses niya.

"Masaya ako.. Pero..." Umiwas ako ng tingin.

"Si Justin ba?" Jessie

Napatingin ako sa kanya. May kakaiba sa mga mata niya habang nakatitig ng maigi sa akin.

"Mahal mo na ba siya?" Jessie

Umiwas ulit ako ng tingin. "Mahal kita Jessie. Kahit kailan hindi nawala ang pagmamahal ko sayo..."


"That's not what I'm asking.." Jessie

"Jessie." Humigpit yung pagkakahawak ko sa kamay niya.

"Honey ko.." Inalis niya yung mga kamay niya sa pagkakahawak ko at iniligay sa magkabilang pisngi ko. "Hindi kita masisisi kung mahal mo man si Justin ngayon. Alam kong siya yung nagpasaya sayo noong mga panahong nasasaktan kita. Inaamin ko, nagseselos ako. Pero ipaglalaban kita honey ko. Ipaglalaban kita ng patas sa kanya."

Lumapit siya at hinalikan ako sa noo. Nakakatunaw yung paglapat ng mga labi niya sa balat ko. Ang tagal kong hinanap-hanap yung ganitong sitwasyon sa pagitan naming dalawa.

Pagkatapos non ay niyakap niya ko ng mahigpit.




"Babawi ako sayo honey ko. Pupunan ko yung mga pagkukulang ko. Hinding hindi na kita pakakawalan pang muli. Mahal na mahal kita... Higit pa sa buhay ko." Jessie

Ngumiti ako at ibinaon yung mukha ko sa kurba ng leeg niya.

"I love you too, Jessie" I murmured as I hugged him back.

**Chapter 45**
**Luna**


**| Hundred Islands | Day 2 |**

"Jessie."

"Hmm?" Jessie

"Hanapin na kaya natin si Steff?" sabi ko.

"Okay." Tumayo na kami ni Jessie sa buhangin. Pinagpag ko yung maliliit na butil ng buhangin na kumapit sa pantalon ko.




Papaalis na sana ako ng biglang . . .

"Honey ko." Jessie

Huminto ako sa paglalakad at saka lumingon kay Jessie.

Pumunta siya sa tabi ko at saka hinawakan yung kamay ko.

Tumalon yung puso ko sa ginawa niya. Ang lambot ng kamay niya . . . Ang init sa pakiramdam.

Ngumiti siya sakin. "Pahawak ah?"

Natawa ako ng mahina. "Haha okay."

Lumakad kami ng magkahawak ang kamay. Napapatingin pa nga ako sa mga kamay namin habang naglalakad eh.

Grabe lang . . .

Kinikilig ako! *( > /// < )*

“Sis!”

Napatingin kaming dalawa ni Jessie sa kanan. May babaeng papalapit samin ngayon. May hawak siyang nilagang mais na nakatusok sa stick.


“Ano nangyari–” Bigla siyang huminto sa pagtakbo. Sinundan ko yung tingin ng mga mata niya.

Biglang nag-init yung mukha ko.

Nakatingin si Steff sa magkahawak na kamay namin ni Jessie.

“Sis? A-Anong ibig sabihin nyan?” Nanlalaki ang matang tanong ni Steff sakin.

“Uh, k-kasi sis. Ano . . .” Napahawak ako sa batok ko. “Teka, pano ko ba ieexplain sayo to.. Uhm.. Kasi–”




“Bumalik na yung alaala ko.” Jessie

Tumingin si Steff kay Jessie at napanganga. “B-Bumalik na?”

Tumango si Jessie.

Nahulog yung mais na hawak-hawak ni Steff kanina. Nilagay niya yung kamay niya sa bibig niya. “Oh my gosh!” gulat na sabi ni Steff.

“Sis, baka atakihin ka dyan.” ( = __ = )

Umiling-iling pa si Steff na para bang may pilit na inaalis sa isipan niya. “I can’t believe it! It’s so sudden!” <( > 0 < )>

“Wow sis, english yun ah?” XD

“Wag kang magulo sis! Inaabsorb ko pa yung makalaglag brief na sinabi ni Jessie!” Steff ( > /\ < )

"Bakit? Tutol ka ba?" nakangiting sabi ni Jessie.

Itinuro ni Steff si Jessie. "Hoy lalake! Kahit na bumalik na yung alaala mo, hindi ko pa din makakalimutan yung heartbreak na binigay mo kay sis ko!" ( > __ < )

"Ano ka ba sis, patas lang kami. Alam kong nasaktan ko din si Jessie noong umalis ako ng walang paalam eh," sabi ko.

"Talaga? Nasaktan ba ko nun?" tanong ni Jessie sakin.


Tumingin ako sa kanya. "Bakit? Hindi ba?" Ka-disappoint naman. Pahiya pa tuloy ako! Amp! *( > 3 < )*

Ngumiti siya ng malapad at kinurot yung pisngi ko. "HAHA! Joke lang. Nasaktan ako ng sobra nun. Binubwisit lang kita." ( ^ __ ^ )

Ngumuso ako. "Tss, kainis to." ( > 3 < )

"Ang cute mong mapikon honey ko eh. Kakamiss yung pag-nguso mo." Jessie ( ^ __ ^ )

"Harujusko! Sige na kayo na sweet!" Steff ( > 0 < )/




Tumawa kaming pareho ni Jessie.

"Tara na at baka hinahanap na tayo!" Naunang lumakad si Steff papunta sa may mga bangka sa pampang.

"Himala, ikaw pa yata nag-ayang bumalik sis?" ( * 0 * )

"Iniinggit niyo ko eh! Pagbalik ko pagdidikitin ko na yung kamay namin ni babe ko. May dala pa naman akong packaging tape. Hohoho!" Steff ( > 0 ^ )v + +


********* **After a few minutes...**

Dumaong na yung bangka na sinakyan naming tatlo sa isla kung saan naroroon yung mga beach house.

Unang bumaba si Steff. Sumunod si Jessie tapos ako.

Kakilig, inalalayan pa ko ni Jessie sa pagbaba. Chichichi... *( > /// > )*

"Nasan na yung mga halimaw?" sabi ni Steff at saka tumingin sa paligid.




"Oo nga noh? Bakit walang tao?" nagtatakang sabi ko.

"Baka nasa Dining Hall na?" Jessie

"Tingnan nga natin," sabi ni Steff at lumakad na papunta sa Dining Hall.

Sumunod kami ni Jessie sa kanya.


Binuksan ni Steff yung isang pintuan ng double door at saka sumilip sa loob.

Maya-maya pa'y humarap na samin si Steff.

"Wala sila dito." Steff

"Hala! Eh baka may pinuntahan sila?!" ( > 3 < )

"Baka nga." Jessie




"Waaaahh! Baka pinuputakte na ng babae si babe ko! Oh nose! What to do?!" Steff ( TT 0 TT )

"Haha alam mo namang hindi magagawang mambabae ni Kebs di ba?" Jessie

"Alam ko. Pero nakakainis yung mga babaeng dikit ng dikit sa kanya! Kulang nalang magpalit sila ng balat ni babe ko!" Ngumuso si Steff. ( > 3 < )

"Teka lang sis! Pano na gagawin natin niyan? Wala sila," pag-iiba ko sa usapan.


"Manood nalang tayo ng movies habang hinihintay silang makabalik." Jessie ( > __ ^ )

Napatingin kaming dalawa ni Steff sa kanya.

"May dala kang DVD?" tanong ko. ( 0 . 0 )?

"Yup." Jessie ( > __ ^ )v

"Horror?" Steff ( * 0 * )




"Naman!" Jessie ( > __ ^ ) + +

"WAAAAAHHH!" Hinawakan ako ni Steff sa braso. "Nood na tayo dali!" ( * U * )/*

"T-Teka lang sis–Aray!" Hinila ko ni Steff papunta sa beach house ni Jessie. ( = __ = )

Kinuha ni Jessie yung susi ng pinto sa bulsa niya.

Tuluy-tuloy sa pagpasok si Steff at agad na umupo sa sofa. Grabe, bahay niya? Feel at home ang drama? ( = __ = )


"Dali kunin mo na! Eggzoited na ko!" Steff ( * U * )

"Haha sige." Pumunta si Jessie sa loob ng kwarto niya.

Noong umupo ako sa tabi ni Steff, bigla naman siyang tumayo at lumakad palayo.

"Huy sis! San ka ba pupunta?" pabulong na sabi ko sa kanya.

"Sa kitchen sis. Hahanap ako ng mabibiktima ng tyan ko. HAHAHAHA!" Steff XD




Napabuntung-hininga nalang ako at umiling.

Grabe si Steff. ( = __ = )

*kriiing kriiing kriiing*

Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa ng pantalon ko.

**Calling . . .**


**Justin :">**

Parang medyo nag-alinlangan akong sagutin. Pero pinindot ko pa din yung *Answer* button.

"Hello?"

[ Luna? Nasan ka? Hindi kita ma-contact kanina.. ] Justin

“Nandito na ko sa beach house. Nagpasama kasing lumibot sakin si Steff kanina sa ibang isla. Baka walang signal don..”




[ Ah.. Nandito kami sa Marcos Island. May activity na pinapagawa si Mr. Pineda. Buti at hindi niya nahalatang wala kayo ni Steff. ] Justin

“Ah ganun ba? Hehehe..”

“Honey ko?”

Napakagat ako sa labi ko. Lumakad papalapit si Jessie sakin. May dala siyang tatlong DVD.


[ Luna? Sinong nandyan? ] Justin

“H-Ha? Ah ano.. Si–”

“Sinong kausap mo honey ko?” Jessie

ASDFGHJKL!!!

[ Luna . . . ] Justin




Biglang naiba yung boses ni Justin. Hindi kaya... Alam na niya na kasama ko si Jessie?

“Honey ko..” Jessie

Napatingin naman ako kay Jessie. Nakatingin lang siya ng diretso sakin.

Ibinuka ko yung bibig ko para magsalita.

“Si Justin ba yan?” Jessie


[ Kasama mo ba si Jessie? ] Justin

TUKNENENG! <( > ___ < )>

Bakit kailangan sabay pa silang magtanong?! ( TT __ TT )

“O-Oo,” sabi ko. Siguro naman pareho ko na silang nasagot non di ba? ( _ _ “ )>

Tumango lang si Jessie at saka pumunta dun sa may DVD player para paandarin yung movie.




Kinagat ko yung kuko ko. Ang hirap pala ng ganito. Shemay. ( = n = )

[ Okay. ] Narinig ko yung hininga ni Justin mula sa kabilang linya. [ Babalik na din kami pamaya-maya. Kasama mo si Steff di ba? ]

"Uh, oo."


[ Okay. Bye. Ingat. ] Justin

"Ingat ka din," sabi ko at binaba na yung tawag.

"WAAAHH! Ang daming pagkain!" ( * 0 * ) Bumalik si Steff sa sala ng may tatlong malalaking sitsirya. Cheetos, Piattos saka Cheese Ring. Tss. ( = __ = )

"Teka ano ba papanuorin natin?" ( * U * ) Lumapit si Steff kay Jessie. "Yan! Yung yung *The Grudge 3* nalang!" ( * 0 * )

"Sige." Inilagay na ni Jessie yung disk sa DVD player.




Umupo si Steff sa tabi ko at ibinigay sakin yung Piattos.

"Sakin yung Cheetos sis ah? Hihihihi." Steff ( * U * )

Biglang nag-play yung TV.

"WAAAAHH! Ayan na! Jessie patayin mo yung ilaw dali!" Steff ( * 0 * )/*

*Lights off*


"NAKS! ANG SAYA NITO! HAHAHA!" Steff ( > 0 < )/*

( = ___ = )

Tumingin ako sa may bintana. Papalubog na yung araw.

Umupo si Jessie sa tabi ko. Bali ako yung nasa gitna nilang dalawa.

Diretso lang yung tingin niya sa TV. Ang gwapo talaga. Tsk. *( > //// > )*




Walang expression yung mukha niya. Nangyari dito? ( 0 __ 0 )?

Ah! Alam ko na.. Hihihihi. ( ^ w ^ )

Sinundot ko ng mahina yung braso niya. Lumingon siya sakin.

“Problema?” tanong ko.

“Wala.” Jessie, at muling tumingin sa TV.


*( ^ W ^ )*

“Selos ka?” *( ^ w ^ )*

Kumunot yung noo niya. “Hindi ah..” Tapos umiwas siya ng tingin.

HARUUUU!!! HAHAHAHA! XD

“Ang cute mong mag-selos. Hahaha.” *( ^ w ^ )*




“Hindi nga ako nagseselos.” Jessie ( > __ < )


“ANG INGAY NIYO! Lalabas na si The Grudge eh!” Steff ( > 3 < )

Natawa nalang ako ng mahina at napailing.

Tinuon ko nalang din yung atensyon ko sa pinapanood namin.

Pero napapangiti pa rin ako.

Ang cute kasi talagang magselos ni Jessie eh. Sarap kurutin. Hihihihi. *( ^ w ^ )*




**Chapter 46**

**Luna**

*"Who's there?" sabi ng isang babae.*

*Tumakbo siya sa laboratoryo. Tinahak niya ang pasikot-sikot na puting pasilyo ng laboratoryo.*

*Lumilingon-lingon siya sa paligid habang patuloy sa pagtakbo.*

*Lumiko siya sa kaliwang pasilyo at . . .*

*Nanlaki ang mga mata.*

*Kumabog ng malakas ang dibdib niya na para bang nagwawala ang puso niya dahil sa sobrang kaba.*

*Napaatras siya sa pagkagulat.*

*Gusto niyang sumigaw pero hindi niya magawa.*

*May mahabang buhok na lumulusot sa pader at unti-unting sumasayad sa sahig.*

*Maya-maya pa'y may nabuong pigura ng isang ulo.*

*Unti-unti itong lumalabas sa pader. Di nagtagal ay may paris ng mga nanginginig na kamay na tumukod sa sahig. Sinundan pa ito ng pagsayad ng puting kasuotan ng babaeng nakakakilabot ang anyo.*

*Agad na tumalikod ang kaninang natatakot na babae at muling tumakbo.*


*Patay-sindi ang ilaw sa itaas ng pasilyo kaya naman nakadagdag pa ito sa kanyang kaba.*

*Pagliko niya sa kanan ay may nakita siyang pintuan. Sa kabilang banda nito ay isa pang malamig na puting pasilyo.*

*Kinakabahan niyang hinawakan ang bukasan ng pinto.*

*Tumulo ang mainit na pawis sa kanyang noo at leeg.*

*"HELP!" sigaw niya at hinampas ng hinampas ang pintuan. "SOMEBODY HELP ME!" Nagsimula na siyang umiyak.*




*Lumingon siya sa likuran niya...*

*At namutla sa nakita.*

*Nakatayo na ang babaeng nakita niya kanina, lumalakad na parang nangingisay papunta sa pasilyo kung saan siya naroroon.*


*"HELP! OH GOD! PLEASE! PLEASE!" Wala siyang patid sa paghampas sa pintuan habang basang basa na ng luha ang mukha niya. Nagdadasal na siya sa kanyang isipan. Nahihirapan na siya. Gulung-gulo.*

*Kabang-kaba.*

*Nakapanlulumo na wala man lang makarinig sa kanya. Pero patuloy pa din siya sa pagkalampag sa pintuan at paghingi ng tulong.*

*Muli siyang lumingon sa likuran niya, parang nababaliw na ang mga mata.*

*Nakatayo na yung kinatatakutan niyang babae sa likuran niya.*



*Dahan-dahan itong lumalapit sa kanya na para pang nangingisay. Maputing-maputi ang balat na halos kakulay na ng puting bestida nito, mabibilog at maiitim ang matang nakatirik sa itaas at malaki at nakanganga ang bibig nito na tila ba kulay itim lang ang makikita sa loob ng bibig nito.*

*"HELP!!! GOD, HELP ME!!!" Nakasilip ang kaawa-awang babae sa salamin ng pintuan, umaasang sana'y lumusot nalang sya roon makatakas lamang sa nakakakilabot na pangyayaring ito.*


*Maya-maya pa'y may naramdaman siyang malamig na humawak sa kanyang pisngi.*

*Dahan-dahang humahaplos ang malamig at bangkay na kamay ng babae sa kanyang mukha. Nangingitim ang mga kuko nito na talagang patunay na isa na itong lumalakad na patay.*

*"HELP!"*

*Tumabi ang mukha ng babaeng itim sa kanya. Mula sa gilid ng mga mata niya ay nakita niya ito. Nakatirik pa din sa itaas ang mga mata at nakabuka pa rin ang bibig.*

*Maya-maya'y nakarinig siya ng isang tunog na kahintulad ng sa isang bumubukas na lumang pintuan.*




*Pero ang nakakakilabot ay galing ito sa lalamunan ng itim na babae.*

*Nanlaki ang mga mata niya.*

*Kumabog ng malakas ang kanyang dibdib.*

*Tumulo ang pawis sa kanyang leeg.*

*Napatili siya at–*

"WAAAAAAAAHHHHHH!!!"

Tinakpan ko yung magkabilang tenga ko.

"PATAYIN NIYO NA YAN! PATAYIN NIYO NA!" sigaw ni Steff habang nakatakip ang parehong kamay sa mga mata.

“PUTEK PATAYIN NIYO NA YAN! WAAAAAAHHHH!!!” Steff *( m 0 m )*

*TV off*

Pinindot ni Jessie yung remote at biglang namatay yung TV screen.

“PAKSHET SIS! HUHUHUHU! NAKAKATAKOT PALA YANG LINTYAK NA THE GRUDGE 3 NA YAN!” Steff ( TT 0 TT )


“Wag ka ngang sumigaw! Nakakabingi ka!” sabi ko kay Steff. ( > __ < )

“HAHAHAHA!” Tumawa ng malakas si Jessie. “Nakakatawa ka Steff. Pfftt.. Takot! HAHAHAHA!” XD

Sumibangot si Steff kay Jessie. “Hoy lalake! Wag kang tumawa dyan at ikaw ang may kasalanan kung hindi man ako makakatulog mamayang gabi!” ( > 3 < )

“Hahaha! Ako? Sino ba kasi yung pumili nyang palabas na yan?” Jessie

"Kahit na! TSK! Dapat hindi mo nalang kami inayang manood ng horror ni sis!" Steff




"Hay tumigil na nga kayo! Ang ingay niyo!" ( >___< )

Ngumiti sakin si Jessie. "Bakit, honey ko? Hindi ka ba natakot?"

"Hinde." ( = __ = )

"Ang tapang ah? Sayang naman..." sabi ni Jessie at nag-'tsk!' pa.

Tumaas yung kilay ko. "Anong sayang?"


"Akala ko kasi matatakot ka tapos yayakap ka sakin pag nagkataon HAHAHA!" Jessie ( > __ ^ )+

( = ___ = )

Kinurot ko siya sa tagiliran. "Uto!" ( > __ < )

"ARAY! Si honey ko naman kung makakurot.." Teka teka.. Ano to?!

Nag-puppy-dog eyes si Jessie?! ( 0 __ 0 )?!




OMO! Ang cute!!! ( * /\ * )/*

*pluk!*

"ARAY!" Napahawak ako sa noo ko.

Pinitik ni Jessie yung noo ko. Ang mean niya. ( TT 3 TT )


"Natulala ka na naman sa ka-gwapuhan ko honey ko. Tsk tsk tsk," nakangisi niyang sabi sakin.

"Yabang!" ( > 3 < )

"Oh di kayo na sweet! Ako na inggit.." Steff, at nag-pout din. ( > 3 < )

Natawa kaming pareho ni Jessie.

“Tara sis, balik muna tayo sa beach house? Inaantok ako  eh,” pag-aaya ni Steff at tumayo na siya sa sofa.




“Mauna ka na,” sabi ni Jessie at tumingin sa akin. “Gusto ko munang ma-solo si honey ko.”

Nag-init bigla yung mukha ko sa sinabi niya. Napanganga ako ng kaunti at kumabog ng malakas yung puso ko.

“HAY NAKU BAHALA NGA KAYO DYAN! Pinuputakte na talaga kayo!” Lumakad na palayo si Steff at lumabas na sa beach house.


Bigla tuloy akong... nailang.

Hindi pala...

Kinikilig lang ata ako. Achuchuchu... *( > //// > )*

“Atlast.. Na-solo din kita, honey ko,” mahinang sabi ni Jessie habang nakatitig ng maigi sa akin.

Nakaramdam ako ng kakaiba sa loob ng dibdib ko.




Bigla akong napakagat sa labi ko.

Napansin ko namang tumama yung tingin niya dun sa labi ko.

Ngumiti si Jessie. “Ano ba yan? Are you tempting me?”

“J-Jessie,” bulong ko.

“You’re blushing.” Jessie


Lumunok ako para i-steady yung sarili ko. “Ikaw kasi e.. A-Ang lapit ng mukha mo..”

“Ayaw mo ba?” Jessie

“H-Hindi naman.. Nakakailang lang..”

Ngumiti siya. “I want to kiss you now, do you know that?” sabi niya sa isang mababang tinig.

Lalo namang namula yung mukha ko dahil sa sinabi niya.




"Pagkatapos ng tatlong taong paghihiwalay natin.. Gusto kitang halikan at ipakita sayo kung gano kita kamahal. Ikaw na siyang tanging babaeng minahal ko ng ganito. Ang kaisa-isang babaeng makasisira at makabubuo sa pagkatao ko."

Nangilid ng kaunti ang luha ko. Ngumiti ako sa kanya ng manipis. "Ang sarap namang pakinggan ng mga sinabi mo, Jessie. Hindi ko akalaing... Muli kong maririnig sayo yung mga salitang gustung-gusto kong marinig sa loob ng tatlong taon."


Hinawakan niya yung magkabilang pisngi ko at tinitigan ako ng maigi. "I'll always love you, Luna Reyes... At hinding hindi na mababago pa yon..."

Sa isang iglap ay nagtagpo na ang mga labi namin.

Parang nag-aalab na apoy ang init na ibinibigay sakin ng paghalik ni Jessie.

Naramdaman ko yung kamay niya sa likuran ko at walang kahirap-hirap na naihiga niya ko sa sofa.

Napasinghap ako dahil sa pagkabigla pero agad din namang inilapat muli ni Jessie yung mga labi niya.




Awtomatikong pumunta yung kamay ko sa buhok niya at mistulang tinutulak pa siya palapit sa akin.

“I love you honey ko,” sabi niya sa pagitan ng mga halik. “I miss you so much..”

“I love you too, Jessie,” hingal na sabi ko.

Ilang minuto din kami sa ganung posisyon. Noong halos maubusan na kami ng hininga ay humiga na si Jessie sa tabi ko.


Inilagay niya yung braso niya sa ilalim ng ulo ko na siya namang nagsilbing parang unan.

Humarap ako sa kanya at ibinaon yung mukha ko sa dibdib niya.

“Inaantok ako,” mahinang sabi ko.

“Matulog ka muna, honey ko,” sabi niya at hinaplos yung gilid ng mukha ko. “Gusto kong makita ulit yung maamo mong mukha pag natutulog ka..”

Hinampas ko siya ng mahina sa dibdib. “Si Jessie naman.. Matutulog nalang ako, nambobola pa..”




Tumawa ng mahina si Jessie. “Gusto mo naman?”

Ngumiti ako. “Tse! Tumahimik ka na nga. *Kapre!*”

“Sige na sige...” Hinalikan ni Jessie yung tuktok ng ulo ko. “Matulog ka na, *pango.*”


Pareho kaming natawa.

“Namiss ko yun..” Sumiksik pa kong lalo sa kanya. Parang ayokong kahit na may manipis na hanging naghihiwalay saming dalawa.

“Ako din...” Jessie

Nakangiti kong ipinikit yung mga mata ko.

Naririnig ko yung pagtibok ng puso ni Jessie. Kalmado ito. Sa sobrang pagkakalma ay parang nakikinig ako sa pag-alpas ng mga alon sa karagatan.




Naghintay ako ng ilang sandali, at maya-maya pa’y dinalaw na din ako ng antok.

**Chapter 47**

**Luna**

**| Hundred Islands | Day 2 |**


Nagising ako dahil sa isang tapik sa aking balikat.

Unti-unti kong idinilat yung mga mata ko.

Ngumiti sakin si Jessie. “Gabi na honey ko, baka hindi ka na makatulog nyan?”

Kinusot ko yung kanang mata ko. “Inaantok pa ko,” sabi ko.

Tumawa ng mahina si Jessie at hinalikan ako sa noo. “Kumain ka muna ng dinner.” Tinulungan niya kong iupo.




Tumayo siya.

“San ka pupunta?” tanong ko habang sinusuklay ng kamay yung buhok ko.

“Magpapalit lang ako ng t-shirt.” Ngumiti siya sakin. “Sama ka?”

Kinuha ko yung unan at ibinato sa kanya.

Tumawa siya at sinapo yung unan.

“Magpalit ka na nga!” ( > //// < )

“HAHAHA oo na po, oo na po. Si honey ko naman hindi mabiro. Baka lang naman kasi gusto mong ikaw yung magbihis sakin.” Jessie ( ^ __ ^ )

“Abnuy! Nahihibang ka na ba?!” ( > //// < )

"Bakit? Nakita mo na nga yung lahat sakin, ngayon ka pa mahihiya?" Jessie

"JESSIE!" ( > /// < )

"Sabi ko nga magpapalit na." Tumawa si Jessie at itinaas yung parehong kamay, pantay dibdib, at saka lumakad palayo.

Tss. Laki talaga ng sayad nun. ( > ___ < )

Ipaalala daw ba yung ano.... Yung... Yung... s-sa Baguio....


Biglang nag-init yung mukha ko nung maalala ko yon. Ibinaon ko sa magkabilang palad ko yung mukha ko at saka nagpati-buwal sa sofa.

WAAAAAAAAHHHHHH!!!!!

Bakit ganito yung nararamdaman ko?! Para kong....

Kinikilig na nahihiya? *( = //// = )*

WAAAAAAAAAHHHHH!!! <( > ///// < )>




"Honey ko?"

Bigla akong napaupo. ( 0 /// 0 )?!

V-neck fit red t-shirt na yung suot ni Jessie. With matching silver chain pa.

Pinagmasdan ko siya mula ulo hanggang paa.

*tingin taas* ( * ___ * )

*pababa* *( _ /// _ )*

Ang....

Ang gwapo. *( > //// > )*

Tumaas yung kilay sakin ni Jessie at saka lumapit sakin. Nakayuko siya sakin. "Bakit nakabaon yung mukha mo dun sa unan?"

“H-Ha? A-ah eh, uhm, kasi...” Napahawak ako sa batok ko. Tumingala nalang ako at saka ngumiti sa kanya ng pagkalapad-lapad.




“Wala. Trip ko lang. Ahihihihi..” v*( ^ ===== ^ )*v

( - ___ - ) <--- Reaction ni Jessie

( _ _ “)> <--- Reaction ko

Pahiya ako dun ah. ( = 3 = )*


“Honey ko, mais ka ba?” Jessie ( - __ - )

“Mais? Bakit?” ( 0 __ 0 )?

“Ang corny mo kasi e.” Jessie ( - __ - )

Sumibangot ako sa kanya at saka humalukipkip.

"Ah ganon! Ganyan naman pala e!" ( > 3 < )




"HAHA! Joke lang, to namang honey ko masyadong matampuhin. Tara na nga!" ( ^ __ ^ ) Kinuha ni Jessie yung kamay ko at saka ako hinila palabas ng beach house.

Tumingala ako sa itaas.

Huminto ako sa paglalakad. Huminto din si Jessie at saka tumingin sakin. "Bakit honey ko?" tanong niya.

Itinaas ko yung hinlalaki ko at ipinatong sa buwan. Ngumiti ako. "Alam mo ba na mula dito sa mundo, kasing laki lang ng hinlalaki mo ang buwan?"

"Talaga?" Ginaya din ni Jessie yung ginawa ko. "Oo nga! Ang galing!"

"Kaso sayang kasi hindi masyadong maliwanag yung buwan ngayon," sabi ko.

"Oo nga. Sana maliwanag na siya bukas para mas masarap mag-perform." Jessie

Napatingin ako kay Jessie. "Mag-perform?"




Tumango siya. “Ni-request kasi ng namamahala sa isla na to na magperform daw yung Pepperoni Cheese bukas ng gabi sa salo-salo. May bonfire pa yata. Ewan ko...” Nag-shrug siya.

“Wow! Sikat na talaga kayo!” ( * ___ * )

“Haha! Ikaw lang naman ang hindi makapaniwala e.” Jessie

Nagsimula na kaming maglakad papunta sa Dining Hall. And take note...

Holding hands. Aww.. ( > /// > )


“Masisisi mo ba ko? E nung high school tayo baduy na baduy ako sa inyo.” ( = __ = )

“Baduy? Pogi namin na to baduy? Di rin!” Jessie

“Lol, mas luma pa kinakanta niyo sa kapanahunan ni Frank Sinatra.” ( = __ = )

“Uy grabe ka honey ko! Hahaha. Sobrang luma naman non.” Jessie

Nakarating na kami ni Jessie sa Dining Hall.




Binuksan niya yung pintuan. Nauna akong pumasok, tapos siya naman.

Nahagilap ng mga mata ko si Steff. Lalapit na sana ko sa kanya ng bigla kong makita si Justin...

Parang may kung anong pumigil sakin.

Hindi ko maipaliwanag. Parang nag-aalangan ako na makita niya ko kasama si Jessie.


“Uy Luna! Jessie!” Kevin

Napatingin naman sakin si Steff, Kat at yung PC.

Si *Kat.*

Napansin kong nakatitig siya sakin at kay Jessie. Pabalik-balik yung tingin siya saming dalawa.

"Uy, kamusta lakad?" bati ni Jessie at saka umupo sa tabi ni Rio. Tumingin siya sakin at saka tinapik yung upuan sa tabi niya. "Umupo ka na dito honey ko."




Nakita kong parang nabilaukan si Rio. Si Kevin naman naibuga yung tubig na iniinom niya.

Si Kat nahulog yung tinidor na hawak niya kaya naman kumalansing yon sa plato niya na siyang nagpagulat sa ibang estudyanteng nasa paligid.

Kinagat ko yung labi ko at dahan-dahang umupo sa tabi ni Jessie.

Ayoko kasing maging sentro ng atensyon. Mas mainam nang umupo nalang ako.


"A-Anong... Anong s-sabi mo, Jess?" nabubulol na tanong ni Kevin. Nanlalaki yung mga mata niya. Hindi siya makapaniwala.

"Ay nakalimutan ko nga palang sabihin sa inyo guys!" sabi ni Steff pagkatapos uminom. "Bumalik na yung alaala ni Jessie!"

Parang narinig ko yung paghinga ng malalim ni Kevin at Rio.

Itinaas ko yung ulo ko....

At nagtama yung tingin namin ni Justin.




Parang biglang tumalon yung puso ko noong makita ko yung ekspresyon sa mukha niya.

Nakakunot ng bahagya yung noo niya. Halos hindi mo yun mahahalata. Pero kitang kita ko yung kakaibang damdamin na inilalabas ng mga mata niya.

Tumikom yung parehong kamay ko na nakapatong sa mga hita ko.


Maya-maya pa'y nakarinig ako ng pag-atras ng upuan...

"Excuse me." Tumayo si Kat. "Pupunta na ko sa kwarto ko," sabi ni Kat ng hindi man lang tumitingin samin.

Sinundan ko ng tingin yung paglakad niya. Halatang gusto na niya agad makaalis sa lugar na to.

Agad namang bumaling yung tingin ko kay Justin.

Patuloy lang siya sa pagkain. Na para bang walang ibang tao sa paligid niya. Hindi niya iniinda yung mga ingay na nanggagaling sa mga estudyante.




"Parang hindi kayo masayang bumalik yung alaala ko ah?" natatawang sabi ni Jessie.

"Hindi naman pare. Pero sobrang nagulat lang talaga kami." Rio

"Oo nga. Masyadong biglaan. Woooh! Grabe talaga!" Kevin, at sinapo pa ng kamay yung noo.

"Pero congrats Jess. At least hindi ka na mahihirapan pa." Ngumiti si Rio at tinapik tapik yung balikat ni Jessie.


"Thanks pare," nakangiting sabi ni Jessie.

"So pano yan? Kayo na ulit ni Luna?" Kevin

Tumalon yung puso ko sa tanong ni Kevin.

Naramdaman ko yung kamay ni Jessie sa kabilang balikat ko na para bang inaakap niya ko.

Tumingin siya sakin at ngumiti. “Ewan ko. Tayo na ba?”




Nag-init yung mukha ko habang nakatingin ako sa kanya ng diretso.

*creak*

“Excuse me.” Umasog yung upuan ni Justin. Tumayo siya at ibinaba yung table napkin. “Babalik na ko.”

Nakatingin kaming lahat sa paglakad niya palayo. Habang dumadaan siya sa gitna ay pinagtitinginan pa siya ng ibang estudyante. Kung hindi sila magbubulungan ay pare-pareho namang ngingiti at tatawa ng mahina.


Parang may mabigat na bagay na dumagan sa dibdib ko habang pinagmamasdan ko si Justin.

Napayuko nalang ako.

Nasasaktan ko si Justin. Nasasaktan ko siya.

“Just let him be,” sabi ni Rio. “Hayaan mo muna siyang makapag-isip. Baka hindi mo siya makausap ngayon. Ipagpabukas mo nalang.”

Tumango ako sa sinabi ni Rio.




"Sorry honey ko." Jessie

Napatingin ako kay Jessie. "Bakit nagso-sorry ka?"


"Kasi alam kong... Nahihirapan ka. Alam kong ayaw mong masaktan si Justin. At nang dahil sakin..." Yumuko ng kaunti si Jessie. "Pareho kayong nahihirapan."

Gusto kong maiyak sa sinabi ni Jessie. Hindi ko alam kung ano ba ang dapat na sabihin sa kanya. Kaya naman hinawakan ko nalang ang kamay niya at saka ngumiti ng manipis.

"Wala kang kasalanan, Jessie. Nagkataon lang na... sadyang mapaglaro ang tadhana."

## Chapter 48

**Luna**




**| Hundred Islands | Day 3 |**

8:43 PM.

Nandito kami ngayon sa may dalampasigan. May malaking bonfire na sinindihan para sa pagdiriwang na sinasabi ni Jessie kagabi.

Madaming estudyante ang nasa paligid ng bonfire at sumasayaw. May mga hawak na baso yung iba at nagtatawanan. May tumutugtog ng gitara at pumapalo sa tambol. Yung mga taong tumutugtog na yon ay ang residente ng lugar na to.

May entablado na nakatayo sa may bandang likod, malapit sa Dining Hall. At mamaya, matutunghayan lahat ng paris ng mga mata sa lugar na to ang pagtatanghal ng PC.

Nakaupo kami ni Steff ngayon sa isang nakabuwal na katawan ng puno, sa may ilalim ng puno ng niyog.

"Sis?"

Lumingon ako sa tabi ko.

"Why so sad?" Steff :(

"Hindi ko pa nakakausap si Justin." Nagbuntung-hininga ako at yumuko. Ginulung-gulong ko yung basong may laman na pineapple juice sa palad ko.

"Simula kaninang umaga?" Steff


Tumango ako habang nakatingin sa pineapple juice.

"Ikaw kasi sis e! Ang gulo ng buhay mo! Bakit kasi sinagot mo si Papa Justin?!" Steff ( > 3 < )

"Hindi ko naman siya sinagot sis e! Sabi nya maghihintay siya. Sa Christmas Eve ko ibibigay kung ano yung napagpasyahan ko. Kung papayag ba kong maging ... g-girlfriend niya o hindi. Kaso ang kasalan ko ay pinaasa ko siya." Parang bulong nalang yung huling pangungusap ko na yon. Nahihirapan yung kalooban ko.

Feeling ko naiipit ako. Nasa bingit ako ng bangin. Hindi alam kung kaninong kamay hahawak.

Mahal ko si Jessie. Alam ko yon. *Pero* mahalaga sakin si Justin. Ayokong masaktan siya. Ilang taon din niya kong hinintay. Matiyaga siyang naghintay kahit na lagi ko nalang siyang sinasaktan. Hindi siya nagsawa kahit minsan.




Biglang nangilid yung luha ko. Pero pinigilan ko yon mula sa pagtulo.

“Nahihirapan na ko sis. Pareho silang mahalaga sakin. Ayokong may mawalang isa sa kanila.” Kinagat ko yung ibabang labi ko. “Selfish ba ko masyado sis?”


Hinawakan ni Steff yung kamay ko at pinisil ng marahan. “You’re not selfish sis. It happens to many people. Mahirap talagang mamili. Pero dapat mong tandaan na dadating sa punto na kailangang may isukong isa. Pero hindi ibig sabihin non ay hihinto ka na din sa pag-aalaga sa isa na yon.”

Ngumiti ako ng manipis kay Steff. “Thanks sis. Pero sino ba dapat na piliin ko?”

“Aba ewan ko sayo! Ako talaga tanungin?! Baliw ka girl! Hahaha!” Hinampas niya ko sa braso.

Aray.. ( TT __ TT )

"Remember 'Operation Be Mine Again'? Na-complete mo na siya sis! Bumalik na sayo si Jessie! Pero bakit di ka pa rin makapag-decide? Sundin mo kasi yung tinitibok ng puso mo." Steff




"Eh naguguluhan nga ako." <:(

"Tsk. Mahal mo ba kasi si Jessie?" Steff

"Oo naman."


"Eh si Justin ba, mahal mo?" Steff

Hindi ako nakasagot.

"O natatakot ka lang na masaktan siya?" Steff

Umiwas ako ng tingin at nag-isip. Natatakot nga lang ba ako na baka masaktan siya? Pero mahalaga siya sakin e. Alam ko sa sarili ko na may espesyal siyang puwang sa puso ko.

"Ayaw mo siyang masaktan kasi mahalaga siya sayo. Siya yung taong umalalay sayo noong mga panahong wala si Jessie sa tabi mo. Natatakot ka na baka... Hindi mo masuklian yung pagmamahal na binibigay niya sayo. You feel guilty sis." Steff




Inihilamos ko yung kamay ko sa mukha ko. "Ewan ko sis. Ang... Ang gulo..." Umiling ako.


"Sorry if I'll say this sis but this is my opinion." Lumapit sakin si Steff at inialis yung baso sa kamay ko. Tinitigan niya ko ng diretso sa mga mata. "I think... You don't really love Justin, sis."

Medyo nabigla at nagtaka ako sa sinabi ni Steff. "Pano mo naman nasabi yan sis?"

"Ewan ko. Kasi parang... Parang sa nakikita ko sayo, mas matimbang sayo si Jessie. Kahit na masaya ka tuwing kasama mo si Justin, lagi kang nakatawa at nakangiti, hindi pa din nawawala yung bakas ng sakit ng pagkakalimot sayo ni Jessie. Feeling ko, natatakot ka lang talaga na masaktan mo si Justin. Because you care about him... But not in the way that you care for Jessie." Steff

Pinakinggan ko yung bawat salita na lumalabas sa bibig ni Steff. Baka sakali kasing... Mabigyan ng linaw yung mga pag-aalangan at katanungan ko.

"You may be inlove with Justin... But not in the way that you've fallen in love with Jessie. That's what I think sis. Pero sa huli, na sa'yo pa din ang desisyon. I'll support you naman e. Nandito lang ako lagi sa tabi mo." Ngumiti si Steff sakin.




Nangingilid ang luha kong niyakap si Steff. “Salamat sis. Ang swerte ko sayo alam mo yun? Kahit na isa’t kalahating baliw ka, loves na loves pa din kita.”

“Haha! Loka!” sabi ni Steff at tumawa. “Wala ka nang mahahanap pang kasing ganda at kasing seksi ko Luna Reyes!” ( > 0 ^ )v + +

Natawa din ako. “Sige na nga pagbigyan na. Ikaw na pinakamaganda ngayong gabi.”


May sasabihin pa sana si Steff pero nagulat kami sa biglang lakas ng mga tilian. Nakakapagtaka pa ba? Apat lang naman yung alam kong makakapagpatili ng ganito sa mga babae dito eh. ( = __ = )

Unang umakyat sa stage si Rio. Pero kaysa kuhanin niya yung bass, hinawakan niya yung isang acoustic guitar at isinukbit yung strap sa balikat.

Sumunod naman na umakyat si Kevin at kinuha din yung isang acoustic guitar.

Hindi nagtagal, sumunod na si Jessie. Nakatitig ako sa bawat galaw niya. Ito siguro yung pangalawang beses na makikita ko siyang mag-perform ng live. Yung unang beses ay noong intramurals namin three years ago sa Moulton High.

Pero nagulat ako...




Imbis kasi na umupo siya sa likod ng drums set, pumunta siya don sa may mic stand at nagsalita.

"I'm sorry everyone but our lead vocalist isn't feeling well. Kaya naman, sana'y magustuhan niyo yung kantang ihahandog namin para sa inyo," sabi ni Jessie, at saka ngumiti.

Lumakas lalo yung sigawan noong nagsimula na yung strumming.

Napanganga ako sa nakikita ko ngayon. HINDI AKO MAKAPANIWALA!

SI JESSIE!!! K-Kakanta?! ( 0 o 0 )

OW EM! <( > 0 < )>

Inilapit ni Jessie yung bibig siya sa mic at saka kumanta...


~~

*I love the way you look at me*

*Those pair of eyes sparkling with thousands of lights*

*Like the stars above the night sky*

*Baby, you’re one of a kind*




~~

Tumalon yung puso ko. Hindi ko din maiwasang mamula.

Unang beses ko kasing marinig na kumakanta si Jessie. Hindi man kasing husay ni Justin si Jessie, pero para sakin...

*Perpekto siya.*

~~

*Those times I shared with you*

*They seemed like a fairytale–*

*The one that I will replay every night*


*The one that I’ll hold on to until the day I die*

~~

Lumakas yung strumming nina Kevin at Rio. Kumakanta na din silang pareho. Napatingin naman ako sa mga tao.

Pati sila kumakanta na din.

~~




*You, you’re my wonderland*

*The only star that I want to grab*

*My day and night, they belong to you*

*You’re my world, my sun...*

*Baby, you’re my moonlight.*

~~

*end of strum*

Nagpalakpakan yung mga tao. Pumalakpak din ako kasama nila. Hindi maalis yung ngiti sa mga labi ko. Grabe... Kinikilig ata ako! ( > /// < )


“KYAAAAAAAAAAHH! I LOVE YOU JESSIE!” *( > 0 < )/*

“ANG GWAPO MO TALAGA!” ( * 0 * )/*

“YOU’RE SO COOL! AAAAAHHHH!” *\( > //// < )/*

“Thank you,” sabi ni Jessie sa mic at saka bumaba na sa stage. Naiwan si Rio at Kevin don na naggigitara.

Maya-maya lang, pumaligid na sa bonfire yung mga estudyante at naghanap na ng mga kapareha. Pare-pareho silang sumayaw ng marahan sa paligid ng bonfire.




“Honey ko.”

Papalapit si Jessie sakin. Feeling ko ba ang init-init ng mukha ko. ( > //// < )

“Nagustuhan mo ba yung kanta ko?” nakangiting sabi niya sakin.


“Ah o-oo. Kumakanta ka pala?” nahihiyang tanong ko sa kanya.

“Oo naman! Ako pa? Haha!” Hinawakan niya yung kamay ko. “Tara?”

“Ha? Saan?” tanong ko habang hinihila niya ko papalayo sa kasiyahan. “Teka Jessie san ba tayo pupunta?”

“Sa walang tao...” Lumingon siya sakin at ngumiti ng mapang-asar. “Uulitin natin yung sa Baguio.” Tapos kumindat siya sakin.

Parang sinakluban ako ng iba't ibang espirito ng kahihiyan sa paligid. Hinampas ko siya ng malakas sa likod. "JESSIE!" sigaw ko sa kanya. ( > //// < )




"Aray!" Napabitaw siya sakin. "Lakas manghampas ni honey ko! Joke lang naman yun e. Pero ayaw mo ba? Sa ilalim tayo ng puno ng niyog?" ;)

Sinamaan ko siya ng tingin. Buset na lalaki to! ( > //// < )

"Tse! Humanap ka nalang ng asong makakasama mo!" ( > /// < ) Tumalikod ako at saka lumakad paalis.

"Oh teka lang honey ko! Joke lang naman e!" natatawa niyang sabi at saka hinarang yung daan ko.


"Dun ka na!" ( > //// < )

"Joke lang honey ko. Sige tatahimik na ko." Tapos nag-pout siya.

Nag-pout siya?! ( 0 ___ 0 )?!!!

OMO!

Ang cute! ( * 3 * )




"Mukha kang Baguio! Tsk!" ( > /// < ) Humalukipkip ako.

"Haha! Sorry na honey ko. Binubusit lang naman kita e." Jessie ( ^ __ ^ )

"Tsk. Ang bad mo talaga." ( > 3 < )


"Haha. Ang cute mong maasar eh." Lumapit siya sakin at nagulat nalang ako ng ipaloob niya ko sa mga braso niya. Hinawakan niya yung likod ng ulo ko at hinimas himas. "Alam mo ba honey ko? Twing yakap-yakap kita ng ganito, pakiramdam ko isang bata yung inaakap ko. Isang batang gusto ko laging ipagtanggol at pasayahin."

Ibinaon ko yung mukha ko sa dibdib ni Jessie. Niyakap ko din siya.

"Alam mo din ba na... Twing yakap mo ko ng ganito.. Feeling ko ang liit-liit ko."

"Maliit ka naman talaga ah?" Jessie

Kinurot ko siya sa tiyan.




"Oh, joke lang. Hahaha." Jessie

Tumawa nalang din ako.

"Honey ko?" Jessie

"Hmm?"

"Bagay sayo yung kanta..." Jessie


Tumingala ako sa kanya. "Panong bagay?"

Ngumiti siya at tumingin sa may dagat. "Tingnan mo yun honey ko oh."

Sinundan ko yung tingin niya. Namangha ako sa nakita ko.

Maliwanag at bilog na bilog yung buwan na nakalutang sa pagitan ng dagat at itim na kalangitan.

“Tinupad ni Lord yung wish ko kagabi na sana’y maging maganda yung buwan ngayon.” Jessie




Pagkatapos ay tiningnan niya ko.

Bumilis yung tibok ng puso ko noong biglang lumamlam yung mga mata niya.

“Sa tuwing nakikita ko ang buwan, naaalala kita. Dahil ikaw at ang buwan ay IISA.” Jessie

Tumawa ko ng mahina. “Bakit? Dahil parehong ‘LUNA’ yung pangalan namin?”

Umiling siya.


“Eh bakit?” tanong ko.

Ngumiti si Jessie. “Dahil ikaw ang nag-iisang babaeng nagpabago sa buhay ko..”

Hinalikan niya ko sa noo ng dahan-dahan at saka niyakap ng mas mahigpit. “At ang siyang nag-iisang buwan na mamamayani sa sariling mundo ko.”

**Chapter 49**

**Justin**




**| Hundred Islands | Day 4 |**

6:45 AM.

"Pare." Narinig ko yung mga yabag ng sapatos ni Kevin na papalapit sakin. Tinapik niya yung balikat ko. "Tara na. Kumain ka na ng breakfast. Buong araw ka nang nakakulong dito sa kwarto kahapon."


Hindi ako gumalaw mula sa pagkakahiga. Nanatili akong nakaharap sa pader at nakapikit ang mga mata. "Mauna ka na. Hindi pa ko gutom."

Napatampal sa noo niya si Kevin. "Naku naman! Magpapakamatay ka ba? Pwede bang ipagpaliban mo muna yang heartbreak na yan? Kumain ka muna tapos saka mo na ipagpatuloy yang pag-i-EMO mo dyan!"

"I'm not hungry," pagmamatigas ko.

Huminga ng malalim si Kevin. "Hay naku pare, bahala ka nga dyan. Ipapa-take-out ko nalang yung breakfast mo. Dadalin ko nalang dito sayo mamaya, okay?"

Hindi ako sumagot. Nagbuntung-hininga ulit si Kevin at saka tuluyan nang umalis ng kwarto.




Lumipas pa yung ilang segundo nang nasa ganoong posisyon ako. Then after a while, idinilat ko na yung mga mata ko.

Wala akong nararamdaman na gutom o uhaw. Isa lang ang alam ko...

*Parang dinudurog yung puso ko.*

Noong nakita kong tumabi si Luna kay Jessie, kung paano niya tawaging ‘honey ko’ si Luna...

Parang gusto kong mabulag nalang noong mga oras na yon kaysa masaksihan ko pa yung masakit na pangyayaring yon. Parang sa isang iglap, gumuho lahat ng pangarap at mga oras ng paghihintay ko.

Tumihaya ako. Diretso yung tingin ko sa kisame. Maya-maya lang, may kung anong kumirot sa dibdib ko at bigla nalang nanlabo yung mga mata ko.

Nagulat ako. Parang biglang nanggaling kung saan yung kirot na nararamdaman ko. Pinunasan ko yung luha sa mga mata ko.

Akala ko gumaan-gaan na yung pakiramdam ko matapos kong magkulong maghapon dito sa kwarto. Pero... Hindi pa din pala.

Huminga ako ng malalim. Ang sakit lang... San ba ko nagkamali? San ba ko nagkulang? Bakit lagi nalang ganito? Bakit hindi ako mabigyan ng pagkakataon na alagaan yung taong mahal na mahal ko?


Hindi ko sinisisi si Luna. Wala siyang kasalanan. AKO ang may kasalanan. AKO at ang LECHENG PUSO ko na to.

Ang hirap kasing pigilin... Gusto kong sumigaw nang sumigaw hanggang mawala na yung nararamdaman kong sakit at pati na din yung nararamdaman ko para kay Luna, pero sobrang hirap. Pakiramdam ko ginawa ko nang lahat...

Nagparaya na ko noon.. Pero heto ako ngayon, parang baliw na umaasa na naman.

Ilang beses nang nagpabalik-balik si Luna dito sa kwarto. Gusto niya kong kausapin. Pero ayoko muna siyang makausap.

Dahil natatakot ako. Natatakot ako na marinig mismo sa kanya yung salitang ‘Sorry’. Baka hindi ko mapigilan yung sarili ko at bigla nalang akong magwala kaya mas mabuti na yung hindi muna kami magkita.




*tok tok tok*

Tumingin ako sa pintuan. Hindi ako sumagot.

*tok tok tok*

Maya-maya lang, may narinig akong isang boses ng babae. “Justin. Alam kong nasa loob ka. Pwede bang mag-usap tayo?”

Si Kat.

Tumayo ako at pumunta sa may pintuan. Binuksan ko yung pinto.

“Ano kailangan mo?” tanong ko kay Kat.

“Can I talk to you... Inside?” Kat

"Tungkol saan?"

Napansin ko yung paglunok niya. "Tungkol... Tungkol kina Jessie and Luna."

Nakuha ni Kat yung atensyon ko. "Okay." Pinapasok ko siya sa loob at saka sinarado yung pintuan.

Umupo siya sa kama ni Kevin at umupo naman ako sa kama ko. Magkaharap kami ngayon.

Hinintay ko siyang magsalita pero parang wala ata siyang balak kumibo. Magkahawak nang mahigpit yung mga kamay niya na nakapatong sa kandungan niya. Nakayuko lang siya at humihinga ng dahan-dahan.

"Kat?" tawag ko sa kanya.

Tumaas yung ulo niya at tiningnan ako. Pansin ko yung lalim ng iniisip niya sa paraan ng pagtingin niya sakin. Parang... apektado din siya sa mga nangyayari.

"K-Kasi..." Huminga siya nang malalim. "Hindi ko na alam yung gagawin ko."

Ngumiti ako ng mapait at saka umiling. “Pareho lang tayo.”

“Pero... Mahal mo si Luna di ba?” sabi ni Kat nang may halong expectation sa mga mata niya.

At mula sa reaksyon niya, alam ko na kung saan patutungo yung usapan na to. “I love her Kat. So much that it hurts like hell. Pero kung san siya masaya, dun ako...”


Kumunot yung noo ni Kat. “Hindi totoo yan Justin. Alam kong sobra kang nasasaktan. Nakita ko kung paano mo hinintay si Luna sa loob ng tatlong taon. Nakita kong siya yung wallpaper ng cellphone mo, puro pictures niya yung laman ng laptop mo, lagi mo siyang sinusubukan tawagan pero bihira lang niya yon masagot, at napapansin ko din na yung mga kantang ginagawa mo ay patungkol sa kanya. See Justin? Kapag inisa-isa ko pa yung pagtitiyaga mo sa kanya noong mga panahon na yon, baka hindi na tayo matapos!”

Umiwas ako ng tingin. Tumayo si Kat at lumapit sakin. “Please Justin... Tulungan mo ko. Ayokong mawala si Jessie sakin. Ayoko nang.. maiwan ulit mag-isa.”

Dun ako napatingin sa kanya. “Maiwan ulit mag-isa? Anong ibig mong sabihin?”

Si Kat naman ngayon ang umiwas ng tingin. At napansin ko din na nangingilid na yung luha niya. “I love, Jessie. Ayoko siyang mawala sakin.”

“Kat.” Tumayo din ako. Tiningnan ko siya ng mabuti. “Anong... balak mong gawin?”




Umiling siya. “Hindi ko pa alam. Pero... Ipaglalaban ko si Jessie. Lalo na’t alam kong LEGAL kami.” Tumalikod si Kat at pumunta na sa may pintuan.

“Kat!” tawag ko sa kanya. Hindi siya lumingon at tuluy-tuloy lang sa paglabas sa kwarto.

***Luna’s POV***

“So, if everything’s set, you may now go to your respective partner!” sabi ni Mr. Pineda.

Pumunta na ko sa nabunot kong kapartner.

Ngumiti siya sakin. “Hi. I’m Jake.”

Ngumiti din ako sa kanya. “Hello Jake. My name is Luna.” Hmm.. Gwapo siya. Kamukha ni Park Jong Hyun ng CNBlue. *u*

“Can you cook?” tanong niya.

Harujusko, ako pa tinanong mo. ( = __ = )

"Medyo," sabi ko nalang.

Activity namin for the day is cooking. May putaheng ibinigay samin at kailangan naming lutuin yon in one hour. Natapat samin ni Jake yung isang vegetable dish na hindi ko alam ang tawag. ( = __ = ) Okay lang. Kaya na niya yan! Hahaha! ( * U * )v

"Okay lang yan, may recipe book naman e." Isinuot niya yung apron niya. Kinuha ko yung apron ko at isinuot na din.


"Ahmm.. Pakihiwalay nalang yung mga dahon ng repolyo," sabi niya habang inihahanda na yung mga gagamitin namin sa pagluluto.

"Uh, okay." Kinuha ko yung repolyo at binalat-balatan.

"Ay, teka.." Lumapit siya sakin at kinuha yung repolyo. "Ganito yung gawin mo para hindi masira yung dahon."

"WOW! Ang galing mo! Chef ka ba?" ( * 0 * )

Ngumiti siya at tumawa. "Hindi. Tumutulong lang kasi ako sa mommy kong magluto."




"Ah, ganun ba, hehehe. Teka pa-try ulit." Kinuha ko yung repolyo at sinubukang ihiwalay ulit yung mga dahon. Ang hirap! Napupunit! ( > 3 < )

"Okay na ba?" tanong ko sa kanya habang nagbabalat.

"Uh, medyo dahan-dahanin mo pa. Ganito.." Pumunta siya sa may likuran ko at inabot yung mga kamay ko. Siya yung nag-move sa mga kamay ko para ihiwalay yung mga dahon. Hindi ko maiwasang maailang.


"See? Alam mo na ba ngayon?" Jake

Tumango nalang ako. Nakakailang naman.. ( > __ > )

"Excuse me."

Napatingin kaming pareho ni Jake sa kanan. Napanganga ako ng kaunti nang makita ko si Jessie na may hawak na kaldero at nakatingin sakin.

Ibinigay niya ng biglaan yung kaldero kay Jake kaya naman natamaan yung kamay niya at napa-Aray siya.




"Pinadadala ni Mr. Pineda sayo sa may Dining Hall," sabi ni Jessie sa flat na tono.

"Hindi ka man lang ba magsosorry?" nakakunot ang noong tanong ni Jake.

"Para saan?" Jessie

"Uh, sige na Jake. Dalin mo na yung kaldero," sabi ko at pumagitna sa kanila. Baka mamaya magsuntukan pa yung dalawa na to. Naku naku.. ( > __ < )


Kinuha ni Jake yung kaldero nang nakatingin kay Jessie. Then tumalikod na siya at lumakad palayo.

"Hoy, engot." Jessie

Tumaas yung kilay ko sa kanya. "Anong sabi mo?"

"Ang dali-dali lang maghiwalay ng dahon ng repolyo hindi mo pa magawa?" Jessie

ANAK NG...!




Humalukipkip ako at sumibangot sa kanya. “Excuse me, Mr. Wright. FYI, hindi po ako marunong magluto.”

“Bakit? Magluluto ka ba? Di ba magbabalat ka lang ng repolyo? Bakit kailangan turuan ka pa nung kalabaw na yon?” inis na sabi ni Jessie.

“Kalabaw?” gulat na tanong ko sa kanya.


“Oo. Yung kalabaw na maputi at nakataas yung buhok na yon!” Jessie

“Ano ba kasi problema mo? Nagseselos ka ba?” ( > __< )

Lumapit sakin si Jessie. Napaatras naman ako at tumama na yung pwetan ko sa may kitchen counter. Inilagay ni Jessie yung parehong kamay sa magkabilang gilid ko, nakapatong sa gilid ng counter.

Biglang namula yung mukha ko dahil sa posisyon namin. ( > /// < )

Lumiit yung mga mata niya. “Magpapalit kami ng partner. Siya yung pumartner dun sa babae na yun, tapos ikaw naman partner ko.”




“A-Ano ka ba Jessie! Bawal yon!” ( > /// < )

“Bawal? Kailan pa naging bawal magpalit ng partner sa cooking?” Jessie ( - __ ^ )

“Baka magalit si Mr. Pineda.” ( > //// < )

“Gusto mo lang na china-chansingan ka nung kalabaw na yun eh.” Kumunot yung noo ni Jessie.

“Ano ka ba! Hindi naman chansing yun. T-Tinuturuan niya lang ako.” ( > /// > )


“Basta...” Umalis siya sa pagkakayuko. “Magpapalit kami ng partner.”

Yun lang yung sinabi niya bago tumalikod at lumakad papunta kay Mr. Pineda. Grabe, ang kulit ni Jessie. ( = __ = )

Simpleng selos lang ang trip ng loko. HAHAHAHA! XD

## Chapter 50

**Casey**




"Uhm.. Pwede po bang magpa-picture?" ( * u * )

Ngumiti ako. "Sure."

Namula yung mukha nung babae. Tumabi siya sakin at itinutok yung camera saming dalawa.


1...2...3... Click!

Ngumiti ng malapad yung babae at saka nagpasalamat sakin. Papalabas palang ako ng gate ng school. May suot akong black shades para hindi na din ako masyadong makilala. Kaso matinik yung babae na yon, namukhaan ako. ( > .... > )

Sa St. John Academy Of Music nga pala ako kasalukuyang nag-aaral. Pinagpapatuloy ko lang dito yung buhay estudyante ko. Pero sa America talaga ako ga-graduate. Kailangan kasi para sa music career ko.

Kahit na 21 na ko, kailangan ko pa din mag-aral ng music.

Tumingin ako sa cellphone ko.




2

Messages

Received

Binuksan ko yung unang text message.

**From: Baby Lulu**

Casey! Musta na? Buhay ka pa ba? Malapit na kaming umuwi! Ingat! ^^

Napangiti ako. Binuksan ko naman yung pangalawang text.


**From: Piglet**

Lollipop! Ang saya dito sa Hundred Islands! Super! Sana nandito ka. :”> Kaso wala ka e kaya mainggit ka! BWAHAHAHA! >:D

Natawa naman ako sa text na yon ni Steff. Loko talaga yung dalawa na yun. ( ^ __ ^ )

Tatawagan ko na nga lang sila mamayang gabi.

*Peep peep peep*




Huminto ako sa paglalakad. May pumaradang itim na kotse sa tabi ko.

Bumukas yung pintuan at may bumabang isang lalaking naka-black suit.

“Mr. Casey Montez?” sabi niya.

“Yes?”


May kinuha yung lalaki sa loob ng black suit niya, pagkatapos ay may iniabot siyang card sakin.

Kinuha ko yun at tiningnan.

“I’m Arvin Espinosa, from YN Company. Gusto sana ng boss namin na imbitahin kang kumanta para sa engagement party ng anak niya,” sabi nung lalaki.

“But I can’t. Hindi ako pwedeng pumayag sa mga solo contracts.”

"We've already contacted your manager and your bandmates in America... And pumayag sila." Arvin




"But..." Nag-alangan pa din ako.

"Don't worry. We'll pay you big for this opportunity." Arvin

"San ba yung venue?"

"I don't know. Pumunta ka nalang sa address na nakalagay sa card. My number's indicated there. You can call me kapag nakapag-decide ka na." Nag-bow sandali si Arvin bilang paggalang at saka muling sumakay sa kotse. Pinanood ko lang yung pag-andar ng kotse palayo.

Muli akong napatingin sa card na hawak ko.

"East Avenue," mahinang basa ko. Nagbuntung-hininga nalang ako, ipinamulsa yung card at nag-abang ng taxi.

***Luna's POV***

**| Hundred Islands | Day 4 |**

"Mali!" ( > 0 < )

"Tama yan!" Jessie ( > __ < )

"Hindi nga kasi! Kita mo oh, one pack of mayonnaise nga lang!" Kinuha ko yung cook book at ipinakita kay Jessie yung instructions.

"Ganon din yun! Tsk! Parang dinagdagan lang ng konti..." Jessie ( > __ < )

"E pano kung mamali tayo? Sige nga?" ( > n < )

"Hindi kasi yan! Malalaman pa ba ni Mr. Pineda kung dinagdagan ko pa ng kaunting mayonnaise? Grabe!" Jessie ( > __ < )

"Ba't ba kasi dinagdagan mo?! Marunong ka pa sa cook book!" ( > 0 < )

"Matabang nga kasi! Ang kulit!" Jessie <( > __ < )>

"Ikaw nga makulit dyan e!" ( > 0 < )/

“Ang ingay mo!” Jessie <( > ... < )>




“WHATEVER! Mag-isa kang kakain nyan!” ( > 0 < )

“TALAGA! Asa namang bibigyan kita!” Jessie ( > ___ < )

“Bakit, nanghihingi ba ko?!” ( > n < )

“Manghingi ka man o hindi, HINDI TALAGA KITA BIBIGYAN!” Jessie ( > __ < )

“Mabuti pa nga! Magsama kayo ng vegetable dish mong lasang panis!” ( > 0 < )


“Awat! Awat! Stop na yan kids!” Sumulpot si Mr. Pineda sa tabi namin ni Jessie.

At ngayon ko lang napansin...

Madami na palang nanonood sa pagtatalo namin ni Jessie. ( _ _ ”)>

“Ano ba problema?” tanong ni Mr. Pineda.

Nagkatinginan kami ni Jessie. Pinanlakihan ako ng mata ni Jessie.




*'Sige subukan mong sabihin at parehas tayong bagsak sa Cooking!'* yan yung sabi ng tingin niya.

Pinanlakihan ko din siya ng mata.

*'Kapag bumagsak tayo lagot ka sakin!'* yan naman yung sabi ng tingin ko. XD

LOL. Nakapag-usap sa pamamagitan  ng tingin? Astig! XD


Kaya naman tumabi ako kay Jessie....

At parehas kaming ngumiti ng UBOD NG LAPAD.

( ^ ======== ^ ) ( *^ ====== ^*) <---- Jessie at Ako

"Wala po Mr. Pineda! Nag-aasaran lang po kami!" pagdadahilan ko. (*^ === ^*)

"Oo nga po. Ito po kasing si Luna eengot engot. Pagpasensyahan niyo na po." Jessie ( ^ __ ^ )



Kinurot ko siya sa likod. "ARAY!" Jessie

Nakangiti pa din ako ng malapad, pero this time, kay Jessie na ko tumingin. "Masakit ba? Ang laki ng langgam dito sa isla no?" (*^ === ^*) + + +

Tiningnan kami ni Mr. Pineda ng pabalik-balik. Maya-maya pa, nagbuntung-hininga nalang siya. "O sige na kids, tapusin niyo na yung ginagawa niyo. Saka na yung asaran, ten minutes nalang yung natitira."


Agad namang nagsialisan yung mga chismoso. ( = __ = )

"Papa Jessie, okay ka lang?" May babaeng lumapit kay Jessie. Nagpu-puppy eyes pa ang bruha. ( > __ < )

"Yeah. I'm okay." Jessie

"Gusto mo ng gamot? Baka mamula yung kagat nung langgam," sabi pa nung isang babae na ganito itsura. ---> ( * u * )

( > ___ < )




"Hindi. Okay lang talaga. But thanks for being thoughtful." Ngumiti si Jessie sa kanila.

Para namang mga sinapian yung mga babae kung kiligin. ( > __ < )

"Tss. Aarte," bulong ko at nagpatuloy na sa pagsasalin nung vegetable dish or salad sa dining plate. Buti nalang at narinig ko nang magsi-alisan yung mga babae. Nakaka-alibadbad sa paligid. ( > __ > )

"What?" Pumunta si Jessie sa gilid ko. Ipinatong niya yung isang kamay sa counter at yumuko para tingnan akong mabuti.


Paglingon ko sa kanya...

Lalo akong naasar sa ngisi niyang parang aso! Amfufu! ( > ___ < )

"Ano ba?!" inis na tanong ko sa kanya.

"Ano yung sinabi mo kanina?" Jessie

“Wala akong sinasabi.”




“Hindi. May ibinulong ka e. Parang ang sabi mo, maaarte yung mga babae kanina.” Jessie

“Wala akong sinasabing ganon. Gumawa ka na,” kunot-noong sabi ko at pinagpatuloy yung paglalagay.

Nagulat ako ng biglang hawakan ni Jessie yung kamay ko at ibinaba yung bowl ng vegetable dish namin.


“Nagseselos ka ba, honey ko?” tanong niya.

“Hindi.” Umiwas ako ng tingin.

Inilagay ni Jessie yung kamay niya sa baba ko at muling ibinaling yung mukha ko sa kanya. “Honey ko naman, inaasar lang kita kanina. Wag ka nang magtampo.” :(

Nag-pout ako. “Ikaw kasi eh!” ( > 3 < )

“Ha? Anong ako kasi?” Jessie




Idinukdok ko yung noo ko sa dibdib niya. “Nagpapa-cute ka pa kasi sa fans mo.” ( > 3 < )

Narinig ko yung pagtawa ni Jessie. Ipinalibot niya sakin yung mga braso niya at niyakap ako ng may halong paglalamabing.

“Ikaw naman honey ko. Trabaho lang yun. Saka syempre love ko din naman yung fans ko.” Jessie ( ^ __ ^ )

“Eeeeehhhh... Kahit na...” ( > 3 < )


Hinimas ni Jessie yung likod ng ulo ko. “Pero syempre mas labs pa din kita.” ( ^ __ ^ ) Hinalikan niya yung tuktok ng ulo ko.

Para naman akong bata na napangiti at kinilig. Achichichi. *( ^ u ^ )*

“Jessie..”

Napalingon kaming pareho ni Jessie sa taong nakatayo sa tabi namin. Hindi ko maipaliwanag yung expression sa mukha niya.

“Pwede ba tayong mag-usap?” sabi ni Kat.




Naramdaman ko yung tensyon sa katawan ni Jessie kaya napatingala ako sa kanya.

“About what?” Jessie

“Basta... May gusto lang akong... sabihin. Just the two of us if it’s all right,” sabi ni Kat at saka tumingin sakin.

Tumingin din sakin si Jessie. Parang hinihintay niya yung permiso at desisyon ko.


Siguro, oras na to para... Magkalinawan sila di ba? Malay natin...

Kaya lumayo ako kay Jessie at ngumiti sa kanya. “It’s okay. Sige mag-usap kayo.”

“Pero honey ko..” Jessie

“Okay lang Jessie. Alam ko namang kailangan niyo ng time na dalawa.”

“Thank you, Luna.” Nakangiti ng manipis si Kat. Pumunta si Jessie sa tabi niya at sabay silang lumakad palayo. Pero hindi pa naman sila masyadong nakakalayo, lumingon sakin si Kat at nagsalita. “Someone’s waiting for you in Beach House #5. Siguro mas mainam kung pupuntahan mo na siya dahil kailangan niyo din ng oras na dalawa.”




**Chapter 51**

**Luna**

**| Hundred Islands | Day 4 |**

Ipinasa ko na yung vegetable dish namin ni Jessie kay Mr. Pineda. May sinasabi siya tungkol don pero tila hindi ko siya naririnig.


May ibang bagay na umiikot sa isipan ko ngayon.

Pagkatapos magsalita ni Mr. Pineda, tinawag na niya yung susunod na paris.

Tumalikod ako, lumakad palayo at inalis yung nakasuot na apron.

Tumingin ako sa wristwatch ko. 5:23 PM.

Malapit nang gumabi. San naman kaya mag-uusap sina Jessie at Kat?




Huminga ako ng malalim at umalis sa may kitchen. Lumakad ako papunta sa sinabi ni Kat.

Sa Beach House #5...

Kung saan may naghihintay sakin...

Ilang sandali pa ay nandoon na ako. Napalunok ako ng makita ko siya.

Sa tingin ko, ito yung unang beses na nakita ko siya pagkatapos nung pangyayari sa Dining Hall two days ago. Nakaupo siya sa hagdanan ng beach house at nakatingin sa may dagat.

Lumingon siya sa direksyon ko.

*lub dub lub dub lub dub*

“Luna.” Parang hindi sa kanya yung boses na pinapakawalan niya. Lumapit ako at naupo sa tabi niya.

Nakatingin siya sakin ng diretso.

Pansin ko na medyo namumula yung mga mata niya at parang wala siyang tulog.

“J-Justin,” mahinang sabi ko.


Ngumiti siya sakin ng manipis. “Alam mo bang ang hirap ngumiti ngayon? Pero kinakaya ko kasi ayokong makita mong malungkot ako.”

Napapikit ako sandali. Naaawa ako kay Justin. Naaawa ako sa kanya. “Gusto kitang pasayahin Justin. Sabihin na okay lang yan, kaya mo yan at wag ka nang malungkot pa. Pero hindi ko magawa...” Tumikom yung kamay ko. “Dahil wala akong karapatan para sabihin sayo yung mga bagay na yon.”

Umiling si Justin. “Hindi Luna. Wala kang kasalanan.” Hinawakan niya yung kamay ko. “Ayokong sisihin mo yung sarili mo. Nagmamahal ka lang din tulad ko.”

“Justin.” Hinawakan ko din yung kamay niya. Biglang uminit yung mga mata ko. “Hindi ko alam kung paano kita pasasalamatan sa lahat ng ginawa mo para sakin.”

Kinurot ako ni Justin ng mahina sa pisngi. Nagulat ako sa ginawa niya.




“Ako din. Thank you sa lahat. Kasi tinuruan mo ko kung paano magmahal ng totoo.” Justin

Alam kong hindi totoo yung ngiting ipinapakita niya sakin ngayon. Dahil kita ko sa mga mata niya yung sakit na pinagdadaanan niya.

May tumulong luha mula sa mata ko. “I’m sorry Justin. I’m so sorry...”


“Shh...” Lumapit siya sakin at inakap niya ko. “Wag kang umiyak. Wag kang mag-sorry. Please.”

Gumanti ako ng yakap sa kanya. “A-Ang sama ko Justin. Sa lahat ng kabutihang pinakita mo sakin... Ni isa, w-wala akong nasuklian. Puro nalang... Sakit yung ibinigay ko sayo. Sorry. Sorry talaga.”

“Shh. Tama na. Tama na. Pati tuloy ako naiiyak na.” Tumawa si Justin.

Humiwalay ako sa pagkakayakap sa kanya. Pinahiran niya yung luhang pumatak mula sa mga mata niya.

"Ano ba yan, n-nahahawa na ko sayo." Natatawa siya habang pinapahiran yung luha sa mata niya. Tumalikod siya sakin. "Ano ba ba't ayaw tumigil?" Tuloy pa din siya sa pagpupunas.




Napatakip ako sa bibig ko at pumatak ulit yung luha ko.

Humarap ulit siya sakin at ngumiti. "T-Tahan na. Di baling ako ang umiyak, wag lang ikaw."

Pinahiran ko yung luha sa pisngi ko. "N-Nakakainis ka Justin... Bakit ba kasi... M-Minahal mo ko ng ganito?"


Tumingin si Justin sa dagat. "Hindi ko nga alam e." Ngumiti siya at inihilamos yung kamay sa mukha. "Hindi ko alam kung bakit nagkakaganito ako sayo. Gusto ko mang pigilan yung puso ko, hindi ko magawa. Lalo lang akong... Nasasaktan."

"Sorry Justin. Sorry talaga." Yun lang naiisip kong sabihin sa kanya. Kahit na alam kong, hindi mapapawi ng sorry ko yung sakit na nararamdaman niya.

"Napaaga pala yung sagot na hinihintay ko. Wala na tuloy akong aabangan sa Christmas Eve." Nakangiti siya habang umiiling.

"Justin naman e. Mahalaga ka din sakin."

“I know.” Ngumiti siya sakin ng manipis. “Alam ko naman yun e. Pero hindi nga lang tulad ng pagpapahalaga mo kay Jessie. Masyado lang akong umasa kaya nasasaktan ako ng ganito.”




Niyakap ko si Justin. “Makakahanap ka din ng babaeng magpapasaya sayo.”

“Ouch. Ang sakit ata nun.” Tumawa siya.

Hinigpitan ko pa yung pagkakayakap sa kanya. “H-Hindi ko alam kung ano yung pwede kong sabihin sayo p-para mapanatag ka.”


Hinawakan niya yung pisngi ko. “Can you promise me one thing?”

*Sniff* Tumango ako.

“Take care of yourself... And Jessie. He’s my friend. Ingatan niyo yung relasyon niyo. Ilang taon na kong naging hadlang sa pagmamahalan niyo. At... Ilang beses na din akong nabigo. Naniniwala akong... Kayo talaga ang para sa isa’t isa. Masakit man.. But I have to let go.” Justin

***Justin’s POV***

Masakit. Sobrang sakit.




Parang lason na pumapatay sakin yung mga salitang sinasabi ko.

Ipinauubaya ko sa ibang tao yung babaeng minahal ko ng mahigit tatlong taon.

Tumango si Luna sakin. Pagkatapos ng ilang minuto, nagpaalam na siya sakin.


Naiwan ako dun mag-isa, nakaupo at nakatingin sa mapanglaw na dagat.

Biglang lumabo yung tubig sa paningin ko. Maya-maya pa'y tuluy-tuloy na sa pag-agos yung luha mula sa mga mata ko.

*Mahal na mahal kita Luna. Hindi ko na kaya pang sukatin yung pagmamahal na naibigay ko sayo. Masakit man, pero kailangan kong gawin to... Para sa ikasasaya mo. Para sa babaeng minahal ko ng lubusan... Kahit na parang mababaliw na ko noong marinig ko yung salitang 'sorry' mula sayo...*

*Kahit na... Mukha akong tanga ngayon na umiiyak at mag-isang pinapakalma yung sarili ko. Mahal na mahal kita Luna. That's why...*

*I'm letting you go.*




**Chapter 52**

**Luna**

**| Hundred Islands | Day 5 |**

Nagising ako ng mas maaga kaysa sa inaasahan ko.


Kinuha ko yung cellphone ko sa tabi ng unan ko at tiningnan yung oras.

5:18 AM.

May missed call din. Si Casey. Hindi ko nasagot kagabi kasi abala ako sa paghihintay kay Jessie.

Kinusot ko yung mga mata ko at saka bumangon. Tulog pa si Steff, kaya dahan-dahan akong pumunta ng banyo para maligo.

After a few minutes, natapos na din ako. May biglang pumasok sa isipan ko habang nagpapatuyo ako ng buhok sa pamamagitan ng twalya.




Ano kaya yung kinalabasan ng pag-uusap ni Jessie at Kat? Hindi ko na kasi siya inabutan kagabi e. Masyado ng gabi at nakatulog na ko. Mainam pa siguro kung kausapin ko nalang si Jessie mamaya sa Dining Hall.

Idinial ko yung number ni Casey.

**Calling...**

**Casey**


Sinagot niya sa ikalimang ring.

“Hello?” Mukhang nagising ko ata siya ah. Ahehe.

“Uy Casey, bakit ka nga pala tumatawag kagabi?”

“Baby Lulu?” Casey

“Psh. Sabi nang wag mo kong tawaging Baby Lulu e. Pambata.” ( = __ = )




"Uy! I miss you! Musta na kayo ni Piglet?" masaya yung boses niya. Parang hindi bagong gising ah? ( = __ = )

"Ayun okay naman." Kumuha ko ng suklay at saka hinagod yung buhok ko. "Hindi ka ba natatakot mag-isa dyan sa apartment?"

"Why should I? Pogi ko na to? Takot lang ng mga multo sa six-pack ko." Casey ( > __ ^ )+ +

Kahit sa cellphone lang kami nag-uusap, naiimagine ko na yung playful smirk sa mukha niya. ( = __ = )

"LOL. Lumalabas ka naman ba? Wag kang magpaka-Emo dyan masyado ah."

"Oo naman. Actually may nag-offer nga sakin e. Kakanta daw ako sa isang engagement party." Casey

Naexcite ako sa sinabi niya. "Talaga? GO! Maganda naman yung boses mo eh. Mag-gitara ka din para cool di ba? Kunin mo na! Opportunity din yan!" ( * w * )

"You think, I should?" Casey

"Naman! Wala naman akong nakikitang dahilan para tanggihan mo e."

"Sis?" Bumangon si Steff na kinukusot yung kanang mata. "Sino kausap mo?'

"Si Casey."

"Oh?" Agad siyang umalis sa higaan niya at pumunta sakin. Alam niyo ba ginawa? Inagaw yung cellphone ko. ( = __ = )

"LOLLIPOP! Busit ka! I miss you!" nakangiting sabi ni Steff. *( ^ 0 ^ )*


Napailing nalang ako at tumayo. "Balik mo sakin yung cellphone ko pagkatapos niyo ah? Pupunta lang ako sa Dining Hall." Magsi-six na din naman. At kailangan ko pang makita si Jessie.

Lumabas na ko ng Beach House. Nakita ko si Sarah na naglalakad sa dalampasigan.

"Sarah!" Tumakbo ko papunta sa kanya. Nginitian ko siya. "Hello hehe."

Kumunot yung noo niya at hindi ako pinansin.

Tss, ang snob talaga niya. ( > 3 < )




"Ano ba kailangan mo?" mataray niyang sabi.

"Wala naman. Kamusta na kayo ni Rio?" ( ^ u ^ )

Bigla siyang tumigil sa paglalakad. Lumingon siya sakin. "Pwede ba, wag ka ngang FC. We're not in good terms kaya wag mo kong kausapin."


Sinundan ko pa din siya sa paglalakad. Pumunta ko sa harapan niya at lumakad patalikod para sundan siya.

"Ikaw naman, gusto ko na ngang makipagbati e. Kalimutan na natin yung nakaraan. Ang tagal na nun!"

"Whatever. Get out of my way!" Hinawi niya ko.

"Ano ba kasi problema mo?" Lumapit ako sa kanya. "Alam mo bang ikaw nalang yung nagpapahirap sa sitwasyon?"

"What do you mean?" Sarah




Hinawakan ko siya sa magkabilang braso at tinitigan siya ng maigi sa mga mata. "I know na hindi ka talaga ganyan. You're not really that... Hard. Gusto mo lang itago yung tunay na nararamdaman mo."

Inalis niya yung mga kamay ko. "Don't talk like you know me."

"Tama. Tama ka Sarah. HINDI nga kita kilala. Dahil ikaw lang ang nakakakilala sa sarili mo at sa NARARAMDAMAN mo." With that, tumalikod ako at lumakad palayo.

Sana... Sana marealize na niya.


***Sarah's POV***

What the fvck is her problem?!

Para siyang baliw!

Huminga nalang ako ng malalim at nagpatuloy lang sa paglalakad.

"Sarah!"




Napapikit ako ng madiin. Alam ko na kung sino to. Ang isa pang BWISIT sa buhay ko.

"Tara sabay na tayo." Rio

Kunot-noo ko siyang tiningnan. Ngumiti siya sakin. Agad naman akong umiwas ng tingin. Bakit ba lagi nalang siyang nakangiti sa harapan ko?! ( > __ < )

"Lumayo ka nga!" inis na sabi ko.


"Bakit? Tara na kasi." Sinubukan niyang hawakan yung kamay ko. "Sabay na tayong pumunta–"

"Bitiwan mo nga ako!" Hinigit ko yung kamay ko. "Kay aga-aga binubwisit mo ko!"

"Sarah naman." Nagpaawa pa ang loko. ( > __ < )

"Stop following me!" Lumakad ulit ako.

"Rio!"




Bigla akong napahinto. Parang napako ako sa kinatatayuan ko. At kahit hindi ako lumingon, alam na alam ko kung ano yung nangyayari sa likuran ko.

"Yesha." Rio

"Good morning!" Yesha

Lumingon na ko sa likod. At nagulat ako noong pumalupot yung braso nung babae sa braso ni Rio. Tumingin sakin yung babae. "Uy, ikaw pala Sarah. Hello!" Ngumiti siya sakin. Sumibangot ako.

Agad akong lumakad palayo.

"Sarah!" tawag ni Rio pero hindi ko siya pinansin. Magsama sila dun! Magka-tsunami sana tapos malunod silang dalawa! LECHE! ( > ___ < )

*Kring. Kring. Kring.*

Kinuha ko yung cellphone ko sa bulsa ng shorts ko.

**Calling...**

**Mr. Lozada**

Kumunot lalo yung noo ko. Punyemas, pinuputakte ba ko ng bwisit ngayong araw?! ( > __ < )

“Hindi ko gagawin yon kahit ano pang sabihin mo,” sagot ko agad sa kanya.


“I’m giving you tomorrow as the deadline, Sarah,” ramdam ko sa boses niya yung pagbabanta. “Do it or you’ll lose your job. And I’ll make sure na wala na ulit pang newspaper company na tatanggap sayo.”

*too too too*

Gusto kong ibalibag yung cellphone ko dahil sa sobrang inis.

Huh! Para namang matatakot ako kung aalisin niya ko sa trabaho! Wala akong pake kahit hindi na ko makapagsulat pa ulit ng article! Basta hindi ko gagawin yung pinapagawa nung matandang uhugin na yon. NEVER. PERIOD.

Kaya naman dinial ko yung number ni Mr. Lozada.




“I’ll not do it,” sabi ko.

“Is that a final word, Ms. Vernon?” Mr. Lozada

“YES.”

Parang bigla kong naamoy yung baho ng usok ng tabako niya. “Very well...”


Napalunok ako. Parang bigla akong kinabahan.

“With or without you, I’ll continue the article. But you know what happens to those who defy me, Ms. Vernon. They pay *dearly.*” Mr. Lozada

Bumuka yung bibig ko para magsalita, pero bago pa man ako may masabi, ibinaba na niya yung tawag.

***Luna’s POV***

"Uh, Kebs? Nasan si Jessie?" tanong ko kay Kevin. Nandito kami ngayon sa may Dining Hall. Hindi pa dumadating yung pagkain pero madami nang estudyante.




"Ewan. Baka nasa kwarto pa namin," sabi ni Kevin habang kinakalikot yung iPhone niya.

"Ano ba yang ginagawa mo?" pag-uusisa ko.

"Nagpopost ako sa group ng Pepperoni Cheese sa facebook. Hahaha." Kevin ( ^ u ^ )v

"Ano naman pinopost mo?" ( O . o )?


"Kung anu-anong kautuan BWAHAHAHA!" Kevin XD

Oh boy. Ano pa ba aasahan ko? ( = __ = )

Maya-maya pa, may lalaking umupo sa tabi ko. Lumakas yung tibok ng puso ko.

"Good morning honey ko," bati ni Jessie sakin.

"Uh, good morning." ( > /// < )




May umupo din sa harapan ni Jessie, sa kabilang banda ng table. Lalaki.

"Good morning," bati niya samin habang nakangiti.

"Good morning, Justin," sabi ni Steff.

Tinitigan ko siya. Totoo na kaya yung ngiti niya na yan? Lumingon siya sakin at nagtama yung tingin namin. "Good morning Luna," sabi niya.


"Uhm, ah, good morning."

Biglang may humawak sa kamay ko mula sa ilalim ng mesa. Napatingin ako kay Jessie. "Bakit?" tanong ko.

Lumingon siya sakin. "Wala."

Ay, baliw lang? ( = __ = )?

“Ano na nga pala yung... Nangyari?” mahinang tanong ko sa kanya.




“Ayun. Okay naman.” Jessie

“Psh, ano nga sabi ko yung nangyari? Hindi kung okay lang ba yung naging pag-uusap niyo.” ( = __ = )

Tumawa ng mahina si Jessie. “Mamaya nalang natin pag-usapan yan.”


Tumingin ako sa paligid. “Nasan si Kat?”

“Umalis na...” Jessie

Napanganga ako sa sinabi niya. Umalis? San siya pumunta? Umuwi na kaya siya? Nagtaka ako. Pero bago pa man ako makapagsalita, may narinig kaming boses na nagsalita sa microphone.

“Good morning students!” Si Mr. Pineda. “May malungkot akong balita sa inyo. Hindi na natin matatapos pa yung 7 days dito sa isla dahil balita ko, maglaland fall daw yung bagyo mamayang gabi at tatagal yung pag-ulan ng tatlong araw. Kaya I’m sorry to say this, but we;re going to leave the island after lunch.”

Umalingawngaw yung protesta sa loob ng Dining Hall.




"Quiet! Mapanganib kasing manatili tayong lahat dito since puro tubig yung nakapaligid sa atin. So sana maintindihan niyo." Mr. Pineda

Nakarinig ako ng mga buntung-hininga at inis na mga opinyon mula sa mga estudyante. Napatingin ako kay Jessie.

Nakita ko yung paglunok niya. Na para bang may bumabagabag sa isipan niya pero hindi siya nagsasalita. Diretso pa rin yung tingin niya at walang expression yung mukha niya.


For the second time this morning, nagtaka ulit ako.

**Chapter 53**
**Luna**

Gabi na ng makarating kami sa school. Bumaba na ng bus yung mga estudyante.

Malakas yung ulan sa labas pati na din yung hangin.

"Susunduin nalang kita bukas," sabi ni Jessie. Hinalikan niya ko sa noo bago bumaba ng bus. Pinayungan siya ng isang PA nya at patakbong pumunta sa loob ng shuttle van ng PC.



Namula ako sa ginawa ni Jessie.

May TV guesting daw kasi sila. Yiiiee, papanoorin ko yun. ( ^ /// ^ ) Lalo na't sabi niya na aaminin na daw niya yung tungkol samin. *( ^ u ^ )*

"Sis! Tara na, aba!" Nakapa-maywang na sabi sakin ni Steff. May hawak siyang payong habang si Casey naman tinutulungan kaming dalin yung mga gamit namin sa loob ng kotse.


Bumaba ako at nakisilong sa payong ni Steff. Pumunta kami sa kotse at saka sumakay. Nasa passenger's seat si Steff habang ako naman ang nasa backseat.

"Grabe! Ang lakas ng ulan!" pabuntung-hiningang sabi ni Steff.

"Kaya ba napaaga yung uwi niyo?" tanong ni Casey at pinaandar na yung kotse.

"Oo. Tsk, nakakainis nga eh!" Kumunot yung noo ni Steff. "Hindi pa tinapos yung 7 days." ( > 3 < )

Tahimik lang akong nakapikit sa likod buong byahe. Si Steff naman panay ang kwento tungkol sa nangyari samin sa Hundred Islands.




Pagkatapos ng ilang minuto, nasa apartment na kami. Ibinaba na namin yung mga gamit mula sa kotse.

"May pagkain na dyan, bumili na ko. May pupuntahan lang ako sandali," sabi ni Casey.

Tumaas yung kilay namin ni Steff.

"Wag nyo kong taasan ng kilay! Pupuntahan ko lang yung nag-alok sakin nung isang araw." Casey

"Ah, sige, ingat sa pagddrive," sabi ko.

Umalis na yung kotse. Ipinasok na namin sa apartment ni Steff yung mga bagahe namin.

Pagkayari kong ipasok yung mga gamit ko sa loob, pumunta agad ako dun sa sala at binuksan yung TV.

"Whoa, sis, excited much? Hindi naging tao sa loob ng limang araw? Hahaha," tukso ni Steff.

Kumunot yung noo ko sa kanya. “LOL sis, may TV kaya sa beach house. May interview kasi yung PC ngayon. Panonoorin ko lang.”

“Ay oo nga pala! Montik ko nang makalimutan!” Agad namang umupo si Steff sa tabi ko.

Hindi pa lumalabas yung PC sa TV Show. Medyo nainip kami ni Steff kaya pumunta siya sa kitchen at kinuha yung pagkain namin.

“Sis, Pork or Beef?” Steff


“Beef.”

Ibinigay sakin ni Steff yung take-out na Beef Chao Fan sa Chowking. Kumain kami sa harap ng TV habang hinihintay yung paglabas ng PC.

Susubo ulit sana ko ng biglang yanigin ni Steff yung braso ko. “SIS!” Ang kawawang kanin at beef nahulog sa sahig. ( = __ = )

“SIS! Ayan na sila!” Steff ( * 0 * )

“Alam ko sis. Ang gulo mo.” ( = __ = )




Bigla namang dumagundong sa studio dahil sa hiyawan. Unang pumasok si Justin, sunod si Kevin, Rio at panghuli si Jessie.

“WAAAHH! Ang gwapo talaga ni Babe ko!” Steff ( * w * ) “Tingnan mo sis si Jessie mo oh.” Tinuro ni Steff yung screen. “ANG PANGET! HAHAHAHA!”

Kumunot yung noo ko kay Steff. Tiningnan ko siya ng masama. ( - __ - ) + +

“Uy si sis joke lang naman. Hindi mabiro.” Steff ( ^ w ^ ) At syempre, kasabay non ang isang matindi at malupit na...

*PAK!*

Ouch. My poor braso. ( TT . TT )

“Welcome sa one and only Pepperoni Cheese!” sabi nung host.

*“KYAAAAAAHHH! JUSTIN! JUSTIN! JUSTIN!”*

*"I LOVE YOU JESSIE!"*

*"RIO! I LOVE YOU!"*

*"KEVIN MY LOVES! KYAAAAHHH~"*

Ngumiti yung PC sa kanilang lahat. May tigi-tig-isa silang mic. Nagsalita si Justin. "Hello sa inyong lahat." Tapos kumaway siya.

Hindi naman magkamayaw yung mga fans sa studio.

"Haha!" tawa nung host. "Alam kong sabik na sabik na yung fans niyo para sa fan-signing mamaya, kaya naman let's get on with our interview."

Umayos ng upo yung host at kinuha yung list of questions niya.

"This question is for Kevin," sabi nung host. Nakita ko namang mas naging tutok si Steff dito sa tabi ko. "Ilang taon na kayong magkakilala ni Steff Lazaro?"

"More than three years na kaming magkakilala ni babe ko. Since high school yung relationship namin." Kevin

"Oohh.. Ang tibay ng relationship nyo ah," nakangiting sabi nung host. "I'm hoping na sa simbahan na tuloy nyan!" kumindat yung host kay Kevin.

Tumawa si Kevin pati yung ilang fans. "I sure hope so... Depende kay Babe pa din yun kung papayag siya."

"BALIW! Syempre naman game ako! Tsk!" Humalukipkip si Steff sa tabi ko. Natawa ako.

"HAHA! Mukha kang ewan dyan sis!"

"Papayag sigurado si Ms. Lazaro. Isang Kevin Perillo ba naman ang aayawan nya?" sulsol nung host.

Kumindat si Kevin. "Tumpak ka dyan, HAHAHAHA!" At nagtawanan silang dalawa.

Kumunot namang lalo yung noo ni Steff. "Ang ganon ah! BUSTED ka na pag nagkita tayo!" ( > __ < )

Hahaha walang katapusang kulitan na naman yung mangyayari sa dalawa na to pag nagkita sila.

“Next question is for Mr. Lee,” sabi nung host. Nagtilian naman yung mga fans ni Rio sa studio.

“Kamusta naman yung pagpunta niyo sa Hundred Islands?” Host

“It went fine, actually. Maganda yung lugar at nakaka-miss din,” nakangiting sabi ni Rio.

“Hmm.. Buti naman at na-enjoy mo yung stay mo don. Now, Mr. Lee, may bali-balita na kasama mo daw sa Hundred Islands na yon yung nalilink sayong journalist na si Ms. Sarah Vernon?”

Hindi agad nakasagot si Rio. Napansin ko na tiningnan siya ni Kevin. Para namang biglang natauhan si Rio dahil sa tingin na yon. “Uh, yeah. Kasama ko siya. Actually, kasama kasi yung parehong department na kinabibilangan namin sa school kaya nagkasama kami.”

“Hmm, okay. How are things going between the two of you?” Host

Kung hindi ko lang alam kung ano ba yung totoong nangyayari sa pagitan nilang dalawa, hindi ko mahahalata na parang lumungkot yung mukha niya.

"It's a bit complicated. Hindi pa kami masyadong... N-Nagkakausap." Rio

"Oh, okay. How about the girl na na-link sayo habang nasa Hundred Islands kayo? Yesha's her name right?" Host

"Uh, yes." Medyo naging uncomfortable si Rio. "She's only my friend. Mabait siya sakin kaya naman nagkasundo kami."

"Thank you, Mr. Lee." Host


Ngumiti si Rio sa host.

"Now, let's move on to Mr. Cuevo." Host

*"KYAAAHH! JUSTIN!"* sigaw ng mga fans niya sa studio.

"Good evening," sabi ni Justin sa mic.

"Good evening Mr. Cuevo," bati nung host. Parang may something na nagpabigat sa dibdib ko. Parang...




Kinakabahan ako.

"Are the rumors true na... *break* na daw kayo ng girlfriend mo na si Ms. Luna Reyes?" Host

Napahinga ako ng malalim. Tumingin sakin si Steff. "Sis," sabi niya.

"Okay lang ako," sabi ko nalang.

Ngumiti ng manipis si Justin bago sumagot. "Yes. It's true."


Nakarinig ako ng ilang disappointed sigh mula sa audience. Yung iba namang fans natuwa.

"Tsk. I'm sorry for the two of you.. Since when?" Host

"A few days ago." Justin

"Bakit kayo nag-break, Mr. Cuevo?" Host

Nakita kong parang naiba ng kaunti yung aura ni Justin. Pati si Jessie medyo naging uncomfortable din.




"It's something personal," Justin said apologetically.

"We understand, Mr. Cuevo. We respect your privacy, but there's one more question." Tiningnan nung host yung listahan niya. "Is there a third-party?"

Nag-gasp yung audience.

Napalunok ako dito sa kinauupuan ko. Malakas yung tibok ng puso ko habang hinihintay yung sasabihin ni Justin.

Nawala yung sigla sa mukha ni Justin for a moment. Kumunot ng kaunti yung noo niya.

*lub dub lub dub*

Inilapit ni Justin yung mic sa bibig niya. "No. There isn't." Ngumiti siya sa host at sa audience. "Because alam ko kung sino yung totoong mahal niya noong simula palang."

Kinagat ko yung labi ko. *Bakit Justin? Bakit? Kasi alam mong... Mapapasama ako kapag sinabi mo yung totoo? At dahil ako yung pagbubuntunan ng galit ng fans mo?*

Kumirot yung puso ko. Masyadong nagke-care si Justin para sakin. Kaso ako naman tong walang kwenta na hindi maibalik yung mga ginagawa niya para sa akin.

"Thank you for answering, Mr. Cuevo," sabi nung host. "Lastly, let's have Mr. Wright."

Nagtilian yung fans ni Jessie sa studio. Kumaway naman si Jessie.


"Gusto nga pala kitang i-congratulate, Mr. Wright, para sa success ng film mo. Balita ko nag-number one sa Box Office yung Suddenly It's Magic!" masayang sabi nung host.

Ngumiti ng matamis si Jessie. "Uh, yes. Thank you po sa lahat ng nanood at patuloy na sumusuporta sa akin at sa Pepperoni Cheese. Mahal ko kayong lahat."

*"KYAAAAAHHH!!!"*

*"JESSIE I LOVE YOU!!!"*

"So Mr. Wright," sabi nung host. "Here's my question for you... Kamusta na kayo ni Ms. Katrina Yuzon?"




Nakuha nung tanong na to yung atensyon ko. Hindi pa kasi binabanggit ni Jessie sakin kung ano ba yung naging lagay ng usapan nila ni Kat. Nacu-curious tuloy ako.

Inilapit ni Jessie yung mic sa bibig niya. Pero hindi siya nagsalita ng ilang segundo. Napansin ko din yung paglunok niya.

"We're fine." Jessie


'*We're fine.*'

Parang may kumirot ng kaunti sa dibdib ko noong marinig ko yung sinabi niya.

"That's good to hear, Mr. Wright! Baka magkaroon pa kayo ng double wedding nina Mr. Perillo at Ms. Lazaro! Hahahaha!" Host

Tumawa din yung audience. Pero si Jessie ngumiti lang.

"Anyway, may plano na nga ba, Mr. Wright?" makahulugang sabi nung host kay Jessie at saka kumindat.




"Uhm..." Tumingin sina Justin, Rio at Kevin kay Jessie. Nanatiling nakabukas yung bibig ni Jessie ng ilang segundo, hindi alam kung itutuloy ba yung sasabihin niya. "Ah... H-Hindi ko pa po alam. I think it's too early, pero I'll keep you updated." Ngumiti ng manipis si Jessie at saka tumango.

Tumikom yung parehong kamay ko. Biglang parang may pumiga sa puso ko.

Sina Justin, Rio at Kevin naman napanganga ng kaunti sa tabi ni Jessie habang nakatingin sa kanya.


"H-Ha? Ano bang sinasabi nyang Jessie na yan?!" gulat at inis na sabi ni Steff sa tabi ko. "NABABALIW NA BA SIYA?!"

"Haha! We're happy for your great progress with Ms. Yuzon, Mr. Wright," nakangiting sabi nung host.

"Thank you," sagot naman ni Jessie.

"Do you have any message for her? Sa tingin ko nanood siya ngayon." Host

Huminga ng malalim si Jessie bago ngumiti at tumingin sa screen. "Uh, hello Kat. Sana okay ka lang kung nasaan ka ngayon, and always remember that... I... I love you."




Hindi ko na nakayanan. Nangilid bigla yung luha ko . Di nagtagal ay tumulo yon sa magkabilang pisngi ko. Si Steff naman narinig ko na parang napamura sa tabi ko.

Pumapalakpak yung mga tao sa studio.

Ang sakit... Bakit sinasabi ni Jessie to? Di ba sabi niya aaminin niya yung tungkol samin?!


Nagulat ako ng biglang tumayo si Justin at kuwelyuhan si Jessie. Napasinghap yung mga tao sa studio at nagulat kaming pareho ni Steff.

"ANO BANG KABALIWAN YANG SINASABI MO JESSIE?!" sigaw ni Justin kay Jessie.

"Oh my!" sabi nung host at pumunta sa gitna nila para awatin sila.

"WHAT THE F*CK ARE YOU SAYING?!!" Justin

May mga staff na pumunta sa kanilang dalawa para awatin sila. Sina Kevin at Rio man tumulong. Napuno ng sigawan at pag-aalala sa loob ng studio. Hanggang sa biglang naputol yung programa at isang matinis na tunog yung maririnig mula sa TV.




Nanlalaki pareho yung mga mata namin ni Steff. Pareho din kaming nakatakip sa bibig namin.

“Oh my God,” sabi ni Steff.

“J-Justin,” mahinang sabi ko.

Sinapo ni Steff yung noo niya at napailing. “Tsk tsk tsk. Gulo na naman to.”


**Chapter 54**

**Justin**

I lost it.

Matibay yung pagkakahawak ko sa kwelyo ng damit ni Jessie. “NAHIHIBANG KA NA BA?!” sigaw ko sa kanya.

Napabitaw lang ako ng yakapin ako ni Kevin mula sa likod.




"PARE TAMA NA! NAKAKAHIYA!" Kevin

"TURN OFF THE CAMERAS!" sigaw nung host.

Hindi na din magkamayaw yung mga audience. Lahat sila nag-aalala at nabigla sa pangyayari.

Nakanganga at medyo mabilis ang paghinga ni Jessie habang nakatingin sakin.


Pilit akong kumakawala sa pagkakayakap ni Kevin. Itinuro ko si Jessie. "NAGPARAYA AKO JESSIE! DAHIL ALAM KONG SASAYA SIYA SAYO! PERO ANO BANG KAGAG*HAN YANG PINAGSASASABI MO?!" sigaw ko sa kanya.

"STOP THIS!"

Bigla akong napahinto.

May babae't lalaki na papalapit samin ngayon.

Matangkad yung lalaki. Isang Amerikano. Yung babae naman Pilipino pero meztisa.




Lumapit sakin yung babae at pinag-kunutan ako ng noo. “What the hell do you think you’re doing, Justin?!” galit niyang tanong sakin.

Medyo napanganga ako dahil hindi ko inaasahan na nandito sila.

Tumayo si Jessie. “M-Mom,” sabi niya at hinawakan yung braso nung babae.

Binitawan naman ako ni Kevin.


“Hindi ko alam kung bakit bigla mo nalang ginawa ‘to sa anak ko. Are you jealous?” sabi ni Tita Amanda.

Natawa ako sa sinabi niya. “No, Tita. Of course not.”

Tinaasan niya ko ng kilay. Parang hindi siya naniniwala.

“Mom. Let me handle this,” pakiusap ni Jessie sa mommy niya.

Tumingin si Tita Amanda kay Jessie. "Please, mom."




Nagbuntung-hininga si Tita Amanda. "Okay, son. You must clear this mess up. We'll be waiting for you outside." Binigyan niya muna ko ng isang matalas na tingin bago tumalikod at lumakad palayo kasama yung Daddy ni Jessie.

"Justin," mahinang sabi ni Jessie. "Let's talk."

"Ano bang nangyari?!" nagkakamot ng ulong sabi nung producer.


"There's been a misunderstanding. Hayaan niyo po muna kaming makapag-usap ni Justin," pagpapaliwanag ni Jessie.

Umiling yung producer at muling nagkamot ng ulo. "Okay, fine. But I have to see your manager later. Nasira yung show ng dahil sa ginawa niyo." Hindi maitago nung producer yung pagkainis niya.

"Sorry po," sabi ni Jessie.

"I'm sorry," sabi ko nalang din.

Tumalikod lang yung producer ng nakakunot ang noo.




********** Dressing Room**

Kaming dalawa lang ni Jessie ang nasa loob.

Hindi ko maitago yung panggigigil ng kamao ko. Gusto ko siyang suntukin ngayon dahil sa kalokohang sinabi niya kanina.

But I held myself back.


“Justin,” parang problemadong sabi ni Jessie.

Kumunot yung noo ko.

“Mahal mo ba talaga si Luna?” mababang sabi ko.

“Oo naman! Mahal ko pa siya kaysa sa buhay ko...” Sumandal si Jessie sa pader, ikinawit yung parehong hinlalaki sa bulsa ng pantalon at yumuko. “But...”

“But what?”




Pailalim niya kong tiningnan. “I have to say what I said a while ago.”

Kumunot yung noo ko. Hindi ko siya maintindihan.

“Why?” nagtatakang tanong ko.

“Plano kong sabihin talaga na... Na kami na ni Luna. Pero hindi mo ba naisip? Alam ng buong mundo na kayo ni Luna. Kanina mo lang sinabi na... Na break na kayo. Didn’t you find it weird kapag sinabi ko yung totoo? At isa pa, alam din ng lahat na kami ni Kat!” Jessie


Inihilamos ni Jessie yung kamay niya sa mukha niya.

“Plus, nakita mo naman kanina na nandito sina mommy at daddy. Hindi pa nila alam na bumalik na yung alaala ko at ang alam nila ay kami pa din ni Kat.” Jessie

Huminga ako ng malalim. May *point* si Jessie.

“Sigurado akong nasasaktan si Luna sa mga oras na to,” sabi ko.

Tumikom yung mga kamay ni Jessie. Tinitigan niya ko ng maigi at nagngalit sandali yung mga ngipin niya. “I know. Alam kong nanood siya dahil sinabi ko yung tungkol dito sa guesting natin. That’s why I’m going to her apartment after our talk.”




Tumingala ako sandali at pumikit.

*I want to be the one to comfort her.*

*But I can’t.*

*She’s so near yet she’s so far.*


*Like the stars whenever I reach out for them in the night sky.*

Wala akong magawa ngayon. Gustuhin ko mang... Lapitan siya at pagaanin ang loob niya. Hindi ko magawa.

Dahil alam kong mas gusto niyang si Jessie ang nasa tabi niya.

Kumirot yung puso ko pero tiniis ko yon.

I looked at Jessie. “Then go,” sabi ko. “Kailangan ka ni Luna. Go to her. Now.”




Tumango si Jessie. Lumapit siya sakin at tinapik yung balikat ko. “Thank you, Justin.” Then he ran out of the room as I was left there standing alone.

***Luna’s POV***

Umakyat na ko sa kwarto ko.


Humiga ako sa kama at niyakap yung stuff toy na binigay sakin ni Jessie three years ago.

Natatandaan ko na noong nasa America pa ko, ito yung laging tabi ko sa pagtulog.

I always imagine this toy as him. Para na din mapunan yung pangungulila ko. Yet, hindi pa din ako ganoong sumaya. Dahil iba pa rin kapag siya mismo yung nasa tabi ko.

Tiningnan ko si Stitch habang nakahiga ng patagilid. Inimagine ko na siya si Jessie. “Tayo na ulit di ba? Nahahawakan na ulit kita. Malapit ka na sakin. Pero bakit feeling ko... Ang layu-layo mo?” May tumulong luha mula sa mata ko. “Dahil ba sa estado ng buhay natin ngayon? Sikat ka

na. Madami nang nagbago sa loob ng tatlong taon. O dahil ba... kahit na tayo na nga... Madami pa ding bagay ang humahadlang sating dalawa?"




Parang tinusok ng maliit na karayom yung puso ko. "Naiintindihan naman kita e. Sa tingin ko sinabi mo yung bagay na yon sa TV kanina dahil sa career mo. That's what I think. I understand. But it just hurts so much."

Tuluy-tuloy nang tumulo yung mga luha ko. Niyakap ko yung stuff toy at parang bata na bumaluktot. Humikbi ako at tanging ang apat na sulok ng kwarto lamang ang makakarinig.

Hanggang sa may narinig akong ingay at kalabog sa labas...


*"Wala siya! Umalis ka na!"*

*"You can't come in!"*

*"Sabi nang hindi ka pwedeng pumasok! Umalis ka na!"*

Napaupo ako sa kama. Si Steff yung sumisigaw. Pero sino ba yung sinisigawan niya? Hindi kaya...?

*"Ano ba! Hindi ka sabi pwedeng pumasok!"*




*"Wala siya sa mga kwarto!"*

Narinig ko yung pagbukas isa-isa ng mga pintuan.

*"JESSIE!"*

Bumukas yung pintuan ng kwarto ko.


Nagkatitigan kami ni Jessie.

"Honey ko," sabi niya.

Hinawakan ni Steff si Jessie sa braso at sinubukang kaladkarin palabas. "I said hindi ka pwedeng pumasok! Pagkatapos mong saktan ang best friend ko?! NO WAY! OUT!" sigaw ni Steff.

"Honey ko mag-usap tayo!" Jessie

"Walang usap-usap! LABAS!" Steff




"Honey ko, please. Let me explain!" Jessie

"Explain your face!" Steff

"Sis."

Napatigil si Steff. Pinunasan ko yung luha sa pisngi ko. "Mag-uusap muna kami ni Jessie."

"Sis naman–" iritableng sabi ni Steff pero pinutol ko siya.

"Sis. Please."

Umikot yung mata ni Steff at nagbuntung-hininga. "Fine! Fine! Basta tawagin mo lang ako sis kung kailangan mo ng boxer." Tinuro ni Steff si Jessie. "Umayos ka JESSIE WRIGHT!" Umalis na si Steff at sinarado yung pintuan sa likuran niya ng malakas.

Lumapit si Jessie at umupo sa gilid ng kama.

Inilagay ni Jessie yung kamay niya sa ilalim ng baba ko at itinaas yung ulo ko.

"Honey ko. Wag kang umiyak," mahinang sabi ni Jessie at hinalikan ako ng dahan-dahan sa noo.

Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko. Natutuwa ako pero naiiyak ako. Ang gulo.

Pinunasan ni Jessie yung luha sa magkabilang pisngi ko. "Alam mo namang ayokong makitang umiiyak ka. Pati ako nasasaktan," sabi niya.

Huminga ako ng malalim. "Bakit nandito ka?" Pinilit kong maging steady yung boses ko.


Hinimas-himas ni Jessie yung ulo ko. Feeling ko tuloy para akong isang umiiyak na bata.

"Gusto ko lang linawin yung sinabi ko kanina sa TV..." Ibinaba na niya yung kamay niya. "I need to say it. Dahil na din sa... sitwasyon."

"Alam ko naman e."

"Alam mo?" medyo gulat na tanong ni Jessie.

Tumango ako. “Hindi mo masabi na tayo kasi... Kasi ang alam ng buong mundo, kami ni Justin. Saka... Alam din nila na kayo ni Kat. Yun lang naman kasi ang alam kong reason. Unless na hindi mo talaga ako mahal.” Tumawa ako sa huling sinabi ko. Pero ang pait isipin non.




Hindi ko yata kakayanin yon pag nagkataon.

Lumunok si Jessie. “I’m sorry honey ko.”


Ngumiti ako ng manipis. “Okay lang. Naiintindihan ko naman e.”

Lumapit si Jessie at nagulat nalang ako ng bigla niya kong yakapin. “I’m sorry talaga honey ko. Hindi ko naman talagang gustong sabihin yon e. Saka, hindi totoo yung huling sinabi mo. Alam ng langit kung gano kita kamahal.”

Tumango ako sa balikat niya.

Yes. Alam nga ng langit kung gaano mo ko kamahal. At alam ko din sa sarili ko yon. Pero nakakahinayang lang isipin na yung mismong mundong ginagalawan natin ngayon ang hindi nakakaalam.

Itinaas ko yung parehong kamay ko at tinapik tapik yung likod niya. "I'm okay honey ko. At least ikaw na mismo yung nagpatotoo na kasinungalingan lang yung sinabi mo kanina. Kontento na ko don."




Lumayo si Jessie at tinitigan ako sa mga mata. "I'll tell them honey ko. Promise I'll tell them one day."

"I can wait, wag kang mag-alala." Ngumiti ako sa kanya.

Ngumiti din siya at hinalikan ako sa labi. Slow, soft and full of love.

Biglang lumakas yung tibok ng puso ko. Uminit yung magkabilang pisngi ko.


Pagkatapos ay ipinatong niya yung noo niya sa noo ko.

"I love you honey ko. More than what I can think of," bulong niya.

Pumikit ako at ninamnam yung sitwasyon naming dalawa. Hinawakan ko yung pisngi niya. "I love you, too, Jessie. So much."

We stayed like that for a few minutes. Feeling each other's breaths.

"Gusto kong bumawi honey ko," sabi ni Jessie. Tumingin ako sa kanya. "Ano gusto mong gawin ko?" tanong niya at hinawakan yung parehong kamay ko.




"Wala ka namang dapat gawin e. Naiintindihan kita."

"No. Gusto kong... Bayaran yung mga panahong wala ako sa tabi mo. Gusto kong... Suklian yung paghihintay mo." Nakita ko yung desperation sa mga mata ni Jessie.

Binuka ko yung bibig ko.


"I want..." Nag-alinlangan ako. Pero hindi naman siguro masyadong malaki yung hihilingin ko di ba? "I want you to... To stay with me for the night."

Medyo na-nganga si Jessie sa sinabi ko. I flushed.

"G-Gusto ko lang namang matulog tayo ng magkasama. Wag mong paganahin yang malumot na side ng utak mo!" ( > //// < )

Tumawa si Jessie at kinurot ako sa pisngi. "HAHA! Akala ko naman...." ( ^ __ ^ )

“ANO?! Psh!” ( > /// < ) “Wag na lang kung ayaw mo! Okay lang naman e! OKAY LANG!”




“Haist, si Honey ko naman. Payag naman ako e. Humarap ka na ulit dito.” Jessie

Tumalikod ako. Bigla kasi akong nahiya. Achuchu.. *( > /// > )*

Humiga ako at niyakap ulit si Stitch habang nag-aapoy yung mukha ko sa kahihiyan. ( > /// < )

Maya-maya lang, nakita kong inalis ni Jessie yung necktie at gray suit niya. Isinampay niya yon sa sandalan ng computer chair. Kinalas niya yung unang tatlong butones ng blue polo niya pati na din yung pagkakabutones sa parehong manggas.


*click*

A-Ang dilim. ( 0 ___ 0 )!!!

“Jessie! Bakit pinatay mo yung ilaw?!” ( > __ < )

Maya-maya lang, may naramdaman akong yumakap sakin mula sa likuran. Tumaas na din yung kumot hanggang balikat ko.

“DI ba sabi mo gusto mong sabay tayong matulog? Pinagbibigyan lang kita honey ko. Alam mo namang malakas ka sakin e.” Jessie




Natawa ako sa sinabi ni Jessie.

“Yakap ko ngayon si Stitch,” sabi ko.

“Oh?” Parang naaninag ko mula sa dilim yung pagtaas ng ulo niya. “Pahawak nga.” Hinawakan ko yung kamay ni Jessie at inilagay don sa stuff toy. Na-feel ko na parang ngumiti siya.

“Kapag mag-asawa na tayo, ganito lagi yung posisyon natin. Pero syempre mababago yon pag may anak na tayo. Sa gitna kasi natin siya matutulog,” masayang sabi ni Jessie.

Tumawa ako ng mahina. “Baka naman madaganan natin yung anak natin?”

“Ay oo nga. Mabigat ka pa naman... ARAY!” Jessie

Kinurot ko kasi yung kamay niya. Buti nga. ( = __ = ) + +

"Joke lang honey ko. Kita mo oh, flat yung stomach mo." Jessie

"AH! Jessie!" ( > /// < )

Si Jessie! Hinihimas yung tiyan ko! WAAAHH! ( > /// < )

"Haha!" Hinalikan niya yung ulo ko mula sa likod. "Tulog na tayo honey ko. Gabi na e. Sweet dreams."

"Sweet dreams," sabi ko at muling niyakap si Stitch.

Mas hinigpitan pa ni Jessie yung pagkakayakap sakin. Para bang ayaw niya kong pakawalan. Ang saya. Sana lagi nalang kaming ganito.

Hindi ko maalis yung matamis na ngiti sa mga labi ko. At dahil don, hindi ko na namalayan pa na nakatulog na pala ko.

## Chapter 55

### Luna

Unti-unti kong idinilat yung mga mata ko.

Nasilaw ako sa sinag ng araw. Nakaramdam ako ng pananakit sa tiyan ko. Uh, hindi ata. Parang medyo baba pa e. Sa puson? Haist. Ewan ko ba. ( = __ = )

Yakap ko pa din si Stitch. Tumingin ako sa likuran ko.... At napangiti.


Ang cute matulog ni Jessie. *( ^ w ^ )* Sarap kurutin. Ahihi. :””>

Nakadantay yung kaliwang braso nya sa tagiliran ko. Nakanganga ng kaunti yung bibig nya at mukhang tulog na tulog siya.

Wawa naman yung honey ko. Mukhang pagod na pagod. ( TT ^ TT ) Pagkagaling kasi namin sa Hundred Islands, tumuloy na agad siya sa guesting. Grabe. Ang hectic ng buhay sikat. ( _ _ “ )

Bumiling ako para makaharap ko siya. Nakatingala ako sa kanya habang hinahawi yung buhok mula sa noo niya.

Ang gwapo ng kaharap ko. Kinikilig ako. Achuchuuuuu.. *( > . > )*




I ran my finger along the arc of his black, delicate eyebrows. Tapos bumaba yung daliri ko sa ilong niya. Tangos. Katusok. Psh. *( > /// > )* Then pumunta yon sa mga labi niya.

So soft. So rosy. I wanna kiss them. *( = /// = )*

JOKE lang! HAHAHAHA! XD

Nilakbay pa ng daliri ko yung malambot na labi ni Jessie... At...

( 0 //// 0 )


Biglang may humawak sa kamay ko. Niyakap ako ng mahigpit ni Jessie.

HINDI AKO MAKAHINGA!!!! *( > 0 < )*

“J-Jessie! Ano ba!” hirap na sabi ko kasi ang higpit ng yakap niya. *( = /// = )*

“Good morning din honey ko.” Jessie

"JESSIE!" ( > /// < )




"Kaaga-aga pinagpapantasyahan mo na agad ako. Tsk tsk tsk." Jessie ( > __ ^ )

"Hindi ah! Kapal!" ( > 3 < )

*Galaw. Galaw.*

Hindi ako makawala. ( TT ^ TT )


"Naku! Kunwari ka pa honey ko. Tara nga dito." Nagulat ako ng bigla akong buhatin ni Jessie at ilagay sa ibabaw niya.

( 0 //// 0 )!!! <== Expression ko.

( ^ __ ^ ) <== Expression ni Jessie

"A-Ano bang ginagawa mo?!" *( > /// < )*

"Gusto mo ba ng morning kiss, honey ko?" Jessie ( ^ __ ^ )




"A-AYAW!" *( > /// <  )*

"Hindi ako naniniwala." Ngumisi ang loko! Ampupu! ( > /// < )

"Jessie!" ( > /// < )

"Yes honey ko?" Jessie


"Bababa na ko!" ( > /// < )

"Gusto mo ng kiss?" Jessie

"Oo... HINDI! AAAAHH! Bababa na kasi ako. Ang gulo mo!" ( > /// < )

"HAHAHAHA!" Tumawa si Jessie ng malakas at saka ako binitawan. Agad akong gumulong paalis sa itaas nya. WAAAAHHH! Ang init ng mukha ko! <( > /// < )>

"HAHAHAHAHA!" Jessie




Umupo ako at sumibangot. Binato ko sa kanya yung isang unan. "Che!!!" *( > /// < )*

"HAHAHAHA! Honey ko ang pula ng mukha mo!" asar ni Jessie.

"Shattap!" ( > /// < ) Binato ko ulit siya ng unan.

"Oh honey ko joke lang naman! Hahaha!" Jessie

"Naku! JOKE your FACE!" ( > /// < )

*kring kring kring*


Tumunog yung cellphone ko sa may end table sa tabi ng kama.

Gumapang ako at inabot yon.

**Calling...**

**Casey**

Bakit tumatawag to? Hindi siya umuwi kagabi? ( 0 __ 0 )




“Honey ko sino yan?” Jessie

*Evil thought + evil smirk* +( ~ ~, )

“Shh,” sabi ko kay Jessie at saka sinagot yung tawag.

“Hello?”


[ Hello Baby Lulu? Hindi ako– ] Casey

“Bakit tumawag ka?”

[ Eh, kasi nga– ] Casey

“Ha? Gusto mong makipagkita? Bakit?”

“Honey ko? Sino yan?” Naramdaman ko yung pag-upo ni Jessie. Pinipigil ko yung tawa ko...




ANG HIRAP! SHEEEEET! XD

[ Ha? Ano bang sinasabi– ]

“Bakit naman ako makikipagkita sayo MJ, e BREAK na tayo.” XD (HAHAHAHA! <-- Tawa ko sa isip ko. XD)

[ Nababaliw ka na ba Luna Reyes?! ] Casey

HAHAHAHA! Isa pa tong si Casey! Siguro gulung-gulo na ngayon to! HAHAHA! I’m so bad. XD


“Ano? Gusto mong makipagbalikan?” XD

Lumingon ako kay Jessie.

( > __ > )

ASDFGHJKL!!!

( - ___ - ) + + <------- Itsura ni Jessie!




Lumapit siya at hinablot yung cellphone ko.

HINABLOT YUNG CELLPHONE KO! ( 0 __ 0 )!!! OMO! HINDI KO PA NAPAPATAY YON! <( > 0 < )>

"WHO THE HELL ARE YOU?!" Nakakunot yung noo sigaw ni Jessie. Take note, sumisigaw siya. Jeez. Kakatakot. Scared to the bones. (@@. ")>


Tapos tiningnan niya yung screen. Kumunot lalo yung noo niya. Pinatay na siguro ni Casey.

*relief* ( o ^ ^ )~

Tiningnan ko si Jessie.

Jessie ( - __ - ) + + + + + + + + + + + + !!!! <( > 0 < )> Ako

Parang may kidlat na lumalabas sa mga mata niya. Grabe, mapapahamak yata ako! UWAAAA! ( TT ~ TT )*




"Sinong MJ yon?" mababa at nakakatakot yung boses ni Jessie.

Napalunok ako. Joke lang naman yun e. Huhuhuhu.. ( TT ^ TT )

"Ah w-wala. Jinojoke lang kita. Akin na yung cellphone ko." Inabot ko yon pero iniwas ni Jessie yung phone. ( 0 __ 0 )

"J-Jessie?"


"May naging boyfriend kang iba?" Ayan na naman yung boses niya na yan. Nakakatakot yung tingin niya sakin.

"W-WALA! Joke nga lang sabi yun!"

*Abot* ( > n < )/ + + + ^\( - __ - )

*Iwas* ( " _ _ ) + + + + ( - __ - )/^

“Jessie, yung phone ko.” ( TT ^ TT )




( - ___ - ) + + + Jessie

*( TT ^ TT )* Ako

Hindi niya ata ibibigay yung phone ko. Huhuhuhu..

“Hindi ko ibibigay sayo to hangga’t hindi mo sinasabi kung sino yung g*gong MJ na yon,” seryosong sabi ni Jessie.


“Tsk! Akin na kasi!” ( > 3 < ) Pinilit kong kunin sa kanya. MAGKAMATAYAN NA! Basta kukunin ko yung cellphone ko. Hmp. ( > __ < )

“Akin na!” ( > __ < )

“No.” Jessie

“Isa!” ( > 0 < )

“Dalawa.” Jessie




“JESSIE! TSK----AAAAAHHH!”

Bigla akong inihiga ni Jessie sa kama. Hawak niya yung magkabilang braso ko.

*Lub dub lub dub lub dub*

Nakatingin siya sakin ng seryoso. HOLO. Lagot na talaga! ( TT ^ TT )

“Uy, j-joke lang naman talaga yun e,” pag-amin ko.  ( TT ^ TT )

Tumaas yung kilay niya habang nakatingin sakin. “Joke?”

Tumango ako. “O-Oo. Joke lang yon. Si Casey yun e.” ( TT ~ TT )

Hindi siya sumagot ng ilang segundo.

“Si Casey?” Jessie

“Oo.” Tapos nag-pout ako. ( TT 3 TT )

“Honey ko, don’t pout.” Honey

“Bakit?”

“You know exactly why,” sabi ni Jessie at biglang lumamlam yung mga mata niya.

*lub dub lub dub lub dub*


Parang biglang uminit at tumahimik yung paligid. Bumilis yung tibok ng puso ko.

Bumaba yung ulo niya ng dahan-dahan.

Huminga ako ng malalim.

“Congrats honey ko,” sabi ni Jessie. “Dahil napag-selos mo ko ng todo.”

Hinalikan ako ni Jessie. Desperate and warm.




Bigla tuloy akong na-conscious. HINDI PA KO NAGMUMUMOG! OMG!!! ( > 0 < )

Pero bakit ganon? Ang bango pa din ng hininga ni Jessie. ( TT 3 TT )

Hinagod niya yung isang kamay sa buhok ko. Sumakit na naman ata yung tiyan slash puson ko. Ugh, panira ng moment! ( > __ < )

Ramdam ko yung bigat ni Jessie pero hindi ko yon ininda. Nagulat ako ng biglang ilagay ni Jessie yung kamay niya sa loob ng t-shirt ko! ( 0 __ 0 )!!! Napasinghap ako. Pero agad din niyang inilapat yung mga labi niya sa akin.


*BLAG*

Napahinto si Jessie at parehas kaming napalingon sa may pintuan.

“WHAT THE F----?!” Steff

Ganito yung itsura ni Steff ---> ( 0 O 0 )!!!

SHEMAY! ( > /// < )




Agad na umalis si Jessie sa ibabaw ko. Umupo naman ako at inayos yung buhok ko.

“SIS! Mali ka ng inaakala!” depensa ko kaagad.

“OMG SIS!” Agad siyang lumapit samin at nagtakip ng bibig niya. “BAKIT DITO PA?! HINDI MAN LANG KAYO PUMUNTA SA HOTEL!”

Nahiya naman agad ako sa sinabi ni Steff. “Ano ba sis! Itigil mo nga yan!” ( > /// < )


“Kaso nakakapagtaka sis kung bakit wala akong narinig na ingay kagabi.” Steff ( 0 __ 0 )a?

“SIS!” ( > /// < )

“Bakit?! Papalag ka pa ba e huli na kayo!” sabi ni Steff. “At yon ang EBIDENSYA!” Itinuro ni Steff yung kama.

Tiningnan ko yung tinuro ni Steff at....

SHEMAY!




PECHAY!

MALUNGGAY!

Agad kong tinakpan yon ng kumot. Biglaan akong naka-conscious! Kaya pala... Kaya pala sumasakit yung puson ko! UWAAAA! Nakakahiya kay Jessie! <( > /// < )>

“JESSIE! Lumabas ka muna!” sabi ko. ( > /// < )


Natawa si Jessie. “Bakit? Itatago mo pa ba e nakita ko na din–”

“ALIS!!!” ( > /// < )

Tumayo si Jessie ng tumatawa. “Hindi mo sinabing malapit ka nang magkaroon honey ko?”

Binato ko siya ng unan. “Bakit ko naman sasabihin sayo yon?! ALIS!” ( > /// < )

"HAHAHAHA!" Lumabas ng kwarto si Jessie. Sinarado niya yung pinto sa likuran niya.




"So sis... Hindi yan dahil sa.....?" Steff

"HINDI!" ( > /// < )

Ibinaon ko yung mukha ko sa dalawang kamay ko.

Pakshet lang.


Nakakahiya. Puti pa naman yung bed sheet. ( TT ~ TT )

AAAAAAAHHHH!!!

Pakshet talaga. <( > /// < )>

## Chapter 56

**Sarah**




Leche.

Bakit ba kasi tinanong pa sa interview ng Pepperoni Cheese yon?

Bakit ba kasi inungkat pa nung lintyak na host na yun na nalilink ako kay Rio?

Tumingin ako sa paligid. Nakatingin ng palihim sakin yung ibang tao at parang nagbubulungan.


Kumunot yung noo ko.

LECHE TALAGA!

Tanghali na ko pumasok. Hindi kasi maganda yung pakiramdam ko kagabi at kaninang umaga. Sumasakit yung ulo ko.

Pagpasok ko palang sa building, may humarang na saking mga bruha.

Tinaasan ko sila ng kilay. "Excuse me, you're blocking my way."




Tatlo sila. Humalukipkip yung nasa gitna. "Sarah Vernon." Natawa siya. "Hindi ko akalain na malilink sa isang 'desperadang' katulad mo ang isang Rio Lee." Then she made a disgusted face. "Nakakasuka ka."

Tinaas ko yung ulo ko. May mga chismoso nang pumapaligid samin. Mga leche. Nakaamoy na naman ng away! Tsk!

"What?" I laughed. "Tama ba ko ng rinig? Kung nakakasuka ako? ANO pa KAYO??"

"Royal fans kami," sabi nung NEGRANG naka-miniskirt. "At hindi katulad mong isang SOCIAL CLIMBER."

I rolled my eyes at them. "Oh please... I've heard that line several times. Get out of my way!" Hinawi ko sila sa gitna.

Pero nagulat ako ng bigla nilang hatakin yung ponytail ko.

Napasigaw ako at nahulog yung books na hawak-hawak ko.

"You don't deserve to have one of THEM!" sigaw nung babaeng red yung lipstick at itinulak ako ng malakas. Lalo akong nainis dahil umiwas yung mga estudyante kaya naman napaupo ako sa sahig.

Tumayo agad ako at hinablot yung parehong strap ng sleeveless top nung nasa gitna. Hinatak ko yon ng malakas.

"AAAAHHHHH!!!" sigaw niya at sinalo yung top niya na montik nang mahulog. I smirked.

*PAK!*


Sinalo ko yung kanang pisngi ko na namumula dahil sa pagkakasampal sakin nung negra.

Hinablot ko yung buhok niya.

"AAAAAHHH!!!" Negra

Pero napatili din ako noong may humatak din sa buhok ko mula sa likuran. Yung mga estudyante sa paligid nagsisigawan. LECHE!

Nabibingi ako sa isinisigaw nung tatlong babae sakin na kung anu-ano at sa hiyawan ng mga estudyante sa paligid ko.




"ANONG NANGYAYARI DITO?!" sabi nung professor na dumating.

Inawat kaming apat ng mga guard ng school.

"GET LOST!" singhal nung babaeng hinablot ko yung strap.

"STOP IT!" Professor "Sino ang nagpasimula nitong gulo?!"

Inalis ko yung pagkakahawak ng guard sa magkabilang braso ko. Pinulot ko yung mga libro ko na nahulog sa sahig.

"Ms. Vernon! Get back here!" Professor

Pero hindi ko siya pinakinggan at tuluy-tuloy lang sa paglakad palayo.

Pumunta agad ako sa restroom. Ibinaba ko yung bag at mga libro ko sa may bathroom counter. Binuksan ko yung gripo at naghilamos. Tiningnan ko yung mukha ko sa salamin.

Medyo namumula pa yung kanang pisngi ko at may maliit ding crack yung ibabang labi ko. But I didn't cry. I hate crying. Maraming beses na kong napaaway kaya sanay na ko sa sabunot at mga kalmot ng kuko.

Pinunasan ko ng panyo yung mukha ko, kinuha yung mga gamit ko at saka lumabas ng CR.

May 30 minutes pa bago yung first period ng afternoon classes. Naglalakad ako sa corridor papunta sa classroom ko ng may biglang nagsalita.

"Uy, hindi ba si Rio yon?"

"Ay oo nga! Ang gwapo talaga!"


"Ay teka-teka... Yun ba yung YESHA?"

"Ay oo nga. Hala! Bakit yumakap sa braso ni Papa Rio ko??" ( TT 3 TT )

Tumingin ako sa kabilang corridor. Nandon si Rio... At kasama niya si Yesha.

Kumunot yung noo ko.

"Bakit nandito yung babae na yon?" Student #1




"Baka binibisita si Rio? Sila na yata e." Student #2

"Oh? Sila na?!" sabay-sabay na sabi nung mga estudyante.

Lumunok ako at humigpit yung pagkakahawak ko sa mga libro ko.

Parang naiinis ako na ewan. Gusto kong sapakin si Rio tapos gusto ko namang sabunutan yung Yesha na yon. Nanggigigil ako. Sobra...


"RIO!" May tumawag na boses mula sa likuran ko.

"Uy, hi, Sarah!" sabi ni Kevin sakin at ngumiti. Pero hindi ko siya pinansin.

Lumingon sa likod sina Rio at Yesha.

Parang may kung anong kumirot sa loob ng dibdib ko noong makita kong nakangiti silang pareho.

Nagtama yung tingin namin ni Rio for a second.




And for the first time in my life...

I walked out.

Hindi ko kasi alam kung ano yung magiging reaction ko. Parang automatic na lumakad palayo yung mga paa ko.


“SARAH!”

Lalo ko pang binilisan yung lakad ko. Tinatawag ako ni Rio... “SARAH! Sandali lang!”

Tumakbo ako. Nalaglag yung mga libro mula sa kamay ko. Pero wala akong pakialam... Ang gusto ko lang ay makaalis sa lugar na to at mapag-isa.

“SARAH WAIT!” Tumatakbo din si Rio. Hinahabol niya ko. “SARAH!” Hinigit niya yung braso ko. I was standing face to face with him.

“BITAWAN MO NGA AKO!” sigaw ko sa kanya.




“Sarah, no! Let me explain!” Rio

“EXPLAIN? EXPLAIN WHAT RIO?! Wala kang dapat iexplain kasi HINDI NAMAN TAYO!”

Lumunok si Rio at hinawakan ako sa magkabilang braso. “Sarah look at me!”

“BITAWAN MO KO!” Pilit akong kumakawala mula sa pagkakahawak niya.


“LOOK AT ME!” Rio

Tiningnan ko siya. Humihingal ako. Nagulat nalang ako ng biglang nawala yung pagkakakunot ng noo niya.

“S-Sarah...” He blinked several times. “You’re... You’re crying.”

Napanganga ako.

Sinubukan kong huminga, pero imbis na magawa ko yon, isang hikbi yung kumawala mula sa bibig ko.




"Sarah..." Sinubukang hawakan ni Rio yung mukha ko pero itinulak ko siya palayo.

Marahas kong pinunasan yung mga lecheng luha na pumapatak mula sa mga mata ko.

FVCK! Bakit ba ayaw nilang tumigil?! LINTEK NAMAN!!!

"S-Sarah..." Rio

"No... *hikbi* S-Stay... *hikbi* a-away..."

"Rio? Anong nangyayari dito?" Lumapit si Yesha sa gilid ni Rio.

Tumikom yung mga kamay ko. Tumalikod ako at saka lumakad palayo. Naiinis lang ako kapag nakikita ko silang magkasama at malapit sa isa't isa. Ngayon lang ako nagkaganito. At nagagalit ako... Kasi hindi ko mapigilan yung sarili ko...

Nagulat ako ng biglang may humawak sa kamay ko at kaladkarin ako ng palayo sa mga tao.

"RIO! ANO BA!"

Pero blangko lang yung mukha ni Rio. Hindi niya ko pinapakinggan at parang hindi siya nahihirapang kaladkarin ako.

Binuksan ni Rio yung pintuan ng isang bakanteng classroom. Kinaladkad niya ko papunta sa loob at inilock yung pintuan.

"ANO BANG PROBLEMA MO?!" sigaw ko sa kanya at saka pinunasan yung pisngi ko.

"We need to talk Sarah." Rio

"Fvck this!" Itinulak ko siya. Pero nagulat ako noong hindi ko man lang siya nagawang itulak ng kasing lakas tulad ng dati. Nanatili lang siyang walang expression. "Lalabas na ko!"

Pero hinigit ni Rio yung braso ko at bigla akong niyakap.

Napanganga ako.

"Sarah... Please..." mahinang sabi niya at hinigpitan pa yung pagkakayakap sakin. "Stop it... I'm begging you..."

Tumikom yung mga kamay ko. Naiinis ako kasi umiiyak ako ngayon. Naiinis ako kasi parang sumabog yung iba't ibang damdamin sa puso ko na matagal ko nang pinipigil. Naiinis ako kasi... Natalo ako... Natalo ako ni Rio...

Idinukdok ko yung noo ko sa balikat niya.

Dahan-dahan kong itinaas yung mga kamay ko at inilapat sa likuran niya.


"Sarah?" Lumayo si Rio at tinitigan ako...

"N-Naiinis ako sayo... *hikbi* N-Nakakainis ka..." Yumuko ako at hinampas ng mahina yung dibdib ni Rio. "K-Kasi... Nagkakaganito ako d-dahil sayo..."

Inilagay ni Rio yung kamay niya sa ilalim ng baba ko. He lifted my chin up and wiped a tear under my eye.

"Alam mo kung gano kita kamahal Sarah... Noon pa man, ikaw lang yung tanging babaeng minahal ko." Rio

Kinagat ko yung labi ko.




"Sarah..." Rio

Noong itaas ko yung tingin ko sa kanya, nagulat ako ng bigla nalang siyang yumuko at halikan yung mga labi ko.

Nagulat ako. Hinawakan ni Rio yung magkabilang side ng mukha ko at lalo pang nilaliman yung halik.


Tumitibok ng malakas yung puso ko. Nakakabingi. Ngayon ko lang naramdaman to. Sa KANYA ko lang naramdaman yung ganito. Hinawakan ko yung braso niya. He tensed but didn't stop.

I hooked my arms on his neck.

After a few moments, we broke the kiss. Sh*t. Ang init ng mukha ko. Hindi ako makapaniwalang ginawa ko to.

And I never thought that one day, I'll give up to him.

Magkalapat yung mga noo namin.




"I love you Sarah," mahinang sabi niya habang hinahaplos yung pisngi ko.

"I hate you."

Ngumiti si Rio. "I know... That's why I love you."

Hindi ako nagsalita. Pero nagulat ako ng maramdaman ko yung sarili kong ngumiti ng dahil sa sobrang saya. Dahil para bang nabunutan ng isang napakalaking tinik yung puso ko... Na tinago at dinala ko sa loob ng tatlong taon...


**Chapter 57**

**Luna**

Pumunta ako sa sala.

Nakita ko si Jessie don. Nakaupo at may hawak na tasa.

Lumingon siya sakin noong makita niya ko.




"Ano na nangyari?" nakangiting sabi niya sakin. Tsk! PILYO. Amp. ( >__< )

"Wala. Ano bang dapat mangyari?" ;P

"Wala naman," sabi ni Jessie tapos ngumiti siya ng nakakaasar. ( > __ < )

AMPUPU!

"Nang-aasar ka ba?" ( = __ = ) + +


"Ewan? HAHA!" Jessie XD

+( > n < )+

"Upo ka sa tabi ko honey ko." Jessie

"Ayoko." ( > 3 <)*

“Bakit?” Jessie ( 0 __ 0 )




“Inaasar mo ko. Hmp.” ( >  n <) Tapos humalukipkip ako.

“Hindi na kita aasarin.” Jessie ( ^ __ ^ )

“Weh? Nakuuuu!!!” ( > __ < )

“Oo nga. Haha.” Jessie


Tiningnan ko muna siya saglit bago pumunta sa tabi niya. Uupo na sana ko ng bigla siyang may silipin sa likuran ko na kung ano.

Tumaas yung kilay ko at napalingon ako sa likod. “Ano bang tinitingnan mo?” tanong ko.

“Nagpalit ka na pala.” Jessie ( ^ ==== ^ )

*( > //// < )*

Kinuha ko yung unan sa sofa at ibinato sa kanya. “Kabwisit mo!” ( > /// < )




“HAHA! Joke lang honey ko.” Jessie

“Inosente ba at tuwang-tuwa sa red spot??” ( > /// < )

“Spot?” Natawa si Jessie. “Hindi naman spot yun e. Parang oblong na omelet na–”

“AAAAHHH!!!” Nagtakip ako ng tenga habang sumisigaw. “Tumahimik ka na!” <(>//0//<)>

“ARAY!” Inilagay ni Jessie yung isang kamay sa kaliwang tenga at saka napangiwi. “Ang lakas ng boses mo honey ko!”

<( > //// < )>

Lumuhod ako sa sofa at saka piniga yung magkabilang pisngi niya... Ng madiin. ( + __ + )

“A-ARAY! ARAY! ARAY! OUCH! HONEY KO! OUCH!” Jessie

“Napakabwisit mo! Waaaahh!!!” ( > /// < ) *kurot ng madiin!*

"TATAPON YUNG MILO!" Jessie

Binitawan ko na yung magkabilang pisngi niya at saka umupo sa sofa ng nakasibangot sa kanya. Hmp! Buti nga! Namumula yung pisngi niya. Bleah! ;P

Ibinaba ni Jessie yung tasa sa may coffee table at...

Gumanti sakin! ( 0 . o )!!!

Napahiga ako sa sofa dahil itinulak niya ko!


"ARAY! AHHHH!!!" Pilit kong inaalis yung mga kamay niya sa magkabilang pisngi ko. Pero ang lakas niya. Hindi ko kaya... ( _ _ ")>

"HAHA! Gantihan lang to honey ko!" Jessie XD

"ARAYY! AAAHHH!!! JESSIE!!! MASAKIT!!! ARAY!!!" ( TT 0 TT )

"HOY!"

Huminto si Jessie sa pagkurot sa parehong pisngi ko. Ang shakiiiit. Huhuhu. Hindi lang ata kapre yung lalaki na to. May pagka-alimango din. Ang sakit mangurot e. My poor cheeks. ( TT 3 TT ) *sniff sniff*




“Bakit nakatulala ka dyan Steff?” tanong ni Jessie.

Umupo na din ako at lumingon sa direksyon ni Steff. Nakatayo siya at nakatingin lang saming pareho ni Jessie.

Lumapit si Steff samin at itinuro kaming dalawa. “Nakakadiri yung sound niyo! Parang may ginagawa kayong kung ano!”


( 0 __ 0 ) ( 0 /// 0 ) <---- Reaction namin ni Jessie

+ ( > ___ < ) + <----- Reaction ni Steff

“Pambihira ka naman sis! Napakalumot ng utak mo pagdating samin ni Jessie!” ( > /// < )

Pumamaywang si Steff at saka tinaasan ako ng kilay.

"Gusto mong malaman kung bakit?" Itinuro kami ni Steff ng pabalik balik. "Dahil may naaamoy akong kakaiba sa inyong dalawa." ( - __ - ) + +




"Kakaiba? Ano?" Jessie

"Parang... Parang may mali kay sis e... Kanina ko lang napansin." Steff ( ^ __ - ) + +

"Ha? Anong mali?" ( 0 __ o )?

"Sis, tayo ka nga." Steff


"Bakit–"

"Tayo na kasi! Tsk, daming angal." Steff

( > __ < )

"Sabi ko nga tatayo na," bulong ko.

Nakahalukipkip naman ngayon si Steff.




"Talikod." Steff ( - __ - ) + +

"Jeez, nakakatakot ka naman–"

"TA-LI-KOD." Steff ( - __ - ) + +

( > 3 < )

Nagbuntung-hininga ako at umiiling-iling habang tumatalikod.


"Ano ba kasing pakulo to sis–"

"OH MY GOSH!!!" Steff

Agad akong bumiling. Nakita kong nakatakip yung parehong kamay ni Steff sa bibig niya. Teka ano bang nangyari?! ( 0 __ 0 )?

"Sis?" ( 0 __ 0 )?

"OW-EM-JEE!!!!" Umiling-iling si Steff habang nanlalaki yung mga mata.




"Bakit ba kasi?! Para kang nakakita ng multo!" ( > __ < )

Pero hindi siya sumagot. Tumingin lang din siya kay Jessie na naguguluhan din sa reaction ni Steff.

"Bakit ngayon ko lang nahalata!" Steff


"Ano ba kasi yon?!" ( > __ < ) Tiningnan ko yung pwetan ko. Wala naman ah! Tsk. Naasar na ko ah.

Lumapit sakin si Steff. As in SOBRANG lapit na halos maduling na ko.

"Kailan pa sis?" mahinang sabi niya. Hinawakan niya yung braso ko at itinalikod ng kaunti mula kay Jessie.

Kumunot yung noo ko. "Anong kailan pa?"

"Kailan niyo pa ginawa ni Jessie yung BAGAY na yon???" Steff




Inis na inalis ko yung braso ko mula sa pagkakahawak ni Steff. "Ano bang bagay yang sinasabi–"

( 0 ___ 0 )

*blush*

"WAAAAAHHH!!! SIS!!!!" sigaw ko sa kanya at napatakip ako sa bibig ko.


Tinaasan niya ko ng kilay at saka pumamaywang. "I declare that the suspect is GUILTY." ( - __ - ) + +

Ako naman ngayon ang nakatakip ang bibig at parang kwago sa laki ng parehong mata.

For sure namumula ako ngayon. Tapos ang lakas pa ng tibok ng puso ko. Nahihiya ako na kinakabahan na ewan... ( 0 //// 0 )

"P-Pa... P-Panong...?" nauutal kong tanong.

“Pano ko nalaman? Simple lang...” Lumapit sakin si Steff at bumulong ng mahina. “May nakapagsabi sakin na teacher sa Math na ang babaeng may bahid na ang pagka, you know, pagka-“Maria” ay MEDYO nakababa na ang...” Tapos ngumuso siya sa may likuran ko.




AMPUPU! ( > /// < ) Kaya pala pinatalikod ako ni Steff! Tiningnan pala niya yung... WAAAHH!!! Napansin niya siguro kanina noong tinagusan ako. AAAAAHHH!!! NAKAKAHIYA!!!

“Uy ano ba kasi yon? Wag niyo naman akong gawing OP.” Lumapit si Jessie at tiningnan kaming dalawa ni Steff.

Ngumisi si Steff at tiningnan si Jessie. “Kailan niyo pa ginawa yon ni sis, ha, Jessie Wright?”


“Ang alin?” Jessie

“Yung ANO,” makahulugang sabi ni Steff.

“Ano?” Kunot-noong sabi ni Jessie.

“Yung ginagawa ng mag-asawa twing eching na eching na silang dalawa sa isa’t isa–” Steff

“WAAAAAHHH!!! SIS!!!” Tinakpan ko yung bibig ni Steff.




AAACCCCCKKKK!!!!!

NAKAKAHIYA!!! *( > /// < )*

“Ahhh!” Tapos tumawa si Jessie. “Yun lang pala e.” ( ^ __ ^ )

ANONG SABI NIYA?! ( 0 /// 0 )

“Matagal na yon. Nung nasa Baguio pa–ARAY!” Hinampas ko si Jessie sa braso ng malakas.


“ANG INGAY MO!!!” ( > /// < )

“Nung nasa Baguio?! Naka-simple kayo dun?? Saan? Sa ilalim ng pine trees? HAHAHAHAHA!” Steff XD

TAKTENG BUHAY TO! ( > /// < )

“Haha hindi. Dun sa may tent–ARAY!” Jessie *Hampas for the second time*

"ANG INGAY NIYO!!!" ( > //// < )




"Haha si sis oh, ngayon pa nahiya e nangyari na. Masarap ba?" Steff ( ^ w ^ )

ASDFGHJKL!!!

TUKNENENG!!!

PUTAKTE!!!


AMPOTEK!!!

"HAHAHAHAHA!!!" Jessie XD

Grabe...

Sobrang kahihiyan to...

Sana biglang mabitak yung sahig tapos kainin nalang ako ng lupa... ( TT __ TT )




Sana biglang mahulog yung kisame tapos tamaan yung dalawa na to sa ulo... ( TT __ TT )

"HAHA oo naman. Nag-enjoy nga si honey–" Jessie

"AAAAHHH!!! BAHALA NGA KAYO DYAN!" <( > 0 < )> Padabog akong lumakad palayo sa kanila...

"Don't worry sis! I'll stay quite!" Steff XD


"HMP!!! CHE!!!" *( > n < )*

Umakyat ako sa hagdan.

"HAHAHAHAHA!!!" Tawa yan ng dalawang nilalang na parehong may sungay sa ibaba. ( > __ < )

Pumunta ko sa kwarto ko, sumapa sa kama at agad na ibinaon yung mukha sa unan.

"WAAAAAAHHH!!!" sigaw ko sa unan habang nag-iinit yung mukha ko.




ANG BAD BAD NILA!!! ( TT 0 TT )

Hindi ba sila nahihiya na pinag-uusapan namin yon?! ( TT __ TT )

Grabe lang...

Nakaka-depress.. ( TT __ TT )

**Chapter 58**


**Luna**

Hapon na. At nasa sala kami ngayon ni Jessie. Nangako na siyang hindi na siya mang-aasar pa kaya naman lumabas na ko ng kwarto ko. ( = __ = )

"Jess," sabi ko habang magkatabi kami sa sofa at nakapatong yung ulo ko sa balikat niya.

"Hmm?" sabi niya habang nakatutok sa TV.

“Labas tayo?” ( - 3 - )




Tumingin siya sakin. “Bakit?”

“Malamang bored ako.” ( > 3 < )

“Naku kasungit ba ni honey ko.” Jessie ( - __ - )

“Eeeeehhh! Labas na kasi tayo.” ( > 3 < )


“Inaaya mo ko ng DATE?” Jessie ( ^ __ - )

“KAPAL! Hindi ah. Gusto ko lang talagang gumala ngayon. E kaso wala akong kasama. Umalis si Steff e. Sige na? Please?” *puppy dog eyes*

( * w * ) ( - w - ) ( * w * ) <------- AKO

“Eh.. Hindi pwede honey ko.” Jessie

“Bakit???” ( > 3 < )




“Baka may makakita satin.” Jessie

Napayuko ako sa sinabi ni Jessie. “Para naman tayong hindi legal,” bulong ko.

“Honey ko naman.” Hinawakan ni Jessie yung kamay ko.

Ngumiti ako sa kanya ng manipis. “Hindi okay lang. Naiintindihan ko naman e.” Pinilit kong itago yung sakit at pagkadismaya na nararamdaman ko.

“I’m so sorry.” Hinipo ni Jessie yung pisngi ko at hinalikan ako sa noo.

Bigla ko siyang niyakap. Nagulat siya sa ginawa ko. “H-Honey ko?” gulat na sabi niya.

Pumikit ako at hinigpitan pa yung yakap kay Jessie. Ang sarap niyang yakapin. Ang bango.

“Jessie? Anong gagawin mo kung bukas ay magkahiwalay na tayo?”

“Ha? Ano bang klaseng tanong yan honey ko?” Jessie

"Wala lang. Natanong ko lang."

Niyakap ako ni Jessie. "Madali lang. Hahanap ako ng paraan para magkasama tayo ulit."

"Eh paano kung wala ka nang mahanap na paraan?"

"E di magpapatuloy pa rin ako sa paghanap. Di ba sabi nga nila... Kung gusto, may paraan." Jessie

Natawa ako sa sinabi niya. "Napaka-postive thinker mo naman."


"Dapat lang. Kasi ayoko nang magkahiwalay pa ulit tayo." Jessie

Ngumiti ako sa sinabi niya. Ang sarap pakinggan...

*Ang sarap din palang magmahal...*

"I love you Jessie Wright."

"I love you more Luna Reyes." Hinalikan ni Jessie yung ulo ko.




We stayed like that for a few minutes bago tumingin si Jessie sa orasan. "Sorry honey ko pero kailangan ko nang umalis. May meeting ang Pepperoni Cheese with our manager at saka sa head ng Entertainment Company."

Ngumuso ako. "Ay... Hindi ba pwedeng five minutes pa?" ( > 3 < )

Tumawa si Jessie at pinindot yung tip ng ilong ko. "Wag kang gumaganyan honey ko. Lalong humahaba yung nguso mo." ( ^ __ ^ )


"Eh? Sige na kasi five minutes nalang!" ( > 3 < )

"I can't honey ko. I'll see you tomorrow nalang." Tumayo si Jessie at isinuot yung black suit niya.

*sigh*

Tumayo ako at hinawakan yung kamay ni Jessie. Inihatid ko siya hanggang sa may gate.

Ayokong bitawan yung kamay niya. ( TT 3 TT )




"Tatawagan nalang kita mamaya, honey ko." Jessie

"Okay. Ingat."

Yumuko si Jessie at binigyan ako ng isang mabilis na halik sa labi. ( > /// < )

"Bye." Pagkatapos ay ngumiti siya at sumakay sa kotse niya.

Nakangiti ako habang pinapanood siyang mag-drive palayo.


***Jessie's POV***

"Good afternoon Mr. Wright," sabi nung secretary sakin. "This way please."

Binuksan niya yung pintuan sa kwarto kung saan idinaraos yung meeting. Pumasok ako.

"Mr. Wright," bati sakin nung Presidente. "Have a seat."

Tumabi ako kay Kevin. Kumpleto ang banda. Nandito na rin si Mr. Dela Torre. Tumingin ako saglit sa kanya.




Parang may malalim siyang iniisip.

"Good afternoon, Pepperoni Cheese." President

"Good afternoon, sir," sabi naming apat.

"Kaya ko kayo pinatawag ngayon dahil may importante akong announcement." President


"May concert po ba ulit?" tanong ni Kevin.

"No, Mr. Perillo. Bigger than that." President

"World tour?! GRABE!" Kevin XD

"KEVIN," madiin na saway ni Mr. Dela Torre at tiningnan ng masama si Kevin.

“Tss. Bwisit na matanda,” bulong ni Kevin at saka sumibangot. Pinigil ko lang yung tawa ko. Si Kevin talaga. Hahaha...




“As I was saying,” pagpapatuloy ni Mr. President at saka itinaas ng bahagya yung salamin. “I have an important announcement to say.”

“Ano po yun?” Justin

Huminga ng malalim si Mr. President. “It’s a difficult choice. You must understand. Ayoko ding mangyari to. Pero...” Tiningnan niya kaming apat ng seryoso... At bigla akong kinabahan.

“I’m sorry, everyone... But starting this day... There will be no more Pepperoni Cheese.” Mr. President


**Chapter 59**

**Jessie**

“W-What?” Justin

“Ha?!” Kevin

“Excuse me?!” Rio




“Ano?!” Ako

Pare-pareho kaming nagulat sa narinig namin. Hindi ko maipaliwanag yung nararamdaman ko...

“I’m sorry. But the decision is final.” Mr. President


“Final?” Tumayo si Justin at tumawa. “No offense Mr. President. Pero anong DESISYON po ba yung sinasabi niyo? Ni hindi nga po kami nasabihan na tatanggalin na yung Pepperoni Cheese! At ang mas malala pa po... Wala naman kaming nakikitang dahilan para mabuwag ang grupo!”

“May article na inilabas ang isang newspaper company laban sa inyo. Kaninang umaga lang to inilabas sa publiko kaya malamang ay alam na ng buong mundo ang issue na ito tungkol sa inyo.” Mr. President

Nagkatinginan kaming apat.

“Ano pong article yon?” Rio

May inihagis na dyaryo si Mr. President sa gitna ng mesa. Kinuha ko yon at nagulat agad sa Headline...




"**PEPPERONI CHEESE INVOLVED IN A KIDNAPPING CASE"**

"KIDNAPPING?! Ano bang kabaliwan to?!" Kevin

"Kailan pa kami nainvolve sa isang kidnapping case?!" sabi ko naman.


"Ilang linggo na din ang nakakaraan simula noong pumutok yung issue ng pagka-ospital ni Kevin. Alam niyo namang itinago natin sa publiko ang katotohanan para na din ingatan ang career niyo. Pero tingnan niyo ngayon..." Umiling si Mr. President.

"Lahat talaga ng sikreto ay nabubunyag," dugtong pa niya. "Paano na ang gagawin niyo nyan? Pinagtakpan kayo ng kompanya sa issue na yan kaya siguradong damay ang kompanya kapag sumabit kayo. At ang sabi dyan sa article na yan ay positibo sa gun powder si Kevin."

Napalunok nalang ako sa narinig ko.

"Pero ginawa ko lang naman yon para iligtas si Luna! Nakuha ko yung baril na yon mula sa kasamahan ni TJ.. Yung kidnapper... at dahil na din iniligtas namin ni Rio si Sarah noon. Pero...

Pero sa binti ko lang siya binaril noon." Tumikom yung kamay ni Kevin at napansin kong nanginginig yung kamao niya.




"Kahit na Mr. Perillo! Sa tingin mo ba katanggap-tanggap sa mundo ng Showbiz na ang isang tinitingalang tao ay nabahiran na ng dugo ang mga kamay?!" pasigaw na sambit ni Mr. President.


"Pero hindi yon isang ACTING SHOW Mr. President!" galit na tugon ni Justin. "Ipinagtanggol lang ni Kevin yung buhay ni Luna mula sa mga KIDNAPPERS!" Ipinagdiinan ni Justin yung huling salitang sinabi niya.

*BLAG!*

Hinampas ni Mr. President yung table at saka pagalit na tumayo. "How dare you shout at me in my office?!" Nakakunot yung noo niya. "Pagkatapos niyong aminin na humawak nga ng baril si Kevin, na siyang idineny natin noon, ano na ang gagawin niyo? Magpapakabayani at sasabihing isang alagad ng kabutihan si Kevin?!"

Tumawa ng mapait si Mr. President. "Makitid ang pang-unawa niyong apat. Sa mundong ginagalawan niyo, hindi sapat ang isang salita para mapatay ang sunog na ginawa ng mga kalaban niyo. At minsan, ang pagsasabi ng katotohanan ay nakasasama pa."

Lumipat yung tingin niya kay Justin. "Hindi ba't kaya ko iniutos na sabihin mong may namamagitan sa inyong dalawa nung Luna Reyes ay para mapagtakpan ang nangyari? Na Hold-up ang naganap at hindi isang Kidnapping case? At para na din magkaroon ng dahilan para iligtas ni Kevin si Luna. Dahil girlfriend siya ng kaibigan niya."




Tumikom yung kamay ko at ibig-ibig ko na siyang suntukin. Pero pinigil ko yung sarili ko. Hindi naman kasi pwedeng sabihing girlfriend ni Kevin si Luna kasi alam ng mga tao na sila ni Steff, ako man, ang alam nila noon ay kami ni Kat, samantalang si Rio naman ay nalilink kay Sarah. Kaya si Justin lang ang pwedeng magpanggap sa aming apat.

"Pero because of that article... Wala... Nawalan ng saysay ang lahat ng pagkakaila at pagpapanggap." Mr. President


Inis na kinuha ni Kevin yung dyaryo mula sa akin. "Sino ba kasi yung lecheng sumulat nung article na to?!"

Tumingin siya sa ibaba... At biglang nanlaki yung mga mata.

"Bakit?" tanong ko.

"Si... S-Si Sarah?" mahinang sabi ni Kevin.

Napanganga kaming tatlo nina Justin at Rio.




"A-Ano?" Rio

Tumingin si Kevin kay Rio. "Si Sarah ang... n-nagsulat ng article?"

Agad na kinuha ni Rio yung dyaryo mula kay Kevin. Bigla siyang namutla sa nakita niya.


"Hindi... hindi totoo to. Sinisiraan lang ng newspaper company na to si Sarah!" Rio

"Sinisiraan man siya o hindi ng kompanya na yon, wala na tayong pakialam don. Hindi na rin non mababago ang nakasulat sa–" Mr. President

"Ikaw siguro wala! Pero AKO MERON!" galit na sigaw ni Rio. "Hindi ako naniniwala na siya ang sumulat ng mapanirang article na yan!"

"Rio, huminahon ka muna," sabi ko at hinawakan sa balikat si Rio. "Magpapa-pressconference kami. Sasabihin namin ang katotohanan. Magpa-public apology kami kung kailangan. Basta sasabihin namin ang katotohanan."

Wala namang nagprotesta sa kanilang tatlo kaya alam ko na sang-ayon sila sa balak ko.




“Bahala kayo. Do what you want. Because IVF Entertainment won’t be handling your band anymore. Tapos na ang kontrata.” Mr. President

“Ikaw! Bakit hindi ka nagsasalita?! Hindi ba manager ka namin?!” Itinuro ni Kevin si Mr. Dela Torre.

“I have nothing to say.” Mr. Dela Torre

Nainis ako sa sinabi niya at naramdaman ko din na parang biglang bumigat yung hangin sa loob ng kwarto.


*PAK!*

*BLAG!*

“Mr. Dela Torre!” Mr. President

Kinuwelyuhan ni Kevin si Mr. Dela Torre. “Wala kang kwentang manager! Hindi mo man lang kami maipagtanggol! Kung alam ko lang ay isa ka sa may pakana ng mga pangyayaring to!”

"Kevin!" Hinatak ni Justin si Kevin palayo.




"You know that I can charge you for this, Mr. Perillo," sabi ni Mr. Dela Torre habang nakaupo sa sahig at nakahawak sa kanang pisngi kung saan siya sinuntok ni Kevin.

"Huh! Wala akong pakialam! Subukan mong magpakita sa korte at papantayin ko yang pamamaga ng pisngi mo!" Kevin

"KEVIN! Tama na!" Rio


"That's enough!" Mr. President, at tinulungang tumayo si Mr. Dela Torre. "Get out of the room! From now on, you won't be a part of this company! Gawin niyo na ang gusto niyo! Wala na kong pakialam!"

"Talaga!" Kevin

"Kung yan ang gusto niyo, wala kaming magagawa." Humarap si Justin kay Mr. President. "Pero hindi dito magtatapos ang lahat. Ipapakita namin sa inyo na magagawa naming makaahon sa issue na to. Tara na, guys."

Sumunod kaming tatlo kay Justin palabas sa pintuan.

“Let’s see what you can do.” Mr. President




Huminto ako at humarap sa kanilang dalawa nung EX-manager namin. “Hinding-hindi niyo mabubuwag ang Pepperoni Cheese, dahil in the first place...” Itinuro ko sila at buong tapang na sinabi... “Hindi kayo ang bumuo sa banda namin.”

**Chapter 59.2**

**Luna**

Napanganga ako at napatingin kay Steff habang hawak-hawak ko yung dyaryo.


“P-Panong...?” nagtatakang tanong ni Steff.

“Si... Sarah?” mahinang sabi ko.

“Naku! Sabi na e! Hindi talaga dapat pagkatiwalaan yung babae na yan!” Hinablot ni Steff yung dyaryo at lumakad papunta sa may pintuan.

“Uy sis teka! San ka pupunta?!” tanong ko habang hinahabol ko siya palabas ng apartment.

"Pupuntahan ko yung malditang Sarah na yan! Wala nang ginawa kundi siraan yung PC!" sabi ni Steff at saka binuksan yung gate.




"Teka lang sis!" Hinigit ko yung braso niya. "Wag kang padalus-dalos! Baka naman... Hindi totoong si Sarah yung sumulat niyan."

Tumawa ng mapait si Steff. "Kung hindi siya... Sino? Ako? Ikaw?" Itinuro niya kami pareho. "Yung PC? Oh come on sis! Imposible naman yang sinasabi mo!"

*kring kring kring*

Nag-ring yung cellphone sa bulsa ko.


Kinuha ko yon at tiningnan kung sino yung tumatawag.

**Calling...**

**Jessie**

*click*

"Hello?"




[ Honey ko. ] Jessie

"Jessie, alam nyo na ba yung nakalagay sa dyaryo ngayon?"

[ Oo. Papunta nga kami ngayong apat sa condo ni Sarah. Tatanungin namin siya tungkol sa article na to. ] Jessie

"Ha? Teka lang. Susunod ako!"


[ Wag na honey ko. Dyan nalang kayo ni Steff sa apartment. Babalitaan nalang kita. ] Jessie

"Pero Jessie..."

[ Please honey ko. Wag mo nang idamay pa yung sarili niyo ni Steff. Kami nang apat ang bahala. ] Jessie

Kinagat ko yung ibabang labi ko.

"Okay."




[ I love you. ] Jessie

Nag-init ng kaunti yung mukha ko sa sinabi ni Jessie. "Love you too."

*End of call*

"Si Jessie?" Steff

Tumango ako.


"Anong sabi?" Steff

"Papunta daw silang apat ngayon sa condo ni Sarah."

"Oh? Tara na!" Hinigit ni Steff yung braso ko pero inalis ko yon mula sa pagkakahawak niya.

"Teka lang sis! Sabi ni Jessie wag na raw tayong pumunta dun sa condo. Kaya na nila yon."

"Uto ba siya? Masasabunutan ba nilang apat na barako yung malditang bruhang babae na yon?! Kailangan ako don!" Steff




*screeeeeech*

Napalingon kami ni Steff sa pumaradang kotse sa harapan ng gate.

Bumaba si Casey mula don at saka inalis yung shades niya. "Oh? Bakit parang may pinag-aawayan kayo?" tanong niya habang pabalik-balik yung tingin saming dalawa ni Steff.


"Ito kasing si sis e! Ayaw sumugod dun sa condo nung bruhang Sarah na yon!" Steff ( > __ < )

"Ha? Bakit susugod?" Casey ( 0 __ 0 )?

Ibinigay ni Steff kay Casey yung dyaryo. Binasa niya yon at napanganga katulad namin. "Hindi maganda to," sabi niya at saka umiling-iling. "Pwedeng masira yung PC dahil dito."

"Kaya nga samahan niyo na ko papunta dun sa condo ni Sarah at para mapaghiganti ko naman yung PC kahit papaano!" Steff

"Sis!" sigaw ko sa kanya.




"Need a ride?" Casey

Napatingin ako kay Casey at nagulat sa sinabi niya.

"Oo! Tara! Hatid mo ko sa lungga nung bruha na yon, Lollipop!" Steff ( > __ < )

"Haha, okay." Casey, at nagsimula na silang dalawang maglakad papunta sa kotse.

WHAT THE EFF---!!! ( 0 __ 0 )?!!!


"HOY! CASEY! Bakit ba sinusulsulan mo yang si Steff ha?!" ( > 0 < )

Lumingon si Casey sakin... At ngumiti. ( = ___ = )

"Haha! Hayaan mo na tong si Piglet! Alam mo naman to kapag nagagalit. Nangangain ng tao. Baka kainin pa ko nito kapag hindi ko siya inalok ng ride," Casey. *blink* ( > __ ^ )+

( = ___ = ) <------- Reaction ko

***Sarah's POV***




Ah! Lecheng Math! Bakit ba kasi may Math pang subject e Creative Writing ang course ko?! Lintyak naman oh! ( > __ < )

Tiningnan ko yung cellphone ko.

*kunot-noo*

Bakit hindi man lang nagtetext yung kumag na yon?! Aaaahh!!! Lalong sumasakit yung ulo ko. Ah shemay!!! <( > ___ < )>

*Ding dong*

Tumaas yung kilay ko. Sino kaya yon?

Tumayo ako mula study table at saka lumabas ng kwarto ko.

Pumunta ako ng sala. Sumilip ako dun sa lens ng pintuan.

*lub dub lub dub*

Napalunok ako.

Sh*t! Bakit ba ganito na naman yung nararamdaman ko?! Lintek na puso oh! ( > __ < )

Binuksan ko yung pintuan ng kaunti.

“Sarah,” sabi ni Rio. At napansin kong parang seryoso siya.

“Oh? Bakit nandito ka?”

“Sarah.”

Napatingin ako sa likuran niya.

Tumaas yung kilay ko. “Anong kailangan niyong apat?”

"May gusto lang kaming itanong sayo." Jessie




"Pwede mo ba kaming papasukin?" Justin

Gusto ko sana silang barahin pero nagdalawang-isip ako. Pinapasok ko nalang din sila.

Sa sala, umupo sa sofa si Justin at Kevin. Si Jessie naman nakatayo sa gilid ng sofa habang si Rio nasa tabi ko.

"Ano bang gusto niyong malaman?" tanong ko. "Bilisan niyo at madami pa kong kailangang isulat na articles."


"Gusto lang namin itanong kung... Ikaw ba yung nagsulat ng mapanirang article laban saming apat?" Justin

Nagulat ako sa tanong ni Justin. "What?" matawa-tawang sabi ko. "What article?"

"Ito." May iniabot na dyaryo sakin si Kevin. Kinuha ko yon at...

Sh*t.

“Ano? Sayo nga ba yan, Sarah?” sabi ni Kevin. “Pangalan mo yung nakalagay sa ibaba.”




“Kevin.” Rio

Humigpit yung pagkakahawak ko dun sa dyaryo.

“Sarah?” Jessie

Huminga ako ng malalim. “S-Sakin nagmula yung facts... Pero hindi ako yung sumulat.”


“Sayo nagmula yung facts?” gulat na sabi ni Justin.

Tumango ako. “Oo. I’m a writer. And I accumulate facts. Pero wala akong balak na ibigay yon sa boss ko. I mean*, ex-boss*. I already quitted my job.” Sumibangot ako. “At maaaring... naghihiganti siya sakin ngayon dahil hindi ko ginawa yung pinapagawa niya.”

“Pinapagawa?” tanong ni Rio. “Ano yung pinapagawa niya sayo, Sarah?”

Tumingin ako sa kanilang apat. “Gusto niyang sumulat ako ng isang mapanirang article tungkol sa inyo. Katulad ng *pesteng* article na to.” Ihinagis ko sa coffee table yung dyaryo.

"Ha? Pero bakit? Anong motibo niya?" tanong ni Jessie.




Umiling ako. "Hindi ko alam. Wala siyang sinasabi sakin. At ngayon, pati ako sinisiraan niya. LINTEK SIYA!"

"Sarah." Hinawakan ako sa balikat ni Rio. "Calm down."

"Kailangan nang matigil to." Tumayo si Justin. "Bukas na bukas kailangan nating makausap yung dating boss ni Sarah."

Tumayo din si Kevin. "Agree. Sarah, sumama ka samin."


"I will. I'll show that b*tch what kind of person he's dealing with."

***Luna's POV***

( = ___ = )

"AHHH!!! NAKAKAINIS!!!" Steff ( > 0 < )

"Oy Piglet! Wag ka namang magwala at baka bumigay yung kotse ko!" Casey




"Bwiset na traffic! Ano to, pamwiset?! May timing?! Arrrggghhh!!! Kainis!!!" Steff <( > 0 < )>

"Hay nako. Kasi ikaw sis e. Ang kulit mo." ( = __ = )

"ARRRGGHHHH!!! Pasasabugin ko isa-isa yung mga kotse na to!" Steff ( > 0 < )

*beep beep*

**1**

**Message**


**Received**

Binuksan ko yung inbox ko.

**From: Jessie**

Papauwi na kami galing sa condo ni Sarah. Hindi siya yung gumawa nung article. Pupunta kami sa company na pinagtatrabahuhan niya bukas. PS. May pupuntahan ako ngayon. Business. Pahinga ka na honey ko. I love you.

**RE:**




Okay. Wag kang masyadong magpapakapagod. I love you too.

Itinago ko na yung cellphone sa bulsa ko. “Sis, nakausap na nina Jessie si Sarah. Hindi siya yung gumawa nung article.”

“AAAAHHH!!! Ayoko na! Huli na talaga tayo! Pero hindi pa rin ako naniniwala! Hindi talaga aaminin nung bruha na yon yung kasalanan niya noh! Yon pa!” Steff

“Sis naman! Masyado kang walang tiwala kay Sarah!”


*kring kring kring*

Sinagot ni Casey yung tawag.

Bakit ang daming tumatawag ngayon? ( = __ = ) Ang yaman nila. May pantawag. Wew. ( > __ > )

“Yes.... Okay... I understand... Thank you.” Tapos pinatay na ni Casey yung tawag.

"Sino yon, Lollipop?" Steff




"Ah, yung nag-aalok sakin na kumanta sa isang party. Pinapapunta kasi nila ako ngayon at ibibigay na daw yung songs na kakantahin ko." Casey

"Oh? Tara!" Steff ( * 0 * )/*

"Haha! May choice pa ba ko? Alangan namang pababain kita sa gitna ng traffic, batukan mo pa ko." Casey XD

*PAK!*

"Aray!" daing ni Casey. "Ang sakit mong humampas Piglet! Parang plywood yung kamay mo!"

"LOL. OA much Lollipop? Dalian mo na yung pagddrive! Ayun oh, umaandar na yung bwisit na truck! Dali! Goooooo!" Steff

*yawn*

Humiga ako sa backseat.

"Inaantok ka yata Baby Lulu ah? Haha." Casey




"Oo. Pano hindi nakatulog kagabi. Magkasama kasi sila ni Jessie sa kwarto." Steff

( 0 ___ 0 )!!! ASDFGHJKL!!!

Bigla akong napaupo. "HOY!"

*Screeeeccchhh*


Biglang pumreno si Casey.

"A-nye-nye-nye... Hoy ka dyan." Steff ( = __ = )

Binatukan ko si Steff. "Nakakainis ka sis!" ( > /// < )

"Teka..." Lumingon sakin si Casey. "Magkasama kayo ni Jessie kagabi? AT sa kwarto mo pa?"

*lub dub lub dub lub dub*




Kinakabahan ako potek! ( > /// < )

“Uhm...”

“OO. Ang sarap nga ng tulog nila e. Pagod yata.” Steff ( >__ ^ )

*Deadly glare* Casey ( - ___ - ) + + +


“UMAYOS KA SIS AH. UMAYOS KA,” banta ko sa kanya.

“HAHAHAHA! Joke lang naman sis. Don’t worry Lollipop. Walang nangyaring ritual kagabi. Ako pa? E bantay-sarado ko yung dalawa na yan!” Steff ( > __ ^ )v

Lumiit yung mata ni Casey sakin. Umaygas!!! Nakakakaba! Mas nakakatakot siya kaysa kay Kuya Waren na mismong kuya ko. ~( > __ > )~

“Siguraduhin mo lang Baby Lulu... Kundi lagot sakin yung Jessie na yan...” Tapos pinaandar na niya ulit yung kotse.

TAKTE.




Hindi ako nakahinga dun ah. ( = /// = )

**Chapter 60**

**Luna**


Bumaba na kaming tatlo nina Steff at Casey mula sa kotse.

"Bwiset na traffic!" kunut-noong sabi ni Steff habang lumalakad. ( > -- < )

Pumasok kami sa loob ng malaking building. *YN Company*. Iyon yung nakalagay sa itaas ng building.

Lumapit si Casey dun sa may information desk. "Excuse me," sabi niya. "May I see Mr. Arvin Espinosa?" May ibinigay siyang calling card dun sa babae. "I'm Casey Montez. Pumunta na ko dito kahapon. It's about business."

"I see, Mr. Montez. Sumakay nalang po kayo dun sa elevator. 22nd Floor. Left corridor," sabi nung babae.




Ngumiti si Casey. "Thank you."

At alam niyo ba ang nangyari? Nag-blush yung babae. Fufu. ( = __ = )

"A-Always welcome, Mr. Montez," nahihiyang ngumiti yung babae.

Sumunod kami kay Casey dun sa elevator.

Sa loob, pinindot niya yung button na may nakalagay na 22.


"Lollipop." Steff

"Hm?" Casey

"Lakas ng alindog mo ah? Sumisingaw sa kili-kili." Steff ( >__^ )

"Oo nga. Napag-blush mo yung babae kanina." ( ^ __ < )

Tumawa si Casey at ginulo parehas yung buhok namin ni Steff. “HAHA! Ako pa? Pogi ko na to? HAHAHA!” ( ^ O ^ )




“WAAAHH! Wag mong guluhin yung buhok ko!” Steff ( > /\ < )

“Casey!” ( > 3 < )

*ting!*

Bumukas na yung elevator.


Inayos ko yung buhok ko. Sinundan namin si Casey.

“Sino po sila?” sabi samin nung babaeng nakaupo sa may table. Secretary siguro siya.

“I’m Casey Montez, and they are Luna Reyes and Steff Lazaro. Gusto sana naming makita si Mr. Espinosa.” Casey

“Ah, yes, Mr. Montez, he’s expecting you.” Tumayo yung babae. “Right this way.”

Sinundan namin yung babae.




Kumatok siya sa isang pintuan na may nakalagay na Chief Advertiser.

Pagkatapos ay binuksan niya yung pintuan. “Excuse me, sir?”

“Yes?” sabi ng isang boses ng lalaki mula sa loob.

“Nandito po si Casey Montez. At may kasama po siyang dalawa.” Secretary

“Ah, sige. Let them come in.”

Binuksan nung secretary yung pintuan ng malaki para makapasok kami.

May isang lalaking nakablack suit na nakaupo sa office chair.

“Good day, Mr. Espinosa.” Casey

"Good day po," sabi naming dalawa ni Steff.

"Good day also," nakangiting bati ni Mr. Espinosa. Tumayo siya. "Hindi tayo dito mag-uusap. I'll direct you to the CEO of the company. Siya yung humingi ng serbisyo mo, Mr. Montez."

Tumango si Casey at lumabas na kaming apat sa office.

Ilang minuto pa, nasa pinakamataas na floor na kami ng building. Sabi niya, ito daw yung floor para sa Heads ng Company. Grabe, ang laki kaya nung floor na to. Gaano ba kalaki yung office nung presidente? ( 0 __ 0 )?


Ginabayan kami ng secretary nung presidente papunta sa office niya.

Pagkatapos kumatok at sabihin kung sinu-sino kami, pinapasok na niya kaming lahat. Pero hindi pa ito mismo yung pinaka-office, kundi parang isang maluwang na living room lang. Yung parang tanggapan ba ng bisita?

Saka nagtaka ako noong isang boses ng babae yung narinig ko. Babae kaya yung presidente? ( 0 __ 0 )?

"Good day, madam," sabi ni Mr. Espinosa at yumukod para gumalang.

“Good day. Nasa loob ng office si Daddy.” May isang babaeng nakaupo sa sofa at may hawak na magazine.




Napanganga ako at kumabog ng malakas yung puso ko.

Nung magtama yung tingin naming dalawa, nakita ko yung pagkagulat sa mukha niya. “L-Luna? Anong… Anong ginagawa niyong tatlo dito?”

“Trina?” gulat na sabi ni Casey.

“Calix,” mahinang sabi ni Kat at saka umiwas ng tingin.


“Teka… Kat… Daddy mo yung MAY-ARI ng kompanya na to??” Hindi makapaniwalang sabi ni Steff.

Tumango si Kat. “Yes. K-Kami ang may-ari ng YN Company.”

YN, as in… YuzoN?

Bumukas yung pintuan ng President’s Office.

"Katrina," tawag nung isang lalaki na may katandaan na.




"Dad." Kat

"Good day, Mr. Yuzon. Nandito na po si Mr. Montez tulad po ng hiling niyo." Mr. Espinosa

"SH*T!" malakas na sabi ni Steff at napatakip sa bibig yung dalawang kamay.

Nanlalaki yung mga mata ko. Halos malaglag yung puso ko ngayon sa nakikita ko.


*Hindi ako makapaniwala.*

Lumapit ako ng kaunti para mas makita ko pa siya ng mabuti.

Hindi ako nagkamali. Siya. Siya nga ito.

Malakas yung tibok ng puso ko. At tahimik ang buong kapaligiran.

Nanginginig ang baba ko habang sinasabi ang salitang…




"P-Papa?"

**Chapter 61**

**Luna**

"P-Papa?" nanginginig na sabi ko.

Nanlalaki yung mga mata ni Papa habang papalapit siya sakin.


"Ikaw…" Pumikit siya ng ilang beses, parang tinitingnan niya kung totoo bang ako ang nasa harapan niya. "Ikaw si… Luna?"

Napalunok ako. Ayokong umiyak. Hindi ako iiyak dahil lang sa WALANG KWENTANG lalaki na to. Sa lalaking iniwanan kaming HIKAHOS para lang sumama sa WALANG KWENTA niyang BABAE.

Tiningnan niya ko mula ulo hanggang paa. Tumikom yung parehong kamay ko.

"A-Anak…" Sinubukan niyang hawakan yung mukha ko pero humakbang ako palayo. Nagulat siya at napanganga. "Luna, anak?"

"Wag mo kong tawaging anak… Dahil matagal na kong walang ama."




"T-Teka lang… Daddy?" Lumapit si Kat sa kanya. "Anong… Anak po ang sinasabi mo? Pano niyo po maging anak si Luna?"

Tinitigan ako ni Pa–*LARRY.* Ayoko na siyang tawagin pang 'Papa.' Dahil matagal ko na siyang kinalimutan.

"Totoo. Anak ko si Luna–" sabi niya.

"HINDI MO KO ANAK!" sigaw ko sa kanya. "MATAGAL NA KONG WALANG AMA! HINDI KITA KILALA!"

"S-Sis." Lumapit sa magkabilang gilid ko sina Casey and Steff. Hindi alam ni Casey na ang taong kaharap namin na ngayon ay ang aking ama, dahil nagkakilala lang kami ni Casey noong pumunta ako ng America when I was still a little kid.

At iyon ang mga oras na iniwanan niya kami…

Kung kailan matagal ko ding kinimkim ang galit ko sa kanya…

At pinilit na itakwil siya sa buhay ko.

"A-Anak." Sinubukan niya kong hawakan pero tinabig ko yung kamay niya.

*PAK*

"Luna! Ano ba!" Pumunta sa harapan ng *Daddy* niya si Kat. "Hindi ako papayag na saktan mo ang Daddy ko!"

"It's okay, Katrina," mahinahong sabi ni Larry.

Parang kumirot yung puso ko. Naiinis ako. Dahil ni minsan, hindi ko naramdaman na minahal ako ng taong ito. Lagi siyang wala sa bahay... At ang maaaring dahilan ay…

Dalawang pamilya ang inuuwian niya.

Biglang bumalik ulit yung galit ko. Gusto ko siyang itulak at sumbatan ng sumbatan.

"Luna anak… P-Patawarin mo ko. Forgive me–" Larry

"Patawarin?" Tumawa ako ng mapait. "Pagkatapos mo kaming iwan? Pagkatapos mong SUMAMA SA IBANG BABAE?!"

"Watch your words," seryosong sabi sakin ni Kat pero parang pinigilan siya ng Daddy niya.

"Alam ko, malaki ang kasalanan ko sa inyo ni Leni, Waren at ni Teena. Dahil iniwanan ko kayo. Pero… Pero kung ano man ang ginawa ko… May dahilan ako… At sana Luna'y pakinggan–"


"Buti naman at naaalala mo pa yung pangalan naming apat." Tiningnan ko siya ng parang nandidiri ako sa kanya. "Saka kung ano mang dahilan yan… Sayo nalang, kainin mo ng buo, o kaya mag-arkila ka ng makikinig sayo dahil wala akong balak na makinig sa walang kwenta mong dahilan na sana'y sinabi mo sa amin matagal na bago mo kami iwan!"

Tumalikod ako at lumakad ng mabilis palabas ng opisina.

Tinawag ako ni Steff at Casey. "Sis!" Sinusundan ako ni Steff.

Pero tumakbo na ako. Gusto ko munang mapag-isa. Gusto kong mag-isip. At ayokong umiyak. Matagal na panahon ko nang naubos yung luha ko para sa taong yon. Ayoko nang maulit pa yung ganoong pagkakataon.

Madali naman akong nakaalis. Nailigaw ko si Steff at mas mabilis akong tumakbo sa kanya.




Paglabas ko sa building….

*wooossshhh*

Umuulan.

Nababasa ako pero wala akong pakialam.


Tumingala ako, pumikit at huminga ng malalim.

Maya-maya lang nagsimula na kong maglakad. Maraming tao akong nakakasalubong na nakapayong. Ang bilis nilang maglakad. Mukhang may pupuntahan sila…

Hindi pa man ako masyadong nakakalayo…

*Peep peep peep*

Napatingin ako sa isang kotse na pumarada malapit sakin.




Biglang bumukas yung bintana ng kotse at…

“Honey ko?” gulat na tawag sakin ni Jessie.

“Jessie,” sinabi ko ng mahina ang pangalan niya.

Parang gumaan ng isang daang beses yung nararamdaman ko. Kasi pakiramdam ko twing malapit siya sakin, ligtas ako. Na walang makakapanakit sakin sinuman.

Bumukas yung pintuan ng kotse. At nagulat ako noong bumaba ng kotse si Jessie ng walang dalang payong.

Pumunta siya sa tabi ko at hinawakan ako sa magkabilang balikat.

“Honey ko, bakit naglalakad sa gitna ng ulan?” tanong niya.

“Bakit bumaba ka pa?! Nabasa ka tuloy!”

Pero imbis na sagutin niya ko, tinitigan niya lang akong mabuti. “Honey ko… Bakit… Umiiyak ka?”

Ha? Umiiyak… Ako?

Bigla akong nakaramdam ng pamumugto ng mata. Umiiyak nga ako. Hindi ko napansin dahil sa ulan.

Kinagat ko yung labi ko para pigilin yung hikbi na gustong kumawala… Pero nabigo ako.

Yumuko ako at ibinaon yung mukha sa parehong palad ko.

Hindi ko na napigilan… Sobrang sakit… Naiinis ako… Nakakainis… Gusto kong magwala… Matagal na panahon ko na siyang kinalimutan, pero bakit dahil lang sa isang segundo ng pagkikita namin, bigla na namang bumalik yung lahat ng sakit at pangungulila?

Naramdaman ko yung pagyakap sakin ni Jessie. Hinimas himas niya yung ulo ko. “Shh… Wag ka nang umiyak honey ko. Tahan na.”

Humihikbi ako sa balikat ni Jessie. Wala akong pakialam kung may nakakakita man sa akin na umiiyak ngayon. Hindi ko na kasi kayang tiisin pa.

“Wag kang mag-alala honey ko. Sasamahan kita dito. Hindi kita iiwan.” Jessie

Gumanti ako ng yakap kay Jessie. “S-Salamat Jessie. *hikbi* K-Kasi *hikbi* nandito ka sa tabi ko ngayon.”

Humiwalay siya at hinawakan ako sa pisngi. “Stop crying honey ko, okay? Tahan na. I love you.” Lumapit siya at hinalikan ako sa noo.

“I love you too,” sabi ko. Medyo nawala na yung pagluha ko pero naroon pa din yung paghikbi. “Bakit *hikbi* hindi ka nagdala ng payong?”


Ngumiti siya sakin ng manipis. “Aanhin ko naman ang payong kung alam kong hindi na rin naman kita maisasalba mula sa pagkabasa? Mas mabuti pang samahan nalang kita para parehas tayong mabasa.”

Kumabog ng malakas yung dibdib ko at nag-init bigla yung mukha ko. Parang for a second, hindi ko naramdaman yung lamig ng ulan.

“Thank you,” sabi ko sa kanya at unti-unting ngumiti.

***Casey’s POV***

Ano bang nangyayari dito?




Papa ni Luna ang presidente ng kompanya? Si… Mr. Yuzon na siyang Daddy ni Trina?

Pero bakit kinuha niya ko para kumanta sa isang party na siya ang organizer? Hindi ba't ayaw niya sakin? Pilit niya kaming pinaghiwalay ni Trina noon… Kaya bakit? At ang mas malaking katanungan…

Paanong naging magkapatid si Trina at si Luna?


"Casey," tawag sakin ni Mr. Yuzon. "Let's… talk."

Medyo nag-alangan ako sandali. Pero sumunod na din ako. Umupo kaming dalawa sa sofa.

"Dad." Kat

"I need to talk to him, Katrina." Mr. Yuzon

Tumingin sakin ng sandali si Trina bago umiwas ng tingin at lumakad palabas ng opisina. Sumunod sa kanya si Mr. Espinosa kaya naman kaming dalawa nalang ni Mr. Yuzon ang naiwan sa loob.




Nakabibinging katahimikan.

I felt awkward. Wala kasing isa mang nagsasalita samin.


Pero pagkatapos ng ilang sandali, si Mr. Yuzon ang bumasag sa katahimikan.

“Gusto kong mapatawad niya ko,” panimula niya at alam kong ang tinutukoy niya ay si Luna. “Pero… hindi ko alam ang gagawin.”

“Paano po ba… naging Papa kayo ni Luna? Yuzon po ang apelyido niyo samantalang… Reyes naman po ang sa kanya. Kaya paano pong nangyari yon? I’m sorry for intruding in your personal business, sir.”

Pinagtikom niya yung parehong kamay at saka tumingin sa kawalan.

“Nine years old siya noong iniwanan ko sila. At inaamin ko na hindi ako naging matapat sa kanila. Dahil noong mga panahon ding yon ay kasabay kong binubuhay si Katrina at ang mommy niya.” Huminga siya ng malalim.




"Pero ang totoo niyan… Sila talaga ang mahal ko." Nakaramdam ako ng matinding kalungkutan mula sa boses ni Mr. Yuzon. "Si Leni talaga ang mahal ko, ang Mama ni Luna, at mahal niya din ako. Pero galing ako sa isang mayamang angkan at… Ipinilit akong ipakasal sa Mommy ni Katrina."

"Arranged marriage po?"

Tumango siya. "Oo. Ang alam ng lahat ay kasal ako sa Mommy ni Katrina. Iningatan namin ni Leni na hwag mabunyag sa publiko na nagsasama din kami. Then one day, natuklasan ng parents ko ang relasyon namin ni Leni. Binantaan niya ko at maging si Leni at ang magiging anak namin. Kaya… may sinubukan akong paraan…"


"Ano po yun?" naiintrigang tanong ko.

Tumingin siya sakin. "Sinubukan kong… maging isang masamang ama."

Nagulat ako sa sinabi niya. "Isang… masama pong ama?"

"Oo." Sumandal siya sa sofa. "Hindi ko ipinaramdam ang pagmamahal ko sa mga anak ko. Sinubukan ko silang… Kamuhian. Pero hindi ko magawa. Sinubukan ko ding kalimutan ang pagmamahal ko kay Leni pero hindi ko din magawa. Masyadong mahirap. Hanggang sa iwanan

ko na nga sila dahil mas tumindi ang pagbabanta ng mga magulang ko. Ayokong madamay pa sila at masira ang buhay nila. Kaya umalis ako. Bigla ko silang iniwanan sa ere. Kaya… Kaya hindi ko masisisi si Luna kung masyado rin ang galit niya sa walang kwenta at duwag niyang ama."



Ramdam ko ang sakit sa boses ni Mr. Yuzon. Na para bang ang sakit-sakit ng pinagdadaanan niya.

"My real surname is Yuzon. Pero ang pinagamit kong apelyido sa mga anak ko ay ang apelyido ni Leni. Dahil… Alam kong… malaki ang posibilidad na iwanan ko sila. Alam din ni Leni ang posibilidad na iyon at nakapag-usap na rin kami. Pero…" Umiling siya at tumawa ng mapait. "Hindi pa rin katanggap-tanggap yon. Parang sinabi ko na rin sa pamilya ko na hindi nila ko maaasahan bilang isang padre de pamilya. Na iiwanan ko din sila balang araw."


Lumunok ako at tumingin kay Mr. Yuzon.

"Huwag po kayong mag-alala," sabi ko. "Alam ko pong… mapapatawad din kayo ni Luna at ng pamilya niyo kapag sinabi niyo ang dahilan niyo sa kanila. Maiintindihan po nila kayo."

Ngumiti siya ng manipis sa akin. "Sana nga Casey… Sana nga…" Tinapik niya ko sa braso. "I also wanted to say sorry for what I've done to you and Katrina. Pero kailangan kong gawin yon…"

"Pero bakit po? Bakit… Kailangan niyo po kaming paghiwalayin ni Trina noon?"

Umiling siya. "I can't say, hijo. Baka lalo pang maging komplikado ang sitwasyon."




"Pero–"

"It's enough," pagputol niya sa usapan. "Si Mr. Espinosa nalang ang bahalang umasikaso sayo. Here's the list of songs." May ibinigay siyang papel sa akin. "I hope you can learn to play all of them for my party."

Wala akong nagawa kundi kuhanin ang papel at tumango. Kompanya niya to at teritoryo niya ito. Wala akong karapatang tumanggi at magtanong.

Tumayo kaming pareho. Iniabot niya yung kamay niya sa akin. "Thank you for coming today, Mr. Montez," pormal niyang sabi.

Huminga ako ng malalim. Inabot ko ang kamay niya at sinabing, "The pleasure is mine… *Sir*."

**Chapter 61**

**Sarah**

*Ding dong*

Huminto ako sa pag-aayos ng gamit ko at tumungo sa may pintuan.

Pagbukas ko ng pintuan…

“Girl!” May isang babaeng kasing edad ko lang ang yumakap sa akin. “Ilang buwan na din tayong hindi nagkita! I miss you!”

“Ah, yeah. Nice to see you, LESLIE.” Yes, ang babaeng nasa harapan ko ngayon ay ang b*tchfriend ko noong highschool. Tourism ang kinuha niyang course kaya bihirang bihira na rin kami magkita, lalo na’t magkaiba at magkalayo pa kami ng school.

“Tsk, ikaw talaga girl! Hindi mo man lang ako na-miss.” Leslie

“Pumasok ka na nga lang,” iritableng sabi ko sa kanya at saka binuksan ng maluwang yung pintuan.

Umupo siya sa may sofa.

Nagdala ako ng kape para sa aming dalawa.

Umupo ako sa harapan niya para madali kaming makapag-usap. “Ano na naman bang gusto mong malaman?” tanong ko sa kanya.

“Wow, girl ah. Kapag nandito ako, automatic na may gusto akong malaman?” sabi ni Leslie at kinuha yung cup of coffee niya.

“I know you, Les. Spit it out,” sabi ko at saka humigop ng kaunting kape. “You better hurry up because I need to go somewhere.”


Ngumisi si Leslie. “Kilala mo na talaga ko, girl. Gusto lang naman kitang kamustahin…” Hinalo niya yung kape. “Balita ko… madaming fans ng Pepperoni Cheese ang bumabatikos sayo ngayon dahil dun sa article? But I believe that you weren’t the one who wrote that sh*t.”

“Talaga.” Kumunot yung noo ko. “Screw that sh*tty writer. Sinisiraan niya ang isang Sarah Vernon? Hindi niya alam kung sino ang kinakalaban niya.”

“You’re right about that girl. *And* I also know that you wouldn’t do it because of Rio.” Leslie

Biglang kumabog ng malakas yung dibdib ko at montik ko nang mabitawan yung hawak kong tasa.

Ugh… I hate this feeling. Hindi ko makontrol ang sarili ko.




"You're blushing, girl. Ibig sabihin totoo ngang ibinalik mo na yung pagmamahal niya after three years." Leslie, at saka ngumiti ng parang nang-aasar.

Tinaasan ko siya ng kilay. "At san mo naman narinig yung tungkol sa bagay na yan?"

"Sikat si Rio, girl. It's a viral news." Humigop si Leslie at saka ibinaba yung tasa sa may coffee table. "Girl, can I use your CR for a bit?"


"Yeah. Sure. Kumaliwa ka lang sa may corridor," I said lazily.

"Thanks." Tumayo na si Leslie at saka pumunta sa CR.

After several minutes, tumingin na ko sa wall clock. Bakit ang tagal namang mag-CR nun? Lumamig na ata yung kape niya.

Tumayo ako at pinuntahan siya sa CR.

*tok tok tok*




"Les? Ang tagal mo naman dyan!"

"Ah, wait lang girl… I'm changing." Leslie

"Ha? Anong changing?"

Bumukas yung pintuan.

"Ano bang ginawa mo at napakatagal mo sa loob?"


Yumuko ng kaunti si Leslie para bumulong. "Girl's day." Tapos tumawa siya.

UGH… ( - __ - )

"Kailangan ko nang umalis, Les. Magkikita kami ng PC sa may kanto. Pupuntahan namin yung stupid ex-boss ko."

"Really? Bakit hindi mo nalang sila papuntahin dito?" Leslie

"It will create another damn issue, Les. Baka mamaya may paparazzi dyan sa ibaba ng building."




"Ah, sabagay. You got a point… I'll go with you." Leslie

Nagulat ako sa sinabi niya. "What?"

"I said I'll go with you… Ano ka ba, girl! Gyera tong papasukin mo! Kaya dapat kasama ako noh! Para saan ba at BFF's tayo?" Leslie


"You're out of your mind, Les. It's my business and not yours."

"No. I'll go with you," pagmamatigas ni Leslie.

Inikot ko yung mata ko at nagbuntung-hininga. "Fine. But promise me you won't do anything stupid. Behave, okay?"

Itinaas niya yung kamay niya at saka ngumiti. "Promise!"

Dahil dun sa ginawa niya…




I found myself smiling, too.

*********** **At the company**

"What?" sigaw ko sa guard. "What the hell are you saying?! Bakit ayaw makipag-usap sakin ni Mr. Lozada?!"

"Sarah." Hinawakan ako sa balikat ni Rio.

"Importante po ang pakay namin dito," pagdadahilan ni Justin.


"Pasensya na po pero sumusunod lang po kami sa utos." Guard

"This is bullsh*t!" galit na sabi ko. "Papasukin niyo ko and I need to tak to that jerk!"

"Ma'am wag po kayong magskandalo dito." Guard

"Sarah, enough." Rio

“Hindi! Sinisiraan niya ko tapos ngayong haharapin ko na siya saka mababahag ang buntot niya? Isa siyang malaking DUWAG!”




“Sarah, stop! May reporters na paparating!” Kevin

Kahit na nakasalamin sina Justin, Rio at Kevin, hindi pa din maipagkakaila na sila ang sikat na sikat na miyembro ng Pepperoni Cheese. Hindi kasama si Jessie ngayon kasi ang sabi ni Kevin binantayan daw si Luna sa apartment nila ni Steff. May lagnat daw kasi siya…

*CLICK!*


*FLASH!*

“Ano po ang masasabi niyo tungkol sa article?” Reporter #1

“Nandito po ba kayo para kausapin ang chief publisher?” Reporter #2

“Bakit nyo po kasama si Ms. Vernon?” Reporter #3

“Totoo po bang wala na ang Pepperoni Cheese?” Reporter #4




Nabingi ako sa mga katanungan ng napakaraming reporters. Nagkasiksikan ang mga tao habang papunta kami sa shuttle ng Pepperoni Cheese.

Mabuti nalang at pinigilan ng mga PA at guard yung mga reporters kaya hindi masyadong nagkagulo.

*blag*

Sumarado na yung pintuan ng shuttle.


Nakahinga na kami ng maluwag.

“Haaaayyy! Ang gulo sa labas!” Kevin

“Yung nailpolish ko natanggal yata! Ah! Sh*t!” Leslie

“Fvck that old moron,” mahinang sabi ko habang nakasibangot.

Naramdaman kong hinawakan ni Rio yung kamay ko.




Napatingin ako sa kanya.

"Magiging ayos din ang lahat, Sarah. Lalabas din ang katotohanan." Rio

Ngayon lang ako naging ganitong ka-thankful sa buong buhay ko.

Nakakainis mang aminin… Pero nagpapasalamat ako na narito si Rio sa tabi ko ngayon.

Kaya imbis na alisin ko ang kamay ko mula sa pagkakahawak niya…

I held him back.

**Chapter 63**

**Luna**

Unti-unting dumilat yung mga mata ko.

Hinipo ko yung noo ko. May nakalagay na bimpo doon. Inalis ko yon at saka inihilamos yung dalwang kamay sa mukha para gisingin pa yung sarili ko.

Noong lumingon ako sa kanan…

Nakita ko si Jessie.

Nakaupo sa isang silya at nakadukdok sa gilid ng kama ko.


Magkahalong saya at pag-aalala yung naramdaman ko. Masaya dahil binantayan ako ni Jessie habang may sakit ako, pero nag-aalala ako kasi bukod sa pagod mula sa trabaho at sa dami ng alalahanin niya, dumagdag pa ko sa mga problema niya.

Hinawakan ko yung buhok niya.

Di nagtagal, naramdaman ko yung paggalaw ng ulo niya.

Tumingin siya sakin. “Honey ko?” Halata sa mga mata niya yung puyat at pagod. Tumayo siya at umupo sa gilid ng kama ko.

"Okay ka na ba? Ano nang nararamdaman mo?" Hinipo niya yung noo ko, yung pisngi ko, at pati yung leeg ko. Tinitingnan niya kung mainit pa ko.




"Okay na ko Jessie."

"Teka, tuyo na yung bimpo mo. Babasain ko lang." Kinuha niya yung bimpo mula sa kamay ko at pumunta sa may study table kung saan nakalagay ang isang palanggana na may lamang tubig. "Sabi kasi ni Steff huwag kong hahayaang matuyo yung bimpo. Nakakainis, nakatulog pala ko."

Nakatingin lang ako sa kanya habang kumikilos siya. Para siyang si Mama twing may sakit ako. Nakabantay lang sa tabi ko hanggang sa gumaling ako.

Lumakad na siya pabalik sa akin at ipinatong yung basang bimpo sa noo ko. Ang lamig nung tubig, ramdam ko yung paglabas ng init mula sa noo ko.

"Gusto mong kumain?" tanong sakin ni Jessie habang nakaupo sa gilid ng kama ko. "Dapat kumain ka ng marami honey ko, para gumaling ka kaagad. Masyado mo kong pinag-alala kagabi. Ang taas ng lagnat mo."

"Salamat, Jessie ah?" sabi ko habang nakangiti ng manipis.

Hinawakan ni Jessie yung kamay ko. "I'll do anything for you honey ko."

"I love you… until tomorrow."

Ngumiti siya. "I remember that." (**a/n:** Chapter 48 in My Drummer Boy)

Ngumiti din ako. "Kasi…"

Piniga niya ng mahina yung kamay ko. "…Hindi naman nauubos ang bukas."


Nakakatuwa naman. Sa palagay ko, bumalik na yung alaala ni Jessie. Bawat araw, mas nagiging malinaw sa kanya ang lahat ng nakaraan namin.

*Kring kring kring*

Kinuha ni Jessie yung cellphone sa bulsa ng pantalon niya.

"Hello?" sagot niya sa tawag.

“Nandito ko sa apartment… Oo, kasama ko siya ngayon... Ha? Bakit?... Tungkol saan ba?... Ah, sige.” Nakikinig ako kay Jessie habang nakikipag-usap sa cellphone.




“Honey ko,” tawag sakin ni Jessie. “Kakausapin ko lang si Kevin sa labas. Magpahinga ka na muna.”

Tumango nalang ako. Tumayo na siya at tumungo sa may pintuan. Lumabas na siya ng kwarto.

Naghintay ako.


Hindi ko marinig yung pinag-uusapan nila ni Kevin mula dito.

Maya-maya lang, bumukas na ulit yung pintuan. Pumasok si Jessie ng may kakaibang emosyon sa mukha niya.

“Bakit?” tanong ko kaagad.

“Pupunta ako sa condo ni Kevin, honey ko. Nandito naman si Steff sa apartment,” sabi ni Jessie at nagsimula nang ayusin yung polo niya.

“Ha? Bakit? Ano bang nangyari?” Umupo ako. Nalaglag yung bimpo mula sa noo ko at parang nakaramdam ako ng hilo at pagsusuka.




“Honey ko! Hwag ka munang bumangon. Baka mabinat ka.” Agad na pumunta si Jessie sa tabi ko.

Hindi ko nalang inisip yung hilo na nararamdaman ko at tumingin ako ng diretso sa mga mata niya. “Bakit muna, Jessie? May nangyari na naman ba?”

“Sasabihin ko nalang sayo sa susunod, hwag ka munang mag-isip ng kung anu-ano–” Jessie


“Hindi, Jessie. Sabihin mo na. Dahil mas lalo kong iisipin kung ano ba yung bagay na bumabagabag sayo,” pagmamatigas ko.

Huminga ng malalim si Jessie at napailing ng kaunti.

“Okay,” sabi niya at tumingin ng diretso sa mga mata ko. “May kumakalat na scandalous photos tungkol sakin.”

*********** After 1 hour…**

Nasa floor na ako ng condo ni Kevin.




Naglalakad ako sa corridor noong bigla akong makarinig ng ingay.

Bigla akong naalarma. Binilisan ko yung lakad. Noong pihitin ko yung doorknob ng condo ni Kevin, nagulat ako at bumukas yung pintuan. Bakit kaya hindi naka-lock to?

Pero mas nagulat ako noong makita kong nagsisigawan si Kevin at Rio.


"WAG KA NANG MAGBULAG-BULAGAN PARE! KITANG-KITA MO KUNG SINO ANG NASA PICTURE! SINISIRAAN NIYA SI JESSIE!" Kevin

"WALA AKONG PAKIALAM SA LECHENG PICTURE NA YAN! HINDI MAGAGAWA NI SARAH ANG BAGAY NA TO!" Rio

"ANO BA! TUMIGIL NA NGA KAYO!" Nakapagitna si Justin sa kanilang dalawa.

"Teka, ano bang nangyayari dito?!" Agad akong pumunta sa kanila.

"Ito!" May ibinagsak na dyaryo si Kevin sa coffee table. Itinuro niya yung picture sa dyaryo. "Yung mga lintek na picture na yan ang ikasisira mo Jessie! Sinisiraan ka ni Sarah!"




Kinuha ko yung dyaryo.

Nanlaki yung mga mata ko.

Sa isang side ng dyaryo, nakalagay don ang picture namin ni Luna. Hinahalikan ko siya sa labi. Natatandaan ko yung picture na to, ito ay noong sinamahan ko siyang matulog noong isang gabi at nagpapaalam ako sa kanya sa picture na to. Sigurado ako dahil nasa may gate kami dito.

***"Is Jessie Wright dating Justin Cuevo's Ex-GF?"*** Yan ang nakalagay sa itaas ng picture. Who the hell took this picture?! Paniguradong gulo na naman to…

Pero mas nagulat ako sa nakita ko sa kabilang side.

Para akong naputulan ng dila…

Dahil sa tatlong pictures na to na iba't iba ang anggulo, kitang-kita na nasa bar ako at…

Kahalikan si Sarah.

"Idedeny mo pa ba, Sarah? Kitang-kitang ikaw yung nasa picture na yan!" Kevin

"I'm not denying it! But that photo was taken THREE DAMN YEARS AGO at nasa cellphone ko lang yan! Kaya hindi ko alam kung paano napunta yan sa kamay ng paparazzi!" pagdadahilan ni Sarah. (**a/n:** Chapter 53 in My Drummer Boy)


Tumawa si Kevin. "Oh come on, Sarah! Kung nasa cellphone mo lang pala yung picture na yan at walang kahit na anong duplication, sa tingin mo, paano kaya mapupunta yung mga picture na yan sa dyaryo? Ah, alam ko na! Baka lumakad yung cellphone mo at kusang pumunta sa paparazzi!"

"KEVIN!" banta ni Rio. "Stop that sarcasm. Walang kasalanan si Sarah!"

Nagbuntung-hininga si Kevin. "Heto na naman po tayo." At saka umiling. "Hindi ka man lang ba nagseselos at nakikipaghalikan sa ibang lalaki yung girlfriend mo?!"

"Wala akong dapat ipagselos dahil matagal nang tapos yung namamagitan sa kanila ni Jessie." Rio

"God, Rio Lee. You're not seeing the point of this whole thing kasi nabubulagan ka sa pagmamahal mo para sa babaeng yan!" sigaw ni Kevin. "Masisira si Jessie sa publiko. Si Jessie na KAIBIGAN mo! At simula palang, magaspang na talaga yung ugali nyang Sarah na yan!"




"Ano ba! Tigilan niyo na ngang dalawa yan!" sabi ni Justin.

Pagkatapos ng ilang sandali, nagulat ako noong biglang magsalita si Rio.

"Tama ka," mababang sabi niya. "Kaibigan ko si Jessie… Pero MAHAL ko si SARAH. At alam kong hindi siya ang may gawa nito at maging noong article laban sa Pepperoni Cheese."


Kinuha ni Rio yung kamay ni Sarah at saka siya hinatak papunta ng pintuan.

"Magwo-walkout kayo? Bakit? Hindi niyo na kayang pagtakpan pa yung ginawa ni Sarah? Sige, umalis na kayo nyang babae na yan at huwag na kayong babalik pa dito!" sabi ni Kevin.

Huminto si Rio at lumingon kay Kevin. "Wala akong dapat pagtakpan dahil walang kasalanan si Sarah. At wag ka ding mag-alala Kevin… Hindi na talaga ko babalik pa dito. Dahil simula sa araw na to… Hindi na ko myembro ng Pepperoni Cheese."

*BLAG!*

Sumarado na yung pintuan ng condo at naiwan kaming tatlo na gulat at tahimik sa loob.




"SH*T!" Sinipa ni Kevin yung upuan at naihilamos nalang yung parehong kamay sa mukha niya.

**Chapter 64**

**Luna**

Nagising ako ng dahil sa malakas na hiyawan.

Kahit na mainit pa rin ang pakiramdam ko at medyo nahihilo pa ko, pinilit kong tumayo.


Nakasuot ako ng pajamas at jacket kasi medyo giniginaw pa ako.

Lumabas ako sa kwarto at bumaba sa hagdan.

Mas lumakas ang hiyawan.

"Sis," tawag ko kay Steff.

Inalis niya yung tingin niya sa may bintana at parang kinakabahang tumingin sa direksyon ko.




"Sis! Bakit bumangon ka sa kama? Baka mabinat ka!" Pumunta si Steff sa harapan ko.

"Sino ba yung sumisigaw sa labas?"

"Uhm, y-yung fansclub lang ng PC… W-Wag mo na silang pansinin, hinahanap lang nila yung PC, hehe, alam mo naman kapag fans di ba?" Steff

"Teka titingnan ko…"


Humarang si Steff sa daan ko. "Wag na sis! Magpahinga ka nalang!"

Lumiit ng kaunti yung mga mata ko.

Parang may ayaw saking ipakita si Steff…

"Titingnan ko lang naman e." Hinawi ko si Steff at tuluyan nang lumakad papunta sa may bintana.

"SIS!" Steff




Noong makapunta na ko sa may bintana, nagulat ako sa dami ng taong nasa harapan ng apartment. May mga dala silang banner kung saan nakasulat ang mga salitang "Pepperoni Cheese", "Luna Reyes", "Sarah Vernon" at kung ano-ano pa.

"Nakakahiya ka Luna Reyes! Sinisira mo si Jessie Wright!"

"Magsama kayo ni Sarah Vernon! Parehas nyong sinisira si Jessie!"

"Wala kang kwenta Luna Reyes! Niloko mo lang si Justin!"

"Kayo ang may kasalanan kung bakit nagkawatak-watak na ang Pepperoni Cheese!"

Nanigas ako sa kinatatayuan ko ng dahil sa sinisigaw ng mga tao.

Pero mas lalo akong nagulat sa huling sinabi na yon.

Wala na ang… Pepperoni Cheese?

“S-Sis.” Hinawakan ni Steff ang magkabilang braso ko.

“Dahil ba to sa mga picture na sinasabi ni Jessie? Nasa dyaryo na ba yung mga picture na yon?” mahinang tanong ko.

“O-Oo sis. Nasa dyaryo na yung mga pictures. Kaninang umaga lang.” Steff


Napaupo ako sa sahig. Parang biglang nanlambot yung tuhod ko.

“Sis!” Lumuhod si Steff. “Ayos ka lang ba? Sabi na sayo’t magpahinga ka nalang muna!”

“K-Kasalanan ko to sis… Kung hindi lang sana ako bumalik, h-hindi naman magkakagulo ng ganito e. Hindi na magugulo pa ang buhay ni Jessie. Nasa tahimik na sila ni Kat noon at masaya sila… Wala ako sa buhay nila noon… Pero nung dumating ako…” Napayuko ako. “Kasalanan ko to sis. Nang dahil sakin, nasira si Jessie sa mga tao.” Biglang may pumatak na luha mula sa mata ko.

“Hindi sis, wala kang kasalanan. Nasa showbiz ang PC, kaya… Madaming naiinggit sa kanila at gusto silang pabagsakin. Hindi ako naniniwalang ikaw o kaya si Sarah ang dahilan kung bakit nagkakaganito ang mga sitwasyon ngayon,” sabi ni Steff. “Saka wag ka nang mag-alala sis. Tumawag na ko ng pulis. Nandito na sila pamaya-maya para paalisin yung mga walang kwentang fans sa labas.”

“Salamat, sis.” Ngumiti ako ng manipis kay Steff at pinunasan yung luha sa pisngi ko.




“Ay, malapit na yung Pasko sis,” nakangiting sabi sakin ni Steff. “Kailangan bongga yung regalo ko kay babe! Samahan mo kong mag-shopping ah? Ay oo nga pala, balita ko may Meteor Shower sa Christmas Eve!”

Ay oo nga. Malapit na nga pala yung Pasko. Tsk. Pati Pasko montik ko pang makalimutan ng dahil sa sobrang daming problemang dumadating ngayon.

Inalalayan ako ni Steff habang tumatayo ako. Inilapit ko pa yung jacket sa katawan ko.


“Sure sis. Bibili din ako ng regalo para kay Jessie,” sabi ko sa kanya.

***Jessie’s POV***

Nakasakay ako ngayon sa sasakyan ni Kevin. Kasama namin si Justin at papunta kami sa IVF Entertainment.

Hindi namin ginamit yung shuttle van namin dahil kilala na yon ng mga tao. Hangga’t maaari ay umiiwas kami sa media.

“Sigurado ka bang nandon si Mr. Dela Torre?” tanong ko kay Kevin.




“Oo. Sabi nung PA ko nakita daw niya yung matandang panget na yun sa IVF,” sagot ni Kevin habang nagmamaneho.

Maya-maya lang, huminto yung kotse sa isang gasolinahan. “Sandali lang mga pare, bibili lang ako ng langis para sa kotse.” Isinuot ni Kevin yung shades niya at itinalukbong yung hood ng jacket sa ulo.

Naiwan kami ni Justin sa loob ng kotse. Nakaupo ako sa may passenger’s seat habang siya ay nakaupo naman sa back seat.


*Silence*

“Jessie.” Justin

“Hmm?” sabi ko ng hindi lumilingon sa likod.

“Yung tungkol sa picture nyo ni Sarah…” Justin

“Hindi ko alam na may picture kami ni Sarah. Pero… Nangyari talaga yon three years ago,” sabi ko.




“I believe you.” Justin

At dun na ako napalingon sa kanya. Tinitigan ako ni Justin. “Alam kong... hindi mo intensyon na halikan si Sarah.”


“Justin…” Medyo napanganga ako dahil hindi ko ineexpect na sasabihin sakin ni Justin ang bagay na to. Ang akala ko’y magagalit pa siya sakin dahil may hinalikan akong ibang babae maliban kay Luna.

“Alam ko kung gaano mo kamahal si Luna. At alam ko din na… Hindi mo magagawa yon ng walang mabigat na dahilan.” Justin

Tumango ako. “Salamat sa pag-intindi… Pare.” Iniabot ko yung kamay ko.

Ngumiti si Justin at saka kinuha yung kamay ko. “Walang anuman, pare.”

“Hanga ako sayo Justin… Hindi ko kayang… Tapatan ang sakripisyo mo.”




Natawa ng mahina si Justin at napakamot sa ulo. “Siguro, ganito nga talaga ako katindi magmahal… Kaya ikaw, Jess, dapat gawin mo rin to kay Luna. Magsakripisyo ka para sa ikasasaya nya. Malay mo, balang araw, bumalik siya sakin.”

Parehas kaming natawa sa sinabi niya.

“I’ll keep that in mind,” nakangiting sabi ko sa kanya.

Alam kong parang babala nya yon sa akin…


Na huwag na huwag kong sasaktan at iiwan si Luna.

Dahil lagi lang siyang nandyan para sumalo sa kanya.

Bumukas yung pintuan ng kotse at pumasok si Kevin.

“Haaayyy! Montik na kong makilala nung cashier!” Tinanggal ni Kevin yung shades niya pati yung hood sa ulo niya. “Buti nalang at may kumausap sa kanya, kung hindi deadbol ako mga pare! May paparazzi na malapit sakin kanina!”

Tumawa si Justin at tinapik yung balikat ni Kevin. "Haha! Ganun talaga pare ang lahi ng mga poging katulad natin, maraming kamukha! Hahaha!"




Natawa kaming pareho ni Kevin.

************* Sa IVF Entertainment…**

Maraming reporters at fans sa harapan ng building ng IVF.

Napagpasyahan naming tatlo na dumaan nalang sa back door.


Noong nasa loob na kami, sinabi sa amin nung babae sa front desk na may meeting si Mr. President with our manager.

Nagpasalamat kami at sumakay na ng elevator.

Sigurado akong nasa pinakamataas na floor ng building si Mr. Dela Torre ngayon dahil doon lagi ginaganap ang meeting.

Pero noong nandoon na kami…

"I'm sorry, pero wala pong pwedeng pumasok. On-going pa po yung meeting," sabi nung sekretarya.




"Kahit sandali lang, Miss. Kailangan lang namin makausap yung manager namin." Kevin

Nakakainis mang sabihin pero nandito kami ngayon para humingi ng permiso sa manager namin. Balak kasi naming magpa-pressconference para naman marinig yung side ng Pepperoni Cheese. Pero hindi matutupad yon hangga't walang pahintulot at pirma ni Mr. Dela Torre.

"I can't do that, Mr. Perillo. I'm sorry." Secretary


"Ano na ba pinag-uusapan nila?" bulong sakin ni Justin.

"Hindi ko alam pero mukhang nakikiusap pa rin si Kevin."

Nagtatago kami ni Justin ngayon sa may pintuan. Alam kasi naming hindi niya kami papapasukin kaya naman nagplano kami.

"Please do this for me. Please?" Ngumiti si Kevin at pinalamlam ang mga mata.

Parang nakita kong nag-blush yung babae at saka yumuko.




"S-Sorry po. Pero hindi po talaga pwede." Secretary

Umiling si Kevin. "Tsk. Okay. Pero, pwede bang…….."

Patuloy lang sa pakikipag-usap si Kevin. Maya-maya lang, yumuko yung babae at mukhang may isinusulat.

Sumenyas yung kamay ni Kevin sa likuran niya.

"Tara na," sabi ko kay Justin at unti-unting binuksan yung pintuan.

Lumipat ng pwesto si Kevin sa may desk para takpan yung pagbukas ng pinto.

Nililibang nya yung secretary.

Dahan-dahan kaming lumakad, lumuhod, at gumapang ni Justin.

Maya-maya lang, nakapasok na kami sa kabilang pintuan.

Nagbuntung-hininga si Justin.

Nakahinga din ako ng maluwag.

"Nakalusot din," sabi ni Justin.

Tumayo kaming pareho at naglakad sa isang pasilyo.

Nakita namin yung pintuan na may nakalagay na placard.


*'Meeting is going on'* yan ang nakalagay sa placard.

Idinikit namin ni Justin yung tenga namin sa may pintuan.

Nakarinig ako ng tawanan mula sa loob.

Boses ni Mr. Dela Torre at ng isa pang hindi pamilyar na tinig.

"Ano nang balak nyo?" Boses ni Mr. President yon…




"Balak sana namin na ilabas si Luna Reyes sa publiko. Pipilitin namin siyang umattend ng press conference. We'll ask her odd questions at hahanapan namin siya ng butas para lalong uminit ang issue sa kanila ni Jessie." Mr. Dela Torre

Tumikom yung kamao ko. Hindi nila pwedeng idamay si Luna.

HINDI AKO PAPAYAG.

"Siguradong aangat ang Sci-Borg dahil papalubog na ang Pepperoni Cheese. We can assure big profit from this situation, Mr. Dela Torre," sabi nung lalaking hindi pamilyar ang boses sakin.

Plano nilang pabagsakin kami at pasikatin ang karibal na banda namin?! To hell with them! Kaya pala noong una palang, hindi na maganda ang palagay ko kay Mr. Dela Torre. He must've been a spy.

To the entertainment at pati na din sa Pepperoni Cheese.

"You're right, MR. LOZADA." Mr. Dela Torre

Nagkatinginan kami ni Justin.

Magkakampi sina Mr. Dela Torre at Mr. Lozada?

"And thanks to these two beautiful young ladies for the pictures. Kung hindi dahil sa kanila, hindi magiging successful ang planong ito." Mr. Lozada

"You're welcome, Dad. You know how much I hate that Jessie Wright," sabi ng isang babaeng pamilyar sakin ang tinig.


"We'll make him pay more, my dear TRIXIE." Mr. Lozada

Napanganga ako sa narinig ko.

Si Mr. Lozada… At ang Ex ko na si Trixie… Ay mag-ama?

"You're forgetting me. You owe me something big," may isa pang tinig ng babae ang narinig ko. "Kung hindi ako pumuslit sa kwarto nung babae na yon para kuhanin yung cellphone nya at ibluetooth ang pesteng picture na yan, none of these will happen. Buti nalang at nahanap ko kaagad yung cellphone nya at nakapunta na agad sa CR, kung hindi, I'm dead. And I have no choice but to strangle her."

Tumawa si Mr. Lozada. “Of course, of course. I owe you. Thank you for your effort, LESLIE.”




“Sh*t,” narinig kong sabi ni Justin.

“I want to see that damn Sarah Vernon fall. I waited for more than three years for this day to come.” Leslie

Hindi ako makapaniwala. Si Leslie… Na mismong bestfriend ni Sarah ang sumisira sa kanya? Pero bakit? Anong motibo niya?


“Thanks to Trixie, dahil siya ang nakapagsabi sa akin na may picture na ganon si Sarah.” Leslie

“I’m the one who took that picture. She instructed me to take her picture with Jessie para pagselosin si Luna. But I think she became too weak to show it to that poor girl.” Trixie

“Well yeah. And it’s because of her damn love with Rio Lee.” Leslie

“Mr. President,” sabi ni Mr. Dela Torre. “Thank you for your cooperation. Wag kang mag-alala dahil hindi na makakarating sa asawa mo yung pictures na may kasama kang ibang babae.”

“Blackmail,” sabi ni Justin. “Binlackmail nila si Mr. President.”




“HOY!!!”

Napalingon kami ni Justin doon sa pintuan na pinasukan namin.

Napanganga ako noong makita ko yung dalawang guard na hawak-hawak sa magkabilang braso si Kevin.

“BAWAL KAYO DITO!” sigaw nung isang guard.

*Click*

Napalingon kami ni Justin…

At gulat na nakipagtitigan sa mga taong kanina lang ay nag-uusap doon sa loob.

## Chapter 65

## Luna

"Sis," tawag sakin ni Steff. "Okay lang ba yung t-shirt na to? Bagay naman kay Babe di ba?"

Tiningnan ko yung t-shirt na may tatak na "Hottest Guitarist In Town".

"Hm… Oo, it looks cool," sabi ko.

Ngumiti ng malaki si Steff. "Hihi… Sigurado kong magugustuhan ni Babe to. Mayabang yun e…" ( ｡◠∀◠)~☆


Natawa ko sa sinabi ni Steff.

"Sige sis, magbabayad lang ako. Tumingin ka na ng regalo mo kay Jessie. Ay, teka…" Bumulong saki si Steff. "Yuko mo lang ulo mo ah? Baka may biglang sumabunot sayo."

Tumango ako at lumakad na palayo si Steff. Nakasuot ako ngayon ng shades at naka-lipstick ng makapal. Inayusan ako ni Steff in a way na hindi ako makikilala.

Ang hirap nang lumabas sa apartment ngayon. Simula noong kumalat yung issue dun sa pictures…

Naging mainit na ko sa mata ng fans ng PC…




Nag-ikot sa department store. Pero wala akong makitang pwedeng ipang-regalo kay Jessie.

Noong napagod na ko, umupo nalang ako sa may mga upuan don.

*beep beep*

Kinuha ko yung cellphone ko.

1

Message

Received

**From: Steff :P**


Sis, wer r u?

**RE:**

Ladies' shoes

*Message sent.*

Nagbuntung-hininga ako at saka tumingin nalang sa Gallery ng phone ko habang hinihintay si Steff.




Maya-maya lang…

"Sis, nakakita ka na ba?" sabi ni Steff.

Umiling ako. Umupo si Steff sa tabi ko. Pati nga pala siya naka-shades. Pamiyar na din kasi siya sa mga tao since sila ni Kevin.

"Eh pano yun? Dali pumili ka pa…" Steff

"Wala akong makita e…"


"Ayaw mo ba ng t-shirt?" Steff

Umiling ako. "Ayoko. Gusto ko yung kakaiba…"

"Ay grabe sis… Bigyan mo kaya si Jessie ng nagsasalitang palaka? Unique yon, wow." Steff (¬_¬)

"Grabe ah… Maraming salamat sa suggestion." ( = __ = )

“Ikaw naman kasi sis eh! Ang hartiiiii!” Steff




“Tss.. Oo na! Oo na! Maarte na kung maarte. Psh.” ( ‘ > 3< ) Gusto ko lang naman maging special yung gift ko kay Jessie e.

Ilang sandali pa ang lumipas ng bigla akong may mahagilap sa Gallery ng phone ko…

Napatingin ako sandali sa picture…

“TAMA!” sabi ko at bigla akong nabuhayan ng pag-asa. (   * 0 * )/*


“Ay? Baliw lang? Biglang tatayo at sisigaw?” Steff ( =__ =  “ )

Kinuha ko yung kamay ni Steff. “Tara sis, alam ko na kung ano ibibigay ko sa kanya.” Pagkatapos non, hinila ko siya palabas ng department store.

***Justin’s POV***

Tahimik kaming tatlo habang nakasakay sa kotse ni Kevin.

Akala ko kung ano na yung mangyayari samin kaninang tatlo nina Jessie noong mahuli kami nina Mr. President na nakikinig sa usapan nila.




Pero nagulat kami noong hinayaan lang nila kaming umalis na tatlo. Kasi ang sabi nila…

Wala naman din kaming magagawa. Bagsak na raw ang Pepperoni Cheese at mahihirapan kaming ibangon ulit yung banda namin. Dahil nga dun sa pictures ni Jessie at sa nag-leak na balitang may nabaril si Kevin, parang nag-iba na yung tingin sa amin ng mga tao.

Sabi nila, hindi daw kami magandang impluwensya sa kabataan.

"Magpa-presscon tayo," seryosong sabi ni Kevin habang nagmamaneho.

"Hindi ganon kadali yon," sabi ko naman.

"Magpa-presscon tayo. With or without our manager's signature." Kevin

"Ano naman sasabihin natin? Kailangan maging maingat tayo, Kevin."

"We'll say the truth. Wala naman talaga tayong kasalanan di ba?" Kevin

"Mahirap yan, pare. Hindi mo pwedeng sabihin agad sa public na si Mr. Dela Torre, Mr. Lozada at yung dati nating Entertainment ang may pakana ng lahat. Mabigat na kalaban yung mga taong yon," pagdadahilan si Jessie.

"I agree with Jessie," sabi ko. "Malaki ang impluwensya nila… Mahihirapan tayo kung kakalabanin natin sila."

Napabuntung-hininga si Kevin. "Eh anong balak niyong gawin? Tiisin yung mga ginagawa nila? Lalo tayong masisira kung mananahimik lang tayo mga pare! Kailangan nating ipagtanggol yung banda natin!"

Magsasalita pa sana ako pero biglang may tumunog na cellphone…


*kriing kriing kriing*

Kinuha ni Jessie yung cellphone niya sa bulsa ng pantalon niya. "Hello… Mom?"

Napatingin kaming dalawa ni Kevin kay Jessie.

"Yes… I'm with Justin and Kevin… What? Nasan kayo?... We're on our way home… But…" Nagbuntung-hininga si Jessie. "Tungkol saan ba, Mom?... Yes… OkaY, I'll be there shortly… Bye."

Tumingin sa amin si Jessie. “Nandito sina Mommy.”




“Ha? Saan?” tanong ko.

“Nasa isang restaurant… Mag-uusap daw kami.” Jessie

“Uh-oh… Mukhang problema to ah,” sabi ni Kevin at napailing.

“I know. Mukhang alam na niya yung issue.” Jessie


“Ihahatid ka namin. Then we’ll wait for you outside.”

“Are you sure? Baka matagalan ako.” Jessie

“Okay lang, pare. Back-up mo kami.” Kininditan ni Kevin si Jessie.

Ngumiti si Jessie. “Thanks…”

************* After 30 minutes…**




“Hindi mo ba sila nakikita, pare?” tanong ni Kevin.

Sumilip ako sa bintana pero hindi ko talaga sila makita sa loob ng resto kahit na puro glass yon.

“Hindi e. Baka nasa private dining room sila. High-class yung restaurant na to e,” sabi ko.

Inihiga ni Kevin yung sandalan ng driver’s seat niya. “May pupuntahan pa tayo mamaya, Jhuzt.”

“Saan?”

“I need to talk to Rio. Kailangan kong… Humingi ng sorry,” sabi ni Kevin habang nakatingin sa kisame ng kotse.

Nangiti ako. “Wow. Si Kevin Perillo, hihingi ng sorry? That’s so gay,” pang-aasar ko sa kanya.

Natawa si Kevin. “Haha loko ka, pare… Dapat lang naman akong mag-sorry e. Saka kailangan mabuo ulit ang Pepperoni Cheese… Dahil tayo-tayo nalang din ang magkakakampi.”

Tama si Kevin. Masyadong maraming problema na ang dumadating sa amin. Tapos ngayon pa kami magkakawatak-watak?

Naghintay pa kami ng ilang minuto doon sa kotse…

“Uy, si Jessie na yon di ba?” May itinuro si Kevin sa may restaurant.

Lumingon ako. Nakita ko si Jessie na papalabas na ng restaurant.


Ibinalik na ni Kevin yung sandalan ng upuan niya.

Bumukas yung passenger’s seat at pumasok na si Jessie sa loob ng kotse. Inalis niya yung shades niya.

“Ano nangyari pare?” tanong ni Kevin.

Tumingin lang si Jessie sa amin. Sa itsura ng mukha niya na nakakunot ang noo, masasabi ko na hindi maganda ang naging pag-uusap nila ng parents niya.

"Nagalit ba?" tanong ulit ni Kevin.




"My mom's pretty mad," sabi ni Jessie.

Sabi na eh… Iba kasi yung ugali ng mommy ni Jessie. Gusto niya lahat ng gusto niya nasusunod and she's a tough opponent in business, as well as his Dad.

"December 24 bukas di ba?" tanong ni Jessie.

Tumango ako. "Oo, bakit?"

Tumingin si Jessie sa daan. Parang may malalim siyang iniisip. Pero nagulat ako noong sabihin niyang…


"Magpapa-pressconference tayo. 3 PM. *Sharp*." Jessie

**Chapter 66**

**Luna**

*Yaaaaaaaawwwnnnn* (つд￣)

“Haist! Kagagaling lang kasi sa sakit, nagpuyat pa kagabi! Tsk! Kumain ka na nga. Kanina ka pa hikab ng hikab dyan!” Steff




“Haiiiiiii….” （￣. ￣）ง (**a/n:** “hai” means yes.)

“Nye? Anyare sayo? Japanese ang peg?? Hahaha! Dali lafang na sis! May pasalu-saludo ka pa ah.” Steff

Kinuha ko yung kutsara at sumubo ng coco crunch. Oo tama, coco crunch lang kinakain ko ngayon. Ayokong kumain ng kanin. Wala pa kong gana. ( = __ = )


Kaso inaantok ako e. Huhuhuhu… ( TT ^ TT )

*blag*

“AYYY!!! Uy sis ano ba! Bumangon ka nga dyan!” Itinaas ni Steff yung ulo ko. “Huuuy!” Tinapik tapik niya yung pisngi ko.

(￣.￣) *Tapik. Tapik.*

*BLAG!*




"ARAYKUPO!!!" Napahawak ako sa likod ng ulo ko. "BAKIT MO KO BINATUKAN HA?!?!" o(≧o≦)o

"E kasi naman po ayaw nyong gumising! Kanina pa kita tinatapik noh!" Umupo si Steff sa upuan niya at humalukipkip.

"Tss. Tinapos ko lang naman yung pagtatahi dun sa damit nung stuff toy e." ( TT 3 TT )

"Ang arte-arte kasi, ayaw magpatulong. Naglamay ka tuloy dun hanggang madaling-araw!" Steff ( > __ < )

"Gusto ko kasi ako talaga yung gumawa. Para special di ba? Hihihihi…" *( ^ 0 ^ )*


"Whatever." Steff

Ay, ang buset. ( > . < )

"Umalis nga pala si Casey." Steff

"Ha? San pumunta yun?" sabi ko at saka sumubo ng coco crunch.

Chomp. Ang saraaaaap. ( * 0 * )




"Dun sa Grand Commitment?" Steff

"Grand Commitment? Ano yun?"

Nagkibit-balikat si Steff. "Aba ewan. Basta party daw yun."

"Ah, ganun ba…."

"AY!" Hinampas ni Steff yung kamay niya sa table.

Waaaahhh! Yung kawawang coco crunch ko tumapon… ( TT 0 TT )

"Sabi nga pala ni Jessie tawagan ko siya pag gising ka na!" Steff

"Ha? Bakit? ( O . o )?

"Ewan. Sabi nya tawagan ko siya e." Steff ( = ___ = ) Kinuha niya yung cellphone niya at saka idinial yung number ni Jessie.

“Uy Jess! … Oo, gising na si sis… Bakit daw ba?.... Ah….” Tumingin sakin si Steff at saka ngumiti. “Okay, sige… Pupunta na kami dyan.” *toot*




“Bakit daw sis?”

“Gusto daw niyang icelebrate yung Christmas Eve kasama ka.” Steff ( * w * )

*blush* ( . //// . )

“Uy si sis nag-blush! HAHAHAHHAA!” Steff

Sumibangot ako. “Eeeeeehhhh… Sis naman eeee…” ( > /// < )

“HAHA! Tara na nga sis magbihis ka na. Punta daw tayo sa condo nya, ngayon na.” Steff


Eh? Condo? Hindi pa ko nakakapunta sa condo ni Jessie. ( * 0 * )

“Well, actually, it’s a penthouse pala. Hihi.” Steff

WAAAAHHH! Penthouse! Rooftop! Malamig dun. ( * u * )

************** **Sa Penthouse…**

Habang naglalakad kami sa corridors ng building kung saan makikita yung penthouse ni Jessie, nagtaka ako. Kasi walang sumasabunot sakin na fangirls ng PC. ( 0 __ 0 )




Nakita namin yung Official Fansclub ng PC, ang *PC Friends*, sa may front desk sa lobby pero tumingin lang sila sakin saglit, nagbulungan at saka umiwas na ng tingin. Holo. Anyare? Bakit parang ang bilis kumupas ng issue? ( 0 __ 0 )? Pero I’m thankful kasi mapapanatag na ko.

*ding dong*

Nagdoorbell si Steff tapat ng penthouse ni Jessie.

Maya-maya lang, bumukas na yung pintuan at pinapasok na kami ni Jessie.

“Hi honey ko,” nakangiting bati sakin ni Jessie habang pumapasok ako.

“Uy.” Ay tae ano bang bati yan Luna Reyes! ( > /// < ) Ngayon ka pa nahiya ampupu… Ang gwapo nya kasi ngayon e, mukhang bagong ligo at nakasuot ng polo shirt. ( _ /// _ )

“Kumain na ba kayo?” tanong ni Jessie.

“Ah oo, kakakain lang namin,” sagot naman ni Steff. “Wait lang Jess ah. Dapat bang nandito ako? Di ba date nyo tong dalawa ni sis?”

"Nope, ayos lang. Aalis na din kasi ako pamaya-maya e. May pressconference kaming apat mamayang 3 PM." Jessie

Ayy… Akala ko pa naman whole day kong makakasama si Jessie. Asar. ( > 3 < )

"So you'll speak up na?" Steff

Tumango si Jessie. "Yes." Hinawakan ni Jessie yung kamay ko. "Tara honey ko, dun tayo sa balcony."

Hinila ako ni Jessie. Binuksan niya yung glass door papunta dun sa balcony at…


WAAAAAHHH!!! Agad akong tumakbo papunta dun sa may railing. Parang kumikislap yung mga mata ko sa nakikita ko.

"Ang ganda nung dagat!!!" parang batang sabi ko.

Kahit na malayo yung dagat sa amin, kitang-kita ko siya dahil sobrang taas ng kinalalagyan ko ngayon. Parang tuldok lang yung mga tao sa ibaba! Buti nalang at wala akong fear of heights.. ( * u * )

"You like it here?" sabi ni Jessie sa tabi ko.

Ngumiti ako sa kanya ng malapad at saka tumango. “Oo, ang ganda pala dito. Saka ang lamig pa.”




“Guys, tatawagan ko lang si babe,” sabi ni Steff.

“Sige sis.”

Umalis na si Steff sa balcony. “Tara higa tayo,” alok ni Jessie. Humiga kami ni Jessie dun sa upuan na parang pam-beach. Di ko alam yung tawag dun e. Bobo -___-

Nakaharap pa rin kami sa may dagat. Ang ganda talaga… ( * U * )

“Honey ko.” Jessie


“Hmm?”

“Nandito daw yung PC Friends sa ibaba. Hindi ka naman ba nila sinaktan?” Jessie

“Ah oo, nakita nga namin ni sis. Hmm, hindi. Nagulat nga ako e. Ibig-ibig ko na sanang magtago pero nagulat ako kasi hindi nila ko kinuyog. Akala ko makakalbo ako ng di oras e.” ( = ___ = )

“Ah, that’s good. Kinausap na kasi namin sila. Sabi namin…. Huwag kayong idamay ni Sarah sa issue.” Jessie

"Ah… Eh ano naman yung balak nyong sabihin sa presscon mamaya?" tanong ko.




Nag-shrug siya. "Kung ano yung totoo?"

"Eh ano ba yung totoo?"

Tumingin sakin si Jessie… At saka ngumiti. "You'll find out later."

Eh? Pasuspense ang drama? ( > . < )

"Pero kung gusto mo ipapacancel na namin yung presscon mamaya?" Jessie


Napatingin ako kay Jessie. "Nye, bakit?"

"Wala lang. Trip? HAHAHAHAHA!" Jessie XD

Ay adik hahaha.

"Haha loko ka. Wag nyong ipacancel. Time nyo na para ipaliwanag yung side nyo. Saka sana…. Dun sa gagawing nyong presscon na yan… matigil na yung mga issue…"

Umalis mula sa pagkakasandal si Jessie sa upuan.




Tiningnan ko siya ng ilang sandali. Anyare sa kanya? Umalis na din ako mula sa pagkakasandal. Tinitigan ko siya. Nakayuko si Jessie, parang may malalim na iniisip.

"Uy, bakit?"


Lumingon siya sakin… at saka ngumiti. "Wala haha!"

"Tss! Akala ko naman kung napano ka." *pouts* ( > 3 < )

"Pero honey ko… Magiging masaya ka ba kapag naging maayos na ang lahat?" tanong ni Jessie habang nakatitig sakin.

"Oo naman! Ano bang klaseng tanong yan?" matawa-tawang sabi ko sa kanya. "Nalungkot talaga ako ng sobra noong nalaman kong… nabuwag na yung PC." Itinaas ko yung parehong paa ko at inakap yung tuhod ko.

"Bigla kong nafeel na, parang ako yung may kasalanan ng lahat. Simula kasi nung dumating ako, nagkagulo-gulo na yung buhay nyo. Nagbreak kayo ni Kat, nasaktan ko si Justin at saka… Yung picture natin... Nasira ka pa tuloy sa fans mo at sa mga tao–"




"Honey ko." Hinawakan niya yung kamay ko habang nakakunot yung noo. "Don't think like that. Wala kang kasalanan."

Napayuko akong kaunti. "Alam mo namang ayaw na ayaw kong sinisisi mo yung sarili mo, di ba?" dugtong ni Jessie.

"Eh kasi… Feeling ko talaga–"

"Shhh…" Lumapit si Jessie at saka yumakap sakin. "Don't think about that. Please, honey ko…."

"Sana…" Pinigilan ko yung luha na gustong tumulo mula sa mga mata ko. "Matapos na yung lahat ng problemang to."

Lumayo si Jessie mula sa pagkakayakap sa akin at may kinuha sa bulsa ng pantalon niya. Nagulat ako…

"Yan yung…" sabi ko.

"Remember this ring?" Kinuha ni Jessie yung kaliwang kamay ko at saka sinuot yung singsing sa daliri ng kamay ko. Pagkatapos non, ipinakita ni Jessie yung kaliwang kamay niya. Nakasuot din don yung kaparis ng singsing na to…

Yung singsing namin ni Jessie three years ago.


"Love is when…" simula ni Jessie. Halos mag-umapaw sa kasiyahan yung puso ko. Ibinalik ko kay Jessie yung mga singsing na ito noong umalis ako papunta ng America, at halos gumuho yung mundo ko noong datnan ko sa may airport na suot ni Kat yung singsing na para talaga sa akin.

"When we're together," dugtong ko at parehas kaming ngumiti. Yumuko si Jessie at hinalikan ako sa labi. Kumabog ng malakas yung dibdib ko. Pero sandali lang yun dahil niyakap niya agad ako.

"Promise honey ko, pagkatapos ng press conference mamaya, mawawala na yung lahat ng problema. Gagawin ko ang lahat maging panatag ka lang." Hinigpitan ni Jessie yung pagkakayakap sa akin at saka ako hinalikan sa ulo. "I love you honey ko."

Yumakap din ako sa kanya. "I love you too Jessie… Very much."

Sana nga… Sana nga, bago matapos yung araw na to, mawala na yung lahat ng problema. Naniniwala ako sa binitawang salita ni Jessie. I have faith in him…. *Simply because I love him with all I have.*




**************** Sa pressconference…**

Nandito kami ngayon ni Steff sa IVF Entertainment. 11 AM umalis si Jessie mula sa penthouse, kailangan daw niya kasing mag-ayos at saka kailangan maaga siya ditong dumating.


Halos 3 PM na at madami nang tao. Kompleto din yung reporters mula sa iba't ibang network. Yung PC Friends nandon sa isang sulok at may dalang banners at placards bilang pagsuporta sa PC.

Kami naman ni Steff nakatayo lang sa isang tabi. Hindi na kami makikisiksik pa sa mga tao. Makikinig nalang kami mula dito.

"Kinakabahan ako sis," sabi ko.

Hinawakan ni Steff yung kamay ko. "It's okay sis. Sabi ni babe magiging maayos na din daw ang lahat after nito… Dala mo ba?"

Humigpit yung pagkakahawak ko sa paperbag kung saan nakalagay yung regalo ko para kay Jessie. “Oo. Nakalimutan kong dalin kanina sa penthouse e. Buti nalang at sinamahan mo kong umuwi–”




“KYAAAAAAAAAAAAHHHHHHH!!!!*

*click! Click! Click!*

*flash! Flash!* flash!*


Napuno ng hiyawan at flash ng camera yung platform kung saan papunta yung PC ngayon. Pero teka… Bakit….?

“Good afternoon everyone,” bati ni Justin.

May tumayo agad na reporter sa microphone at nagtanong. “Good afternoon Mr. Cuevo. Ano pong masasabi niyo tungkol sa mga issue na kumakalat ngayon?”

“First of all, yes, totoong nabuwag yung Pepperoni Cheese. Pero temporary lang yon. Dumaan sa matinding depression yung banda namin, pero ng dahil sa suporta niyo, ng mga fans namin at mga mahal namin sa buhay, nandito kami ngayon sa harapan niyo. At kahit na tatlo nalang kami, makakaasa kayong wala pa ding magbabago.” Justin

Nagkaroon ng bulung-bulungan sa hall.



"Mr. Cuevo, bakit po tatlo nalang kayo?" tanong nung isang reporter.

"Ano pong nangyari kay Mr. Wright?"

Hindi agad nakasagot si Justin. Sina Kevin at Rio naman napayuko nalang. "Jessie…" panimula ni Justin at parang hindi niya maituloy yung gusto niyang sabihin. Nanatili siyang nakanganga at hawak-hawak yung mic ng ilang sandali bago niya sabihing…


"He *left.*" Justin

Lalong lumakas yung usap-usapan sa loob ng hall. Yung ibang fangirls naman nagsiiyak.

Nanigas ako sa kinatatayuan ko. Anong he left?! Seryoso ba si Justin?! Umalis si Jessie sa PC?! Pero bakit?!

"Bakit po umalis ng Pepperoni Cheese si Mr. Wright?" Reporter

"I'm sorry, pero yung manager nalang namin yung bahalang magpaliwanag ng lahat. Siya nalang po yung tanungin niyo. Thank you." Ibinaba ni Justin yung mic at tumayo na din mula sa likod ng long table sina Rio at Kevin.




Nagkaroon ng ingay sa loob ng hall. Lahat gusto pang tanungin silang tatlo pero umalis na sila at papunta na dun sa dressing room.

"SIS!" tawag sakin ni Steff pero hindi ko siya pinakinggan. Tuluy-tuloy lang ako sa pagtakbo papunta kina Justin.

"JUSTIN!" sigaw ko. Lumingon si Justin.


"Let her pass," sabi ni Justin sa mga bodyguard na pumapaligid sa kanilang tatlo.

"Bakit–"

"Let's talk inside." Nagulat ako noong biglang hawakan ni Justin yung kamay ko at hilahin ako papunta sa loob ng dressing room.

*blag*

Sumarado na yung pinto at kami nalang apat nina Justin, Kevin at Rio ang nasa loob.




Pare-parehas silang tahimik…. Sina Kevin at Rio nakayuko.

Bigla akong kinabahan. “Justin… Saan… Pumunta si Jessie?”

“Luna.” Lumapit sakin si Justin at saka ako hinawakan sa kamay pero tinabig ko siya. Nanatili akong nakatingin sa kanya.

“Totoo bang umalis si Jessie sa banda nyo? Bakit? Anong dahilan? San siya pumunta?” tuluy-tuloy na tanong ko.

Tumikom yung kamao ni Justin. “Luna….” Nagngalit sandali yung ngipin niya. Parang hindi niya alam kung paano siya magsasalita.

“Jessie’s in America. Kanina pang 1 PM yung flight niya.” Justin

Napanganga ako sa sinabi niya. Nabitawan ko din yung paperbag na hawak-hawak ko. “A-Ano?”

“Tumigil na yung issue tungkol dun sa picture, kay Kevin at tinanggap na ulit ng IVF Entertainment yung banda namin…. At yon ay dahil kay Jessie. Nakipagkasundo siya sa parents niya. Makapangyarihan sa business ang pamilya ni Jessie. Binantaan ng company nila ang IVF kaya naman ang IVF na mismo ang gumawa ng paraan para maayos ang lahat kahit na sila ang may pakana dahil napilitan sila. Hindi nila kayang kalabanin ang Wright Company.” Justin

Parang napupuno ang utak ko sa sinasabi ni Justin. Hindi ko sukat maisip na umalis si Jessie.

“Nabalitaan din niya yung tungkol dun sa protesta sa labas ng apartment niyo at… Nabahala talaga siya sa kaligtasan mo. Siguro yon mismo ang nagtulak sa kanya para gawin to… Ang pumunta sa America kapalit ng pagtulong ng pamilya niya... Para sa ikapapanatag mo.” Justin

*blag!*

Biglang bumukas yung pintuan. Pumasok si Steff na humahangos at hawak-hawak yung cellphone niya. “Babe,” agad na tumayo si Kevin at pumunta sa tabi ni Steff.

“Tumawag *hingal* si Casey… may problema tayo.” Steff

“Ano yun Steff?” tanong ni Rio.

"Yung Grand Commitment Party *hingal* na pinuntahan ni Casey… ay para pala sa Wright and Yuzon family. Ginawa nila yon bilang pag-iisa sa dalawang pamilya…" Steff

Napalunok ako.

Lumapit sakin si Steff at saka ako tinitigan ng nakakunot ang noo. "At bukas ng gabi daw ang pirmahan ng marriage contract between Jessie and Kat…. In *America.*"

Halos mabingi ako sa narinig ko. Napanganga sina Justin, Rio at Kevin.


Sumikip bigla yung dibdib ko. Ang sakit… Bakit hindi sakin sinabi ni Jessie to? Bakit nagdesisyon siyang mag-isa?

*"Promise honey ko, pagkatapos ng press conference mamaya, mawawala na yung lahat ng problema. Gagawin ko ang lahat maging panatag ka lang." --- Jessie*

Kaya mo ba sinabi sakin yan Jessie? Kasi kapalit ng pagkakaayos ng lahat ng bagay ang pag-alis mo? Alam mo ba kung gano kasakit para sakin yon?

Ganito pala… Ganito pala ang pakiramdam ng iwanan ka ng walang dahilan ng taong mahal na mahal mo… Ganito pala… Sobrang sakit… Sa sobrang sakit parang gusto mo nang mamatay… Lalo na't nalaman kong… Balak ka nilang ipakasal kay Kat….

Tumulo ng sabay-sabay yung luha ko. Parang wala akong nakikita. Lutang yung paningin pati yung isip ko.




"S-Sis." Steff

"Luna." Hinawakan ako ni Justin sa braso, pero napabitaw din siya…

Dahil biglang nanghina yung tuhod ko at napasalampak nalang ako sa sahig.

Pero wala akong naramdaman… Kahit anong sakit…

Wala…

*Dahil naipon ang lahat ng yon sa puso ko*.

**Chapter 67**

**Luna**

"Luna!" Pumunta silang apat sa tabi ko.

"Sis," mahinang sabi ni Steff at napansin kong parang may namumuo na ding luha sa mga mata niya.

"I want... I want to go..."

"Ha? Saan ka pupunta?" tanong ni Kevin.


Pinunasan ko yung luha sa pisngi ko at tiningnan sila ng buo ang loob.

"I want to go... No. I *will* go to America."

******************

"Everyone, please fasten your seatbelts and we're about to take off," sabi ng flight attendant.

Malapit ako sa bintana at katabi ko si Justin. Sina Steff at Kevin,Rio at Sarah kasi ang magkakatabi. Oo, nandito ngayon si Sarah. Sinabi kong isama siya, dahil baka kailanganin ko ang tulong niya. Mas madami ang bilang namin, mas maganda. Baka sakaling... Makumbinsi ko yung parents ni Jessie.




"Jacket?" alok sakin ni Justin sa tabi ko.

Tumango ako. "Thanks." Kinuha ko yun. Nilalamig na din kasi ako.

*grrrrmmmmm*


Naramdaman ko yung pag-andar nung eroplano. Napatingin ako sa labas habang patuloy yung pag-andar nito. Then biglang may pumasok na alaala sa isip ko...

*"Honey ko! Wag mo kong iwanan! Mahal na mahal kita! HONEY KO!"*

Napapikit ako. Bigla na namang nangilid yung luha sa mata ko. Parang sirang plaka yung sinabi na yon ni Jessie sa akin noong kasalukuyan akong lumalayo sa kanya. Ako, nakasakay sa eroplano at siya naman, habang tumatakbo at hinahabol ako....

*"Honey ko! HONEY KO!"*

*eeeeeennngggg grrrrrrmmmm*




Naramdaman ko yung pag-angat nung eroplano. Maya-maya lang, nasa ere na kami.

"Luna."

Napalingon ako kay Justin. Nakatitig siya sakin. "Sorry," sabi niya.

"Bakit ka nag-sosorry?" tanong ko.


"Kasi... hindi ko napigilan si Jessie. Wala akong nagawa." Napayuko si Justin.

Hinawakan ko yung kamay niya. Napatingin siya sakin. "Hindi Justin. I should be the one... saying sorry."

"Bakit?" Justin

"Kasi.... Kasi dapat.... ngayon ko sasabihin yung sagot sa tanong mo noon. Kung... pwede mo ba kong maging girlfriend."

Tama, dapat ngayong Christmas eve ko sasabihin yung sagot ko sa kanya. Which is dapat ay.... *positive.* I want to give him a chance. Pagod na pagod na ko sa kakaiyak kay Jessie noon. And I want a new life at sa tingin ko, si Justin ang makakapagbigay sakin non.




Pero siguro nga... hindi kami ang para sa isa't isa.

Ngumiti si Justin. "Nakapag-sorry ka na nun di ba? Sabi ko pa nga, wala na kong hihintayin ngayong December 24. Kasi napaaga na nga yung sagot mo, doon sa may beach house sa Hundred Islands."

"Basta Justin... I'm sorry. And thank you na din."


Kinurot ni Justin ng mahina yung pisngi ko. "You can always count on me."

At that, I smiled.

**************

( ' . ' ) <---- expression ko

"Sis?" Steff




*lunok*

"Bakit..."

"Bakit, ano?" tanong ni Rio.

( 0 ___0 )


"Bakit... A-ANG LAKI NG BAHAY NI JESSIE?!!!" ( 0 ___ 0 )!!!

OO. Tama kayo. NAPAKALAKI nga talaga ng bahay ni Jessie! Bwiset gate palang napakataas na! Hindi ko din alam kung gano kalawak yung sakop na lupain nila dito sa America. Yung bahay, hindi, *mansyon* pala nandun pa sa parang tuktok ng isang burol.

Ang lawak talaga... ( TT __ TT )

"HAHA! Masanay ka na sis. Napunta na ko dito dati. Siguro last year, noong may world tour yung PC. And ito yung estate ng lolo niya. Ang head and founderng Wright Company." Steff

Wow. May ganun? Parang yung sa mga napapanuod ko lang ah... ( * __ * )




Pero... Pano kami makakapasok? ( TT __ TT )

*beep*

"Good afternoon. Can we talk to Mr. Jessie Wright? We're his friends," sabi ni Justin dun sa parang square device na nakalagay sa may poste ng gate.

"Wait a minute sir..." Pagkatapos ng ilang minuto, bumalik na yung sumagot sa tawag ni Justin. "I'm sorry but Mr. Wright doesn't want to see you."


"Ha? Bakit?" tanong ko.

"Thank you," sabi nalang ni Justin. ANO DAW?! THANK YOU LANG YUNG SINABI NIYA?! "Justin!" Lumapit ako sa kanya. "Bakit pumayag ka lang?!"

Tiningnan ako ni Justin. "Wala tayong magagawa, Luna. Kapag sinabi nung mayordomo nayon na hindi makikipagkita si Jessie, that'sfinal."

Napayuko ako. "Sinabi... ba talaga ni Jessie yon?"

"Maybe yes, maybe not," sabi ni Steff.




"Tsk. Kaya mahirap kapag nandito sa mansyon na to si Jessie e. Ang hirap niyang... kausapin. Due to security reasons. Makapangyarihan kasi yung lolo niya." Kevin

"Oo. At nakakatakot pa. Weeeeeew." Steff

Ay grabe. *shivers* Nakakatakot naman pala yung pamilya ni Jessie. ( TT __ TT )

"Hala... pano na? Pano na tayo makakapasok?" *hopeless mode* ( TT ^ TT )


"Akyatin kaya natin tong gate?" Kevin

*BLAG!*

"ARAYKUPO! Babe naman!" Hinimas himas ni Kevin yung likod nung ulo niya.

"Uto ka ba babe?! E di bago ka pa man makababa mula sa tuktok nung gate na yan e nahuli na tayo ng guards dito! Tsk!" Steff ( > __< )

"I have a plan." Sarah




Napatingin kaming lahat kay Sarah.

"Kabisado nyo ba yung mansyon ni Jessie?" Sarah

"Uh, hindi masyado." Kevin

"That's okay. At least may reference tayo kahit papaano." Sarah

"Bakit? Ano bang plano mo?" tanong ni Rio.

Tumaas yung kilay ni Sarah. "Kung hindi tayo papapasukin dito sa gate, then papasok tayo ng sapilitan."

"Huh? Pano?" Steff ( 0 __ 0 )?

Itinuro ni Sarah yung isang tarpaulin na nakadikit sa may isang side ng gate. Nasaktan ako sa nakita ko.




*"Wright-Yuzon Engagement Party"* yan yung nakasulat dun sa tarpaulin.

Hindi umattend sina Jessie and Kat sa Grand Commitment Party kahapon. Yung family lang nila yung umattend dahil ang sabi ni Casey, dito daw sila dapat unang magkita...

Sa Engagement Party. Biglang sumikip yung dibdib ko...

"Oh anong meron dyan?" tanong ni Kevin.

"Stupid," sabi ni Sarah. "Kung may party mamaya, ibig sabihin, madaming loopholes."


Nakuha ni Sarah yung atensyon naming lahat. Parang alam ko na kung ano yung balak niya...

"You mean..." Justin

Ngumiti si Sarah. "Yes. We'll get in..... *Tonight.*"

## Chapter 68

**Luna**




"Huh? S-San kayo nakakuha nyan?"

Ganito yung mukha naming lahat…

( O __ O )?! <---- Ako, Steff, Justin, Kevin

( ^ __ ^ ) <--- Rio ( > __ ^ ) <---- Sarah

"Madali lang," nagsimulang magsalita si Rio habang pinapamigay samin ngayon yung mga damit. "It was Sarah's idea. Pinuntahan namin yung gumagawa ng mga damit ng trabahador sa mansyon."

"Talaga? Hindi sila nagtanong?" Kevin

Umiling si Sarah. "No. They know Rio. You know… Showbiz influence. Saka alam nilang magkakilala si Rio saka si Jessie."

Wow. Ang talino ni Sarah. ( * __ * )

"Teka, bakit dalawa yung sakin?" tanong ni Kevin. "Bakit may overall?" ( - __ - )?

"Ah. Kasi… Magpapanggap kang driver ng truck nung maghahatid ng engagement cake." Sarah

"What?!" sabay naming naibulalas nina Kevin at Steff. ( 0 o 0 )?!

"Psh. Dalian nyo na kaya. Ayan na yung truck oh." Tinuro ni Sarah yung truck kung saan inilalagay yung… GIANT CAKE?! ( 0 __ 0 )

Bakit ang laki! ( > 0 < ) May cake ba talaga pag engagement party?

Nandito kami ngayon sa likuran ng cakeshop. Ang laki ng cakeshop ah. Infairness. Nagbihis na kaming lahat. Alam nyo ba yung suot namin ni Steff at Sarah ngayon?

Maid uniform! ( > /// < ) Yung parang pang-anime? Pero mas formal naman siya. Walang laces chuchu pero ang ikli nung palda!

*hatak sa laylayan*

“Haist! Ano ka ba sis! Wag mong hatakin. Ang cute kaya.” Steff *( ^ 0 ^ )*

“Eeehh… n-nakakailang.” ( > /// < )

“Haha ang cute mo Luna.” Justin ( ^ u ^ )

*blush* Ang gulo nila! Tsk! ( > /// < )


Sina Justin at Rio naman nakasuot ng formal black suit perong mukhang pang waiter. Ang gwapo nila. ( > /// > )

“Tsk. Mali to... Kinakawawa nyo ko.” Kevin ( -- ___ -- )++

*tingin sa kanya*

Pfffttt.. XD

“Ang cute mo babe! Bagay sayo yung brown overall! Para kang unggoy HAHAHA!” Steff ( ^ 0 ^ )




Umiling-iling si Kevin. “Tsk tsk tsk. Mali talaga to.” ( -- ___ -- ) + +

“Where’s the driver?” narinig kong sabi nung isang Amerikana.

“Uy dali babe! Punta ka na dun,” bulong ni Steff at agad namang pumunta si Kevin dun. Nakasuot siya ng sumbrero.

Nakipag-usap sandali si Kevin dun sa Amerikana. Mukhang pinapagalitan siya pero maya-maya lang, binigay na sa kanya yung susi.

Sumakay si Kevin sa delivery truck at… “Get ready,” bulong ni Sarah sa amin. Noong medyo nakalayo na yung delivery truck. Huminto ito. Pumunta kaming lima sa truck. Bumaba si Kevin at binuksan yung likod nung truck.

Sumakay kaming lahat don. At nakita ko sa malapitan yung cake. Ang ganda pala. Napaka-delicate ng pagkakagawa. Pagkatapos naming sumakay, isinara na yung likod nung truck at saka nagsimula nang umandar.

“Dala mo ba sis?” tanong ni Steff habang nakaupo kami sa loob.

Humigpit yung pagkakahawak ko sa paperbag. “Oo, sis.”

************* Wright Mansion… 8:23 PM.**

Nakabukas yung gate nung mansyon at madaming magagandang kotse ang nagsisipasukan don. Buti at pinapasok kami nung gwardya at saka hindi niya nakilala si Kevin.

*grrrrvvvvmmm*


*screeeeeccchhhh*

Tumigil na sa pag-andar yung truck. “Do you need help?” may narinig akong nagtanong kay Kevin. Nakupo! Patay kami kapag nakita kami dito sa loob! ( O __ O )!!!

“Uh, yes, please,” sabi ni Kevin. “I’m alone.”

“Okay.” Voice

Narinig ko yung pagbukas at pagsara nung pintuan sa driver’s seat. Binuksan ni Kevin yung likuran nung truck. “Labas! Dali!” nagmamadaling bulong niya samin.




Agad-agad kaming tumayong lima at saka lumabas ng truck. “Pano ka?” tanong ni Steff.

“Susunod nalang ako.” Kevin

“Tara, dun tayo sa back door dumaan. Pare, ingat ka. Sunod ka kaagad.” Justin

Tumango si Kevin at saka isinarado yung likod nung truck. Tumakbo kami agad dun sa may back door. Pagbukas namin… Walang tao.

Parang locker room ng mga maid yung napuntahan namin. Baka nasa hall na sila kung saan idaraos yung party. Buti naman…

Lumabas agad kami sa locker room. “Act normal,” sabi ni Sarah.

Tumango kami. “Hindi ba tayo mahahalata? Mga Pilipino tayo,”tanong ko.

“Hindi. Halos puro Pilipino yung servants dito. Mas gusto kasi yun ng Mommy ni Jessie. Parang mas feel at home daw siya kapag may nakakausap siyang Pilipino.” Justin

Wew. Buti naman pala.. *sigh*

Nagpunta kami ng CR lahat. Nagmake-up kaming tatlong babae at iniba yung ayos ng buhok. Itinaas namin yung buhok namin, yung parang bun? Kasi yun yung ayos ng maids dito.


Sina Justin at Rio naman, paglabas nila sa Male's CR, nakita kong naglagay sila ng kaunting eyeliner saka nag-gel ng buhok. Wow! A-ang… Ang astig nilang tingnan… Para silang KPOP. ( * __ * )

Pero dahil sa itsura nila, hindi sila masyadong pansinin, wag lang silang tititigan ng mabuti. Naglalakad na kami sa corridor. Bakit ganun? Sa sobrang dami kaya ng maids dito sa mansyon e hindi sila magkakakilala? Hindi kasi nila kami napapansin na parang bago lang dito.

Sinundan lang namin yung ilang maid. Pinag-uusapan nila yung pagdiriwang na magaganap. Maya-maya lang, nasa loob na kami ng hall… At namangha ako sa nakita ko.

Napakalaki nung lugar. Nung una parang ayaw kong maniwala kasi sa mga palabas ko lang nakikita yung ganitong hall. Para kasi siyang pang-palasyo. Ang lalaki nung crystal chandeliers sa itaas at ang hahaba nung red curtains. Grabe… Ang ganda… Hindi ako makapaniwalang ganitong kayaman yung pamilya ni Jessie.

“Go to your post,” sabi nung isang babaeng nakasuot ng black long skirt at black long sleeves. Amerikana siya. Tumango nalang kami at nag-bow.




“Yes, ma’am,” sabi namin. Tapos umalis na siya. Madami na ding tao, nakaupo sa circular tables at umiinom ng wine.

Pumunta nalang kami sa isang tabi, kasama yung ibang maid at waiter. Maya-maya lang, may isang Amerikano na pumunta sa platform sa harapan. “Good evening ladies and gentlemen,” sabi nung Daddy ni Jessie. “Thank you for coming. Tonight, we celebrate the engagement of my son and the beautiful daughter of the Yuzon family.” Blah blah blah


Madami pa siyang sinabi pero hindi ako nakikinig. Kinakabahan kasi ako. Humigpit ulit yung pagkakahawak ko dun sa paperbag. Anong gagawin ko kapag nakita ko si Jessie? Ano? Nakakahiya namang magskandalo dito. Ang daming tao, at isa pa, alam kong matataas yung katayuan nila sa buhay. Nakakahiya…

“Si Justin?” Napalingon ako kay Steff. “Nasan si Justin?” tanong ulit niya.

Tumingin kami sa paligid. Pero wala siya. Hala. San pumunta yun? ( 0 __ 0 )?

Pero napatingin din kaming lahat sa harapan. Dahil sinabi nung Daddy ni Jessie na… “And now ladies and gentlemen, let us all welcome… my son, Jessie Wright, and his beautiful fiancée… Katrina Yuzon!”

*clap clap clap*




*flas flash flash*


Biglang bumukas yung malaking double door nung hall. Naglingunan yung mga tao at hindi na din magkanda-ugaga sa pagkuha ng videos at pictures yung media. Nakita kong may dalawang taong lumalakad sa red carpet. Sumikip bigla yung dibdib ko at parang gusto kong maiyak.

Si Kat, nakasuot ng pink dress, at nakahawak sa braso ni Jessie, habang si Jessie ay nakasuot ng black suit. Pero ang mas dumurog sa puso ko ay noong makita ko silang parehong nakangiti sa mga tao.

“Sis.” Hinawakan ni Steff yung kamay ko. Pinunasan ko na agad yung luhang nais pumatak mula sa mata ko. Baka kasi magtaka yung ibang makakakita sakin. Baka mabuko pa nilang nandito kami.

Nakarating na silang dalawa dun sa platform. Tumigil na yung palakpakan at unang nagsalita si Kat. “Hello everyone, thank you for coming to our engagement party. We appreciate all the gifts and blessings. Thank you very much.” Blah blah blah…

"Uy, tara, tinatawag na tayo," sabi ni Kevin. Pumunta na yung ibang maid na may dalang pitsel, wines, etc. Kumuha na din kami ng wines. Pumunta kami dun sa mga nakaupo at tinanong kung gusto nila ng wine.




Pinilit kong huwag tumingin kay Jessie at magconcentrate sa ginagawa ko. Baka mamaya, after the party, magkaroon ako ng chance na makausap siya.

"Good evening everyone." Biglang tumalon yung puso ko. Alam ko kung kaninong boses yon. Hindi ako pwedeng magkamali.


"I'm glad that you're all here in our engagement party," sabi ni Jessie sa mic. "And I would like to take this chance to formally introduce to you my soon-to-be-wife…" Tumingin si Kat kay Jessie at saka ngumiti.

Biglang sumikip yung dibdib ko at hindi na ko makapag-concentrate. "Aww! Watch it!" sabi nung isang Amerikana noong biglang tumapon yung wine na inilalagay ko sa wine glass niya.

"S-Sorry ma'am," sabi ko at saka yumuko. Hindi ko pala kaya… Hindi ko kayang makinig. Aalis nalang ako dito sa hall na to bago pa man pumatak yung luha ko.

Bumalik ako dun sa pwesto namin kanina at ibinaba yung wine sa table. Kinuha ko yung paper bag at papalabas na ng hall…

Nang biglang…




"Wait."

Bigla akong napahinto. Pero baka hindi naman ako yung tinatawag niya kaya sinubukan kong maglakad ulit.

"Honey ko."


*stop*

Lumingon ako sa may platform. *lub dub lub dub* Nakatingin din sakin si Jessie.

Nagulat ako noong bigla siyang bumaba at… Pumunta sa harapan ko. Tinitigan niya muna ko ng ilang saglit bago kuhanin yung kamay ko at hilahin ako papunta sa may platform. Kinuha ni Jessie yung mic. "Ladies and gentlemen… This is Luna Reyes... I love her… And she's the one that I want to marry."

*hush hush hush*

*flash flash flash*




*click click click*

Napuno ng usapan yung hall. At lahat ng camera ay sa amin na ni Jessie nakatutok. Napalingon ako kay Kat. Nakanganga ng kaunti yung bibig niya. Tumingin din ako sa Mommy at Daddy ni Jessie. Nakatayo na sila ngayon at parehong gulat na gulat.

Then bigla akong hinila ni Jessie. Tumakbo siya… At natatangay ako. Lumabas kami ng hall. Tumakbo kami sa pasilyo, bumaba ng hagdan at lumabas na ng tuluyan sa mansyon. Dinala ako ni Jessie sa may garden. At nagulat ako noong pumasok siya sa parang maze.

Tumakbo siya dun sa loob habang mahigpit yung pagkakahawak sa kamay ko. “J-Jessie.. b-baka maligaw tayo!” sabi ko.

Hindi niya ko pinansin pero maya-maya lang, tumigil na siya. Humihingal kaming pareho. Buti at hindi masyadong madilim kasi maliwanag yung buwan.

“Bakit ka nandito? Bakit mo ko sinundan?” tanong ni Jessie.

Biglang kumunot yung noo ko. Hinigit ko yung kamay ko mula sa pagkakahawak niya. Naiinis ako.


"Syempre sinundan kita! Ano ba namang tanong yan Jessie! Syempre susundan kita! Kahit san ka pa pumunta! Dahil mahal kita! MAHAL NA MAHAL KITA! ALAM MO BA YON?! NASAKTAN AKO NG SOBRA NOONG INIWANAN MO KO! TAPOS NALAMAN KO PANG IKAKASAL KA KAY KAT?! ALAM MO BA KUNG GANO KASAKIT YON?!" Naramdaman kong may tumulong luha mula sa mata ko.

"NAKAKAINIS KA NAMAN E! NANG-IIWAN KA NALANG BIGLA! *sniff* Pinagsisihan ko na yung… yung ginawa ko sayo non. PERO NAKAGANTI KA NA! ANO?! MASAYA KA NA BA?! MASAYA KA NA BA KASI NASAKTAN MO NA DIN AKO–"

Bigla niya kong niyakap. Nagulat ako at kung ano man yung sasabihin ko, hindi ko na naituloy.

"I'm sorry honey ko… I'm sorry. I need to do that. Para… Para sa ikaayos ng lahat." Mas humigpit pa yung pagkakayakap niya sakin. "Pero nagkamali ako… Akala ko, magiging maayos na… Pero hindi pa pala… Dahil ako naman yung nasira. Nasira yung puso ko noong papalayo ako sayo. Halos mabaliw na ako noong nagpapaalam ako sayo dun sa penthouse. Ang akala ko, pagtuntong ko ng America, makakalimutan na kita. Pero hindi ko kaya. Hindi ko pala kaya. Bawat segundo pinapanalangin ko na sana ikaw yung kasama ko. Na sana ikaw yung nakikita't nahahawakan ko. Pero masakit… Sobrang sakit pala… Ang hirap… And to think na hindi ikaw yung pakakasalan ko. Parang gugustuhin ko pang mamatay kaysa ikasal sa ibang tao. Yun ang nararamdaman ko honey ko… I'd rather die than to be with another girl and to see you cry with a broken heart."

Ibinaon niya yung mukha niya sa kurba ng leeg ko. Then may naramdaman akong kakaiba… parang… may basa…




Nagulat ako… Umiiyak si Jessie… Umiiyak siya…

Tumulo na din yung luha ko. Niyakap ko nalang din siya dahil hindi ko alam yung tamang sabihin. “I love you honey ko… so much that it kills me,” sabi niya.

Niyakap ko siya ng mas mahigpit. “I love you more Jessie... so much.”

“Jessie.”

Napalingon ako. Si Jessie naman tumaas yung ulo. “M-Mom,” sabi ni Jessie. Hinawakan ni Jessie ng mahigpit yung kamay ko. Kinakabahan ako. Nakatingin kasi yung mommy niya sa kamay namin ni Jessie. Kasama niya yung Daddy ni Jessie… At pati na din si Kat..

“Mom, I–”

“I know, son,” sabi nung Mommy ni Jessie. Napapikit siya at saka nagbuntung-hininga. Pagdilat niya, nakatingin na siya sa akin.

"Mom. Please," pagmamakaawa ni Jessie. "Enough… I'm tired of this."

"Pinahiya mo kami ng Daddy mo sa harap ng daan-daang investors at kaibigan ng pamilya natin. And not only that, nilagay mo din sa kahihiyan si Katrina pati na ang pamilya niya." Mommy ni Jessie

Lumunok si Jessie. Napayuko naman ako. "I'm sorry mom. But I don't care… I don't care anymore. Pagod na pagod na ko. Alisan niyo na ko ng mana, palayasin nyo na ko, itakwil niyo na ko bilang anak, lahat lahat na… basta hayaan niyo lang akong makasama yung babaeng mahal ko. Please mom… dad…"

Naluha ako sa sinabi ni Jessie. Kinagat ko yung labi ko habang nakayuko. Parang… nakokonsensya tuloy ako… Parang ang sama-sama ko… I'm being selfish kasi pinipilit ko yung gusto ko kahit na alam kong si Jessie yung magdurusa…

"Mom, dad… I'm begging you," pagmamakaawa ni Jessie.

"Auntie, uncle… Please… Let them." Nagulat ako sa sinabi ni Kat. Napatingin yung mommy at daddy ni Jessie sa kanya.

"Are you sure, Katrina?" Daddy ni Jessie

Tumingin samin si Kat… at saka tumango. "Yes. I don't want… to ruin their relationship again. They can't be together… because of me. We all saw how Jessie loves her. Nagawa niyang iannounce sa harap ng madaming tao at sa buong mundo na hindi ako ang mahal niya kundi si Luna… And, the same goes with her. Ang laki ng pagmamahal niya para kay Jessie because she actually went here in America just to see him. She flew to the other side of the world just to have him. It just proves her love for Jessie. At hindi ko kayang pantayan yung ginawa niya. Kahit dati pa… I can't be compared to her sacrifices… So I think… let's just let them be together. Please.. Auntie, uncle.."

Gusto kong yakapin si Kat sa sinabi niya. Hindi niya alam kung gaano niya ko pinasaya. Nagtinginan sandali yung mommy at daddy ni Jessie… at saka lumapit sa aming dalawa.


Hinawakan nung Daddy ni Jessie yung balikat ni Jessie. "You've grown into a good man, son."

"D-Dad." Jessie

"I never saw you cry. Never. Until this night came. And it's because of your deep love for her. It's a thing that a typical man is afraid of doing. But you did that… For the sake of your love." Daddy ni Jessie

"Son," sabi naman nung mommy ni Jessie at hinawakan siya sa mukha. "I understand… Your Dad and I are very sorry. We're giving you our blessing. But we need to see her family first."

Ngumiti si Jessie. “Thank you. Thank you very much, mom, dad.” Niyakap niyang pareho yung magulang niya. Natuwa ako. Pare-pareho silang nakangiti. Sa sobrang tuwa ko parang gusto kong maiyak.




“Come here, child,” sabi sakin nung Mommy ni Jessie. Lumapit ako at niyakap namin ang isa’t isa. Ang sarap… Ang sarap pala sa pakiramdam na tanggap ka ng magulang ng taong mahal na mahal mo.

“Kat,” sabi ko. “Thank you.”

Ngumiti siya sakin. “Your welcome…”

“Let’s go inside.” Daddy ni Jessie

“You go first.” Tumingin sakin si Jessie. “I have something to tell her.”

“Well, sumunod kayo agad, Jess. Okay?” sabi nung mommy ni Jessie at umalis na silang tatlo.

“Ay, montik ko palang makalimutan…” Binigay ko kay Jessie yung paperbag. Tapos ngumiti ako sa kanya. “Merry Christmas.”

Kinuha niyo yon at binuksan. Kinuha yung stuff toy sa loob. Natawa siya. “Si Stitch?” sabi niya.

Tumango ako. “Oo. Nasa apartment yung isa e, yung bigay mo sakin. Saka, ako nga pala tumahi niyang damit.” ( ^ __ ^ ) Oo, yun nga yung pinagpuyatan ko nung isang gabi. Tinahi ko ng damit yung parehong stuff toy namin. At alam niyo ba yung nakalagay?

“Honey ko,” binasa nya yung nakaburda dun sa damit at saka napangiti. “I love this honey ko. Thank you.”

“I’m glad that you like it,” nakangiting sabi ko.


“I’m sorry pero… wala akong regalo sayo,” sabi ni Jessie.

“Ah, hindi. Okay lang. Ikaw lang, sapat na sakin.” ^^

Kinurot ni Jessie yung pisngi ko. “Si honey ko oh. Bumabanat.” ^^

“Minsan lang yan… Sulitin mo na. Hahaha.” ^^

“Sulitin? Okay, sabi mo ah.” Jessie




Tumaas yung kilay ko. Akala ko kung ano na yung gagawin niya pero nagulat nalang ako noong…

Bigla siyang lumuhod habang hawak-hawak yung kamay ko. “Alam ko honey ko… Wala akong dalang singsing ngayon pero… Luna Reyes… Will you be my girl for eternity? Will you marry me?”

Kumabog ng malakas yung puso ko. Napanganga ako. Hindi ko to ineexpect! As in gulat na gulat talaga ako… ( > /// < )


“Ano na?” Jessie

“Ha?” ( O /// O )

“Tss. -__-” Tatayo na sana si Jessie ng bigla ko siyang hawakan sa magkabilang balikat kaya naman napaluhod ulit siya.

“WAIT LANG! Wag ka munang gumalaw. >///<”

"Ang tagal mong sumagot e. -__- Baka mamaya ayaw mo pala e di napahiya pa ko." Jessie




"Oo," bulong ko.

"Ano?" Jessie

( > /// < ) "O-Oo sabi ko… I will… I will marry you."


Ngumiti ng malaki si Jessie at saka ako binuhat. ( 0 /// 0 )

"Ay Jessie ibaba mo ko! Nakakahilo!" ( > /// < ) Huminto si Jessie sa pag-ikot sakin at saka ako ibinaba.

Hinawakan ni Jessie yung likod ng ulo ko at… biglang natanggal yung pusod ko kaya naman nakalugay na ako ngayon. "That's better," sabi niya. "You look more beautiful with your hair down."

Hinawakan niya yung hips ko at inilapit ako sa kanya. Then he slowly put his head down and planted a kiss on my lips. Bumilis yung tibok ng puso ko at biglang nag-init yung mukha ko. I kissed him back. Inilagay ko yung parehong kamay ko sa dibdib niya. I felt his heart… It's beating so fast… Like mine.

Then he pulled away and looked at me in the eyes. "I love you honey ko. Mahal na mahal kita… Words are not enough to describe how much I love you."




Ngumiti ako. Ang sarap pakinggan ng mga sinasabi niya. Ang gaan sa pakiramdam. "I love you too Jessie… With every second that I have…"

"Ang corny natin," sabi niya at saka tumawa.

"Okay lang… Love naman natin ang isa't isa e." ^__^

Ngumiti siya. "Tama ka." Then he pulled me in again for a kiss.


**Chapter 69**

**Luna**

"SIS!" sigaw ni Steff noong pumasok siya kung saan ako inaayusan.

( * 0 * ) <--- Ganito itsura niya oh ( = __ = )

Tumayo ako mula sa upuan at tiningnan yung itsura nung gown ko sa salamin. Nakakahiya naman. Kapag ba talaga wedding dress, dapat naka-tube? ( > //// < )




“SIIIISSS! PA-HUG!” Steff *\( > 0 < )/*

“Hep hep hep!” pigil sa kanya nung stylist ko. “Bawal muna ang yakap girl. Baka masira ang beauty ng bride.” Tapos umalis na yung stylist sa kwarto.

“Psh. Baklang mamaw,” bulong ni Steff saka nag-pout.


XD “HAHAHAHA! Si sis naman oh.” ( ^ __ ^ )

“Eh kasi sis… *huk* dalaga ka na ay este, matanda ka na pala sis. Magkaka-asawa ka na.. Iiwan mo na ko…” Steff ( TT . TT )

“HAHA! Si sis naman. Wag ka na malungkot. Dadalaw-dalaw pa rin naman kami ni Jessie dun sa condo niyo ni Kevin e.” ( ^ __ ^ )

Oo, tama. Parang live in na yata yung dalawa na yun e. Si Casey naman? Ayun… ehem… magkasama sila ni Kat sa apartment. :”> All along pala, love nila ang isa’ isa. Kaya din pala nagparaya si Kat sa amin ni Jessie one year ago. Si Kat na kapatid ko. :)

Tama, mahigit isang taon na ang nakakalipas mula noong nagpunta ako ng America. Naka-graduate na din kami ng college ni Jessie kaya less hassle sa preparation para sa kasal. Pero alam nyo ba? Ang daya nila… Kasi ayaw nila akong patulungin sa pag-aayos. ( TT __ TT )




Si Jessie ang bad… ayaw niya para daw surprise. Yung wedding dress ko lang tuloy yung nakita ko. ( TT 3 TT ) Pero anyway, ang cute ng wedding dress ko. Type ko siya. ( ^ w ^ )

"Luna?" Pumasok yung isang babae sa kwarto. Ngumiti siya sakin at saka inilagay sa balikat ko yung nakalugay at curly na buhok ko. "You look beautiful."

"Thanks Ma," I said, smiling at her.


"ATE! ATE! You look like me! BEAUTIFUL!" Teena ( ^ 0 ^ )

Tumawa ako at saka kinurot siya sa pisngi. "Kulit…" :)

"Luna…" may isang lalaki na pumasok sa kwarto. Matangkad siya at naka-black suit. "Congrats. Swerte ng bayaw ko."

Natawa ako. "Thanks Kuya." Tama. Umuwi si Kuya Waren. Graduated na din kasi siya. Medicine yung kinukuha niya. :)

“Tara na. Baka malate pa tayo. Nandon na yung bridal car sa labas,” sabi ni Mama.




Habang papalabas kami ng kwarto, may binulong sakin si Steff. “Sis. Ang gwapo talaga ni Kuya Waren. Kung hindi kami ni babe baka pinatulan ko na yan.” ( * /// * )

“Tsk! Sis naman, nagkakasala ka sa babe mo. Hahaha.”

“Pero syempre joke lang yun. Mas gwapo si babe para sakin.” *( ^ w ^ )*

**************** Sa simbahan…**


***Jessie’s POV***

*tingin*

Sigh.

*tingin ulit*

Bakit wala pa siya? ( > __ < )




“Oh pare hinay-hinay lang. Baka matunaw yang relo mo hahaha.” Kevin

“Oo nga. Hindi ka naman tatakasan ni Luna. Yun pa? Eh mahal na mahal ka nun.” Rio

“Baka masyado pang nagpapaganda. Haha hintayin mo lang.” Justin


Pare-pareho silang nakasuot ng black Americana. Ako lang yung nakasuot ng white tuxedo dito. “Ah, pare,” sabi ko kay Justin. Tumingin siya sakin. “Thank you talaga ah. Kung hindi dahil sayo… Baka, hindi ko nalaman na sinundan pala ko ni Luna… Baka, hindi nagging posible pa yung araw na to.”

Ngumiti si Justin at tinapik yung balikat ko. “Wala yun pare. The two of you already thanked me for that. Saka… I did that. Kasi alam kong magiging masaya kayong pareho.”

Ngumiti ako. “No.. still… Thank you.”

“Ah sige. Punta na kami pare dun sa labas ah? Baka nandun na yung bride. Ayiiieee Hahaha.” Kevin

Umalis na silang tatlo at lumabas ng simbahan. Pagkatapos ng ilang minuto….




*Piano playing*

Nagsitayuan yung mga bisitang nakaupo. Napatingin ako sa likod ng simbahan. Biglang bumilis yung tibok ng puso ko. Ilang sandali pa yung nakalipas, bumukas na yung malaking pintuan ng simbahan.


***Luna's POV***

Bumaba ako ng bridal car. Pagkababa na pagkababa ko, may pumunta sa harapan kong isang lalaki. Nakangiti siya habang tinitingnan ako. "You're very beautiful, my daughter."

Ngumiti ako at niyakap siya. "Thank you Dad. Love you." Tama. Pinatawad ko na siya. Actually, pinatawad na *namin* siya. Pumunta sina Mama at Papa sa magkabilang gilid ko. Ang saya naman… Buo ang pamilya ko kahit sa araw lang na to. Sa araw ng kasal ko…

Naiintindihan naman namin kung… Hindi na siya makakabalik pa samin. We already accepted that. Kasi may responsibilidad na siya sa Mommy ni Kat at pati na din sa kompanya nila. But it's alright… since ayos lang naman si Mama sa ganun. I know, it's sad. Pero wala na kaming magagawa.

"Ang ganda mo naman sis." Ngumiti sakin si Kat.




"Salamat," I said, smiling back. Pumunta si Casey sa tabi niya.

"Ang ganda mo naman Baby Lulu. Mana ka sakin haha!" Casey

Kinurot ni Kat ng mahina sa tagiliran si Casey. "Ang yabang mo talaga Calix." Ang cute nilang tingnan. :)

"Haha yamo maganda ka rin naman Trina e." Hinawakan niya yung kamay ni Kat. Nagblush ang lola niyo. XD "Tara na. Pinapapila na tayo."


"Ah sige. Bye, sis," sabi ni Kat at saka siya hinila ni Casey.

"Tsk! Nakiki-sis. Kainis. >3<" Si Steff yan. Haha.

"Ano ka ba naman sis. Syempre kapatid ko yun. Haha."

"Kahit na! Dapat hindi sis yung tawag niya sayo. >3<" Steff

"WOW! Luna! Ang ganda mo!" si Kevin yan.




"Congrats haha." Rio

"Tsk. Swerte ni Jessie sayo. Malas ko lang hahaha." Si Justin… Natawa nalang din ako. Nakakatuwa lang isipin na… Parang wala nang ilangan sa pagitan namin. Tanggap na namin kung ano man yung nangyari sa pagitan naming dalawa. And I'm very thankful for that because Justin is my close friend.


"Congrats." Si Sarah. Kasama niya si Rio. Wala na kong balita kung ano na yung nangyari pa kina Trixie at Leslie. Balita ko nanahimik na din yung dalawa na yun. Pero galit pa din si Sarah kay Leslie. Syempre, traydorin ba naman siya ng best friend niya dahil sa insecurities? Tsk.

"Thank you," nakangiting sabi ko kay Sarah. Pero at least, nandyan naman si Rio sa tabi nya. Saka nandito rin kami… yung mga bago niyang kaibigan. :) Ang happy talaga.

"Babe, tara na." Kinuha ni Kevin yung kamay ni Steff. Nagpaalam na din yung iba at saka pumila para sa procession na magaganap.

Biglang bumukas yung pinto ng simbahan. Bigla akong kinabahan! SHEMS! Parang naeexcite ako pero kinakabahan din naman ako. Aish ang gulo! >3<

Isa-isa nang nagsisilakad yung mga abay. Then nung ako na yung lalakad… Biglang nag-iba yung tugtog.




~~

*Heart beats fast*

*Colors and promises*

*How to be brave*

*How can I love when I'm afraid*

*To fall*

*But watching you stand alone*

*All of my doubt Suddenly goes away somehow*

*One step closer*

~~

Tuluy-tuloy ako sa paglakad habang nasa magkabilang gilid ko sina Mama at Papa. Yung mga tao sa paligid ko, pare-parehong nakangiti.

~~

*I have died everyday waiting for you*

*Darlin' don't be afraid I have loved you*


*For a thousand years*

*I'll love you for a thousand more*

~~

Bigla tuloy pumasok sa isipan ko yung mga nangyari. Three years ago at pati na din yung mga nangyari ngayong taon. Napakadami palang nangyari…

Simula noong first day na nagtransfer si Jessie. Yung stupid lesson namin about sa opposite charges ng elements, dun sa pag-akbay nya sakin at sinabing, “An hour ago ma’am.” Ay grabe natatandaan ko pa pala yun? Twing naaalala ko yun kinikilig ako eh hehe.




Dun sa pag-amin niya sakin ng love niya, yung pareho kaming nakadukdok sa table sa may classroom noong high school. Sa pagpunta namin sa Baguio, sa pag-alis ko ng walang paalam, hanggang sa muling pagbalik ko dito sa Pilipinas.


Ang akala ko, hindi na to mangyayari pa… Ang akala ko wala na talaga… Pero sabi nga nila…

*Walang imposible sa dalawang taong lubos na nagmamahalan.*

~~

*Time stands still*
*Beauty in all she is*
*I will be brave I will not let anything*
*Take away*
*What's standing in front of me*
*Every breath, Every hour has come to this*
*One step closer*
~~

At ayun… Nakita ko na si Jessie. Nasa harapan… Nakasuot ng white tuxedo at napaka-gwapo niya.




~~

*I have died everyday*

*Waiting for you*

*Darlin' don't be afraid I have loved you*

*For a thousand years*

*I'll love you for a thousand more*

~~

Nung malapit na kami. Bigla siyang ngumiti. Parang automatic na ngumiti yung mga labi ko. Biglang kumalma yung tibok ng puso ko. Kinuha ni Papa yung kamay ko… At ibinigay kay Jessie. “Take care of my daughter for me, Jessie,” sabi ni Papa.

Kinuha ni Jessie yung kamay ko. “I will, *Pa.*” Then umalis na si Papa. I put my hand around his arm.

~~

*And all along I believed I would find you*

*Time has brought your heart to me*


I have loved you for a thousand years

I'll love you for a thousand more

~~

“Ang ganda mo,” bulong niya habang papunta kami sa altar. ( > /// < )

“Ikaw nga dyan e… ang pogi mo,” bulong ko naman.




“I know haha.” Tsk loko ang hangin ah. Tinatangay yung belo ko. ( = /// = )

“Honey ko.” Jessie

“Hmm?”

“Wag na kaya tayo magreception. Honeymoon na agad gusto mo?” Jessie


( > /// < )

Pinalo ko yung braso nya. “Kainis ka!” ( > /// < )

“This time hindi na sa tent. Sa kubol na Haha!” Jessie ( ^ ___ ^ )

“JESSIE!” ( > /// < ) Ang loko tumawa pa ampupu talaga. ( > /// < )

Nag-end na yung song. Hindi ko alam kung sino yung kumakanta, pero ang alam ko, singer na kaibigan ng PC.




"Ahem…" ubo nung pari. Ay! Sorry po. Si Jessie kasi eh ang kulit. Sarap kurutin Hahaha. XD

"Ikaw kasi e," sabi ni Jessie. At ako pa? Aba?

"Naku, ikaw kaya," sabi ko naman. XD

"Ehem…" Pari. Okay stop na. Haha XD. "We are gathered together on this beautiful afternoon in the sight of God to share with Luna and Jessie, as they exchange vows of their everlasting love."

Madami pang sinabi yung pari… And at last…

"At this time, I'll ask you, Jessie, and you, Luna, to face each other and take each other's hands." Pari

Nagharap kami ni Jessie. Magkahawak kami ng kamay ngayon. Eeehhh… Teka kinikilig ako. ( > /// < )

"Jessie, will you take Luna to be your wife, your partner in life and your one true love? Will you cherish her friendship and love her today, tomorrow and forever? Will you trust and honor her, laugh

with her and cry with her? Will you be faithful through good times and bad, in sickness and in health as long as you both shall live?" Pari

Itinapat nung pari yung mic kay Jessie. Ngumiti siya at nagsalita habang nakatingin pa din sakin. "I do."

"Luna, will you take Jessie to be your husband, your partner in life and your one true love? Will you cherish his friendship and love him today, tomorrow and forever? Will you trust and honor him, laugh with him and cry with him? Will you be faithful through good times and bad, in sickness and in health as long as you both shall live?" Pari


Itinapat naman nung pari yung mic sakin. And I answered without any doubt. "I do."

At dumating na nga ang oras ng exchanging of rings…

"Luna," simula ni Jessie habang nakahawak sa kaliwang kamay ko at may hawak na singsing… Nagulat ako. Kasi yung singsing na to. Ito yung couple ring namin. Hindi gaanong kamahal yung gold niya pero hindi kasi yun ang tinitingnan ko… But the memories Jessie and I have shared together that this pair of rings had witnessed through time.

"I give you this ring as a symbol of my love and faithfulness to you. As I place it on your finger, I commit my heart and soul to you. I ask you to wear this ring as a reminder of the vows we have spoken today." Then Jessie placed the ring around my finger.

Kinuha ko naman yung isang singsing at nagsalita din. "Jessie, I give you this ring as a symbol of my love and faithfulness to you. As I place it on your finger, I commit my heart and soul to you. I ask you to wear this ring as a reminder of the vows we have spoken today." Tapos sinuot ko naman yung singsing sa daliri niya.




"I love you honey ko. *Love is when*…" sabi niya. Yon yung naka-engrave sa singsing niya. Habang yung sakin naman ay….

"*We're together*. And we'll always be for eternity. I love you too… *Honey ko*."

Ngumiti sakin si Jessie. Hindi ko din mapigilang mapangiti. "Through the power vested upon me, I now pronounce you husbad and wife. Jessie, you may now kiss the bride." Pari


Binitawan ni Jessie yung parehong kamay ko at itinaas yung belong tumatakip sa mukha ko. Nagkatitigan ulit kami. "Sagabal na belo," mahinang sabi niya. Pinigil ko yung tawa ko. Eh kasi naman nakakahiya. Haha. So I chuckled nalang. XD

"KISS! KISS!" Napalingon ako dun sa audience. Ampupu! Si Sis! Nangunguna sa pagsigaw! > __ <

Dagdag mo pa yung PC! Ay naku naman. ( > 3 < )

"Kiss ate! Kiss!" Teena ( 0 __ 0 )?

Batang to oo! ( > __ < ) Pero nakita ko tinakpan naman ni Kuya Waren yung mata niya. Haha! XD




"Honey ko."

Lumingon ako kay Jessie at….

( 0 //// 0 )

"AYIIEEEEE!!!" *clap clap clap*


"Mabuhay ang bagong kasal!"

"Mabuhay!"

Teka ah… Ang tagal yatang magkadikit yung mga labi namin. Nakakahiya. ( > /// < )

Unang lumayo si Jessie at saka ngumiti ng pagkalapad-lapad. "Tsk si Honey ko bitin pa yata. Yamo sa honeymoon natin magsasawa ka–"

"JESSIE!" ( > /// < )




"Hahaha joke lang. Tara na nga. Picture." Inalok niya yung braso niya sakin. I put my hand around it.

Ngumiti kami sa audience na wala pa rin hinto sa kakapalakpak.

Ang saya lang. Sobrang saya… Para tong isang…

*Fairytale.*


Lahat ng iyakan, tampuhan at kung anu-ano pang masasakit na nangyari noon, handa ko na siyang kalimutan. I want to start a new life… With this man beside me…

This man that I'm holding…

This man that I love with all my heart… with all my soul…

And with all that I have…

Tumingin ako sa kanya. He looked back at me. Smiling. I smiled too. Then he planted a kiss on my forehead.




I'm so happy. That he became mine again…

I know… I love this person so much… So much that I can give my life just for him…

"Bakit honey ko? May dumi ba ko sa mukha?" tanong niya kasi kanina pa ko nakatitig sa kanya.

Tumawa ako at saka umiling. "May sasabihin ako sayo honey ko…"

"Ano yun?" Jessie


Humarap ako sa kanya, nakatitig sa dalawang mata, hawak ang parehong kamay at buong pusong sinabing…

"*I love you Jessie Wright…*

*…Now and forevermore…"*

## E P I L O G U E

## "The Greatest Love On Earth"




*My POV*

Pumikit si Luna… At ninamnam ang sariwang hangin sa isla kung saan sila ngayon nagbabakasyon ng pamilya niya.

"Honey ko?" tawag ng isang lalaki.

Lumingon siya at saka ngumiti. "Oh, honey ko?"


Ngumiti din si Jessie sa kanya at hinawakan yung kamay niya. "Tara na. Kakain na."

Muli siyang tumingin sa dagat. "Ang ganda pala ng dagat sa umaga."

Tumawa ng mahina si Jessie at hinalikan siya sa pisngi. "Don't worry. Kahit gaano pa man kaganda yang dagat… Mas maganda ka pa rin para sa akin."

Natawa din si Luna habang hinihila siya ni Jessie papunta dun sa beach house kung saan sila tumutuloy.

*'Si Jessie talaga…'* yan yung naiisip niya… Dahil alam nyang unti-unti nang naglalaho *iyon* sa pag-usad ng panahon… Pero masaya siya… Dahil mahal na mahal pa din siya ni Jessie…



And she feels the same towards him.

"Mommy! Uwaaa! Mommy!" iyak ng isang batang 5 years old.

Tumawa si Luna at lumapit sa kanya. "Ikaw talaga Marco. Ang likot likot kasi!" Binuhat niya yung bata at saka tumigil na sa pag-iyak. Kinukusot ni Marco yung mata niya habang binubuhat siya pabalik ni Luna sa lamesa.


"Nasan na ba yung iba?" tanong ni Jessie at saka inilagay yung pakwan sa mesa.

"Ayun na po, Pa," sabi ni Aidan (Eydan-boy) at itinuro yung pitong taong papalapit sa kanila na kalalabas lang ng beach house.

"Mommy! Mommy!" tawag ni Marco habang nakaunat yung parehong bisig.

Ibinaba siya ni Luna. Tumakbo si Marco dun sa isang babae at yumakap sa parehong hita niya. "Ikaw Marco… nagpabuhat ka na naman sa lola mo. Di ba sabi ko sayo mabigat ka na? Baka hindi na kaya ng lola mo. Haha."

“Haha hindi pa naman ako ganun katanda, Callie.” Luna




Tumawa si Callie at saka nagmano sa kanya. “Good morning Ma… Happy anniversary sa inyo ni Papa.”

Pare-pareho na silang bumalik dun sa mesa at masayang nagsalu-salo sa pagkain.

Masaya si Jessie at Luna sa buhay nila ngayon… Kontento na sila… Dahil nagkaroon sila ng dalawang anak… Isang babae at isang lalaki… At ngayon… Kasama dito yung asawa nila pati na din yung mga apo nila… :)


One big happy family, just like what others say.

Pagkatapos nilang kumain…

“Honey ko… Tara punta tayo dun sa tabing dagat.” Hinawakan ni Jessie yung kamay ni Luna.

Naglakad silang nakatapak sa tabing dagat… Magkahawak ng kamay… Ninanamnam ang init ng buhangin at lamig ng tubig sa kanilang mga paa.

"Akalain mo honey ko…" Jessie




"Hmm?" Luna

Tumingin siya kay Luna… at saka ngumiti. "Na tatagal tayo ng ganito."

Huminto si Luna… And hugged Jessie tightly.

"Mahal na mahal kita, Jessie…" sabi ni Luna. Ilang milyong beses na yata niyang sinabi ang mga salitang iyon kay Jessie sa loob ng maraming taon nilang pagsasama. Hindi niya mabilang pa yung mga pagkakataong yon… Pero isa lang ang alam niya…


Hinding-hindi siya magsasawang sabihin ang mga ito sa lalaking pinakamamahal niya.

"Mahal na mahal din kita honey ko." Gumanti ng yakap si Jessie sa kanya.

Ipinikit ni Luna yung mga mata niya.

*Ang sarap sa pakiramdam,* sabi niya sa kanyang isip.

*Kahit anong oras…*




*Kahit kalian pa man…*

*Handa na ako….*

*Handa na akong tanggapin ang susunod na mangyayari sa aking buhay…*


*Hindi ako tatakbo… Hindi ako iiwas…*

*Bakit? Dahil masaya ako… Ako ang naging pinakamasayang babae sa piling ni Jessie… Sapat na sakin ang mabuhay na kasama siya… Pati na din ang buong pamilya ko… Wala na kong hihilingin pa… Kaya kahit anong oras, handa ako…*

*Hindi lahat ng pagmamahal sa mundo ay nagtatagal… Alam ko yan.*

*Pero sa* mundo *lang yon… Sa mundo lang… Dahil mayroon pang isang lugar na mas hihigit sa mundong ating ginagawalan…*

*At naniniwala din akong…. Magtatagal ang pagmamahalan namin ni Jessie.*




*Lumipas man ang mahabang panahon… Hindi ko man mahawakan na ang kanyang mga kamay… Hindi man niya mapunasan na ang mga luhang papatak mula sa aking mga mata… Alam kong… Sa puso't isipan naming dalawa… At para din sa Kanya…*

*Hinding hindi mawawala ang pagmamahalang isinumpa namin sa loob ng simbahan… Sa harap ng mga taong nagmamahal sa amin… at sa harap ng ating Poong Maykapal…*

Sabi nila, "The greatest love story on Earth is of Romeo and Juliet's."

But that is wrong…


Why?

Dahil naniniwala akong…

*The GREATEST LOVE on Earth*…

*…is when two people grow old together*.

At saksi kayo sa isa sa mga halimbawa ng wagas at tapat na pagmamahalan.




Ngayon, tatanungin ko kayo… Ito na ba ang wakas? Kapag Epilogue, tapos na?

Hindi… dahil “The legacy of a great story lives on forever.” :)


Walang katapusan ang isang istorya sa puso’t isipan ng isang mambabasa. Mananatili itong may puwang sa buhay niyo habang kayo’y nabubuhay pa…

Kaya…. Ang masasabi ko lang… As a writer and friend…

*Have faith…*

*Share your love…*

*And never stop believing…*




*Because life has something good to offer you*. :)

- *fin* -

---

**VISIT THE STORY ONLINE FOR SOME ANNOUNCEMENTS.**

**Thank you!**


---

**BE MINE AGAIN**

Copyright © June 2012 – January 3, 2013. All rights reserved. Uploaded on

http://www.wattpad.com

No part of this book may be used or reproduced in any manner whatsoever without written permission except in the case of brief quotations embodied in critical articles and reviews.




**WEDDING ANNIVERSARY: JANUARY 2.**

**| Contact me on: |**

http://www.wattpad.com/user/Nikkidoo

http://www.facebook.com/nikkidoo.watty

http://www.twitter.com/Nikkidoo_03

**|For SOFTCOPIES |**

http://nikkidoo.yolasite.com

**| My Drummer Boy Fan Page |**

http://www.facebook.com/mydrummerboybynikkidoo




**| My Drummer Boy Group |**

http://www.facebook.com/groups/pepperonicheese/

**| My Drummer Boy Promotional Video |**

http://www.youtube.com/watch?v=FopvKVvwXlA

**| My Drummer Boy FB accounts |**

<---Jessie Wright--->

www.facebook.com/jessiewrightPC

<---Luna Reyes--->

www.facebook.com/babylunareyes

<---Sarah Vernon--->

www.facebook.com/sarahvernonXOXO




<---Justin Cuevo--->

www.facebook.com/cuevojustin

<---Steff Lazaro--->

www.facebook.com/stefflazaro

<---Kevin Perillo--->

www.facebook.com/kevinkebsperillo

<---Rio Lee--->

www.facebook.com/riolee16


<--- Katrina Yuzon --->

www.facebook.com/katrina.yuzon.3

**BIG THANKS to Jermaine Collado and Ziony Noizy** for the song they made for BMA. :”>

[LYRICS]

**Title: *FAIRYTALE***




The day we first met.

When I just learned how to love.

You were so absurd. That I can't reflect on how you feel.

Refrain:

This is for you baby.

I can't imagine how my life would be without you.

My baby. Please don't tell me it was just a funny story.

[Chorus:]

Baby, I thought it was a fairytale.

I thought I could live my life without you.

And then you came along.

To pick me up with these tears in my eyes.

You came along.

In a fairytale

Oooooh yeaaah. Oooh

2nd verse:

I can't imagine life without your smile. It's awesome and it makes my day.

Please don't frown. It makes me down my baby

[Repeat refrain and chorus]

Ooooh yeah. Hooo.

Another song: (Yung kinanta ni Jessie para kay Luna sa Hundred Islands)

**Title: MOONLIGHT** (written by Nikkidoo)

*VERSE 1:*

*I love the way you look at me*

*Those pair of eyes sparkling with thousands of lights*

*Like the stars above the night sky*

*Baby, you are one of a kind*

REFRAIN:

*Those times I shared with you*

*They seemed like a fairytale–*

*The one that I will replay every night*

*The one that I'll hold on to until the day I die*

*Chorus:*

*You, you're my wonderland*

*The only star that I want to grab*

*My day and night, they belong to you*

*You're my world, my sun...*

*Baby, you're my moonlight.*

*VERSE 2:*

*I never knew you're so fine*

*'Til I recognize your worth in my life*

*This is the perfect moment to say this to you...*

*"My love, you're one of a kind."*

*[REPEAT REFRAIN]*

*[REPEAT CHORUS]*

*BRIDGE:*

*Please stay with me*

*I need you like I've never needed anything*

*Say my name, and I'll be there*

*Say you love me, and we'll walk together*

*All the way to eternity*

*CHORUS:*

*You, you're my wonderland*

*The only reason why my heart beats so fast*

*My day and night, they exist because of you*

*You're my everything, my memory...*

*Baby, you're my moonlight.*

Oohh... (Moonlight~)

Oohh... (Moonlight~)

*Baby, you're my moonlight.*

**NAGHAHANAP PO AKO NG PWEDENG KUMANTA NYAN. Haha. Inform nyo lang po ako para sa may gusto. Thanks! :)**

**CHECK OUT MY OTHER STORIES!**

**http://www.wattpad.com/user/Nikkidoo**




## A CRUSH FOREVER


For three years, umasa si Julie Anne na makapasok sa Music Club sa school nila para mapalapit sa all-time crush niya na si Elmo. Pero pano nalang kung ang lahat ng taong nasa paligid niya ay laban sa kanya? Ano nalang mangyayari sa ating bida? Makuha kaya niya ang atensyon ni Elmo na matagal na niyang pinapangarap?




## GIRLFRIEND 4 SALE

A romance between HEAVEN and HELL.

"I do this for money... I need to support my living... I agree to be a fake girlfriend of somebody... But because of this, I've made the hardest choice that I can ever make... And that is risking my heart to fall in love with someone so BROKEN and DARK." -- Angel Cassidy Villamayor




## GIRLFRIEND 4 SALE BOOK 2: *Shadow Love*

Love is choice and decision. Go deeper into their world and discover the darkest secrets that a demon can keep.

COPYRIGHT by Nikkidoo. http://www.wattpad.com/user/Nikkidoo